ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2016

Liahona

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Apat na Bagong Templo ang Ibinalita

Tumawag ng mga Bagong Pitumpu at Primary General Presidency

© MICHAEL MALM, SA KAGANDAHANG-LOOB NG ILLUME GALLERY OF FINE ART, HINDI MAAARING KOPYAHIN

At Binuka Niya ang Kaniyang Bibig at Tinuruan Sila, *ni Michael Malm*

Nang iwan ni Jesus ang maraming tao, umakyat Siya sa isang bundok kasama ang Kanyang mga disipulo. "At binuka niya ang kaniyang bibig at tinuruan sila, na sinasabi, "Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit" (Mateo 5:2–3). Ito ang una sa siyam na talatang kilala bilang Lubos na mga Pagpapala. Ang pangyayaring ito ay nakilala bilang Sermon sa Bundok, na matatagpuan sa Mateo kabanata 5–7.

Mga Nilalaman Mayo 2016

Tomo 19 • Bilang 5

Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

6 **Pinakiusapan Niya Tayo na Maging mga Kamay Niya**
Cheryl A. Esplin

10 **Ano ang Gagawin Natin?**
Neill F. Marriott

13 **"Ako'y Taga Ibang Bayan"**
Linda K. Burton

16 **Magtiwala sa Espiritung Yaon na Nag-aakay na Gumawa ng Kabutihan**
Pangulong Henry B. Eyring

Sesyon sa Sabado ng Umaga

19 **Kung Saan Nagkakatipon ang Dalawa o Tatlo**
Pangulong Henry B. Eyring

23 **Kaloob na Gumagabay sa Isang Bata**
Mary R. Durham

26 **Ako ay Anak ng Diyos**
Elder Donald L. Hallstrom

29 **Nasaan ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood?**
Elder Gary E. Stevenson

33 **Ang Nakapagpapagaling na Pamahid ng Pagpapatawad**
Elder Kevin R. Duncan

36 **Maging Mapagpakumbaba Ka**
Elder Steven E. Snow

39 **"Upang Mahikayat Ko ang Lahat ng Tao na Lumapit sa Akin"**
Elder Dale G. Renlund

Sesyon sa Sabado ng Hapon

43 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

45 **Ulat ng Church Auditing Department, 2015**
Kevin R. Jergensen

45 **Ulat sa Estadistika, 2015**
Brook P. Hales

46 **Pagtayo na Kasama ang mga Pinuno ng Simbahan**
Elder Ronald A. Rasband

49 **"Sinomang Tumanggap sa Kanila, ay Ako ang Tinanggap"**
Elder Neil L. Andersen

53 **Magligtas: Kaya Nating Gawin Ito**
Elder Mervyn B. Arnold

56 **Ang Sagradong Lugar ng Panunumbalik**
Elder Jairo Mazzagardi

59 **Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan**
Elder David A. Bednar

63 **Mga Family Council**
Elder M. Russell Ballard

Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

66 **Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood**
Pangulong Russell M. Nelson

70 **Ang Pinakadakilang mga Pinuno ay ang Pinakadakilang mga Alagad**
Stephen W. Owen

77 **Bilang Papuri sa mga Taong Nagliligtas**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

81 **Mga Walang-Hanggang Pamilya**
Pangulong Henry B. Eyring

85 **Isang Sagradong Pagtitiwala**
Pangulong Thomas S. Monson

Sesyon sa Linggo ng Umaga

86 **Mga Pagpili**
Pangulong Thomas S. Monson

87 **Naniniwala ba Ako?**
Bonnie L. Oscarson

90 **Isang Huwaran para sa Kapayapaan**
Bishop W. Christopher Waddell

93 **Mga Ama**
Elder D. Todd Christofferson

97 **Tingnan ang Inyong Sarili sa Templo**
Elder Quentin L. Cook

101 **Papasanin Ka Niya sa Kanyang Balikat at Iuuwi**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Sesyon sa Linggo ng Hapon

105 **Ang Espiritu Santo**
Elder Robert D. Hales

108 **Lagi Siyang Aalalahanin**
Elder Gerrit W. Gong

111 **Kanlungan Mula sa Bagyo**
Elder Patrick Kearon

114 **Pagsalungat sa Lahat ng Bagay**
Elder Dallin H. Oaks

118 **Ang Kapangyarihan ng Kabanalan**
Elder Kent F. Richards

121 **At Hindi na Magkakaroon ng Kamatayan**
Elder Paul V. Johnson

124 **Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Panginoon sa Inyo**
Elder Jeffrey R. Holland

72 **Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

128 **Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya**

130 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

131 **Mga Balita sa Simbahan**

Ang Ika-186 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Sabado ng Gabi, Marso 26, 2016, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Rosemary M. Wixom.
Pambungad na panalangin: Morgan Munford.
Pangwakas na panalangin: Sokhanny Parco.
Musikang handog ng pinagsamang Primary, Young Women at Relief Society choir mula sa mga stake sa Salt Lake City, Utah; Lillian Severinsen, tagakumpas; Linda Margetts, organista; Kerstin Tenney, violinist; Elizabeth Marsh, cellist: "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135; medley, isinaayos ni Mohlman, hindi inilathala: "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189, at "Mahalin ang Bawat Isa," *Mga Himno,* blg. 196; "O Kaylugod na Gawain," *Mga Himno,* blg. 89; "Magsisunod Kayo sa Akin," *Mga Himno*, blg. 67, isinaayos ni Mohlman, hindi inilathala; "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80, isinaayos ni Goates, hindi inilathala.

Sabado ng Umaga, Abril 2, 2016, Pangkalahatang Sesyon
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf.
Pambungad na panalangin: Linda K. Burton.
Pangwakas na panalangin: Elder Arnulfo Valenzuela.
Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Dakila't Sadyang Kahanga-hanga," *Mga Himno,* blg. 168; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30; "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42, isinaayos ni Cardon, inilathala ng Jackman; "Dalanging Taimtim," *Mga Himno,* blg. 86; "Pastulan Ko ay Alay ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 63, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; "Come, Thou Fount of Every Blessing," *Hymns* (1948), blg. 70, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford.

Sabado ng Hapon, Abril 2, 2016, Pangkalahatang Sesyon
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring.
Pambungad na panalangin: Elder Hugo E. Martinez.
Pangwakas na panalangin: Elder Tad R. Callister.
Musikang handog ng pinagsamang koro mula sa Brigham Young University–Idaho; Eda Ashby at Rebecca Lord, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: "Sing Praise to Him," *Hymns,* blg. 70, isinaayos ni Kempton, hindi inilathala; "Israel, Diyos ay Tumatawag," *Mga Himno,* blg. 6, isinaayos ni Ashby, hindi inilathala; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno,* blg. 3; "Tutungo Ako Saanman," *Mga Himno,* blg. 171, isinaayos ni Kempton, hindi inilathala.

Sabado ng Gabi, Abril 2, 2016, Sesyon ng Priesthood
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf.
Pambungad na panalangin: Elder Stanley G. Ellis.
Pangwakas na panalangin: Elder Craig A. Cardon.
Musika ng priesthood choir mula sa Logan Utah Institute of Religion; Allen M. Matthews at Eric Stauffer, mga tagakumpas; Clay Christiansen, organista: "Mga Himig ng Papuri," *Mga Himno,* blg. 41, isinaayos ni Christiansen; "Ako ay Namangha," *Mga Himno,* blg. 115, isinaayos Zabriskie, inilathala ng LDS Music Source; "Halina, Hari ng Lahat," *Mga Himno,* blg. 32; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Hinshaw.

Linggo ng Umaga, Abril 3, 2016, Pangkalahatang Sesyon
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring.
Pambungad na panalangin: Elder Anthony D. Perkins.
Pangwakas na panalangin: Carol F. McConkie.
Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: "Let Zion in Her Beauty Rise," *Hymns,* blg. 41; "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Susundin Ko ang Plano ng Diyos," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 86, isinaayos ni Hofheins/Christiansen, hindi inilathala; "Kaya Mong Paningningin," *Mga Himno,* blg. 138, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Panginoo'y Hari!" *Mga Hhimno,* blg. 33; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43, isinaayos ni Wilberg; "Saligan ng Kaligtasan," *Mga Himno,* blg. 160, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

Linggo ng Hapon, Abril 3, 2016, Pangkalahatang Sesyon
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson.
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf.
Pambungad na panalangin: Elder C. Scott Grow.
Pangwakas na panalangin: Elder Shayne M. Bowen.
Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts, organista: "Praise to the Lord, the Almighty," *Hymns,* blg. 72, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; "For I Am Called by Thy Name," Gates, inilathala ng Sonos; "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 45; "Ang Araw ay Sumisikat," *Mga Himno,* blg. 29; isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; "Awit sa Paglisan," *Mga Himno,* blg. 98, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

Mga Mensahe sa Home at Visiting Teaching
Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

Sa Pabalat
Harap: Larawang kuha ni Cody Bell.
Likod: Larawang kuha ni Ale Borges.

Mga Retratong Kinunan sa Kumperensya
Ang mga larawan sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kuha nina Welden C. Andersen, Cody Bell, Janae Bingham, Ale Borges, Randy Collier, Mark Davis, Craig Dimond, Nate Edwards, Ashlee Larsen, Leslie Nilsson, Matt Reier, at Christina Smith; larawan ni Yvette Bugingo, sa kagandahang-loob ni Yvette Bugingo; larawan nina Joseph Ssengooba at Joshua Walusimbi, sa kagandahang-loob ni Joseph Ssengooba; larawan nina Joseph Ssengooba at Leif Erickson, sa kagandahang-loob ni Leif Erickson; larawan ng mga bata at miting ng Simbahan sa Congo, sa kagandahang-loob ni Neil L. Andersen at ng Africa Southeast Area; larawan ng batang babae sa bintana, na kuha ni Kirt Harmon; larawan ni Fernando Araujo kasama ang mga kabataang lalaki at pamilya Araujo, sa kagandahang-loob ni Fernando Araujo; larawan nina Russell M. Nelson, Sister Nelson, at ng pamilya Jimmy Hatfield, sa kagandahang-loob ni Russell M. Nelson; larawan ng Dresden, Germany, at gumuhong simbahan, Getty Images; larawan ng simbahang Lutheran na muling itinayo, iStock; larawan ng dinosaur at ng mga bata, iStock.

Mga Makukuhang Mensahe sa Kumperensya
Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bumisita sa **conference.lds.org** at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app.

MAYO 2016 TOMO 19 BLG. 5
LIAHONA 13285 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Assistant Editors: James B. Martino, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

Namamahalang Direktor: Peter F. Evans
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef Seitz
Writing at Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
May 2016 Vol. 19 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Indeks ng mga Tagapagsalita

Andersen, Neil L., 49
Arnold, Mervyn B., 53
Ballard, M. Russell, 63
Bednar, David A., 59
Burton, Linda K., 13
Christofferson, D. Todd, 93
Cook, Quentin L., 97
Duncan, Kevin R., 33
Durham, Mary R., 23
Esplin, Cheryl A., 6
Eyring, Henry B., 16, 19, 81
Gong, Gerrit W., 108
Hales, Brook P., 45
Hales, Robert D., 105
Hallstrom, Donald L., 26
Holland, Jeffrey R., 124
Jergensen, Kevin R., 45
Johnson, Paul V., 121
Kearon, Patrick, 111
Marriott, Neill F., 10
Mazzagardi, Jairo, 56
Monson, Thomas S., 85, 86
Nelson, Russell M., 66
Oaks, Dallin H., 114
Oscarson, Bonnie L., 87
Owen, Stephen W., 70
Rasband, Ronald A., 46
Renlund, Dale G., 39
Richards, Kent F., 118
Snow, Steven E., 36
Stevenson, Gary E., 29
Uchtdorf, Dieter F., 77, 101
Waddell, W. Christopher, 90

Indeks ng mga Paksa

Aklat ni Mormon, 56
Ama sa Langit, 33, 101
Anak, Bata, mga, 23, 36, 49, 63, 81
Banal na katangian, 13, 26, 66, 85, 101
Binyag, 23, 59
Biyaya, 33
Council, mga, 63
Disiplina, 93
Edukasyon, 93, 105
Espiritu Santo, 16, 19, 23, 59, 105
Family history, 29, 97
Fellowshipping, 49, 53
Gawaing misyonero, 29, 81
Gawain sa templo, 29, 66, 97
Habag, 111
Halimbawa, 93
Jesucristo, 6, 10, 16, 33, 39, 46, 59, 70, 77, 81, 87, 90, 101, 108, 114, 121, 124
Joseph Smith, 29, 56, 97, 105, 114
Kababaihan, 10, 13
Kabataan, mga, 46, 49
Kaharian ng Diyos, 10, 87
Kalayaan, 86, 105, 114
Kaligayahan, 77
Kamatayan, 121
Kapalaluan, pagmamalaki, 77
Kapatawaran, Pagpapatawad, 33, 108
Kapayapaan, 90, 105
Kasal, pag-aasawa, 77, 81, 93
Musika, 26, 36
Oposisyon, 26, 114
Ordenansa, mga, 29, 59, 87, 97, 118
Pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 66
Pag-asa, 101, 121, 124
Pagbabalik-loob, Pagbabagong-loob, Paniniwala, 87
Pagbabayad-sala, 33, 39, 59, 81, 90, 108, 114, 124
Paggaling, pagpapagaling, 33
Paghahanda, 85
Paghihirap, 26, 36, 77, 90, 121, 124
Pag-ibig, pagmamahal, 6, 10, 13, 16, 77, 93, 111, 124
Pag-ibig sa kapwa-tao, 77, 111
Pagiging ama, 81, 93
Pagiging ina, 11
Pagiging magulang, 49, 63
Pagkabuhay na Mag-uli, 121
Pagkadisipulo, 70, 87, 101
Pagkahulog, 114
Pagkakaibigan, 53
Pagkamarapat, 85
Paglilingkod, 6, 13, 16, 66, 70, 111, 118
Pagpapaaktibo, 53
Pagpapakumbaba, 16, 36
Pagsisisi, 86, 90, 97, 108, 124
Pagsunod, 101
Pagtitiis, 124
Pagtuturo, 23, 93
Pamilya, 49, 63, 77, 81, 87
Pamumuno, 46, 70
Panalangin, 19, 56, 63, 66, 105, 108
Pananampalataya, 10, 19, 86, 97, 101
Pangkalahatang kumperensya, 19, 124
Panunumbalik, 56, 105
Pasko ng Pagkabuhay, 10, 121
Patotoo, 19
Pinuno ng Simbahan, mga, 46
Plano ng kaligtasan, 81, 114, 121
Priesthood, 29, 66, 70, 81, 85, 87
Propeta, mga, 36, 46, 87, 90
Relief Society, 13
Sakramento, 39, 59, 108
Teknolohiya, 63, 97
Templo, mga, 81, 86, 87, 90, 97, 118
Tipan, mga, 23, 29, 81, 90, 97, 118
Welfare, kawanggawa, 39

Mga tampok na kaganapan sa Ika-186 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang sesyon sa Sabado ng umaga ng pangkalahatang kumperensya ng Abril ay nagsimula sa paanyaya ni Pangulong Henry B. Eyring sa mga tagapakinig na ipagdasal ang mga tagapagsalita at ang mga koro, bago sila magsalita at sa oras na nagsasalita na sila. At sa pagtatapos ng kumperensya sa Linggo ng hapon, sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland: "Kung sa mga darating na araw ay hindi lamang kayo nakakita . . . sa sarili ninyong buhay ng mga bagay na hindi lubos na nakaayon sa mga mensaheng narinig ninyo nitong Sabado't Linggo, huwag panghinaan ng loob. . . . Ang kahanga-hanga sa ebanghelyo ay napagpapala tayo sa ating mga *pagsisikap* kahit hindi tayo laging nagtatagumpay" (pahina 125, 126).

Ang mga panawagan nila na kumilos ay ibinadya at pinagtibay ang panawagan ni Pangulong Thomas S. Monson na "sa pagninilay natin sa mga desisyong ginagawa natin sa buhay araw-araw, . . . kung si Cristo ang ating pipiliin, magiging tama ang ating desisyon" (pahina 86).

Kabilang sa iba pang tampok na kaganapan mula sa kumperensya:

- Ang pagbabalita ni Pangulong Monson tungkol sa apat na bagong templo: sa Belém, Brazil; Quito, Ecuador; Lima, Peru (ang pangalawang templo roon); at Harare, Zimbabwe (tingnan ang kuwento sa pahina 142).
- Ang pagsang-ayon sa 11 bagong General Authority (ang kanilang talambuhay ay nagsisimula sa pahina 131).
- Ang pagsang-ayon sa bagong Primary general presidency (ang kanilang talambuhay ay nagsisimula sa pahina 136).
- Ang pagbabalita tungkol sa bagong inisyatibo para sa mga indibiduwal at mga pamilya na makatutulong sa mga refugee sa kanilang lugar (tingnan sa pahina 13, 111, at 141).
- Pagtutuon ng pansin sa ugnayan ng pamilya, lalo na ang tungkulin ng mga kalalakihan bilang asawa, ama, at mayhawak ng priesthood.
- Mga kaalaman tungkol sa doktrina mula sa mga tagapagsalita, tulad nitong mula kay Elder Dale G. Renlund: "Habang lumalapit tayo sa Diyos, ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay darating sa ating buhay. At, gaya ng mga disipulo na papunta sa Emaus, matutuklasan natin na nariyan lang pala sa tabi ang Tagapagligtas" (pahina 42).

Ni Cheryl A. Esplin
Unang Tagapayo sa Primary General Presidency

Pinakiusapan Niya Tayo na Maging mga Kamay Niya

Ang tunay na paglilingkod na katulad ng kay Cristo ay hindi makasarili at nakatuon sa iba.

"Kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo."[1] Ang mga salitang ito, na kinanta ng kahanga-hangang korong ito, ay binigkas ni Jesus ilang oras lamang bago naganap ang Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo—isang sakripisyong inilarawan ni Elder Jeffrey R. Holland na "pinakadakilang pagpapamalas ng dalisay na pag-ibig na ipinamalas sa kasaysayan ng mundong ito."[2]

Hindi lang tayo tinuruan ni Jesus na magmahal, kundi ipinamuhay Niya ang Kanyang itinuro. Sa Kanyang buong ministeryo, si Jesus ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti"[3] at "nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa."[4] Itinuro Niya, "Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito; datapuwa't sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin, ay maililigtas nito yaon."[5]

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, na nakaunawa at ipinamuhay ang payo na magmahal: "Naniniwala ako na sinasabi sa atin ng Tagapaglitas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangunguluntoy at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay."[6]

Ang tunay na paglilingkod na katulad ng kay Cristo ay hindi makasarili at nakatuon sa iba. Ipinaliwanag ng isang babae na nag-alaga sa kanyang asawang lumpo, "Huwag ninyong isipin na isang pasanin ang inyong gawain; isipin na isang pagkakataon ito para malaman kung ano ang tunay na kahulugan ng pagmamahal."[7]

Sa pagsasalita sa BYU devotional, itinanong ni Sister Sondra D. Heaston: "Paano kaya kung talagang nakikita natin ang nilalaman ng puso ng bawat isa? Mas mauunawaan kaya natin ang isa't isa? Sa pagdama sa nadarama ng iba, pagkakita sa nakikita ng iba, at pagdinig sa naririnig ng iba, mas maguukol kaya tayo ng panahon para paglingkuran ang iba, at mag-iiba kaya ang pakikitungo natin sa kanila? Magiging mas mapagpasensya, mas mabait, at mas mapagparaya kaya tayo sa kanila?"

Ibinahagi ni Sister Heaston ang isang karanasan noong maglingkod siya sa isang Young Women camp. Sabi niya:

"Isa sa aming . . . mga tagapagsalita sa debosyonal . . . ang nagturo sa amin tungkol sa 'dapat maging.' Isa sa mga sinabi niya . . . ay, 'Maging isang tao na ginagawa ang lahat para kilalanin at paglingkuran ang iba—itapon ang mga salamin at tumanaw sa bintana.'

"Para maipakita ito, tumawag siya ng isa sa mga dalagita at pinatayo niya ito nang paharap sa kanya. Pagkatapos ay inilabas [niya] ang isang salamin at inilagay ito sa pagitan niya at ng dalagita para siya, [ang tagapagsalita], ang nakatingin sa salamin habang kausap niya ang dalagita. Hindi na nakapagtataka na sa simula pa lang ay hindi

Mahirap makipag-ugnayan at maglingkod sa iba kung sarili lang natin at ang ating mga pangangailangan ang ating nakikita.

Kailangan sa tunay na paglilingkod na magtuon tayo sa mga pangangailangan at damdamin ng iba.

ito naging epektibo o taos-pusong pag-uusap. Isa itong mabisang object lesson na nagpakita kung gaano kahirap makipag-usap at maglingkod sa iba kung masyado nating inaalala ang sarili natin at nakikita lamang ang ating sarili at ating mga pangangailangan. Itinabi [niya] ang salamin, inilabas ang isang window frame, at inilagay ito sa pagitan ng kanyang mukha at ng mukha ng dalagita. . . . Nakita namin na natuon sa dalagita ang [kanyang] pansin at na kailangan sa tunay na paglilingkod na magtuon tayo sa mga pangangailangan at damdamin ng iba. Madalas ay masyado nating inaalala ang ating sarili at ang sarili nating abalang buhay—kapag nakatingin tayo sa mga salamin habang nagsisikap na makahanap ng mga pagkakataong makapaglingkod—kaya hindi natin makita nang malinaw ang mga pagkakataong makapaglingkod."[8]

Libu-libong bata ang sumunod sa payo ni Pangulong Thomas S. Monson na maging mga kamay ng Panginoon sa paglilingkod.

Madalas ipaalala sa atin ni Pangulong Monson na "napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-alo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala, o dayuhan." Sabi niya, "Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin."[9]

Noong Enero ng nakaraang taon, hinikayat ng mga magasing *Friend* at *Liahona* ang mga bata sa lahat ng

panig ng mundo na sundin ang payo ni Pangulong Monson—na maging mga kamay ng Panginoon. Hinikayat ang mga bata na maglingkod—sa malalaki at maliliit na paraan. At hinikayat silang bakatin ang kanilang kamay sa isang papel, gupitin ito, isulat dito ang paglilingkod na ginawa nila, at ipadala ito sa mga magasin. Marami sa inyo na nakikinig ngayong gabi ang kasama sa libulibong batang gumawa ng mapagmahal na paglilingkod at nagpadala nito.[10]

Kapag ang mga bata ay natutong magmahal at maglingkod sa iba habang bata pa sila, nagpapakita sila ng huwaran ng paglilingkod habang nabubuhay sila. Kadalasan ay itinuturo ng mga bata sa atin na ang pagpapakita ng pagmamahal at paglilingkod ay hindi kailangang maging malaki at engrande para maging makabuluhan at makagawa ng kaibhan.

Ibinahagi ng isang Primary teacher ang halimbawang ito. "Ngayon," sabi niya, "ang aming lima at anim-na-taong-gulang na mga anak ay gumawa ng mga love necklace. Bawat bata ay nagdrowing ng mga larawan sa mga pirasong papel: ang isa'y ng kanilang sarili, ang isa'y ni Jesus, at ang ilan ay mga miyembro ng kanilang pamilya at mahal sa buhay. Idinikit namin nang pabilog ang mga papel na nakabilot at magkakarugtong na parang kadena na ginawa naming mga love necklace. Habang nagdodrowing sila, pinag-usapan ng mga bata ang kanilang mga pamilya.

"Sabi ni Heather, 'Palagay ko hindi ako mahal ng kapatid ko. Lagi kaming nag-aaway. . . . Naiinis nga ako sa sarili ko. Ang sama ng buhay ko.' At itinakip niya ang kanyang mga kamay sa kanyang mukha.

"Naisip ko ang sitwasyon ng kanyang pamilya at nadama ko na siguro talagang mahirap ang buhay niya. Ngunit matapos itong sabihin ni Heather, sumagot si Anna, na nasa kabilang dulo ng mesa, 'Heather, ilalagay kita sa kuwintas ko sa pagitan ko at ni Jesus dahil mahal ka Niya at mahal kita.'

"Nang sabihin iyon ni Anna, gumapang si Heather sa ilalim ng mesa para puntahan si Anna at niyakap niya ito.

"Sa pagtatapos ng klase, nang sunduin siya ng lola niya, sabi ni Heather, 'Alam mo, Lola? Mahal ako ni Jesus.'"

Kapag ginawa natin ang lahat sa pagmamahal at paglilingkod kahit sa pinakamaliliit na paraan, nagbabago at lumalambot ang mga puso kapag nadama ng iba ang pagmamahal ng Panginoon.

Gayunman, kung minsan dahil sa napakaraming tao sa ating paligid na kailangan ng tulong at ginhawa mula sa mga pasanin, maaaring mahirap tugunan ang maraming agarang pangangailangan.

Sisters, ang ilan sa inyo na nakikinig ay maaaring sagad na ang kakayahang tugunan ang pangangailangan ng mga kapamilya. Tandaan, sa karaniwan at araw-araw na mga gawaing iyon, kayo ay "nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."[11]

Ang iba sa inyo ay maaaring nakadarama ng kahungkagan na mapupunan kapag naghanap kayo sa inyong mga kapitbahay o komunidad ng mga pagkakataong pagaanin ang mga pasanin ng iba.

Maaari nating samahan ng kaunting paglilingkod ang ating araw-araw na pamumuhay. Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng pagtatalo.

Naglilingkod tayo kapag hindi tayo namimintas, kapag tumanggi tayong magtsismis, kapag tumigil tayo sa panghuhusga, kapag ngumiti tayo, kapag nagpasalamat tayo, at kapag mapagpasensya at mabait tayo.

Ang iba pang mga uri ng paglilingkod ay kailangang pag-ukulan ng panahon, sadyang pagpaplano, at dagdag na lakas. Ngunit sulit ang bawat pagsisikap natin para sa mga ito. Marahil masisimulan natin ang paglilingkod sa pagtatanong sa ating sarili ng ganito:

- Sino sa malalapit sa akin ang matutulungan ko ngayon?
- Anong panahon at resources ang mayroon ako?
- Paano ko magagamit ang aking mga talento at kasanayan para mapagpala ang iba?
- Ano ang maaari naming gawin bilang pamilya?

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf:

"Kailangang gawin ninyo . . . ang ginagawa ng mga disipulo ni Cristo sa bawat dispensasyon: payuhan ang isa't isa, gamitin ang lahat ng makukuhang tulong, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, hingin ang pagsang-ayon ng Panginoon, at ihanda ang sarili at kumilos o magtrabaho.

"Ipinapangako ko sa inyo," sabi niya. "Kung tutularan ninyo ang paraang ito, kayo ay makatatanggap ng patnubay sa kung *sino ang tutulungan, ano ang itutulong, kailan,* at *saan* tutulong sa paraan ng Panginoon."[12]

Tuwing iisipin ko kung ano ang pakiramdam kapag muling pumarito ang Tagapagligtas, iniisip ko ang pagbisita Niya sa mga Nephita nang itanong Niya:

"Mayroon bang may karamdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa. . . .

". . . Pinagaling [ng Tagapagligtas] ang bawat isa sa kanila."[13]

Sa ngayon, pinakiusapan Niya tayo na maging mga kamay Niya.

Nalaman ko na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ang nagbibigay ng kabuluhan sa buhay. Nawa'y tularan natin ang halimbawa ng ating Tagapagligtas at sundin ang Kanyang payo na paglingkuran ang iba nang may pagmamahal.

Pinatototohanan ko na tunay ang pangako ni Pangulong Henry B. Eyring "na kung gagamitin [natin] ang [ating] mga kaloob para paglingkuran ang iba, madarama [natin] ang pagmamahal ng Diyos para sa taong iyon. Madarama din [natin] ang kanyang pagmamahal sa [atin]."[14] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Paalala: Noong Abril 2, 2016, si Sister Esplin ay ini-release bilang unang tagapayo sa Primary general presidency.

MGA TALA

1. Juan 13:34.
2. Jeffrey R. Holland, "Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma," *Liahona,* Mayo 2015, 106.
3. Ang Mga Gawa 10:38.
4. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2.
5. Lucas 9:24.
6. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 85.
7. Lola B. Walters, "Sunshine in My Soul," *Ensign,* Ago. 1991, 19.
8. Sondra D. Heaston, "Keeping Your Fingers on the PULSE of Service" (Brigham Young University devotional, Hunyo 23, 2015), 1, 5, speeches.byu.edu. Ang Young Women camp speaker na nagbahagi ng mga ideyang ito ay si Sister Virginia H. Pearce.
9. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" 86.
10. Tingnan sa "Tulungan Ninyo Kami!" *Liahona,* Ene. 2015, 64–65.
11. Mosias 2:17.
12. Dieter F. Uchtdorf, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2011, 55.
13. 3 Nephi 17:7, 9.
14. Henry B. Eyring, *To Draw Closer to God* (1997), 88.

Ni Neill F. Marriott
Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Ano ang Gagawin Natin?

Itinatayo natin ang kaharian kapag pinangangalagaan natin ang iba. Itinatayo rin natin ang kaharian kapag nagsasalita tayo at pinatototohanan ang katotohanan.

Pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli at Pag-akyat ni Jesus sa Langit, agad itinuro ni Apostol Pedro, "Pakatalastasin nga ng [lahat] . . . na ginawa ng Dios na Panginoon at Cristo itong si Jesus na inyong ipinako sa krus." Nasaktan ang puso ng mga nakikinig at tinanong nila si Pedro at ang iba, "Mga kapatid, anong gagawin namin?"[1] At pagkatapos ay sinunod nila ang mga turo ni Pedro nang may kagalakan.

Bukas ay Linggo ng Pagkabuhay, at sana'y nasaktan din ang ating puso upang tayo ay magpasalamat sa Tagapagligtas, magsisi, at sumunod nang may kagalakan.

Sa pangkalahatang kumperensyang ito maririnig natin ang inspiradong tagubiling ibibigay ng mga pinuno ng Simbahan, kapwa lalaki at babae. Batid na maaantig ang ating puso sa kanilang sasabihin, tatanungin ko kayo ngayong gabi, "Mga kapatid, ano ang gagawin natin?"

Ipinahayag ng Relief Society general president na si Eliza R. Snow sa kababaihan halos 150 taon na ang nakalilipas, "Nag-atang ng mabibigat na responsibilidad ang Panginoon sa atin."[2] Pinatototohanan ko na totoo pa rin ang kanyang pahayag sa panahong ito.

Kailangan ng Simbahan ng Panginoon ang mga babaeng may patnubay ng Espiritu na ginagamit ang kanilang kakaibang mga kaloob para mangalaga, magsalita, at ipagtanggol ang katotohanan ng ebanghelyo. Ang ating inspirasyon at mabilis na pag-unawa ay mahahalagang bahagi ng pagtatayo ng kaharian ng Diyos, na ang talagang ibig sabihin ay gawin ang ating tungkulin sa pagdadala ng kaligtasan sa mga anak ng Diyos.

Pagtatayo ng Kaharian sa pamamagitan ng Pangangalaga

Itinatayo natin ang kaharian kapag pinangangalagaan natin ang iba. Gayunman, ang unang anak ng Diyos na kailangan nating patatagin sa ipinanumbalik na ebanghelyo ay ang ating sarili. Sinabi ni Emma Smith, "Nais kong mapasaakin ang Espiritu ng Diyos upang malaman at maunawaan ang aking sarili, upang madaig ko ang anumang tradisyon o pag-uugali na hindi makatutulong sa aking kadakilaan."[3] Kailangang magkaroon tayo ng matibay na pananampalataya sa ebanghelyo ng Tagapagligtas at sumulong, na pinalalakas ng mga tipan sa templo, tungo sa kadakilaan.

Paano kung ang ilan sa ating mga tradisyon ay walang puwang sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo? Ang pagtalikod sa mga ito ay maaaring mangailangan ng pagdamay at pangangalaga ng iba, tulad ng nangyari sa akin.

Noong isilang ako, nagtanim ng punong magnolia ang mga magulang ko para may mga magnolia sa kasal ko, na gaganapin sa simbahang Protestante ng mga ninuno ko. Ngunit sa araw ng kasal ko, hindi ko kasama ang mga magulang ko at walang mga magnolia, dahil noong isang taon na akong miyembro ng Simbahan, nagpunta ako sa Salt Lake City, Utah, upang tanggapin ang temple endowment ko at mabuklod kay David, na nobyo ko.

Nang lisanin ko ang Louisiana at malapit na ako sa Utah, pakiramdam ko ay wala akong pamilya. Bago ang kasal, makikitira ako sa step-grandmother ni David, na magiliw nilang tinatawag na Aunt Carol.

Heto ako, isang estranghero sa Utah, na makikitira sa bahay ng isang estranghero bago mabuklod—para sa kawalang-hanggan—sa isang pamilyang halos hindi ko kilala. (Mabuti na lang at mahal ko at pinagkakatiwalaan ko ang mapapangasawa ko at ang Panginoon!)

Habang nakatayo ako sa pintuan sa harapan ng bahay ni Aunt Carol, gusto kong manliit. Bumukas ang pinto—nakatayo ako roon na parang takot na kuneho—at walang imik na

sinalubong ako at niyakap ni Aunt Carol. Alam niya, siya na walang sariling mga anak—alam ng kanyang mapag-arugang puso—na kailangan ko ng matitirhan. Napakasaya at napakatamis ng sandaling iyon! Nawala ang takot ko, at nadama ko na napunta ako sa isang espirituwal at ligtas na lugar.

Ang pag-ibig ay lumilikha ng puwang sa buhay ninyo para sa iba, tulad ng ginawa ni Aunt Carol sa akin.

Ang mga ina ay talagang may puwang sa kanilang katawan upang pangalagaan ang isang sanggol sa kanilang sinapupunan—at sana may puwang din ng pagmamahal sa kanilang puso habang sila ay pinalalaki—ngunit ang pag-aaruga ay hindi lamang natatapos sa pagdadalantao. Tinawag na "ina" si Eva bago pa siya nagkaanak.[4] At naniniwala ako na ang ibig sabihin ng "maging ina" ay "magbigay-buhay." Isipin ang maraming paraan na kayo ay nagbibigay-buhay. Maaaring ang ibig sabihin niyan ay nagbibigay kayo ng lakas ng loob sa taong nawalan ng pag-asa o espirituwal na buhay sa taong walang pananalig. Sa tulong ng Espiritu Santo, pinapanatag natin ang mga damdaming nasaktan, ang naapi, tinanggihan, at estranghero. Sa magigiliw ngunit mabibisang paraang ito, itinatayo natin ang kaharian ng Diyos. Mga kapatid, lahat tayo ay naparito sa lupa na pinagkalooban ng damdamingina, nagbibigay-buhay at nangangalaga, dahil iyan ang plano ng Diyos.

Sa pagsunod sa Kanyang plano at pagiging tagapagtayo ng kaharian, kailangan ang di-makasariling sakripisyo. Isinulat ni Elder Orson F. Whitney: "Lahat ng pagdurusa at lahat ng tinitiis natin, lalo na kapag matiyaga natin itong tiniis, . . . ay nagpapadalisay ng ating puso . . . at ginagawa tayong mas magiliw at mapagbigay, . . . at sa pamamagitan ng . . . hirap at pighati, natututo tayo . . . at magiging mas katulad tayo ng ating Ama at Ina sa langit."[5] Ang nagpapadalisay na mga pagsubok na ito ay naglalapit sa atin kay Cristo, na mapapagaling tayo at magagawa tayong kapaki-pakinabang sa gawain ng kaligtasan.

Pagtatayo ng Kaharian sa Pamamagitan ng Pagsasalita at Pagpapatotoo

Itinatayo rin natin ang kaharian kapag nagsasalita tayo at pinatototohanan natin ang katotohanan. Sinusunod natin ang huwaran ng Panginoon. Nagtuturo at nagsasalita Siya nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Mga kapatid, magagawa rin natin iyan. Karaniwa'y mahilig magsalita at magtipun-tipon ang kababaihan! Kapag tayo ay gumagawa sa patnubay ng priesthood, ang ating pagsasalita at pagtitipon ay nagiging pagtuturo ng ebanghelyo at pamumuno.

Itinuro ni Sister Julie B. Beck, dating Relief Society general president: "Ang kakayahang maging karapatdapat sa, tumanggap ng, at kumilos [ayon] sa personal na paghahayag ang kaisa-isang pinakamahalagang kasanayang matatamo sa buhay na ito. . . . Kailangan dito ang sadyang pagsisikap."[6]

Hihikayatin tayo ng personal na paghahayag mula sa Espiritu Santo na matuto, magsalita, at kumilos ayon sa walang-hanggang katotohanan—ang katotohanan tungkol sa Tagapagligtas. Kapag mas sinunod natin si Cristo, mas madarama natin ang Kanyang pagmamahal at patnubay; kapag mas nadama natin ang Kanyang pagmamahal at patnubay, mas ginugusto nating sabihin at ituro ang katotohanan na katulad ng Kanyang ginawa, kahit sa harap ng oposisyon.

Ilang taon na ang nakararaan, ipinagdasal ko na malaman ang sasabihin para ipagtanggol ang pagiging ina nang tumawag sa telepono ang isang taong hindi nagpakilala.

Itinanong ng tumawag, "Ikaw ba si Neill Marriott, ang ina na may maraming anak?"

Masaya akong sumagot ng, "Oo!" na inaasahang marinig na sabihin niyang, "Maganda 'yan!"

Pero hindi iyon ang sinabi niya! Hinding-hindi ko malilimutan ang sinabi niya dahil ang lakas ng boses niya sa telepono: "Naiinis ako dahil nagsilang ka ng mga anak sa masikip na planetang ito!"

"Ah," pautal kong nasabi, "Naiintindihan kita."

Paangil niyang sagot, "Hindi—hindi mo naiintindihan!"

Sa gayo'y sinabi ko, "Siguro nga."

Nagsimula siyang sumigaw tungkol sa hangal na pasiya kong maging ina. Habang sumisigaw siya, nagdasal ako na tulungan ako, at pumasok sa isip ko ang isang magandang ideya: "Ano ang sasabihin ng Panginoon sa kanya?" Pagkatapos ay nakadama ako ng katatagan at nagkaroon ako ng lakas ng loob nang maisip ko si Jesucristo.

Sumagot ako, "Masaya akong maging ina, at nangangako ako sa iyo na gagawin ko ang lahat nang makakaya ko para mapalaki ang aking mga anak sa paraan na mas mapapaganda nila ang mundo."

Sagot niya, "Aba, sana nga!" at ibinaba niya ang telepono.

Maliit na bagay iyon—tutal nakatayo ako nang ligtas sa sarili kong kusina! Ngunit sa sarili kong maliit na paraan, nagawa kong ipagtanggol ang pamilya, mga ina, at mga tagapag-aruga dahil sa dalawang bagay: (1) Nauunawaan at pinaniniwalaan ko ang doktrina ng Diyos tungkol sa pamilya, at (2) nagdasal ako na tulungan ako sa sasabihin ko para maibahagi ang mga katotohanang ito.

Napipintasan tayo minsan sa pagiging kakaiba sa mundo, ngunit kailangan nating patatagin ang ating sarili sa mga walang-hanggang alituntunin at patotohanan ito, anuman ang itugon ng mundo.

Kapag itinanong natin sa ating sarili, "Ano ang gagawin natin?" pagnilayan natin ang tanong na ito: "Ano ang patuloy na ginagawa ng Tagapagligtas?" Siya ay nangangalaga. Siya ay lumilikha. Siya ay naghihikayat ng pag-unlad at kabutihan. Mga kapatid, magagawa natin ang mga bagay na ito! Mga batang babaeng Primary, may isa ba kayong kapamilya na nangangailangan ng inyong pagmamahal at kabaitan? Itinatayo din ninyo ang kaharian sa pamamagitan ng pangangalaga sa iba.

Ang paglikha ng Tagapagligtas sa daigdig, sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, ay isang makapangyarihang pangangalaga. Naglaan Siya ng lugar para tayo umunlad at magkaroon ng pananampalataya sa Kanyang nagbabayad-salang kapangyarihan. Ang pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala ang pangunahing saligan na nagpapagaling at nagbibigay ng pag-asa, pagunlad at layunin. Kailangang madama nating lahat na kabilang tayo sa espirituwal at pisikal na lugar. Tayo, mga kapatid, anuman ang edad natin, ay makalilikha nito; maging ng isang banal na lugar.

Ang ating malaking responsibilidad ay maging kababaihan na sumusunod sa Tagapagligtas, nangangalaga nang may inspirasyon, at walang takot na namumuhay sa katotohanan. Kapag hiniling natin sa Ama sa Langit na gawin tayong mga tagapagtayo ng Kanyang kaharian, dadaloy ang Kanyang kapangyarihan sa atin at malalaman natin kung paano mangalaga, at sa huli ay maging katulad ng ating mga magulang sa langit. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Gawa 2:36–37.
2. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 50.
3. Emma Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 14.
4. Tingnan sa Genesis 3:20.
5. Orson F. Whitney, sa Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 98.
6. Julie B. Beck, "At sa mga Lingkod na . . . Babae Naman ay Ibubuhos Ko sa mga Araw na Yaon ang Aking Espiritu," *Liahona,* Mayo 2010, 11.

Ni Linda K. Burton
Relief Society General President

"Ako'y Taga Ibang Bayan"

Mapanalanging ipasiya kung ano ang magagawa ninyo—ayon sa sarili ninyong oras at sitwasyon—para mapaglingkuran ang mga refugee na nakatira sa inyong lugar at komunidad.

Sa araw na inorganisa ang Relief Society, sinabi ni Emma Smith: "May gagawin tayong isang bagay na di karaniwan. . . . Umaasa tayong magkakaroon ng mga pambihirang pagkakataon at mahihirap na gawain."[1] Ang mahihirap na gawain at mga pambihirang pagkakataong iyon ay dumarating nang madalas noon—tulad ngayon.

Ang isa sa mga iyon ay dumating noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1856 nang ibalita ni Pangulong Brigham Young sa kongregasyon na nasa daan pa ang mga handcart pioneer at wala na sa panahon ang pagdating nila rito. Sinabi niya: "Ang inyong pananampalataya, relihiyon, at pangangaral ng relihiyon, ay hindi makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa sa inyo sa kahariang selestiyal ng ating Diyos, kung hindi ninyo susundin ang mga alituntuning itinuturo ko sa inyo ngayon. Humayo kayo at dalhin dito ang mga taong nasa kapatagan ngayon, at [isagawang] mabuti ang mga bagay na tinatawag nating temporal, . . . kung hindi [ay] mawawalang-saysay ang inyong pananampalataya."[2]

Naaalala natin nang may pasasalamat at paghanga ang mga lalaking nagsihayo upang sagipin ang nagdurusang mga Banal na ito. At ano naman ang ginawa ng kababaihan?

"Isinulat ni Sister [Lucy Meserve] Smith . . . na matapos mangaral si Pangulong Young, nagsikilos ang mga naroon. . . . Ang kababaihan ay '[naghubad] ng kanilang mga petticoat [mga pang-ilalim sa palda na bahagi ng usong kasuotan noon at nagbibigay ng init], stocking, at bawat bagay na maibibigay nila, doon mismo sa Tabernacle, at ikinarga [ang mga ito] sa mga bagon upang maipadala sa mga Banal na nasa kabundukan.'"[3]

Makalipas ang ilang linggo, muling tinipon ni Pangulong Brigham Young ang mga Banal sa lumang Tabernacle habang papalapit na ang mga sumagip at ang mga handcart company sa Salt Lake City. Nagmamadaling pinakiusapan niya ang mga Banal—lalo na ang kababaihan—na arugain ang mga nagdurusa at pakainin sila at salubungin sila, at sinabing: "Makikita ng ilan sa inyo na naninigas na sa lamig ang kanilang mga paa hanggang bukung-bukong; ang ilan ay naninigas hanggang mga tuhod at ang ilan ay naninigas ang mga kamay. . . . Nais naming tanggapin ninyo sila at mahalin na parang sarili ninyong mga anak."[4]

Isinulat din ni Lucy Meserve Smith:

"Ginawa namin ang lahat ng aming magagawa, sa tulong ng mabubuting kalalakihan at kababaihan, upang bigyang-ginhawa ang mga nangangailangan. . . . Lubhang nanigas sa lamig ang kanilang mga kamay at paa. . . . Hindi kami tumigil sa paggawa hangga't hindi komportable ang lahat. . . .

"Hindi pa ako kailanman higit na nasiyahan at, masasabi kong, natuwa sa anumang pagsisikap na ginawa ko sa aking buhay, gayon ang nanaig na damdamin ng pagkakaisa. . . .

"Ano ang susunod na gagawin ng mga taong handang tumulong?"[5]

Mahal kong mga kapatid, ang salaysay na ito ay maaaring ihalintulad sa ating panahon at sa mga nagdurusa sa buong mundo. Isa pang "pambihirang pagkakataon" ang umaantig sa ating puso.

Mahigit 60 milyon ang mga refugee sa buong mundo, kabilang na ang mga tao na sapilitang pinaalis sa kanilang tahanan. Kalahati sa kanila ay mga bata.[6] "Ang mga indibiduwal na ito ay dumanas ng matitinding hirap at nagsisimula nang muli sa . . . isang bagong bansa at kultura. Bagama't [kung minsan] ay may mga organisasyon na nagbibigay sa kanila ng tirahan at mga pangunahin nilang pangangailangan, ang kailangan nila ay isang kaibigan at kapanalig na tutulong sa kanilang

Matapos mabuhay nang maraming taon bilang mga refugee, nakilala ni Yvette Bugingo (itaas) at ng iba pang mga miyembro ng kanyang pamilya ang isang mapagmalasakit na mag-asawa na tumulong sa kanila na maka-adjust sa bagong tahanan.

[makaakma] sa bago nilang tahanan, isang tao na tutulong para matutuhan nila ang wika, maunawaan ang mga sistema, at makaugnay."[7]

Noong nakaraang tag-init nakilala ko si Sister Yvette Bugingo, na sa edad na 11 ay nagpalipat-lipat ng lugar matapos mapatay ang kanyang ama at mawala ang tatlong kapatid niyang lalaki sa isang bahagi ng mundo na may giyera. Si Yvette at ang iba pang mga kapamilya ay nanirahan kalaunan nang anim at kalahating taon bilang mga refugee sa isang kalapit na bansa hanggang sa makalipat sila sa isang permanenteng tahanan, kung saan biniyayaan sila ng mapagmalasakit na mag-asawang tumulong sa transportasyon, pag-aaral, at iba pang mga bagay. Sabi niya, sila "ang sagot sa aming mga dalangin."[8] Kasama natin ngayong gabi ang kanyang magandang ina at nakakagiliw at musmos na kapatid na babae, at kumakanta sa choir. Maraming beses kong pinagisipan simula nang makilala ko ang mga kahanga-hangang babaeng ito, "Paano kung katulad ng kuwento ng buhay *nila* ang kuwento ng buhay *ko*?"

Bilang kababaihan binubuo natin ang mahigit kalahati ng kamalig ng Panginoon upang tulungan ang mga anak ng Ama sa Langit. Ang Kanyang kamalig ay hindi lamang naglalaman ng mga produkto kundi maging ng panahon, mga talento, kasanayan, at ng ating likas na kabanalan. Itinuro ni Sister Rosemary M. Wixom, "Ang likas na kabanalan ang naghihikayat sa atin na hangaring maglingkod sa iba [at kumilos]."[9]

Batid ang ating likas na kabanalan, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson:

"Kailangan namin ng kababaihang alam kung paano magagawa ang mahahalagang bagay sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya at matatapang na tagapagtanggol ng moralidad at mga pamilya sa mundong ito na puno ng kasalanan . . .; kababaihang nakakaalam kung paano manawagan sa mga kapangyarihan ng langit na pangalagaan at palakasin ang mga anak at pamilya. . . .

". . . May asawa man o wala, taglay ninyong kababaihan ang naiibang mga kakayahan at natatanging intuwisyon na ipinagkaloob sa inyo ng Diyos. Hindi namin matutularang mga kalalakihan ang inyong kakaibang impluwensya."[10]

Ipinahayag sa isang liham ng Unang Panguluhan na ipinadala sa Simbahan noong Oktubre 27, 2015, ang malaking pag-aalala at habag sa milyun-milyong taong tumakas mula sa kanilang tahanan sa paghahanap ng kapahingahan mula sa giyera-sibil at iba pang mga paghihirap. Inanyayahan ng Unang Panguluhan ang mga indibiduwal, pamilya, at unit ng Simbahan na makilahok sa paglilingkod na katulad ng kay Cristo sa mga local refugee relief project, at mag-ambag sa humanitarian fund ng Simbahan, kung saan maaari.

Pinag-isipan ng mga general presidency ng Relief Society, Young Women, at Primary kung paano tutugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan. Alam namin na kayong lahat, mahal naming mga kapatid, ay iba't iba ang katayuan sa buhay at iba-iba ang inyong sitwasyon. Nakipagtipan sa binyag ang bawat miyembro ng pandaigdigang kapatirang ito ng kababaihan na "aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw."[11] Subalit kailangan nating tandaan na walang sinuman sa atin ang dapat tumakbo nang mas mabilis kaysa taglay nating lakas.[12]

Nasasaisip ang mga katotohanang ito, nag-organisa kami ng relief effort na tinawag na "I Was a Stranger [Ako'y Taga Ibang Bayan]." Umaasa kami na mapanalangin kayong magpapasiya kung ano ang magagawa ninyo—ayon sa sarili ninyong oras at sitwasyon—para mapaglingkuran ang mga refugee na nakatira sa inyong lugar at komunidad. Isang pagkakataon ito na makapaglingkod sa isang tao, sa mga pamilya, at sa pamamagitan ng organisasyon upang makipagkaibigan, magturo, at gumawa ng iba pang paglilingkod na katulad ng kay Cristo at isa ito sa maraming paraan na makapaglilingkod ang kababaihan.

Sa lahat ng ating mapanalanging pagsisikap, dapat nating sundin ang matalinong payo ni Haring Benjamin, sa kanyang mga tao matapos niya silang payuhan na pangalagaan ang mga nangangailangan: "Tiyakin na ang lahat ng bagay na ito ay gagawin sa karunungan at kaayusan."[13]

Mga kapatid, alam namin na ang pagtulong sa iba nang may pagmamahal ay mahalaga sa Panginoon. Isaalang-alang ang mga paalalang ito sa mga banal na kasulatan:

"Ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili."[14]

"Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel."[15]

At sinabi ng Tagapagligtas:

"Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom: ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

"Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit at inyo akong dinalaw."[16]

Mapagmahal na kinilala ng Tagapagligtas ang balo na nag-ambag ng dalawang lepta lamang dahil iyon lang ang kaya niya.[17] Ikinuwento rin Niya ang talinghaga tungkol sa mabuting Samaritano—na tinapos Niya sa pagsasabing, "Humayo ka, at gayon din ang gawin mo."[18] Kung minsan ay hindi madaling tumulong. Ngunit kapag nagtulung-tulong tayo nang may pagmamahal at pagkakaisa, maaasahan natin ang tulong ng langit.

Sa serbisyo sa libing ng isang kahanga-hangang anak na babae ng Diyos, may nagbahagi na ang sister na ito, bilang stake Relief Society president, ay nakipagtulungan sa iba sa kanyang stake na mag-ambag ng mga quilt para mabigyan ng init ang mga nagdurusang tao sa Kosovo noong 1990s. At gaya ng mabuting Samaritano, humayo siya upang gumawa nang higit pa nang patakbuhin nila ng kanyang anak na babae ang isang trak na puno ng mga quilt na iyon mula London papunta sa Kosovo. Habang nasa daan pauwi, nakadama siya ng malinaw na espirituwal na impresyon na tumimo sa kaibuturan ng kanyang puso. Ang impresyong ito ay: "Napakabuti ng ginawa mo. Ngayo'y umuwi ka na, tumawid ka ng kalye, at paglingkuran mo ang kapitbahay mo!"[19]

Ang libing ay puno ng ibang mga kuwentong nagbibigay-inspirasyon kung paano kinilala at tinugunan ng tapat na babaeng ito ang pambihira at mahihirap na gawain—at gayundin ang mga karaniwang pagkakataon—ng mga tao sa kanyang paligid. Halimbawa, binuksan niya ang kanyang tahanan at puso sa pagtulong sa nahihirapang mga kabataan anumang oras—araw man o gabi.

Mahal kong mga kapatid, makatitiyak tayo sa tulong ng Ama sa Langit kapag lumuhod tayo at hiningi ang patnubay ng langit na pagpalain ang Kanyang mga anak. Ang Ama sa Langit, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay handang tumulong.

Ibinahagi ni Pangulong Henry B. Eyring ang napakalakas na patotoong ito sa kababaihan ng Simbahan:

"Naririnig at sinasagot ng Ama sa Langit ang inyong mga panalangin ng pananampalataya para patnubayan at tulungan kayong magtiis sa paglilingkod sa Kanya.

"Isinusugo ang Espiritu Santo sa inyo at sa mga inaalagaan ninyo. Palalakasin kayo subalit bibigyang-inspirasyon ding malaman ang hangganan ng inyong kakayahang maglingkod. Papanatagin kayo ng Espiritu kapag inisip ninyo, 'Sapat na ba ang nagawa ko?'"[20]

Kapag inisip natin ang "mahihirap na gawain" ng mga taong nangangailangan ng ating tulong, itanong natin sa ating sarili, "Paano kung katulad ng kuwento ng buhay *nila* ang kuwento *ko*?" Kung gayon nawa'y maghangad tayo ng inspirasyon, kumilos ayon sa mga impresyong natatanggap natin, at tumulong nang may pakikiisa sa pagtulong sa mga nangangailangan kapag kaya natin at inspirado tayong gawin iyon. Sa gayon marahil ay masasabi tungkol sa atin, tulad ng sinabi ng Tagapagligtas sa isang mapagmahal na babaeng naglingkod sa Kanya: "Mabuting gawa ang ginawa niya sa akin. . . . Ginawa niya ang kaniyang nakaya."[21] Pambihira ang tawag ko riyan! Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Emma Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 15–16.
2. Brigham Young, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 43–44.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 44.
4. Brigham Young, sa James E. Faust, "Go Bring Them in from the Plains," *Liahona,* Nob. 1997, 7; tingnan din sa LeRoy R. and Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion: The Story of a Unique Western Migration 1856–1860* (1960), 139.
5. Lucy Meserve Smith, sa Jill Mulvay Derr at iba pa, mga editor, *The First Fifty Years of Relief Society: Key Documents in Latter-day Saint Women's History* (2016), 217, 218, pinagpare-pareho ang pagbabaybay at pagbabantas; tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 44.
6. Tingnan sa "Facts and Figures about Refugees," unhcr.org.uk/about-us/key-facts-and-figures.html.
7. "40 Ways to Help Refugees in Your Community," Set. 9, 2015, mormonchannel.org.
8. Email mula kay Yvette Bugingo, Mar. 12, 2016.
9. Rosemary M. Wixom, "Pagtuklas sa Angking Kabanalan," *Liahona,* Nob. 2015, 8. Inilarawan ni Emily Woodmansee, na isa sa mga nasagip noong 1856 sa Willie handcart company, ang likas na kabanalan sa ganitong paraan (may kaunting pagbabago akong ginawa):
   Sa kababaihan 'pinagkatiwala,
   Dakilang gawain ng mga anghel.
   Ligaya't biyaya'y hatid [tulad ng kay Cristo],
   Sa sangkatauhan [sa ngalan Niya].
   ("Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno,* blg. 197)
10. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96, 97.
11. Mosias 18:9.
12. Tingnan sa Mosias 4:27.
13. Mosias 4:27.
14. Levitico 19:34.
15. Sa Mga Hebreo 13:2.
16. Mateo 25:35–36.
17. Tingnan sa Lucas 21:1–4.
18. Lucas 10:37.
19. Serbisyo sa libing para kay Rosemary Curtis Neider, Ene. 2015.
20. Henry B. Eyring, "Ang Tagapag-alaga," *Liahona,* Nob. 2012, 124.
21. Marcos 14:6, 8.

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Magtiwala sa Espiritung Yaon na Nag-aakay na Gumawa ng Kabutihan

Mas napapalapit tayo sa Tagapagligtas kapag, dahil sa dalisay na pagmamahal, ay pinaglingkuran natin ang iba para sa Kanya.

Nagpapasalamat ako na makasama kayo sa gabing ito ng pagsamba, pagninilay, at pag-aalay. Magkakasama tayong nagdasal. Narinig tayo ng mapagmahal nating Ama sa Langit. Naalala natin ang ating Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, nang maantig tayo ng mga himno ng papuri sa Kanya. Nabigyan tayo ng inspirasyon na gumawa pa upang tulungan ang ating Panginoon sa Kanyang mga gawain na tulungan at aliwin ang mga anak ng ating Ama sa Langit.

Ang hangarin nating paglingkuran ang iba ay pinag-iibayo ng ating pasasalamat sa nagawa ng Tagapagligtas para sa atin. Kaya nga napupuspos ang ating puso kapag naririnig natin ang mga salitang kinanta na "Dahil biyaya sa akin ay kayrami, sa aking kapwa'y dapat lang magbahagi."[1] Ipinangako ni Haring Benjamin, sa kanyang dakilang sermon na nasa Aklat ni Mormon, na madarama natin ang pasasalamat na iyon (tingnan sa Mosias 2:17–19).

Kapag inakay tayo ng ating pananampalataya kay Jesucristo upang maging marapat tayong magalak sa Kanyang pagpapatawad, hinahangad nating paglingkuran ang iba para sa Kanya. Itinuro ni Haring Benjamin na ang kapatawaran ay hindi nakakamtan nang biglaan.

Ganito ang sabi Niya: "At ngayon, alang-alang sa mga bagay na ito na aking sinabi sa inyo—na, alang-alang sa pananatili ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa araw-araw, upang kayo ay makalakad nang walang kasalanan sa harapan ng Diyos—nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya, gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagiginhawa, kapwa espirituwal at temporal, alinsunod sa kanilang mga pangangailangan" (Mosias 4:26).

Itinuro din ng kasama ni Alma, si Amulek, ang katotohanan na kailangang patuloy tayong maglingkod sa Kanya upang mapanatili ang kapatawaran ng kasalanan: "At ngayon masdan, mga minamahal kong kapatid, sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong akalain na ito na ang lahat; sapagkat matapos ninyong magawa ang lahat ng bagay na ito, kung inyong tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at ibahagi ang inyong kabuhayan, kung kayo ay mayroon, sa mga yaong nangangailangan—sinasabi ko sa inyo, kung hindi ninyo gagawin ang alinman sa mga bagay na ito, masdan, ang inyong mga panalangin ay walang kabuluhan, at wala kayong pakikinabangan, at kayo ay kagaya ng mga mapagkunwari na itinatatwa ang relihiyon" (Alma 34:28).

Naisip ko ngayong gabi ang mga babae sa buhay ko. May 31 babae sa

aming pamilya, simula sa asawa ko hanggang sa tatlo naming pinakabagong kaapu-apuhan. Kasama natin ang ilan ngayong gabi. Lima ang wala pang dose anyos. Maaaring ito ang unang pulong na dinaluhan nila sa Conference Center kasama ang mga kapatid nila sa Simbahan ng Tagapagligtas. Bawat isa ay magkakaroon ng mga alaala at gagawa ng sarili niyang mga pangako mula sa karanasang ito ngayong gabi.

May tatlong alaala at tatlong pangako na sana'y manatili sa kanilang isipan habambuhay at sa kabilang-buhay. Ang mga aalalang ito ay ukol sa damdamin. At ang mga pangako ay mga bagay na gagawin.

Ang pinakamahalagang damdamin ay pagmamahal. Nadama ninyo ang pagmamahal ng mahuhusay na babaeng lider na nagsalita. At nadama ninyo sa pamamagitan ng Espiritu na mahal nila kayo kahit hindi nila kayo kilala dahil nadama nila ang pagmamahal sa inyo ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Kaya nga gustung-gusto nilang paglingkuran kayo at matanggap ninyo ang mga biyayang nais ng Diyos para sa inyo.

Nakadama na kayo ng pagmamahal sa iba ngayong gabi—para sa mga kaibigan, kaeskuwela, kapitbahay, at maging sa tao na ngayon lang ninyo nakilala, isang estranghero. Ang pagmamahal na iyon ay kaloob ng Diyos. Ang tawag dito sa mga banal na kasulatan ay "pagibig sa kapwa" at "ang dalisay na pagibig ni Cristo" (Moroni 7:47). Nadama ninyo ang pagmamahal na ito ngayong gabi, at matatanggap ninyo ito nang madalas kung hahangarin ninyo ito.

Ang pangalawang nadama ninyo ngayong gabi ay ang impluwensya ng Espiritu Santo. Nangako sa inyo ang mga kapatid ngayong gabi na gagabayan kayo ng Espiritu Santo na mahanap ang paglilingkod na gusto ng Panginoon na ibigay ninyo sa iba para sa Kanya. Nadama ninyo sa pamamagitan ng Espiritu na ang kanilang pangako ay nagmula sa Panginoon at na ito ay totoo.

Sinabi ng Panginoon, "At ngayon, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng

mabuti—oo, ang gumawa ng makatarungan, lumakad nang may pagpapakumbaba, maghatol nang matwid; at ito ang aking Espiritu" (D at T 11:12).

Maaaring natanggap ninyo ang pagpapalang iyan ngayong gabi. Halimbawa, maaaring naalala ninyo ang pangalan o mukha ng isang taong nangangailangan ng tulong. Maaaring sandali lang itong pumasok sa inyong isipan, ngunit dahil sa narinig ninyo ngayong gabi, ipagdarasal ninyo ito, nagtitiwala na aakayin kayo ng Diyos na gawin ang kabutihang nais Niya para sa kanila. Kapag nakaugalian ninyo ang gayong mga panalangin sa buhay ninyo, magiging mas mabuti kayo at ang iba.

Ang pangatlong nadama ninyo ngayong gabi ay nais ninyong mas mapalapit sa Tagapagligtas. Kahit ang pinakabatang babae rito ay nadama ang katotohanan ng paanyaya sa awiting: "'Magsisunod kayo sa 'kin,' ang wika ni Cristo sa 'tin."[2]

Kaya, taglay ang damdaming iyon, ang unang kailangan ninyong ipangakong gawin ay humayo at maglingkod batid na hindi kayo hahayong mag-isa. Kapag pumaroon kayo para aliwin at paglingkuran ang sinuman para sa Tagapagligtas, inihahanda Niya ang daan para sa inyo. Tulad ng sasabihin sa inyo ng mga returned missionary na narito ngayong gabi, hindi ibig sabihin niyan na bawat tao sa likod ng pintuan ay handa kayong tanggapin o bawat taong susubukan ninyong paglingkuran ay magpapasalamat sa inyo. Ngunit mangunguna ang Panginoon sa inyo upang ihanda ang daan.

Paulit-ulit na sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na alam niya ang katunayan ng mga pangako ng Panginoon: "At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

Ang isa sa mga paraan na nangunguna Siya sa inyo ay inihahanda Niya ang puso ng isang tao na gusto Niyang paglingkuran ninyo. Ihahanda rin Niya ang puso ninyo.

At malalaman din ninyo na naglalagay ng mga tulong ang Panginoon sa inyong tabi—sa inyong kanan, sa inyong kaliwa, at sa buong paligid ninyo. Hindi kayo humahayong mag-isa sa paglilingkod sa iba para sa Kanya.

Ginawa Niya iyan para sa akin ngayong gabi. Naghanda ang Panginoon

ng "makapal na bilang ng mga saksi" (Sa Mga Hebreo 12:1), kapwa sa mga salita at musika, upang pagsamahin at pag-ibayuhin ang bisa ng nais Niyang sabihin ko. Kailangan ko lang tiyakin na aakma ako sa nais Niyang ibahagi. Hinihiling at ipinagdarasal ko na magpasalamat at magalak kayo dahil isinama kayo ng Panginoon sa iba upang maglingkod para sa Kanya.

Kapag madalas ninyong maranasan iyan, at talagang mararanasan ninyo iyan, mapapangiti kayo nang may pag-unawa, katulad ko, tuwing aawitin natin ang, "O kaylugod na gawain."[3]

Mapapangiti rin kayo kapag naalala ninyo ang talatang ito: "At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

Ang ikalawang kailangan ninyong gawin ay alalahanin ang Panginoon kapag humayo kayo upang maglingkod para sa Kanya. Hindi lamang nangunguna sa atin ang Panginoon at nagpapadala ng mga anghel upang paglingkuran tayo, kundi nadarama rin Niya ang pag-aliw natin sa iba na para bang sa Kanya natin ito ibinigay.

Bawat anak na babae ng Diyos na nakakarinig at naniniwala sa mga mensahe sa pulong na ito ay magtatanong, "Ano ang nais ipagawa sa akin ng Panginoon upang matulungan ko Siyang tulungan ang mga taong nangangailangan?" Ang sitwasyon ng bawat babae ay kakaiba. Totoo ito sa aking mga anak na babae, manugang, apo, at kaapu-apuhan. Sa kanila, at sa lahat ng anak na babae ng Ama sa Langit, inuulit ko ang matalinong payo ni Sister Linda K. Burton.

Hinilingan niya kayong manalangin nang may pananampalataya upang malaman kung ano ang nais ipagawa sa inyo ng Panginoon sa inyong sitwasyon. At tapos ay pinangakuan niya kayo ng magiliw na kapanatagang ibinigay ng Panginoon mismo sa babaeng pinulaan dahil pinahiran nito ng mamahaling langis ang Kanyang ulo samantalang maaari niya itong ipagbili upang makatulong sa mga dukha.

"Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo siya; bakit ninyo siya binabagabag? mabuting gawa ang ginawa niya sa akin.

"Sapagka't laging nasa inyo ang mga dukha, at kung kailan man ibigin ninyo ay mangyayaring magawan ninyo sila ng magaling: datapuwa't ako'y hindi laging nasa inyo.

"Ginawa niya ang kaniyang nakaya; nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko sa paglilibing sa akin.

"At katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangelio sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya" (Marcos 14:6–9).

Ang maikling talatang iyan ay magiliw at matalinong payo para sa matatapat na kababaihan sa kaharian ng Panginoon sa napakagulong panahon. Ipagdarasal ninyong malaman kung sino ang nais ng Ama na paglingkuran ninyo dahil sa inyong pagmamahal sa Kanya at sa ating Tagapagligtas. At huwag asamin ang papuri ng mga tao, sa pagtulad sa halimbawa ng babae sa kuwento ni Marcos sa banal na kasulatan, na ang banal na gawang parangalan ang Tagapagligtas ng mundo ay naaalala ngunit hindi ang kanyang pangalan.

Sana nga'y gawin ng mga babae sa ating pamilya ang lahat ng makakaya nila dahil sa pagmamahal sa Diyos upang paglingkuran ang mga taong nangangailangan. At ang ikatlong bagay na sana'y gawin nila ay ang maging mapagpakumbaba sa kanilang mabubuting gawa. Dalangin ko na tanggapin nila ang payo ng Panginoon, nang sabihin Niya—na tiwala akong kailangan nating lahat na marinig:

"Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit."

At sinabi pa Niya:

"Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay:

"Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka" (Mateo 6:1, 3–4).

Ang dalangin ko para sa mga babae sa kaharian, saan man sila naroon o anuman ang kanilang sitwasyon, ay na akayin sila ng kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at pasasalamat para sa Kanyang Pagbabayad-sala na gawin ang lahat sa abot-kaya nila para sa mga taong iniutos ng Diyos na paglingkuran nila. Kapag ginawa nila ito, ipinapangako ko na susulong sila sa kanilang landas upang maging mga banal na babae na malugod na tatanggapin at hayagang gagantimpalaan ng Tagapagligtas at ng ating Ama sa Langit.

Pinatototohanan ko na ito ang Simbahan ng nabuhay na mag-uling si Jesucristo. Siya ay nagbangon. Binayaran Niya ang lahat ng ating kasalanan. Alam ko na dahil sa Kanya tayo ay mabubuhay na mag-uli at magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Si Thomas S. Monson ang Kanyang buhay na propeta. Naririnig at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin. Pinatototohanan ko na mas napapalapit tayo sa Tagapagligtas kapag, dahil sa dalisay na pagmamahal, ay pinaglingkuran natin ang iba para sa Kanya. Iniiwan ko sa inyo ang tiyak na patotoong ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. "Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami," *Mga Himno,* blg. 133.
2. "Magsisunod Kayo sa Akin," *Mga Himno,* blg. 67.
3. "O Kaylugod na Gawain," *Mga Himno,* blg. 89.

Sesyon sa Sabado ng Umaga | Abril 2, 2016

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Kung Saan Nagkakatipon ang Dalawa o Tatlo

Kung makikinig kayo taglay ang Espiritu, makikita ninyo na lalambot ang inyong puso, lalakas ang inyong pananampalataya, at madaragdagan ang kakayahang mahalin ang Panginoon.

Minamahal kong mga kapatid, binabati ko kayo sa Ika-186 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Masaya akong makasama kayo, at malugod ko kayong binabati.

Nagpapasalamat ako na dumalo kayo sa kumperensya para madama ang inspirasyong mula sa langit at mas mapalapit sa ating Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo.

Nakatipon sa pulong na ito, na umaabot sa iba't ibang panig ng mundo, ang milyun-milyong disipulo ni Jesucristo na nakikipagtipan na palagi Siyang aalalahanin at paglilingkuran. Sa himala ng makabagong teknolohiya, sama-sama at sabay-sabay tayong dumadalo sa pulong na ito. Nagpupulong tayo na para bang nasa isang bulwagan lang tayong lahat.

Ngunit mas mahalaga sa ating pagtitipon ang kung kaninong pangalan natin ginagawa ito. Nangako ang Panginoon na kahit napakarami na ng Kanyang mga disipulo sa mundo ngayon, magiging malapit Siya sa bawat isa sa atin. Sinabi Niya sa Kanyang munting grupo ng mga disipulo noong 1829, "Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, . . . kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon sa aking pangalan, . . . masdan, ako ay naroroon sa gitna nila—maging ako ay nasa gitna ninyo" (D at T 6:32).

Ngayon ay mahigit na tayo sa isa o dalawa, at marami tayo na Kanyang mga disipulo ang nakatipon sa kumperensyang ito, at gaya ng ipinangako, nasa gitna natin ang Panginoon. Dahil Siya ay nabuhay na mag-uli at niluwalhating nilalang, Siya ay hindi pisikal na nasa bawat lugar kung saan nagtitipon ang mga Banal. Ngunit, sa kapangyarihan ng Espiritu, madarama natin na kasama natin Siya ngayon.

Kung saan at kailan natin nadarama na malapit ang Tagapagligtas ay depende sa bawat isa sa atin. Ibinigay Niya ang utos na ito:

"At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, aking mga kaibigan, iniiwan ko ang mga pananalitang ito sa inyo upang bulay-bulayin ninyo sa inyong mga puso, lakip ang kautusang ito na aking ibinibigay sa inyo, na kayo ay manawagan sa akin habang ako ay malapit—

"Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan" (D at T 88:62–63).

May kilala akong dalawang tao na nakikinig ngayon na nais ang pagpapalang iyon nang buong puso nila. Sisikapin nilang mabuti na mapalapit sa Panginoon sa kumperensyang ito. Sumulat sila sa akin—ang liham nila

ay dumating sa opisina ko nang parehong linggo—na iisang tulong ang isinasamo.

Kapwa sila convert sa Simbahan at tumanggap na noon ng malinaw na patotoo sa pag-ibig ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng mundo. Alam nila na si Propetang Joseph Smith ang nag-organisa sa Simbahan sa pamamagitan ng direktang paghahayag mula sa Diyos at na ang mga susi ng banal na priesthood ay ipinanumbalik. Nadama ng bawat isa na ang mga susi ay nasa Simbahan ngayon. Ibinahagi nila sa akin ang kanilang tapat na patotoo sa mga liham na iyon.

Gayunman kapwa sila nalulungkot na ang pagmamahal nila sa Panginoon at ang Kanyang pagmamahal para sa kanila ay nababawasan. Kapwa nila gusto, nang buong puso, na tulungan ko silang madamang muli ang galak at pagmamahal na nadama nila nang pumasok sila sa kaharian ng Diyos. Kapwa sila may pangamba na kung hindi nila muling madarama ang pagmamahal na iyon para sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan, baka madaig ng mga pagsubok ang kanilang pananampalataya.

Hindi sila nag-iisa sa alalahaning ito, ni hindi na bago ang pagsubok na ito. Noong Kanyang mortal na ministeryo, ibinigay sa atin ng Tagapagligtas ang talinghaga ng binhi at ng manghahasik. Ang binhi ang salita ng Diyos. Ang manghahasik ay ang Panginoon. Ang pagtubo ng binhi at paglago nito ay depende sa kundisyon ng lupa. Naaalala ninyo ang Kanyang sinabi:

"At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila:

"At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:

"At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo.

"At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan; at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga iyon:

"At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatalongpu.

"At ang may mga pakinig, ay makinig" (Mateo 13:4–9).

Muli, ang binhi ay ang salita ng Diyos. Ang lupa ay ang puso ng taong tumatanggap ng binhi.

Lahat tayo ay halos katulad din ng mabubuting tao na sumulat sa akin para humingi ng tulong at katiyakan. Tayong lahat ay may mga binhi, o salita ng Diyos, na nakatanim sa ating puso. Para sa ilan, ito ay noong bata pa tayo nang anyayahan tayo ng ating mga magulang na magpabinyag at nakumpirma ng mga taong may awtoridad. Ang iba sa atin ay tinuruan ng mga tinawag na lingkod ng Diyos. Nadama ng bawat isa na mabuti ang binhi, at nadama pa ang pag-usbong sa ating puso, at nagagalak habang ang ating pagmamahal at pang-unawa ay tila lumalawak.

Ang ating pananampalataya ay sinubukan ng mahahalagang pagpapala na naantala, ng pagtuligsa ng mga taong gustong sirain ang ating pananampalataya, ng mga tuksong magkasala, at pagiging makasarili na nakabawas sa pagsisikap nating ihanda ang ating espirituwal na damdamin.

Ang mga taong nalulungkot sa pagkawala ng kagalakan na minsan nilang nadama ay mapapalad. Ang ilan ay hindi nakikita ang pagkalanta ng kanilang pananampalataya. *Tuso si Satanas.* Sinasabi niya sa mga taong gusto niyang magkaroon ng miserableng buhay na

ang kagalakang nadama nila noon ay panlilinlang sa sarili.

Ang mensahe ko ngayon sa lahat ay na may mahalagang pagkakataon sa susunod na ilang araw na piliing palambutin ang ating mga puso at tanggapin at pangalagaan ang binhi. Ang binhi ay ang salita ng Diyos, at ibubuhos ito sa lahat ng nakikinig, nanonood, at binabasa ang mga kaganapan ng kumperensyang ito. Ang musika, ang mga mensahe, at mga patotoo ay inihanda ng mga lingkod ng Diyos na masigasig na naghangad ng patnubay ng Espiritu Santo sa kanilang paghahanda. Sila ay nanalangin nang mas matagal at mapagpakumbaba habang papalapit ang araw ng kumperensya.

Nagdasal sila na mapasakanila ang kapangyarihan na mahikayat kayong piliin ang bagay na lilikha ng matabang lupa sa inyong puso para lumago at magbunga ang mabuting salita ng Diyos. Kung makikinig kayo taglay ang Espiritu, makikita ninyo na lalambot ang inyong puso, lalakas ang inyong pananampalataya, at madaragdagan ang kakayahang mahalin ang Panginoon.

Ang pagpili ninyong manalangin nang buong taimtim ay magpapabago sa karanasan ninyo sa mga sesyon ng kumperensya at sa susunod na mga araw at buwan.

Marami sa inyo ang nakapagsimula na. Sa simula ng sesyong ito, hindi lang kayo nakinig sa panalangin, idinagdag ninyo ang inyong pananampalataya sa pagsamo na matamasa natin ang pagpapala ng pagbuhos sa atin ng Espiritu Santo. Sa inyong tahimik na pagsamo sa pangalan ni Jesucristo, mas napalapit kayo sa Kanya. Sa Kanya ang kumperensyang ito. Tanging ang Espiritu Santo ang makapaghahatid ng mga pagpapalang nais ng Panginoon para sa atin. Sa Kanyang pagmamahal sa atin, nangako Siya na madarama natin na:

"Anuman ang kanilang sabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging mga banal na kasulatan, ang magiging kalooban ng Panginoon, ang magiging kaisipan ng Panginoon, ang magiging salita ng Panginoon, ang magiging tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.

"Masdan, ito ang pangako ng Panginoon sa inyo, O kayo na aking mga tagapaglingkod.

"Kaya nga, magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo; at magpapatotoo kayo sa akin, maging si Jesucristo, na ako ang Anak ng buhay na Diyos, na ako ang noon, na ako ang ngayon, at na ako ay paparito" (D at T 68:4–6).

Maaari kayong manalangin at idagdag ang inyong pananampalataya sa tuwing ang isang lingkod ng Diyos ay nakatayo sa pulpito nang ang pangako ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan bahagi 50 ay matupad:

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na inordenan ko at isinugo upang mangaral ng salita ng katotohanan sa pamamagitan ng Mang-aaliw, sa Espiritu ng katotohanan, ipinangangaral ba niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan o sa ibang pamamaraan?

"At kung ito ay sa ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos.

"At muli, siya na tumatanggap ng salita ng katotohanan, natanggap ba niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan o sa ibang pamamaraan?

"Kung ito ay sa ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos.

"Samakatwid, bakit hindi kayo makaunawa at makabatid, na siya na tumatanggap ng salita sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan ay natatanggap ito ayon sa ipinangaral sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan?

"Dahil dito, siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (D at T 50:17–22).

Maaari kayong magdasal kapag kakanta na ang koro. Ang choir director, ang mga organista, at ang mga miyembro ng koro ay nagdasal at nagpraktis taglay ang panalangin sa kanilang puso at pananampalataya na ang musika at mga salita ay magpapalambot sa mga puso at daragdagan ang kanilang kapangyarihan na patatagin ang pananampalataya ng iba. Magtatanghal sila para sa Panginoon na para bang nakamasid Siya sa kanila, nalalaman na naririnig sila ng ating Ama sa Langit gaya ng pagdinig Niya sa kanilang mga panalangin. Sama-sama silang nagpapagal nang may pagmamahal para matupad ang pangako ng Tagapagligtas kay Emma Smith: "Sapagkat ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo" (D at T 25:12).

Kung kayo ay di lamang makikinig kundi mananalangin din habang umaawit sila, ang inyong dalangin at ang dalangin nila ay tutugunan ng

pagpapala sa inyong ulo at sa kanila. Madarama ninyo ang pagpapala ng pagmamahal at pagsang-ayon ng Tagapagligtas. Lahat ng kasama sa gayong papuri ay madaramang lumalago ang kanilang pagmamahal para sa Kanya.

Maaari ninyong piliing manalangin kapag tila matatapos na ang mensahe ng tagapagsalita. Siya ay tahimik na mananalangin sa Ama na ibigay ng Espiritu Santo sa kanila ang mga salita ng patotoo na magpapasigla sa puso ng mga nakikinig, magbibigay ng pag-asa, at determinasyon na palaging alalahanin ang Tagapagligtas at sundin ang mga utos na ibinigay Niya sa atin.

Ang patotoo ay hindi pagpapahayag ng mensahe. Ito ay pagpapatibay ng ilang katotohanan na maihahatid ng Espiritu sa puso ng mga taong nagdarasal para humingi ng tulong, para sa banal na patnubay, at para matanggap ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.

Ang tunay na patotoo ay ibibigay sa mga magsasalita. Maaaring kaunti lang ang sasabihin nila, ngunit ihahatid ito sa puso ng mga mapagpakumbabang tagapakinig na dumalo sa kumperensya na nagugutom sa mabuting salita ng Diyos.

Mula sa karanasan ay alam ko kung ano ang magagawa ng pananampalataya ng mabubuting tao para maihatid ang mga salita mula sa Espiritu sa pagtatapos ng isang sermon. Hindi lang minsan na may nagsabi sa akin pagkatapos kong magpatotoo na, "Paano ninyo nalaman ang kailangan kong marinig?" Hindi na ako nagugulat kapag hindi ko na maalala na sinabi ko nga iyon. Binigkas ko ang mga salita ng patotoo, ngunit naroon ang Panginoon, na nagbibigay sa akin nang sandaling iyon. Ang pangako ng Panginoon na ibibigay sa atin ang mga salita sa oras na kailangan natin ang mga ito ay angkop lalung-lalo na sa patotoo (tingnan sa D at T 24:6). Pakinggan ninyong maigi ang mga patotoong ibibigay sa kumperensyang ito—mas mapapalapit kayo sa Panginoon.

Nadarama ninyo na malapit ko nang wakasan ang mensaheng nais kong iparating na may patotoo ng katotohanan. Ang inyong mga dasal ay makatutulong para maibigay sa akin ang mga salita ng patotoo na maaaring makatulong sa isang taong naghihintay ng sagot sa kanyang mga tanong.

Iniiwan ko sa inyo ang aking tiyak na patotoo na ang ating Ama sa Langit, ang dakilang Elohim, ay mahal at kilala tayo, bawat isa sa atin. Sa Kanyang patnubay, ang Kanyang Anak na si Jehova, ang Lumikha. Nagpapatotoo ako na si Jesus ng Nazaret ay isinilang na Anak ng Diyos. Pinagaling Niya ang maysakit, binigyan ng paningin ang bulag, at binuhay ang patay. Binayaran Niya ang lahat ng kasalanan ng bawat anak ng Ama sa Langit na isinilang sa mortalidad. Kinalag Niya ang mga gapos ng kamatayan para sa lahat nang bumangon Siya mula sa libingan noong unang Linggo ng Pagkabuhay. Buhay Siya ngayon, isang Diyos—nabuhay na mag-uli at maluwalhati.

Ito lamang ang tanging totoong Simbahan, at Siya ang Pangulong Bato sa Panulok. Si Thomas S. Monson ang Kanyang propeta ngayon sa buong mundo. Ang mga propeta at apostol na maririnig ninyo sa kumperensyang ito ay nagsasalita para sa Panginoon. Sila ay Kanyang mga tagapaglingkod, may karapatang kumilos para sa Kanya. Ginagabayan Niya ang Kanyang mga tagapaglingkod sa buong mundo. Alam ko ito. At ito ang patotoo ko sa Kanyang pangalan, maging ang sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Ni Mary R. Durham
Na-release Kamakailan na Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

Kaloob na Gumagabay sa Isang Bata

Paano natin tuturuan ang ating mga anak na iwasan ang mga makamundong impluwensya at magtiwala sa Espiritu?

Isang bata pang ama ang talagang papalubog na. Siya, ang kanyang dalawang anak, at kanyang biyenang lalaki ay naglakad-lakad sa paligid ng isang lawa. Sa paligid nila ay ang napakagandang bulubundukin na puno ng mga pine tree, at ang kalangitan ay kulay-asul, na puno ng malalambot na puting ulap, na nagpapatingkad sa kagandahan at kapayapaan. Nang naiinitan at napapagod na ang mga bata, nagpasiya ang dalawang lalaki na pasanin ang mga bata at lumangoy patawid sa lawa.

Tila madali—hanggang sa sandaling madama ng ama na nahihila siya pababa, at nagiging mabigat na ang lahat. Itinulak siya ng tubig pababa sa lawa, at nakadama na siya ng pagkabahala. Paano siya mananatiling nakalutang—at paano niya gagawin ito habang nakapasan sa likod niya ang kanyang mahal na anak?

Hindi na marinig ang kanyang tinig habang sumisigaw siya; napakalayo na ng kanyang biyenan para tumugon sa paghingi niya ng saklolo. Nadama niyang mag-isa siya at walang magawa.

Nakikinita ba ninyo na nadama ninyong nag-iisa kayo tulad niya, walang anumang makapitan at hirap na hirap sa situwasyon para manatili ka at ang iyong anak na ligtas? nakalulungkot na, tayong lahat ay nakakaranas kahit paano ng ganitong damdamin kapag nasa situwasyon na kailangan natin ng tulong para makaligtas at mailigtas ang mga mahal natin sa buhay.

Natatarantang natanto niya na ang sapatos niyang babad na sa tubig ang nagpapabigat sa kanya. Habang sinisikap na manatiling nakalutang, sinubukan niyang hubarin ang kanyang mabigat na sapatos. Pero parang may humihigop sa kanila. Basang-basa na ang sintas, kaya lalo itong humigpit.

Sa tila kanyang huling pagtatangka sa kawalan ng pag-asa, nagawa niyang hubarin ang kanyang sapatos, at natanggal ito at mabilis na bumagsak sa ilalim ng lawa. Dahil wala na ang bigat na humahatak sa kanya pababa, kaagad silang pumaitaas ng kanyang anak. Kaya na niyang lumangoy, tungo sa ligtas na lugar sa kabilang panig ng lawa.

Kung minsan para tayong nalulunod. Maaaring mabigat ang buhay. "Maingay at abala ang mundong ito. . . . Kung hindi tayo maingat, mangingibabaw ang mga bagay ng mundo sa mga bagay ng Espiritu."[1]

Paano natin matutularan ang halimbawa ng amang ito at tatanggalin ang ilang pabigat ng mundo na dala-dala natin—para hindi tayo malunod sa mga bagay ng daigdig? Paano natin, gaya ng payo ni Pablo, "[itatabi nang] walang liwag ang bawa't pasan"?[2] Paano natin ihahanda ang ating mga anak para sa araw na hindi na sila maaaring kumapit

sa atin at sa ating patotoo—kapag sila na ang lumalangoy?

Dumarating ang sagot kapag kinikilala natin ang banal na pinagmumulan ng lakas. Ang pinagmumulang ito ay madalas maliitin, gayunman magagamit ito araw-araw para pagaanin ang ating pasanin at gabayan ang mahal nating mga anak. Ang pinagmumulan na iyan ay ang kaloob na paggabay ng Espiritu Santo.

Sa edad na walong taon, maaaring maranasan ng mga bata ang binyag. Nalalaman nila ang tungkol sa tipan at ginagawa nila ito sa Diyos. Nakapalibot ang mga mahal nila sa buhay habang inilulubog sila at umaahon sa bautismuhan na puno ng kagalakan. At natanggap nila ang hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo, isang kaloob na gagabay sa kanila sa tuwina habang namumuhay sila para sa pagpapalang iyon.

Sinabi ni Elder David A. Bednar: "Maaari nating makaligtaan ang kahalagahan nito [kumpirmasyon] dahil sa kasimplehan ng ordenansang ito. Ang apat na salitang ito—'Tanggapin ang Espiritu Santo'—ay hindi isang pahayag na walang kaakibat na paggawa; bagkus, kinapapalooban ito ng isang utos sa priesthood—isang makapangyarihang payo na kumilos at hindi lamang pinakikilos."[3]

Ang mga bata ay may likas na hangaring gumawa ng mabuti at maging mabuti. Dama natin ang kanilang kawalang-malay, ang kanilang kadalisayan. Napakasensitibo rin nila sa marahan at banayad na tinig.



Sa 3 Nephi 26, ipinakita sa atin ng Tagapagligtas ang espirituwal na kakayahan ng mga bata:

"Kanyang kinalagan ang kanilang mga dila, at sila ay nangusap sa kanilang mga ama ng mga dakila at kagila--gilalas na bagay, maging higit na dakila kaysa roon sa kanyang inihayag sa mga tao. . . .

". . . Kapwa nila nakita at narinig ang mga batang ito; oo, maging ang mga sanggol ay nagbukas ng kanilang mga bibig at nangusap ng mga kagilagilalas na bagay."[4]

Bilang mga magulang paano natin daragdagan ang espirituwal na kakayahan ng ating mga anak? Paano natin sila tuturuang umiwas sa mga makamundong impluwensya at magtiwala sa Espiritu kapag hindi nila tayo kasama at mag-isa sila sa malalalim na tubig ng kanilang buhay?

Ibabahagi ko sa inyo ang ilang ideya.

Una, ipaalam sa ating mga anak kapag naririnig at nadarama nila ang Espiritu. Balikan natin ang Lumang Tipan para makita kung paano ito ginawa ni Eli para kay Samuel.

Dalawang beses narinig ng batang Samuel ang tinig at tumakbo kay Eli, at sinabing, "Narito ako."

"Hindi ako tumawag," sagot ni Eli.

Ngunit "hindi pa nga nakikilala ni Samuel ang Panginoon, o ang salita man ng Panginoon ay nahahayag pa sa kaniya."

Sa ikatlong beses, natanto ni Eli na ang Panginoon ang tumatawag kay Samuel at sinabihan si Samuel na sabihing, "Magsalita ka, [Panginoon]; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod."[5]

Nagsimulang madama, makilala, at dinggin ni Samuel ang tinig ng Panginoon. Ngunit hindi ito naunawaan ng bata hanggang sa ipaunawa ito ni Eli. At dahil naturuan, si Samuel ay magiging mas pamilyar sa marahan, at banayad na tinig.

Pangalawa, maihahanda natin ang ating tahanan at mga anak para madama ang marahan at banayad na tinig. "Maraming guro ng foreign languages o banyagang wika ang naniniwala na pinakamainam na natututo ng wika ang mga bata sa 'immersion

programs,' kung saan napaliligiran sila ng iba pang mga nagsasalita ng wikang iyon at kailangan nilang salitain din ito. Hindi lang sila natututong bumigkas, kundi natututo ring magsalita nang matatas at mag-isip sa bagong wika. Ang pinakamainam na 'immersion' para sa espirituwal na edukasyon ay ang tahanan, kung saan ang mga espirituwal na alituntunin ang magiging batayan ng araw-araw na pamumuhay."[6]

"At iyong ituturo [ang mga salita ng Panginoon] nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon."[7] Ang palaging pagpapadama ng Espiritu sa ating pamilya ay magbubukas ng puso ng ating mga anak sa Kanyang impluwensya.

Pangatlo, matutulungan natin ang ating mga anak na maunawaan kung paano nagsasalita sa kanila ang Espiritu. Itinuro ni Joseph Smith, "Kung lalapit Siya sa isang batang musmos, ibabagay Niya ang kanyang sarili sa wika at kakayahan ng batang musmos."[8] Natuklasan ng isang ina na dahil iba-iba ang paraan ng pagkatuto ng mga bata—ang ilan ay natututo sa nakikita, sa naririnig, sa nahahawakan, o sa nadarama—sa dagdag niyang pagmamasid sa kanyang mga anak, lalo niyang natanto na tinuturuan ng Espiritu Santo ang kanyang mga anak sa pinakamainam na paraan na matututo sila.[9]

Isang ina ang nagbahagi ng karanasan sa pagtulong sa kanyang mga anak na makilala ang Espiritu. "Kung minsan," isinulat niya, "hindi natatanto [ng mga bata] na ang paulit-ulit na kaisipan, damdamin ng kapanatagan pagkatapos nilang umiyak, o pag-alaala ng isang bagay sa oras na kailangan ito ay mga paraan ng komunikasyon [sa kanila] ng Espiritu Santo." Pagpapatuloy pa niya, "Tinuturuan ko ang mga anak ko na magpokus sa nadarama nila [at kumilos ayon dito]."[10]

Ang pagkadama at pagkilala sa Espiritu ay magdudulot ng espirituwal na kakayahan sa buhay ng ating mga anak, at ang makikilala nilang tinig ay lalo pang lilinaw sa kanila. Magiging gaya ito ng sinabi ni Elder Richard G. Scott: "Kapag nagtatamo kayo ng karanasan at tagumpay dahil sa paggabay ng Espiritu, magiging mas tiyak ang tiwala ninyo sa mga nadarama ninyo kaysa sa pag-asa ninyo sa inyong nakita o narinig."[11]

Hindi tayo dapat matakot kapag nakita natin ang ating mga anak na lumusong sa tubig ng buhay, dahil natulungan natin silang iwasan ang mga bagay ng daigdig. Naturuan natin silang mamuhay para sa kaloob na paggabay ng Espiritu. Patuloy na pagagaanin ng kaloob na ito ang kanilang pasanin at aakayin sila pabalik sa tahanan sa langit, kung mamumuhay sila para dito at susundin ang mga paramdam nito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph B. Wirthlin, "Ang Hindi Masambit na Kaloob," *Liahona,* Mayo 2003, 27.
2. Sa Mga Hebreo 12:1.
3. David A. Bednar, "Tanggapin ang Espiritu Santo," *Liahona,* Nob. 2010, 95.
4. 3 Nephi 26:14, 16.
5. Tingnan sa I Samuel 3:4–10.
6. C. Terry and Susan L. Warner, "Helping Children Hear the Still, Small Voice," *Tambuli,* Ago. 1994, 27.
7. Deuteronomio 6:7.
8. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 3:392.
9. Tingnan sa Merrilee Browne Boyack, "Pagtulong sa mga Anak na Makilala ang Espiritu Santo," *Liahona,* Dis. 2013, 10–12.
10. Irinna Danielson, "How to Answer the Toughest 'Whys' of Life," Okt. 30, 2015, lds.org/blog.
11. Richard G. Scott, "Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Liahona,* Nob. 2009, 7.

Ni Elder Donald L. Hallstrom
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Ako *ay* Anak ng Diyos

Ang wastong pang-unawa sa ating makalangit na pamana ay mahalaga sa kadakilaan.

Kabilang sa ating pinakapangunahing doktrina ang kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos na buhay. Kaya nga ang isa sa Kanyang mga pinakasagradong pangalan ay Ama—Ama sa Langit. Ang doktrinang ito ay malinaw na itinuro ng mga propeta sa paglipas ng mga panahon:

- Nang tuksuhin ni Satanas, ipinagtabuyan siya ni Moises, na nagsasabing: "Sino ka? Sapagkat masdan, ako ay *anak ng Diyos*."[1]
- Sa pagsasalita sa Israel, ipinahayag ng Mang-aawit, "Kayong lahat ay *mga anak ng Kataastaasan*."[2]
- Itinuro ni Pablo sa mga taga-Athens sa Mars Hill na sila ay *"lahi ng Dios."*[3]
- Sina Joseph Smith at Sidney Rigdon ay tumanggap ng pangitain kung saan nakita nila ang Ama at ang Anak, at isang tinig mula sa langit ang nagpahayag na ang mga naninirahan sa mga daigdig "ay *mga isinilang na anak na lalaki at babae sa Diyos*."[4]
- Noong 1995, pinagtibay ng 15 nabubuhay na mga apostol at propeta na: "Lahat ng tao . . . ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay *minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit*."[5]
- Nagpatotoo si Pangulong Thomas S. Monson na: "Tayo ay *mga anak ng isang buhay na Diyos*. . . . Hindi natin ito lubusang mapaniniwalaan nang hindi nakadarama ng panibagong lakas at kapangyarihan."[6]

Ang doktrinang ito ay napakahalaga, napakadalas banggitin, at dahil ito ay napakasimple kaya parang karaniwan na ito, samantalang ang totoo kabilang ito sa pinakapambihirang kaalaman na maaari nating matamo.

Ang wastong pang-unawa sa ating makalangit na pamana ay mahalaga sa kadakilaan. Ito ang batayan sa pag-unawa sa maluwalhating plano ng kaligtasan at sa pagpapayabong ng pananampalataya sa panganay na Anak ng Ama na si Jesucristo, at sa Kanyang mahabaging Pagbabayad-sala.[7] Dagdag pa rito, patuloy tayong nahihikayat nito na gawin at tuparin ang ating napakahalagang mga walang hanggang tipan.

Sa iilang eksepsyon, lahat ng kasama sa miting na ito ngayon, kahit walang nakasulat na titik o musika, ay maaawit ang, "Ako ay Anak ng Diyos."[8] Ang minamahal na himnong ito ay isa sa mga pinakamadalas kantahin sa Simbahan. Ngunit ang kritikal na tanong ay, *talaga* bang alam natin ito? Alam ba natin ito sa ating puso at isipan at kaluluwa? Ang pagkakaroon ba natin ng mga magulang sa langit ang una at pinakamahalaga nating identidad?

Dito sa lupa, tinutukoy natin ang ating sarili sa iba-ibang paraan, kabilang ang lugar ng ating kapanganakan, ating nasyonalidad, at ating wika. Ang ilan ay tinutukoy ang kanilang sarili batay sa kanilang trabaho o kinawiwilihan. Ang mga identidad nating ito sa mundo ay hindi mali *maliban* kung nakahihigit o sagabal na ito sa ating walang hanggang identidad—ang pagiging anak ng Diyos.

Noong ang bunso namin ay anim na taong gulang at nasa unang baitang sa paaralan, pinasulat ng kanyang titser ang mga bata sa klase. Oktubre noon, buwan ng Halloween, isang pista-opisyal na ipinagdiriwang sa ilang panig ng daigdig. Kahit hindi ito ang paborito kong pista-opisyal, siguro naman may ilang aspeto ang Halloween na inosente at nakatutubos.

Ipinasa ng titser ang isang papel sa mga batang estudyante. Sa itaas ay may nakaguhit na larawan ng isang mangkukulam (sabi na sa inyo hindi ito ang paborito ko) na nakatunghay sa kumukulong sabaw sa kaldero. Ang tanong na nakalagay sa pahina, para mapukaw ang imahinasyon ng mga bata at masubok ang kanilang galing sa pagsulat, ay "Nakainom ka ng isang tasang sabaw na niluto ng mangkukulam. Ano ang nangyari sa iyo?" Sana alam ninyo na ang kuwentong ito ay hindi inirerekomenda sa mga titser.

"Nakainom ka ng isang tasang sabaw na niluto ng mangkukulam. Ano ang nangyari sa iyo?" Sa pinakamainam na magagawa ng bagong nagsusulat, isinulat ng bunso namin, "Mamamatay ako at mapupunta ako sa langit. Magugustuhan ko roon. Magugustuhan ko ito dahil ito ang pinakamagandang lugar na mapupuntahan dahil makakasama mo ang iyong Ama sa Langit." Ang sagot na ito marahil ay ikinagulat ng kanyang titser; gayunman, nang iuwi ng aming anak ang nakumpletong assignment, napansin namin na binigyan siya ng star, ang pinakamataas na marka.

Sa tunay na buhay, dumaranas tayo ng tunay, hindi inaakala lang na mga kahirapan. Nasasaktan tayo—sa pisikal, emosyonal, at espirituwal. Nalulungkot tayo kapag ang kalagayan natin ay kaiba sa inaasahan natin. Nariyan ang kawalan ng katarungan kapag tila hindi naman ukol sa atin ang ating situwasyon. Nalulungkot tayo kapag binigo tayo ng taong ating pinagkakatiwalaan. May mga problema sa kalusugan at pananalapi na nakalilito sa atin. Maaaring may pagtatanong kapag ang isang bagay ukol sa doktrina o kasaysayan ay hindi natin maunawaan sa ngayon.

Kapag dumaranas tayo ng hirap sa buhay, ano ang kaagad na tugon natin? Pagkalito ba o pagdududa o espirituwal na pagtalikod? Dagok ba ito sa ating pananampalataya? Sinisisi ba natin ang Diyos o ang ibang tao sa ating kalagayan? O ang unang tugon natin ay alalahanin kung sino tayo—na tayo ay mga anak ng isang mapagmahal na Diyos? May kasama ba iyan na lubusang pagtitiwala na hinahayaan Niyang mangyari ang ilang pagdurusa sa mundo *dahil* alam Niyang pagpapalain tayo nito, gaya ng apoy na dumadalisay, upang maging tulad Niya at makamit ang ating walang hanggang mana?[9]

Kamakailan ay nasa isang miting ako kasama si Elder Jeffrey R. Holland. Sa pagtuturo na ang buhay sa lupa ay maaaring puno ng dusa ngunit ang ating mga paghihirap ay may walang hanggang layunin—kahit hindi natin ito nauunawaan sa oras na iyon—sinabi ni Elder Holland, "Maaaring mapasaiyo ang gusto mo, o maaari mong makamit ang higit pa rito."

Limang buwan na ang nakalipas, kami ng asawa kong si Diane ay nagpunta sa Africa na kasama nina Elder at Sister David A. Bednar. Ang ikaanim at huling bansang binisita namin ay ang Liberia. Ang Liberia ay napakagandang bansa na may mararangal na

mamamayan at mayamang kasaysayan, ngunit hindi madali ang buhay doon. Ang mga dekada ng kaguluhan sa pulitika at mga digmaang sibil ay nagpalala sa salot ng kahirapan. Higit sa lahat, ang kinatatakutang Ebola disease ay pumatay nang halos 5,000 katao nang huling maminsala ito. Kami ang unang grupo ng mga lider ng Simbahan mula sa labas ng bansa na bumisita sa Monrovia, ang kabiserang lungsod, simula nang ideklara ng World Health Organization na ligtas nang magpunta doon matapos ang Ebola crisis.

Isang napakainit at maalinsangang umaga ng Linggo, nagpunta kami sa inuupahang pasilidad sa gitna ng lungsod. Bawat silya ay inilagay doon, na may kabuuang 3,500 na upuan. Ang huling bilang ng mga dumalo ay 4,100. Halos lahat ng dumating ay naglakad lang o kaya ay sumakay sa di komportableng pampublikong sasakyan; hindi madali para sa mga Banal ang magtipon. Ngunit dumating sila. Karamihan ay dumating ilang oras pa bago ang takdang oras ng pulong. Pagpasok namin sa bulwagan, damang-dama ang pananabik ng lahat! Ang mga Banal ay handang maturuan.

Kapag may binanggit na talata ang tagapagsalita, bibigkasin ito nang malakas ng mga miyembro. Hindi na mahalaga—maikli man o mahaba ito, ang buong kongregasyon ay nagkakaisa sa pagtugon. Ngayon, hindi namin inirerekomenda ito, ngunit kahanga-hanga na kaya nilang gawin ito. At ang koro—napakagaling nila. Sa masiglang pagkumpas ng direktor at pagtugtog ng 14-na-taong gulang na binatilyo, buong sigla at lakas na umawit ang mga miyembro.

At nagsalita si Elder Bednar. Siyempre, ito ang pinakahihintay sa pagtitipon—ang marinig ang isang Apostol na magturo at magpatotoo. Malinaw na may espirituwal na patnubay, habang nagsasalita siya, si Elder Bednar ay huminto at nagsabing, "Alam ba ninyo ang 'Saligang Kaytibay'?"

Parang 4,100 tinig ang sumagot ng, "OPO!"

At itinanong niya, "Alam ba ninyo ang talata 7?"

Muling sumagot ang buong grupo, "OPO!"

Ang areglo ng makapangyarihang himnong "Saligang Kaytibay" na inaawit ng Mormon Tabernacle Choir sa huling 10 taon ay kinabibilangan ng talata 7, na hindi gaanong kinakanta noon. Sinabi ni Elder Bednar, "Awitin natin ang mga talata 1, 2, 3, at 7."

Walang pag-aatubiling tumayo agad ang tagakumpas at ang Aaronic Priesthood na tagatugtog ay kaagad sinimulang tugtugin nang buong sigla ang pambungad na chords. Dama ang matinding pananalig na noon ko lang nadama sa himnong pangkongregasyon, inawit namin ang mga talata 1, 2, at 3. At lumakas pa ang tunog at espirituwal na damdamin nang kantahin ng 4,100 tinig ang pampitong talata at nagpahayag:

Ang kaluluwang kay Jesus nagtiwala.
Kahit kailanman ay 'di ko itatatwa.
Pilitin mang s'ya'y yanigin ng kadiliman.
Hinding-hindi magagawa, hinding-hindi magagawa,
'Di magagawang talikuran kailanman![10]

Sa isa sa mga pinaka-espirituwal na pangyayari sa buhay ko, naturuan ako ng matinding aral nang araw na iyon. Nabubuhay tayo sa mundong makapagpapalimot sa kung sino tayo talaga. Kapag mas maraming gumagambala sa atin, mas madaling maging karaniwan ang pagtrato, tapos ay balewalain, at kalimutan ang ating kaugnayan sa Diyos. Kaunti lang ang materyal na pagaari ng mga Banal sa Liberia, gayunman tila nasa kanila ang lahat ng espirituwal na bagay. Ang nasaksihan namin nang araw na iyon sa Monrovia ay isang grupo ng mga anak ng Diyos na nakaaalam sa bagay na ito!

Sa mundo ngayon, saan man tayo nakatira at anuman ang ating kalagayan, kailangan na ang pinakamahalaga nating identidad ay bilang anak ng Diyos. Kapag *alam* natin iyan, lalago ang ating pananampalataya, mahihikayat tayong patuloy na magsisi, at bibigyan tayo ng lakas na maging "matatag at [hindi] matitinag" sa ating mortal na paglalakbay.[11] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moises 1:13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Awit 82:6; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Ang Mga Gawa 17:29; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Doktrina at mga Tipan 76:24; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Thomas S. Monson, "Mga Kanaryong May Kulay-Abo sa Kanilang mga Pakpak," *Liahona,* Hunyo 2010, 4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:13–15.
8. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
9. Tingnan sa Malakias 3:2.
10. "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47.
11. Mosias 5:15.

Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nasaan ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood?

Ang awtoridad at mga susi ng priesthood ang nagbibigay ng kapangyarihan, nagbubukas sa mga pinto ng kalangitan, nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng langit, at nagtuturo sa landas ng tipan pabalik sa ating Ama sa Langit.

Isang hapon ng taglamig, habang papalubog ang araw sa likod ng malawak na burol na natatabunan ng snow, ang nagyeyelo sa lamig na hangin ay dumampi nang mahapdi sa aming mga pisngi at ilong, at tila itinutulak kami para hanapin agad ang aming mga kotse at truck sa ski resort parking lot. Doon sa aming komportableng mga sasakyan ay paiinitin ng mga heater ang nanlalamig naming mga daliri. Ang malutong na tunog ng snow sa bawat hakbang namin ay patunay na sobrang lamig nito.

Tuwang-tuwa ang aming pamilya sa masayang araw namin sa ski slopes, na ngayon ay nagyeyelo na sa lamig. Nang bubuksan ko na ang kotse, kinapa ko sa bulsa ng coat ko ang susi at sa isa pang bulsa at sa isa pa. "Nasaan ang mga susi?" Lahat ay balisang naghihintay na makita ang mga susi! May karga ang baterya ng kotse, at lahat ng system—pati ang heater—ay ayos naman, pero wala ang susi, naka-lock ang mga pinto; kung walang susi hindi mapapaandar ng makina ang sasakyan.

Sa sandaling iyon, ang tuon namin ay kung paano kami makakapasok sa kotse para mainitan, at naisip ko—nang sandaling iyon—na may mapupulot kaming aral sa situwasyon. Kung walang mga susi, ang kahanga-hangang sasakyang ito ay para lamang isang bagay na gawa sa plastik at metal. Kahit maraming nagagawa ang sasakyan, kung walang susi, hindi nito magagawa ang dapat gawin nito.

Habang lalo kong iniisip ang karanasang ito, lalong lumalalim ang analohiyang ito para sa akin. Namamangha ako sa pagmamahal ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Nanggigilalas ako sa makalangit na pagbisita at sa dakilang pangitain ng kawalang-hanggan na ipinagkaloob ng Diyos kay Joseph Smith. At lalo na, nag-uumapaw ang puso ko sa pasasalamat sa panunumbalik ng awtoridad at mga susi ng priesthood. Kung wala ang panunumbalik na ito, hindi tayo makakapasok sa sasakyan na maghahatid sa atin pauwi sa mapagmahal nating mga magulang sa langit. Ang pagsasagawa ng bawat ordenansa ng kaligtasan na bumubuo sa ating landas ng tipan pabalik sa piling ng ating Ama sa Langit ay nangangailangan ng wastong pamamahala sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood.

Noong Mayo ng 1829, si Juan Bautista ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, iginawad sa kanila ang Aaronic Priesthood, at ipinagkaloob sa kanila ang mga susing kaakibat ng priesthood na iyon. Hindi nagtagal pagkatapos niyon, iginawad nina Pedro, Santiago, at Juan ang mga susi ng Melchizedek Priesthood.[1]



Makalipas ang halos pitong taon, isang araw ng Linggo sa Kirtland Temple, isang linggo matapos itong mailaan, "ang Panginoong Jehova ay nagpakita sa kaluwalhatian" kina Joseph at Oliver, na sinundan ng pagpapakita nina Moises, Elias, at Elijah, at ipinagkatiwala ang "kanilang mga susi at dispensasyon."[2] Ang ipinanumbalik na awtoridad ng priesthood at mga susing ito ay nawala nang ilang siglo. Katulad noong hindi makapasok ang pamilya namin sa kotse dahil sa nawalang mga susi, ganoon din na hindi makakamit ng mga anak ng Ama sa Langit ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo—hangga't walang banal na pagpapanumbalik na isinagawa ng makalangit na mga sugong ito. Hindi na tayo magtatanong pa ng, "Nasaan ang mga susi?"

Isang maaliwalas na araw ng taglagas noong isang taon, binisita ko ang tahimik na kagubatan sa hilagang-silangan ng Pennsylvania na kilala sa banal na kasulatan bilang Harmony, kung saan nagpakita si Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ipinanumbalik ang Aaronic Priesthood. Tumayo din ako sa pampang ng Susquehanna River kung saan sina Joseph at Oliver, na pinagkalooban ng awtoridad at mga susi, ay nabinyagan. Malapit sa ilog ding ito, sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita at ipinanumbalik ang Melchizedek Priesthood at mga susi nito.[3]

Ang mga site na ito, at ang muling itinayong unang tahanan nina Joseph at Emma, kung saan isinalin ang malaking bahagi ng Aklat ni Mormon; ang kalapit na tahanan ng mga magulang ni Emma; at isang visitors' center, na isinama sa isang bagong meetinghouse ang bumubuo ng bagong Priesthood Restoration Site, na inilaan ni Pangulong Russell M. Nelson noong nakaraang Setyembre. Doon ay nadama ko ang kapangyarihan at katunayan ng makalangit na mga pangyayaring naganap sa sagradong lugar na iyon. Ang karanasang iyon ang nagtulak para pagnilayan, pag-aralan, at ipagdasal ko ang tungkol sa awtoridad at mga susi ng priesthood, na nagpadama sa akin ng hangaring ibahagi sa mga kabataan ng Simbahan kung paano sila mapagpapala ng awtoridad at ipinanumbalik na mga susi ng priesthood.

Una, ang pagkaunawa sa mga ito ay malaking tulong. Ang priesthood o awtoridad ng priesthood ay "ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos"[4] at "ang pinakamataas na kapangyarihan dito sa lupa."[5] Ang mga susi ng priesthood ay inilarawan para maunawaan din natin: "Ang mga susi ng priesthood ay ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa mga lider ng priesthood para pamahalaan, pangasiwaan, at pamunuan ang paggamit ng Kanyang priesthood sa lupa."[6] Ang mga susi ng priesthood ang nangangasiwa sa paggamit ng awtoridad ng priesthood. Ang mga ordenansa na itinatala sa Simbahan ay nangangailangan ng mga susi at hindi maisasagawa nang walang pahintulot. Itinuro ni Elder Oaks na "sa huli, ang lahat ng susi ng priesthood ay hawak ng Panginoong Jesucristo, na Siyang may-ari ng priesthood. Siya ang nagpapasiya kung anong mga susi ang itatalaga sa mga tao sa mundo at kung paano gagamitin ang mga susing iyon."[7]

Ngayon, para sa inyong mga kabataan, may naisip akong tatlong paraan na "mahahanap ninyo ang mga susi" o magagamit ang mga susi at awtoridad ng priesthood para pagpalain ang inyong buhay at ang buhay ng iba.

Ang Una ay Maghanda para sa Paglilingkod Bilang Missionary

Mga bata kong kapatid, maaaring hindi ninyo natatanto, ngunit ang mga susi ng pagtitipon ng Israel na ipinanumbalik ni Moises ang nagbibigay-daan sa gawaing misyonero sa ating dispensasyon. Isipin ang puwersa ng mga full-time missionary na tinatayang 75,000 na nasa mission field sa ilalim ng patnubay ng mga susing ito. Habang iniisip ito, alalahanin na hindi

na napakaaga para paghandaan ninyo ang paglilingkod sa misyon. Sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* mababasa natin, "Mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood, . . . masigasig na magtrabaho upang ihanda ang sarili na maging kinatawan ng Panginoon bilang misyonero."[8] Maaari ding maghanda ang mga kabataang babae, ngunit "hindi mahigpit ang utos sa [inyong] maglingkod."[9] Lahat ng inyong paghahanda, gayunman, para maglingkod bilang full-time missionary o hindi, ay malaking kapakinabangan sa inyo habambuhay bilang miyembrong missionary.

Ang Pangalawang Paraan para "Mahanap ang mga Susi" ay sa Pagdalo sa Templo

Sa pamamagitan ng mga susi ng pagbubuklod na ipinanumbalik ng propeta ng Lumang Tipan na si Elijah ay naisasagawa ang mga ordenansa sa mga banal na templo. Ang mga ordenansang isinasagawa sa mga templong ito ang daan para ang mga tao at pamilya ay makabalik sa piling ng ating mga magulang sa langit.

Hinihikayat namin kayong mga kabataang lalaki at babae na saliksikin at hanapin ang mga pangalan ng inyong mga ninuno at isagawa ang mga proxy baptism para sa kanila sa loob ng templo. Napapansin namin na marami na ngayong nangyayaring ganito sa iba't ibang panig ng mundo! Ang mga baptistry sa maraming templo ay puno ng mga kabataan sa umaga at hanggang sa gabi. Ipinipihit ang mga susi na nagtutulot sa mga pamilya na mabuklod habang isinasagawa ang mga sagradong ordenansa sa mga templong ito.

Nakikita ba ninyo ang kaugnayan sa pagitan ng pagpapanumbalik ng mga susi ng priesthood at mga pagpapala nito? Sa paggawa ninyo ng gawaing ito, palagay ko makikita ninyo ang patnubay ng Panginoon sa mga detalye nito. Isang karanasan ang naglalarawan dito. Nalaman ko kamakailan ang tungkol sa isang ina na regular na sinasamahan ang kanyang mga anak sa templo para magsagawa ng mga proxy baptism. Sa partikular na araw na ito, nang matapos na ng pamilya ang kanilang mga pagbibinyag at paalis na sa templo, may isang lalaking pumasok sa baptistry area na may dalang napakaraming pangalan ng kanyang sariling pamilya. Naisip na wala nang naiwan sa baptistry para tumulong sa mga pangalang ito, nakita ng temple worker ang paalis na pamilya at tinanong ang mga bata kung gugustuhin ba nilang pumasok muli at magpalit ng damit para tumulong sa mga pagbibinyag na ito. Pumayag sila at muling pumasok. Habang nagsasagawa ng mga binyag ang mga bata, ang kanilang ina, na nakikinig, ay nakilala ang mga pangalan, na ikinagulat ng lahat, at di nagtagal ay natanto niya na ang mga pangalang dala ng lalaki ay mga namatay na ninuno rin ng kanyang pamilya. Mapagmahal at magiliw na awa para sa kanila.

Dalawang linggo na ang nakalipas ang Provo City Center Temple ay inilaan bilang ika-150 magagamit na templo ng Simbahan sa buong mundo. Nalaman natin na nang sang-ayunan si Pangulong Monson bilang Apostol noong 1963, mayroon na noong 12 nagagamit na templo sa Simbahan. Palapit na nang palapit sa inyo ang mga templo. Gayunman, sa inyo na medyo malayo o hindi regular na makadalo sa templo, dapat panatilihin ninyong karapat-dapat ang inyong sarili na dumalo. Maaari kayong gumawa ng mahalagang gawain sa labas ng mga templo kapag sinaliksik at isinumite ninyo ang mga pangalan ng inyong mga kaanak.

Ang Huli, ang Pangatlo: Sumulong nang may Pananampalataya

Ang propeta ng Lumang Tipan na si Abraham ay tumanggap ng malaking pagpapala mula sa Panginoon sa kanyang dispensasyon, na tinatawag minsan na tipan ni Abraham. Makalipas ang libu-libong taon, ang mga pagpapala ng dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham ay ipinanumbalik. Nangyari ito nang magpakita si propetang Elias kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple.

Dahil sa pagpapanumbalik na ito, natatanggap ng bawat isa sa inyo ang mga dakilang pagpapalang ipinangako kay Abraham. Ang mga pagpapalang ito ay mapapasainyo kung mananatili kayong tapat at mamumuhay nang karapat-dapat. Sa polyetong *Para sa*

Lakas ng mga Kabataan, binigyan kayo ng ilang praktikal na tagubilin tungkol sa kung paano "sumulong nang may pananampalataya." Ibubuod ko ang ilan sa payong iyon: "Upang tulungan kayong marating ang nais ng Panginoon na kahinatnan ninyo, lumuhod tuwing umaga at gabi at manalangin sa inyong Ama sa Langit. . . . Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw at ipamuhay ang mga nababasa ninyo. . . . Sikaping maging masunurin araw-araw. . . . Sa lahat ng sitwasyon, sundin ang mga turo ng mga propeta. . . . Maging mapagpakumbaba at handang makinig sa Espiritu Santo."

Ang payong ito ay sinundan ng pangako na humahantong sa mga pangakong dulot ng mga pagpapala ni Abraham: "Kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, mas gagawing makabuluhan ng Panginoon ang buhay ninyo kaysa magagawa ninyo kung kayo lang mag-isa. Dadagdagan Niya ang inyong mga oportunidad, palalawakin ang inyong pananaw, at palalakasin kayo. Ibibigay Niya ang tulong na kailangan ninyo upang makayanan ang mga pagsubok at hamon sa buhay. Lalong lalakas ang inyong patotoo at matatagpuan ang tunay na kaligayahan kapag nakilala ninyo ang inyong Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at madarama ang pagmamahal Nila sa inyo."[10]

Bilang pagbubuod: maghandang maglingkod sa misyon, dumalo sa templo, at sumulong nang may pananampalataya.

Konklusyon

Magtatapos na tayo kung saan tayo nagsimula, nasa nagyeyelong parking lot na nagtatanong, "Nasaan ang mga susi?" Siyanga pala, kalaunan nang gabing iyon himalang nahanap ko ang susi na nahulog mula sa bulsa ko sa bundok. Ipinakita sa amin ng Panginoon na hindi Niya kami iiwang nakatayo sa gitna ng matinding lamig nang wala ang mga susi o awtoridad na ligtas na aakay sa amin pabalik sa Kanya.

Kung katulad ko kayo, maaaring madalas ninyong itanong sa sarili ninyo, "Nasaan ang mga susi" sa kotse, sa opisina, sa bahay o apartment? Kapag nangyayari ito sa akin, napapangiti na lang ako sa loob-loob ko, dahil habang hinahanap ko ang susi, naaalala ko ang ipinanumbalik na mga susi ng priesthood at si Pangulong Thomas S. Monson, na ating sinasang-ayunan "bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag"[11] at ang nag-iisang tao sa lupa na nagtataglay at pinahintulutang gamitin ang lahat ng mga susi ng priesthood. Oo, ang mga susi ay ligtas at hawak ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang mga ito ay iginagawad, ipinagkakatiwala, at itinatalaga sa iba pa ayon sa kalooban ng Panginoon, sa patnubay ng Pangulo ng Simbahan.

Pinatototohanan ko na ang awtoridad at mga susi ng priesthood ang nagbibigay ng kapangyarihan, nagbubukas sa mga pinto ng langit, nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng langit, at nagtuturo sa landas ng tipan pabalik sa ating mapagmahal na Ama sa Langit.

Dalangin ko na kayo, na bagong henerasyon ng mga kabataang lalaki at babae, ay "sumulong nang may pananampalataya kay Cristo,"[12] na maunawaan ninyo na sagradong pribilehiyo ninyo ang kumilos ayon sa patnubay ng mga mayhawak ng susi ng priesthood na magbibigay-daan para matanggap ninyo ang mga pagpapala, kaloob, at kapangyarihan ng kalangitan.

Nagpapatotoo ako sa Diyos Ama, sa ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo, sa Espiritu Santo, at sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72.
2. Doktrina at mga Tipan 110 section summary.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:20.
4. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), pahina 8.
5. Boyd K. Packer, "Priesthood Power in the Home" (pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, Peb. 2012), lds.org/broadcasts; tingnan din sa James E. Faust, "Power of the Priesthood," *Ensign,* Mayo 1997, 41–43.
6. *Handbook 2,* 2.1.1.
7. Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2014, 50.
8. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 43.
9. Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona,* Nob. 2012, 5.
10. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 42–43.
11. Tingnan sa Officers Sustained forms na binabasa sa taunang mga kumperensya ng ward at stake.
12. 2 Nephi 31:20.

Ni Elder Kevin R. Duncan
Ng Pitumpu

Ang Nakapagpapagaling na Pamahid ng Pagpapatawad

Ang pagpapatawad ay maluwalhati at nakapagpapagaling na alituntunin. Hindi tayo kailangang maging biktima nang dalawang beses. Maaari tayong magpatawad.

Ang lahat ng ukol sa Diyos ay kinapapalooban ng pagmamahal, liwanag, at katotohanan. Gayunman bilang mga tao nabubuhay tayo sa mundong makasalanan, na kung minsan ay puno ng kadiliman at pagkalito. Hindi nakapagtataka na makagagawa ng mga pagkakamali, magkakaroon ng di-pagkakapantay-pantay, at magkakasala. Bilang bunga, walang kaluluwa na hindi maaapektuhan kahit paano, ng kawalang-ingat ng iba, nakasasakit na asal, o ng makasalanang pag-uugali. Nangyayari iyan sa ating lahat.

Salamat na lang at ang Diyos, sa Kanyang pagmamahal at awa sa Kanyang mga anak, ay naghanda ng daan para tulungan tayo sa paglalakbay sa kung minsan ay mahihirap na karanasan sa buhay. Naglaan Siya ng daan para makaiwas ang lahat ng maaapektuhan ng mga maling gawa ng ibang tao. Tinuruan Niya tayo na maaari tayong magpatawad! Kahit nabiktima na tayo minsan, hindi tayo kailangang maging biktima nang dalawang beses sa pamamagitan ng pagpasan ng poot, pait, sakit, galit, o maging ng paghihiganti. Maaari tayong magpatawad, at maaari tayong maging malaya!

Maraming taon na ang nakalipas, habang inaayos ang isang bakod, nasalubsob ang daliri ko. Sinubukan kong alisin ang salubsob at akala ko ay nagawa ko na, pero hindi pa pala. Sa paglipas ng oras, umalsa na ang balat sa salubsob, kaya naging maumbok ang daliri ko. Nakakainis ito at paminsan-minsang sumasakit.

Makalipas ang ilang taon nagpasiya akong kumilos na. Ang ginawa ko lang ay pinahiran ko ng ointment ang umbok at nilagyan ito ng benda. Inulit ko nang madalas ang prosesong ito. Nagulat na lang ako isang araw nang tanggalin ko ang benda ay lumabas ang salubsob mula sa daliri ko.

Pinalambot ng pamahid ang balat at lumabas ang mismong nagdulot ng sakit sa loob ng maraming taon. Nang maalis ang salubsob, kaagad na gumaling ang daliri, at sa ngayon, walang bakas ng anumang sugat.

Sa ganito ring paraan, ang pusong ayaw magpatawad ay nagkikimkim ng sakit na hindi naman kailangang kimkimin. Kapag ginamit natin ang nakapagpapagaling na pamahid ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, palalambutin Niya ang ating puso at tutulungan tayong magbago. Kaya Niyang *pagalingin* ang sugatang kaluluwa (tingnan sa Jacob 2:8).

Alam kong marami sa atin ang gustong magpatawad, pero nahihirapan tayong gawin ito. Kapag may di-makatarungang nangyari sa atin,

mabilis nating nasasabing, "Mali ang ginawa ng taong iyon. Dapat silang maparusahan. Nasaan ang katarungan?" Nagkakamali tayo sa pag-iisip na *kung* nagpapatawad tayo, kahit paano ay hindi nagkakaroon ng hustisya at naiiwasan ang mga kaparusahan.

Hindi ito totoo. Ang Diyos ay magbibigay ng parusang makatwiran, sapagkat hindi maaagawan ng awa ang katarungan (tingnan sa Alma 42:25). Buong pagmamahal na tinitiyak ng Diyos sa atin: "Iwan ang paghahatol sa akin, sapagkat ito ay akin at ako ang gaganti. [At hayaang] kapayapaan ang mapasainyo" (D at T 82:23). Ang propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon ay nangako rin na "aaluin [kayo ng Diyos] sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan, at magpapataw ng katarungan sa mga yaong naghahangad ng inyong pagkalipol" (Jacob 3:1).

Bilang mga biktima, kung tayo ay *matapat,* mapapanatag tayo na malaman na ang Diyos ang maghihiganti para sa atin sa bawat kalupitan na nararanasan natin. Sinabi ni Elder Joseph B. Wirthlin: "Pinupunan ng Panginoon ang bawat kawalan ng matatapat. . . . Bawat luha ngayon ay papalitan kalaunan ng maka-isandaang ulit na luha ng kagalakan at pasasalamat."[1]

Sa pagsisikap nating patawarin ang iba, sikapin din nating alalahanin na tayong lahat ay lumalakas sa espirituwal, ngunit magkakaiba ang ating antas. Bagamat madaling mapansin ang mga pagbabago at pag-unlad sa pisikal na katawan, mahirap makita ang paglakas sa ating mga espiritu.

Ang isang susi sa pagpapatawad ay ang tingnan sila gaya ng pagtingin sa kanila ng Diyos. Kung minsan, maaaring hawiin ng Diyos ang tabing at bigyan tayo ng kaloob na makita ang puso, kaluluwa, at espiritu ng isang taong nakasakit sa atin. Ang pananaw na ito ay maaaring humantong sa nag-uumapaw na pagmamahal para sa taong iyon.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na ang pag-ibig ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay perpekto. Alam Niya ang kanilang potensyal sa kabutihan, anuman ang kanilang nakaraan. Kahit ano pa ang sabihin, wala nang mas agresibo o malupit na kaaway ang mga alagad ni Jesucristo maliban kay Saulo ng Tarsus. Ngunit nang minsang ipakita ng Diyos kay Saulo ang liwanag at katotohanan, wala nang mas matapat, masigasig, o walang-takot na disipulo ng Tagapagligtas maliban sa kanya. Si Saulo ang naging Apostol Pablo. Ang kanyang buhay ay napakagandang halimbawa na nakikita ng Diyos ang mga tao hindi lamang sa kung sino sila ngayon kundi kung ano ang kanilang kahihinatnan. Tayong lahat, sa ating buhay, ay may ugaling gaya ni Saulo na may potensyal na gaya ni Pablo. Naiisip ba ninyo ang malaking pagbabago ng ating mga pamilya, komunidad, at ng daigdig sa kabuuan kung sisikapin nating tingnan

ang bawat isa na gaya ng pagtingin sa atin ng Diyos?

Kadalasan tinitingnan natin ang nagkakasala na gaya ng pagtingin natin sa iceberg—ang ibabaw lang ang nakikita natin at hindi ang nasa ilalim ng tubig. Hindi natin alam ang lahat ng nangyayari sa buhay ng isang tao. Hindi natin alam ang kanilang nakaraan; di natin alam ang kanilang mga pakikibaka; di natin alam ang hirap o sakit na kanilang pinapasan. Mga kapatid huwag sana kayong magkamali sa pag-unawa. Ang pagpapatawad ay hindi pagkunsinti sa ginawa ng tao. Hindi natin pinangangatwiranan ang masamang ugali o hinahayaang pagmalupitan tayo ng iba *dahil* sa kanilang pinagdaraanan, hirap, o mga kahinaan. Ngunit *maaari* tayong magkaroon ng mas malawak na pangunawa at kapayapaan kapag nilawakan natin ang ating pananaw.

Tiyak na ang kulang pa sa espirituwalidad ay makagagawa ng mabibigat na pagkakamali—gayunman wala ni isa atin na nararapat na *mahatulan* dahil lamang sa pinakamasamang nagawa natin. Ang Diyos ang perpektong hukom. Nakikita Niya ang nasa kaloob-looban. Alam Niya ang lahat at nakikita Niya ang lahat (tingnan sa 2 Nephi 2:24). Sinabi Niya, "Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao" (D at T 64:10).

Si Cristo mismo, nang Siya ay paratangan nang mali, at pinagmalupitan, sinaktan, at iniwang nagdurusa sa krus, sa sandaling iyon ay sinabi Niyang, "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Sa kakitiran ng ating pananaw, minsan ay maaaring madali tayong magalit sa iba na hindi natin katulad mag-isip o kumilos. Maaaring mawalan tayo ng pasensya sa mababaw na mga bagay gaya ng pagsuporta sa mga magkatunggaling koponan, pagkakaiba ng pananaw sa pulitika, o pagkakaiba sa paniniwala ukol sa relihiyon.

Ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson ang matalinong payo nang sabihin niyang, "Ang pagkakataong makinig

sa magkakaibang paniniwala sa relihiyon o pulitika ay maaaring humantong sa pagpaparaya at pagkatuto."[2]

Binanggit ng Aklat ni Mormon ang panahon nang "ang mga tao ng simbahan ay nagsimulang iangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin, at . . . magsimulang maging mapanlibak sa isa't isa, at . . . sinimulan nilang usigin yaong hindi naniniwala alinsunod sa kanilang sariling kagustuhan at kasiyahan" (Alma 4:8). Dapat alalahanin ng lahat na ang Diyos ay hindi tumitingin sa kulay ng suot na panlaro o ng partido sa pulitika. Sa halip, gaya ng sinabi ni Ammon, "[ang Diyos ay] pinagmamasdan ang lahat ng anak ng tao; at nalalaman niya ang lahat ng saloobin at layunin ng puso" (Alma 18:32). Mga kapatid, sa paligsahan ng buhay, kung mananalo tayo, manalo tayo nang may kabaitan. Kung matatalo tayo, matalo tayo nang may kabaitan. Dahil kung mamumuhay tayo nang may kabaitan sa isa't isa, kabaitan ang ating gantimpala sa huling araw.

Gaya ng tayong lahat ay mga biktima ng masasamang gawain ng iba, kung minsan tayo rin naman ay nakasasakit ng loob. Tayong lahat ay nagkukulang at kailangan natin ng biyaya, awa, at pagpapatawad. Kailangan nating tandaan na ang kapatawaran ng ating sariling mga kasalanan at kamalian ay batay sa ating pagpapatawad sa iba. Sinabi ng Tagapagligtas:

"Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan:

"Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan" (Mateo 6:14–15).

Sa lahat ng mabibigkas ng Tagapagligtas sa Kanyang Panalangin, na napakaikli, mahalagang pansinin na pinili Niyang isama ang "At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin" (Mateo 6:12; 3 Nephi 13:11).

Pagpapatawad ang mismong dahilan kaya isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, kaya magalak tayo sa Kanyang alok na pagalingin tayong lahat. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi lamang para sa mga taong kailangang magsisi; ito ay para rin sa mga taong kailangang magpatawad. Kung nahihirapan kang patawarin ang isang tao o maging ang sarili mo, hilingin na tulungan ka ng Diyos. Ang pagpapatawad ay maluwalhati at nakapagpapagaling na alituntunin. Hindi tayo kailangang maging biktima nang dalawang beses. Maaari tayong magpatawad.

Saksi ako sa walang-maliw na pagmamahal at tiyaga ng Diyos para sa ating lahat na Kanyang mga anak at sa hangarin Niyang mahalin natin ang isa't isa gaya ng pagmamahal Niya sa atin (tingnan sa Juan 15:9, 12). Sa paggawa nito, makakaalpas tayo sa kadiliman ng mundong ito tungo sa kaluwalhatian at karingalan ng Kanyang kaharian sa langit. Magiging malaya tayo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph B. Wirthlin, "Anuman ang Mangyari, Gustuhin Ito," *Liahona,* Nob. 2008, 28.
2. Russell M. Nelson, "Listen to Learn," *Ensign,* Mayo 1991, 23.

Ni Elder Steven E. Snow
Ng Pitumpu

Maging Mapagpakumbaba Ka

Sa pagpapakumbaba tayo ay nagiging mas mabubuting magulang, anak, asawa, kapitbahay at kaibigan.

Mapalad tayo sa Simbahan na magkaroon ng koleksyon ng mga himno na tumutulong sa atin na sumamba sa pamamagitan ng awitin. Sa mga pulong natin sa Simbahan, "ang mga himno ay nag-aanyaya sa Espiritu ng Panginoon, nagdadala ng mapitagang pakiramdam, napagkakaisa tayo bilang mga miyembro, at nagbibigay-daan para makapag-alay tayo ng mga papuri sa Panginoon. Ang ilan sa pinakamagagandang sermon ay naipahahayag sa pamamagitan ng pagawit ng mga himno."[1]

Mga ilang buwan lang matapos maorganisa ang Simbahan, isang paghahayag ang natanggap ni Propetang Joseph Smith para sa asawa niyang si Emma. Inutusan siya ng Panginoon na "gumawa ng isang pagtitipon ng mga banal na himno, tulad ng ibibigay sa iyo, na kalugud-lugod para sa akin, upang magamit sa aking simbahan."[2]

Ang unang edisyon ng himnaryo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na nakumpleto noong 1836.

Nagtipon si Emma Smith ng koleksyon ng mga himno na unang lumitaw sa himnaryo ng Kirtland noong 1836.[3] May 90 awitin lamang na kasama sa manipis na buklet na ito. Marami sa mga ito ay mga himnong mula sa mga Protestante. Dalawampu't anim sa mga ito ang katha ni William W. Phelps, na kalaunan ay naghanda at naglimbag sa himnaryo. Mga titik lamang ang nakasulat noon; walang kasamang nota ng musika ang mga teksto. Ang aba at munting himnaryong ito ay naging malaking pagpapala sa mga unang miyembro ng Simbahan.

Ang pinakahuling edisyon ng ating English hymnal ay inilathala noong 1985. Marami sa mga seleksyon na pinili ni Emma maraming taon na ang nakalipas ang kasama pa rin sa ating hymnbook, gaya ng "Buhay ang Aking Manunubos" at "Saligang Kaytibay."[4]

Isang awitin na bago sa 1985 na himnaryo ay ang "Magpakumbaba Ka."[5] Ang payapang himnong ito ay isinulat ni Grietje Terburg Rowley, na pumanaw noong isang taon. Sumapi siya sa Simbahan noong 1950 sa Hawaii, kung saan siya nagtuturo noon. Si Sister Rowley ay naglingkod sa General Music Committee at tumulong sa pag-adapt ng mga himno sa maraming wika. Ibinatay niya ang kanyang teksto para sa "Magpakumbaba Ka" sa dalawang talata ng banal na kasulatan: Doktrina at mga Tipan 112:10 at Eter 12:27. Mababasa sa Eter ang sumusunod na talata: "At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; . . . sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila."

Gaya ng lahat ng himno ng Simbahan, ang "Magpakumbaba Ka" ay nagtuturo ng simple at dalisay na mga katotohanan. Itinuturo nito na kung nagpapakumbaba tayo, sinasagot ang ating mga dalangin; nagiging payapa ang ating isipan; mas epektibo tayo sa paglilingkod sa ating mga tungkulin; at kung patuloy tayong magiging matapat, makababalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit.

Itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad na kailangan silang magpakumbabang gaya ng maliit na bata upang makapasok sa kaharian ng langit.[6] Sa pagpapalaki natin sa ating mga anak, kailangan natin silang tulungang manatiling mapagpakumbaba hanggang sa pagtanda nila. Hindi natin ginagawa ito sa pagsira ng kanilang kalooban sa pamamagitan ng kalupitan o sobrang higpit na pagdisiplina. Habang nililinang ang kanilang pagtitiwala sa sarili at pagpapahalaga sa sarili, kailangang ituro sa kanila ang mga katangian ng di-pagkamakasarili, kabaitan, pagsunod, kawalan ng kayabangan, pagiging magalang, at hindi mapagkunwari. Kailangang matuto silang magalak sa tagumpay ng mga kapatid at kaibigan. Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter na ang "ating tunay na malasakit ay dapat para sa tagumpay ng iba."[7]

Kung hindi, ang tanging hahangarin nila ay sariling pakinabang at lamangan ang iba, pagkainggit, at masamang-loob sa tagumpay ng mga kasama. Nagpapasalamat ako sa aking ina na, kapag nakikita niyang nagyayabang ako ay nagsasabing, "Anak, ang kaunting pagpapakumbaba sa ngayon ay malaking kapakinabangan kalaunan."

Ngunit ang pagpapakumbaba ay hindi lamang sa mga bata itinuturo. Kailangang sikapin nating lahat na lalo pang magpakumbaba. Kailangan ang kababaang-loob para makamit ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Sa pagpapakumbaba ay nababagbag ang ating puso kapag nagkasala tayo o nakagawa ng mga kamalian at ginagawa nitong posible na makapagsisi tayo. Sa pagpapakumbaba tayo ay nagiging mas mabubuting magulang, anak, asawa, kapitbahay at kaibigan.

Sa kabilang banda, ang kapalaluan ay sanhi ng pagkasira ng mga ugnayan sa pamilya, paghihiwalay ng mga magasawa, at pagkasira ng pagkakaibigan. Lalong mahalagang alalahanin ang pagpapakumbaba kapag nagkakaroon ng pagtatalo sa inyong tahanan. Isipin ninyo ang lahat ng sakit ng kalooban na maiiwasan sa mapagpakumbabang pagsasabi ng, "Sori"; "Hindi na kita inisip"; "Ano ang gusto mong gawin ko?"; "Hindi kasi ako nag-iisip"; o "Ipinagmamalaki kita." Kung ang mga maiikling pahayag na ito ay mapagpakumbabang gagamitin, mababawasan ang pagtatalo at mas payapa ang ating mga tahanan.

Ang simpleng pamumuhay ay maari at kadalasang nakapagpapababa ng kalooban. Ang sakuna at karamdaman, ang pagkamatay ng mga mahal sa buhay, mga problema sa relasyon, maging ang kasalatan sa pera ay nagtutulak sa atin na magsumamo nang taimtim. Kung ang mahihirap na karanasang ito ay dumating sa atin nang hindi naman natin kagagawan o dahil sa masamang desisyon at pagpapasiya, ang mga karanasang ito ay nakapagpapababa ng kalooban. Kung pipiliin nating espirituwal na umayon at manatiling mapagpakumbaba at madaling turuan, ang ating mga dasal ay nagiging mas taimtim at lumalakas ang ating pananampalataya at patotoo habang nalalampasan natin ang mga dagok ng buhay sa mundo. Inaasam nating lahat ang kadakilaan, ngunit bago ito, kailangang pagsikapan ang tinatawag na "lambak ng kababaang-loob."[8]

Maraming taon na ang nakalipas, ang aming 15-taong-gulang na anak na si Eric ay nagkaroon ng matinding pinsala sa ulo. Ang makita siyang nasa coma nang mahigit isang linggo ay dumurog sa aming puso. Sinabi sa amin ng mga doktor na hindi nila alam kung ano ang susunod na mangyayari. Siyempre, tuwang-tuwa kami nang muli siyang magkaroon ng malay-tao. Akala namin magiging maayos na ang lahat, pero nagkamali kami.

Nang magkaroon siya ng malay-tao, hindi siya makalakad o makapagsalita o makakain nang mag-isa. Ang mahirap pa, nawalan siya ng aktibong memorya. Naaalala niya halos lahat ng nangyari bago naganap ang aksidente, pero wala siyang maalaala pagkatapos niyon, kahit ang mga bagay na ilang minuto pa lang naganap.

Pansamantala kaming nabahala na ang isip ng anak namin ay sa

pang-15-taong gulang na lamang habambuhay. Maayos ang lahat sa buhay ng anak namin bago ang aksidente. Siya ay atleta noon, popular, at magaling sa paaralan. Noon, parang ang liwanag ng kanyang hinaharap; ngayon ay nag-aalala kami na baka wala na siyang kinabukasan, na maaalaala niya. Hirap na siya ngayong matutuhang muli ang mga simpleng gawain. Nakapagpapakumbabang sandali ito para sa kanya. Nakapagpapakumbabang sandali rin ito para sa kanyang mga magulang.

Ang totoo, nagtataka kami kung bakit nangyari ito. Palagi naman naming sinisikap gawin ang tama. Ang pamumuhay ng ebanghelyo ang priyoridad ng aming pamilya. Hindi namin maunawaan kung bakit nangyari sa amin ang gayon kapait na karanasan. Lumuhod kami sa panalangin nang malaman naming aabutin ng buwan, o mga taon ang kanyang pagpapagaling. Mahirap pa ring isipin na hindi na siya magiging tulad ng dati.

Sa panahong ito, maraming luha ang pumatak at ang mga dasal namin ay mas naging taos at taimtim. Sa pagpapakumbaba ay unti-unti naming nakita ang mumunting himala na nararanasan ng aming anak sa mapait na panahong ito. Nagsimulang bumuti ang kanyang kalagayan. Ang kanyang ugali at pananaw ay napaka-positibo.

Ngayon ang anak naming si Eric ay may napakabuting asawa, at may lima silang anak. Siya ay masigasig na guro at nag-aambag sa kanyang komunidad, gayundin sa Simbahan. Higit sa lahat, taglay pa rin niya ang pagiging mapagpakumbaba gaya ng dati.

Ngunit paano kung maging mapagpakumbaba tayo bago pa natin danasin ang "lambak ng kababaang-loob"? Itinuro ni Alma:

"Pinagpala sila na nagpapakumbaba ng kanilang sarili na hindi kailangang piliting magpakumbaba."

"Kaya nga, [mas] pinagpala sila na nagpapakumbaba ng kanilang sarili na hindi kailangang piliting magpakumbaba."[9]

Nagpapasalamat ako sa mga propetang tulad ni Alma na nagturo sa atin ng kahalagahan ng dakilang katangiang ito. Si Spencer W. Kimball, na ika-12 Pangulo ng Simbahan, ay nagsabi: "Paano nagpapakumbaba ang isang tao? Para sa akin, dapat palaging mapaalalahanan ang isang tao tungkol sa kanyang pag-asa. Kanino aasa? Sa Panginoon. Paano paaalalahanan ang sarili? Sa tunay, palagian, puno ng pagsamba, mapagpasalamat na panalangin."[10]

Hindi na dapat ikagulat na ang paboritong himno noon ni Pangulong Kimball ay ang "Kailangan Ko Kayo."[11] Iniulat ni Elder Dallin H. Oaks na ito ang pinakamadalas awitin bilang pambungad na himno ng mga Kapatid sa loob ng templo noong mga unang taon niya sa Korum ng Labindalawa. Sabi niya, "Isipin ninyo ang espirituwal na impluwensya ng iilang lingkod ng Panginoon na kinakanta ang awiting ito bago manalangin para hingin ang kanyang patnubay sa pagganap ng kanilang mabibigat na responsibilidad."[12]

Pinatototohanan ko ang kahalagahan ng pagpapakumbaba sa ating buhay. Nagpapasalamat ako sa mga taong tulad ni Sister Grietje Rowley na nagsulat ng inspiradong mga titik at musika na tumutulong sa atin na matutuhan ang doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo, na kinapapalooban ng pagpapakumbaba. Nagpapasalamat ako sa ipinagkaloob sa atin na mga himno, na tumutulong sa atin na sumamba sa pamamagitan ng awitin, at nagpapasalamat ako para sa pagpapakumbaba. Dalangin ko na sikapin nating lahat na magpakumbaba upang tayo ay maging mas mabuting mga magulang, anak, at alagad ng Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. "Paunang Salita ng Unang Panguluhan," *Mga Himno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (1985), ix.
2. Doktrina at mga Tipan 25:11.
3. Ang pahinang pamagat ng unang edisyon ng himnaryo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may petsang 1835, ngunit hindi ito nakumpleto at naging available hanggang noong unang bahagi ng taong 1836.
4. Dalawampu't anim sa mga himno na lumitaw sa himnaryo ng 1835 ang kasama sa ating himnaryo ngayon (tingnan sa Kathleen Lubeck, "The New Hymnbook: The Saints Are Singing!" *Ensign,* Set. 1985, 7).
5. "Magpakumbaba Ka," *Mga Himno,* blg. 75.
6. Tingnan sa Mateo 18:1–4.
7. Howard W. Hunter, "The Pharisee and the Publican," *Ensign,* Mayo 1984, 66.
8. Anthon H. Lund, sa Conference Report, Abr. 1901, 22.
9. Alma 32:16, 15.
10. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 233.
11. "Kailangan Ko Kayo," *Mga Himno,* blg. 58; tingnan din sa Brent H. Nielson, "I Need Thee Every Hour," *Ensign,* Abr. 2011, 16.
12. Dallin H. Oaks, "Worship through Music," *Ensign,* Nob. 1994, 10.

Ni Elder Dale G. Renlund
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"Upang Mahikayat Ko ang Lahat ng Tao na Lumapit sa Akin"

Habang lumalapit tayo sa Diyos, ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay darating sa ating buhay.

Habang nakatira noon sa Africa, humingi ako ng payo kay Elder Wilford W. Andersen ng Pitumpu tungkol sa pagtulong sa mga Banal na namumuhay sa kahirapan. Kabilang sa mga pambihirang ideyang ibinahagi niya sa akin ay ito: "Kapag mas malayo ang kaugnayan ng nagbibigay at ng tumatanggap, lalong nagiging mapaghanap ang tumatanggap."

Ito ang batayang prinsipyo ng welfare system ng Simbahan. Kapag hindi matugunan ng mga miyembro ang kanilang sariling pangangailangan, sa kanilang pamilya sila unang lumalapit. Pagkatapos, kung kailangan, maaari din silang humingi ng tulong sa lokal na mga lider ng Simbahan para sa kanilang temporal na pangangailangan.[1] Ang mga miyembro ng pamilya at lokal na mga lider ng Simbahan ang nakakaalam kung ano ang kailangan nila, madalas rin na nasa gayong sitwasyon, at alam nila kung paano tutulong. Dahil sa lapit ng kaugnayan nila sa mga nagbibigay, ang mga tumatanggap ng tulong ayon sa paraang ito ay mapagpasalamat at hindi masyadong mapaghanap.

Ang konseptong—"kapag mas malayo ang kaugnayan ng nagbibigay at ng tumatanggap, lalong nagiging mapaghanap ang tumatanggap"—ay may matinding espirituwal na aplikasyon din. Ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ang mga Tagapagbigay. Kapag lalo tayong lumalayo sa Kanila, lalo tayong naghahanap. Naiisip natin na dapat lang tayong tumanggap ng biyaya at may utang Silang mga pagpapala. Tumitingin tayo sa paligid, naghahanap ng mga di-pagkakapantay-pantay, at nagagalit—nasasaktan ang kalooban—sa inaakala nating di-makatwiran. Ang di pagkakapantay-pantay ay maaaring maliit lamang o nakakabahala na, ngunit kapag malayo tayo sa Diyos, kahit ang mga munting hindi pagkakapantay ay tila malaki. Pakiramdam natin ay obligasyon ng Diyos na ayusin ang mga bagay-bagay—at ayusin ito ngayon din!

Ang kaibhang nagagawa ng distansya ng ating kaugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay inilarawan sa Aklat ni Mormon sa malaking pagkakaiba ni Nephi at ng kanyang mga kuya na sina Laman at Lemuel:

- Si Nephi ay may "matinding pagnanais na malaman ang mga hiwaga ng Diyos, dahil dito, [siya] ay nagsumamo sa Panginoon" at lumambot ang kanyang puso.[2] Sa kabilang banda, sina Laman at Lemuel ay malayo sa Diyos—hindi nila Siya kilala.
- Tinanggap ni Nephi ang mga gawain nang walang reklamo, ngunit sina Laman at Lemuel ay

"bumulung-bulong sa maraming bagay." Ang pagbulung-bulong ay ang halimbawa sa banal na kasulatan ng pagmamaktol ng bata. Nakatala sa banal na kasulatan na "sila ay bumulung-bulong sapagkat hindi nila nalalaman ang mga pakikitungo ng Diyos na siyang lumikha sa kanila."[3]

- Dahil malapit si Nephi sa Diyos nakilala at pinahalagahan niya ang "magiliw na awa" ng Diyos.[4] Sa kabaligtaran, nang makita nina Laman at Lemuel na pinagpapala si Nephi, sila ay "napoot sa kanya dahil hindi nila nauunawaan ang mga pakikitungo ng Panginoon."[5] Para kina Laman at Lemuel ang mga biyayang natanggap nila ay marapat lamang at galit pa sila sa pag-aakalang dapat ay mas marami pa silang matanggap na biyaya. Tila ang tingin nila sa mga biyayang natanggap ni Nephi ay mga "kamaliang" ginawa laban sa kanila. Ito ang halimbawa sa banal na kasulatan ng pagkasiphayo dahil kulang ang natatanggap mo.
- Si Nephi ay nanampalataya sa Diyos para maisagawa ang ipinagagawa sa kanya.[6] Kabaligtaran nito, sina Laman at Lemuel, "na matitigas ang mga puso, . . . ay hindi lumapit sa Panginoon na siyang nararapat."[7] Tila pakiramdam nila obligasyon ng Panginoon na sagutin ang mga tanong na hindi nila itinanong. "Walang ipinaaalam na gayong bagay ang Panginoon sa amin," ang sabi nila, ngunit ni hindi man lang sila nagtanong.[8] Ito ang halimbawa sa banal na kasulatan ng pang-iinsulto at pagdududa sa katotohanan.

Dahil malayo sila sa Tagapagligtas, sina Laman at Lemuel ay bumulung-bulong, naging palaaway, at walang pananampalataya. Nadama nila na hindi patas ang buhay at marapat lang silang tumanggap ng biyaya ng Diyos. Kabaligtaran nito, dahil malapit siya sa Diyos, malamang na natanto ni Nephi na hindi magiging patas ang buhay kay Jesucristo. Bagamat talagang walang kasalanan, ang Tagapagligtas ang daranas ng pinakamatinding pagdurusa.

Kapag mas malapit tayo kay Jesucristo sa isip at naisin ng ating puso, lalo nating mapahahalagahan ang Kanyang pagdurusa, lalo tayong magpapasalamat sa biyaya at pagpapatawad, at mas gusto nating magsisi at maging tulad Niya. Ang ating distansya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay mahalaga, ngunit ang tinatahak nating direksyon ay mas mahalaga. Mas nalulugod ang Diyos sa mga makasalanan na nagsisisi na sinisikap na lalong mapalapit sa Kanya kaysa sa mga taong mapagmalinis at mapaghanap ng kapintasan na, gaya ng mga Fariseo at eskriba noon, ay hindi natatanto kung gaano nila kailangan ang magsisi.[9]

Noong bata pa ako, inaawit ko ang isang Swedish na awiting Pamasko na nagtuturo ng simple ngunit makapangyarihang aral—ang paglapit sa Tagapagligtas ang *sanhi* ng ating pagbabago. Parang ganito ang mga titik:

Sa araw ng Pasko
Sa sabsaban nais kong magtungo,
Kung saan ang Diyos sa gabi
Ay nakahiga na sa dayami.

Napakabuti ng Inyong hangarin
Na sa lupa ay bumaba!
Ngayon, ayaw kong sayangin
Sa pagkakasala ang aking pagkabata!

Jesus, Ikaw ay aming kailangan,
Ikaw na kaibigan ng kabataan.
Ayaw kong Ikaw ay malungkot pa
Sa muli kong pagkakasala.[10]

Kapag kunwari ay naroon tayo sa sabsaban sa Bet-lehem "kung saan ang Diyos sa gabi ay nakahiga na sa dayami," mas itituring natin ang Tagapagligtas na isang regalo mula sa mabait at mapagmahal na Ama sa Langit. Sa halip na madamang marapat lang na tanggapin natin ang Kanyang mga pagpapala at biyaya, hahangarin nating mabuti na hindi na malungkot pa ang Diyos.

Anuman ang ating kasalukuyang direksyon o distansya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, mapipili nating bumaling sa Kanila at mas lumapit sa Kanila. Tutulungan Nila tayo. Gaya ng sinabi ng Tagapagligtas sa mga Nephita kasunod ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli:

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, . . .

"At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan

ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin."[11]

Para lalong mapalapit sa ating Tagapagligtas, kailangan nating dagdagan ang ating pananampalataya sa Kanya, gumawa at tumupad ng mga tipan, at mapasaatin ang Espiritu Santo. Kailangan din tayong kumilos nang may pananampalataya, na tumutugon sa espirituwal na patnubay na natatanggap natin. Lahat ng elementong ito ay nagtatagpo sa sakramento. Tunay na ang pinakamainam na paraan na alam ko para mas mapalapit sa Diyos ay maghandang mabuti at marapat na makibahagi sa sakramento bawat linggo.

Isang kaibigan namin sa South Africa ang nagbahagi kung paano niya ito natanto. Noong bagong miyembro pa lang si Diane, dumalo siya sa isang branch sa labas ng Johannesburg. Isang araw ng Linggo, habang nakaupo siya sa kongregasyon, dahil sa disenyo ng chapel ay hindi siya nakita ng deacon nang ipinapasa ang sakramento. Nalungkot si Diane pero hindi siya kumibo. Napansin ito ng isa pang miyembro at binanggit ito sa branch president pagkatapos ng miting. Nang magsimula ang Sunday School, dinala si Diane sa silid na walang tao.

Isang priesthood holder ang pumasok. Lumuhod siya, binasbasan ang kaunting tinapay, at inabutan siya ng isang piraso. Kinain niya ito. Muling lumuhod ang lalaki at binasbasan ang kaunting tubig at iniabot sa kanya ang munting baso. Ininom niya ito. Pagkatapos, may dalawang bagay na agad na pumasok sa isip ni Diane: Una, "Ah, ginawa niya [ng priesthood holder] ito para lang sa akin." At pagkatapos, "Ah, ginawa Niya [ng Tagapagligtas] ito para lang sa akin." Nadama ni Diane ang pagmamahal ng Ama sa Langit.

Dahil sa pagkatanto na ang sakripisyo ng Tagapagligtas ay para lang sa kanya nadama niyang malapit siya sa Panginoon at lalo pa niyang hinangad na manatili ang damdaming ito sa kanyang puso, hindi lamang sa araw ng Linggo, kundi sa bawat araw. Natanto niya na kahit nakaupo siya sa kongregasyon para makibahagi ng sakramento, ang mga tipan na sinasariwa niya

sa bawat Linggo ay kanya lamang. Ang sakramento ay nakatulong—at patuloy na nakakatulong—para madama ni Diane ang kapangyarihan ng pagibig ng Diyos, makilala ang kamay ng Panginoon sa kanyang buhay, at lalo pang mapalapit sa Tagapagligtas.

Sinabi ng Tagapagligtas na ang sakramento ay kailangan sa espirituwal na pundasyon. Sabi Niya:

"At ibinibigay ko sa inyo ang kautusan na gawin ninyo ang mga bagay na ito [makibahagi sa sakramento]. At kung lagi ninyong gagawin ang mga bagay na ito ay pinagpala kayo, sapagkat kayo ay nakatayo sa aking bato.

"Ngunit sinuman sa inyo ang gagawa ng labis o kulang kaysa rito ay hindi nakatayo sa aking bato, kundi nakatayo sa saligang buhangin; at kapag bumuhos ang ulan, at ang mga baha ay dumating, at ang hangin ay umihip, at humampas sa kanila, sila ay babagsak."[12]

Hindi sinabi ni Jesus na "*kung* bumuhos ang ulan, *kung* dumating na ang mga baha, at *kung* umihip na ang hangin" kundi "*kapag*." Walang hindi daranas ng mga hamon sa buhay; kailangan nating lahat ang kaligtasan na nagmumula sa pakikibahagi ng sakramento.

Sa araw ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, dalawang disipulo ang naglakbay papunta sa nayon ng Emaus. Hindi nakikilala, sinamahan sila ng Panginoon sa paglalakbay. Habang naglalakbay sila, tinuruan sila ni Jesus mula sa banal na kasulatan. Nang marating na nila ang kanilang destinasyon, inanyayahan nila Siya na kumain na kasama nila.

"At nangyari nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at binasbasan; at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila.

"At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin.

"At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?

"At sila'y nagsitindig sa oras ding yaon, at nangagbalik sa Jerusalem, at naratnang nangagkakatipon ang [mga Apostol]."

At nagpatotoo sila sa mga Apostol na "tunay na nagbangong muli ang Panginoon. . . .

"At isinaysay nila ang mga bagay na nangyari sa daan, at kung paanong siya'y nakilala nila nang pagputolputulin ang tinapay."[13]

Talagang tinutulungan tayo ng sakramento na makilala ang ating Tagapagligtas. Ipinaaalala din nito sa atin na Siya ay nagdusa gayong hindi naman Siya nagkasala. Kung talagang patas ang buhay, ikaw at ako ay hindi mabubuhay na mag-uli kailanman; ikaw at ako ay hindi makatatayo nang malinis sa harap ng Diyos kailanman. Sa aspetong ito, nagpapasalamat ako na hindi patas ang buhay.

Kasabay nito, masasabi ko nang may diin na, dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, sa huli, taglay ang walang hanggang pang-unawa sa mga bagay-bagay, ay hindi magkakaroon ng di-pagkakapantay-pantay. "Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto."[14] Ang katayuan natin sa ngayon ay maaaring hindi magbago, ngunit sa pamamagitan ng awa, kabaitan, at pagmamahal ng Diyos, tatanggapin natin ang higit pa sa marapat nating tanggapin, higit pa sa maaari nating pagsikapan, at higit pa sa maaari nating asahan. May pangako sa atin na "papahirin [ng Diyos] ang bawa't luha sa [ating] mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man, ang mga bagay nang una ay naparam na."[15]

Anuman ang katayuan ng inyong kaugnayan sa Diyos, inaanyayahan ko kayong lumapit pa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, ang mga tunay na Tagatangkilik at Tagapagbigay ng lahat ng kabutihan. Inaanyayahan ko kayong dumalo sa sacrament meeting bawat linggo at makibahagi sa banal na mga sagisag ng katawan at dugo ng Tagapagligtas. Inaanyayahan ko kayong damhin ang paglapit ng Diyos habang inihahayag Siya sa inyo, gaya ng ipahayag Siya noon sa mga sinaunang disipulo, sa "pagpuputolputol ng tinapay."

Kapag ginawa ninyo ito, ipinapangako ko na mas mapapalapit kayo sa Diyos. Ang likas na ugali na magmaktol gaya ng isang bata, pagkasiphayo dahil kulang ang natanggap mo, at pang-iinsulto at pagdududa sa katotohanan ay maglalaho. Ang ganoong mga kaisipan at damdamin ay mapapalitan ng higit na pagmamahal at pasasalamat sa regalo ng Ama sa Langit na Kanyang Anak. Habang lumalapit tayo sa Diyos, ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay darating sa ating buhay. At, gaya ng mga disipulo na papunta sa Emaus, matutuklasan natin na nariyan lang pala sa tabi ang Tagapagligtas. Sinasaksihan at pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 6.2. Mula sa pahina 1 ng *Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon: Buod ng Gabay ng Lider sa Gawaing Pangkawanggawa* (polyeto, 2009), mababasa natin: "Kapag ginawa ng mga miyembro ng Simbahan ang lahat sa abot ng kanilang makakaya na tustusan ang sarili ngunit hindi pa rin matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan, sila ay dapat munang humingi ng tulong sa kanilang mga pamilya. Kapag hindi pa rin sapat ito, ang Simbahan ay handang tumulong."
2. 1 Nephi 2:16.
3. 1 Nephi 2:11, 12.
4. 1 Nephi 1:20.
5. Mosiah 10:14.
6. Tingnan sa 1 Nephi 17:23–50.
7. 1 Nephi 15:3.
8. 1 Nephi 15:9; tingnan din sa talata 8.
9. Tingnan sa Lucas 15:2; tingnan din sa Joseph Smith, sa *History of the Church,* 5:260–62.
10. Ang Christmas carol ay isinulat sa wikang German ni Abel Burckhardt (1805–82), na naglingkod bilang archdeacon sa Basel, Switzerland. Ang salin sa wikang Swedish ay ginawa noong 1851 ni Betty Ehrenborg-Posse. Ang pamagat sa Swedish ay "När juldags morgen glimmar." Marami nang naging salin sa Ingles kaya ang awitin ay nakakanta sa German folk tune na karaniwang ginagamit. Ang salin sa Ingles na ibinigay dito ay sa kapatid kong si (Anita M. Renlund) at sa akin.

    When Christmas morning gleams
    I want to go to the stable,
    |: Where God in the nighttime hours
    Already rests upon the straw. :|

    How good Thou wast to desire
    To come down to the earth!
    |: Now, I do not wish to waste
    My childhood days in sin anymore! :|

    Jesus, we need Thee,
    Thou dear children's friend.
    |: I no longer wish to grieve Thee
    With my sins again. :|

    När juldagsmorgon glimmar,
    jag vill till stallet gå,
    |: där Gud i nattens timmar
    re'n vilar uppå strå. :|

    Hur god du var som ville
    till jorden komma ner!
    |: Nu ej i synd jag spille
    min barndoms dagar mer! :|

    Dig, Jesu, vi behöva,
    du käre barnavän.
    |: Jag vill ej mer bedröva
    med synder dig igen. :|

11. 3 Nephi 27:14–15.
12. 3 Nephi 18:12–13.
13. Lucas 24:30–35; tingnan din sa mga talata 13–29.
14. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57.
15. Apocalipsis 21:4.

Sesyon sa Sabado ng Hapon | Abril 2, 2016

Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Mga kapatid, inanyayahan ako ni Pangulong Monson na ilahad ang mga pangalan ng mga Pangkalahatang Opisyal at mga Area Seventy para sa inyong pagsang-ayon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Naitala na ang pagboto.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Russell M. Nelson bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, at Dale G. Renlund.

Ang mga sang-ayon, ipakita lamang.

Sinumang di-sang-ayon ay ipakita lamang.

Naitala na ang pagboto.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang di sang-ayon, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Naitala na ang pagboto.

Iminumungkahi na i-release natin ang mga sumusunod bilang mga Area Seventy, simula sa Mayo 1, 2016: Manuel M. Agustin, Kent J. Allen, Stephen B. Allen, W. Mark Bassett, Patrick M. Boutoille, Mark A. Bragg, Marcelo F. Chappe, Eleazer S. Collado, Valeri V. Cordón, Joaquin E. Costa, Jeffrey D. Cummings, Massimo De Feo, Donald D. Deshler, Nicolas L.

Di Giovanni, Jorge S. Dominguez, Gary B. Doxey, David G. Fernandes, Hernán D. Ferreira, Moroni Gaona, Jack N. Gerard, Ricardo P. Giménez, Douglas F. Higham, Brent J. Hillier, Robert W. Hymas, Lester F. Johnson, Matti T. Jouttenus, Chang Ho Kim, Alfred Kyungu, Dane O. Leavitt, Remegio E. Meim Jr., Ismael Mendoza, Cesar A. Morales, Rulon D. Munns, Ramon C. Nobleza, S. Mark Palmer, Fouchard Pierre-nau, Gary B. Porter, José L. Reina, Esteban G. Resek, George F. Rhodes Jr., Gary B. Sabin, Evan A. Schmutz, D. Zackary Smith, Lynn L. Summerhays, Wenceslao H. Svec, Craig B. Terry, Ernesto R. Toris, Fabian I. Vallejo, Emer Villalobos, J. Romeo Villarreal, at Terry L. Wade.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin nang may taos-pusong pasasalamat sina Sister Rosemary M. Wixom, Cheryl A. Esplin, at Mary R. Durham bilang Primary general presidency. Inire-release din namin ang mga miyembro ng Primary general board.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang pambihirang paglilingkod at katapatan, ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin bilang bagong mga General Authority Seventy sina W. Mark Bassett, Mark A. Bragg, Weatherford T. Clayton, Valeri V. Cordón, Joaquin E. Costa, Massimo De Feo, Peter F. Meurs, K. Brett Nattress, S. Mark Palmer, Gary B. Sabin, at Evan A. Schmutz.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin bilang mga bagong Area Seventy sina: P. David Agazzani, Quilmer A. Agüero, René R. Alba, Victorino A. Babida, Steven R. Bangerter, Richard Baquiran, Dong Chol Beh, Michael V. Beheshti, Matthieu Bennasar, Hubermann Bien-Aimé, Kevin E. Calderwood, Luis J. Camey, Matthew L. Carpenter, Douglas B. Carter, Aroldo B. Cavalcante, Luis C. Chaverri, Ulises Chávez, Brent J. Christensen, Douglas L. Dance, Marc C. Davis, Alessandro Dini Ciacci, J. Scott Dorius, M. Dirk Driscoll, Antonio F. Faúndez, Jose A. Fernández, Matias D. Fernandez, Candido Fortuna, Bruce E. Ghent, Michael A. Gillenwater, Daniel G. Hamilton, Mathias Held, Tom-Atle Herland, Raymond S. Heyman, Christophe Kawaya, Todd S. Larkin, Pedro X. Larreal, Juan J. Levrino, Felix A. Martinez, Kevin K. Miskin, Mark L. Pace, Ryan V. Pagaduan, A. Moroni Pérez, Carlos E. Perrotti, Mark P. Peteru, Alan T. Phillips, Thomas T. Priday, Brian L. Rawson, Rene Romay, Blake M. Roney, Luis G. Ruiz, Maximo A. Saavedra Jr., Pedro A. Sanhueza, Eric J. Schmutz, Benjamin Ming Tze Tai, Heber D. Texeira, Maxsimo C. Torres, Jesús Velez, Carlos Villarreal, Paul H. Watkins, C. Dale Willis Jr., William B. Woahn, at Luis G. Zapata.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Joy D. Jones bilang Primary general president, kasama si Jean B. Bingham bilang unang tagapayo at si Bonnie H. Cordon bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Sinumang di-sang-ayon ay ipakita ito.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon.

Pangulong Monson, naitala na po ang pagboto. Inaanyayahan namin ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi na kontakin ang kanilang stake president.

Nagpapasalamat kami sa inyong lahat na sumasang-ayon sa mga pinuno ng Simbahan sa kanilang mga banal na tungkulin, at inaanyayahan namin ngayon ang bagong tawag na mga General Authority at ang Primary general presidency na pumunta sa harapan at umupo sa kanilang mga lugar dito sa itaas. ■

Ulat ng Church Auditing Department, 2015

Inilahad ni Kevin R. Jergensen
Managing Director, Church Auditing Department

Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Mahal kong mga Kapatid: Ayon sa patnubay ng paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric—ang nagbibigay ng awtoridad sa paggastos ng pondo ng Simbahan. Ang mga entity ng Simbahan ay namamahagi ng pondo alinsunod sa inaprubahang mga budget, patakaran, at pamamaraan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga sertipikadong propesyonal at hindi sakop ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ay may responsibilidad na magsagawa ng mga audit para makapaglaan ng makatwirang katiyakan tungkol sa mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, ang opinyon ng Church Auditing Department ay na, sa lahat ng mahalagang bagay, ang mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at mga ari-arian ng Simbahan para sa taong 2015 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa mga budget, patakaran, at pamamaraan sa accounting na inaprubahan ng Simbahan. Sinusunod ng Simbahan ang mga pamamaraang itinuro sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa budget, umiwas sa utang, at mag-ipon para sa oras ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Kevin R. Jergensen
Managing Director ■

Ulat sa Estadistika, 2015

Inilahad ni Brook P. Hales
Secretary sa Unang Panguluhan

Inilabas ng Unang Panguluhan ang sumusunod na ulat sa estadistika ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2015.

Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake	3,174
Mga Mission	418
Mga District	558
Mga Ward at Branch	30,016

Mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro	15,634,199
Mga Bagong Children of Record	114,550
Mga Convert na Nabinyagan	257,402

Mga Missionary

Mga Full-Time Missionary	74,079
Mga Church-Service Missionary	31,779

Mga Templo

Mga Templong Inilaan noong 2015 (Córdoba Argentina, Payson Utah, Trujillo Peru, Indianapolis Indiana, at Tijuana Mexico)	5
Mga Templong Muling Inilaan (Mexico City Mexico at Montreal Quebec)	2
Mga Templong Ginagamit sa Katapusan ng Taon	149

Ni Elder Ronald A. Rasband
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagtayo na Kasama ang mga Pinuno ng Simbahan

Kasama ba kayong naninindigan ng mga pinuno ng Simbahan sa isang mundong nag-iibayo ang kasamaan upang maipalaganap ninyo ang Liwanag ni Cristo?

Mainit naming binabati ang bagong tawag na mga General Authority, Area Seventy, at ang kahanga-hanga at bagong Primary general presidency. At lubos naming pinasasalamatan ang mga na-release. Mahal namin ang bawat isa sa inyo.

Mahal kong mga kapatid, nakibahagi tayo ngayon sa isang napakagandang karanasan nang magtaas tayo ng mga kamay para sang-ayunan ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag at iba pang mga pinuno at pangkalahatang opisyal na tinawag ng Diyos sa mga araw na ito mismo. Hindi ko winalang-halaga o binalewala kailanman ang pagkakataong sumang-ayon at maga-bayan ng mga lingkod ng Panginoon. At dahil ilang buwan pa lang ako sa calling ko bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, malaking karangalan sa inyong abang lingkod ang inyong pagsang-ayon at tiwala. Pinahahalagahan ko ang kahandaan ninyong tumayo na kasama ko at ng lahat ng mga dakilang pinunong ito.

Matapos akong sang-ayunan noong Oktubre nagpunta ako kaagad sa Pakistan sa isang assignment at, habang naroon, nakilala ko ang kahanga-hanga at dedikadong mga Banal sa bansang

iyon. Kakaunti lang sila pero napaka-espirituwal nila. Halos kauuwi ko pa lang, natanggap ko ang maikling liham na ito mula kay Brother Shakeel Arshad, isang matapat na miyembro na nakilala ko nang bumisita ako roon: "Salamat po, Elder Rasband, sa pagpa-rito sa Pakistan. Gusto kong sabihin sa inyo na kami . . . na mga miyembro ng Simbahan . . . ay sinasang-ayunan kayo at minamahal. Napakapalad [namin] na naparito kayo at nakarinig kami mula sa inyo. Isang di-malilimutang araw iyon sa buhay ng pamilya ko na nakilala namin ang isang Apostol."[1]

Nakakatuwa at karangalan ng inyong abang lingkod ang makilala ang mga Banal na kagaya ni Brother Arshad at, sabi nga niya, "isang di-malilimutang araw" din iyon para sa akin.

Noong Enero lumahok ang mga pinuno ng Simbahan sa Face to Face broadcast kasama ang mga kabataan, kanilang mga lider, at mga magulang mula sa lahat ng dako ng mundo. Ang broadcast ay inihatid nang live sa Inter-net sa maraming lugar sa 146 na bansa; maraming dumalo sa ilang lugar sa mga chapel, at ang iba ay sa tahanan na may isang kabataang nakikinig. Sa kabuuan, daan-daang libo ang nakilahok.

Sa pakikipag-ugnayan sa marami nating tagapakinig, kami nina Sister Bonnie Oscarson, Young Women general president; Brother Stephen W. Owen, Young Men general president —sa tulong ng mga kabataang host, musician, at iba pa—ay sumagot sa mga tanong ng ating mga kabataan.

Ang aming layunin ay ipaalam ang tema ng mga kabataan para sa 2016, ang "Magpatuloy sa Paglakad nang May Kata-tagan kay Cristo," mula sa 2 Nephi, na nagsasabing: "Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapa-kabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."[2]

Sa pagbabasa sa daan-daang tanong ng ating mga kabataan, ano

ang nalaman natin? Nalaman natin na mahal ng ating mga kabataan ang Panginoon, sinusuportahan ang kanilang mga lider, at nais nilang masagot ang kanilang mga tanong! Ang mga tanong ay nagpapahiwatig na gusto pa nilang matuto, maragdagan ang mga katotohanan na nakalakip sa ating mga patotoo, at maging mas handang "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo."

Ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula sa pagtatanong ng binatilyong si Joseph Smith. Marami sa mga turo ng Tagapagligtas sa Kanyang ministeryo ang nagsimula sa isang tanong. Alalahanin ang Kanyang tanong kay Pedro: "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?"[3] At ang sagot ni Pedro: "Ikaw ang Cristo, ang anak ng Dios na buhay."[4] Kailangan tayong magtulungan sa paghanap sa mga sagot ng Ama sa Langit sa patnubay ng Espiritu.

Sa broadcast na iyon, sinabi ko sa mga kabataan:

"Alam ng mga pinuno ng Simbahang ito ang inyong mga isyu, problema, at hamon.

"Mayroon kaming mga anak. Mayroon kaming mga apo. Madalas naming kausapin ang mga kabataan sa buong mundo. At ipinagdarasal namin kayo, pinag-uusapan namin kayo sa mga pinakasagradong lugar, at mahal namin kayo."[5]

Gusto kong ibahagi ang isa sa napakaraming tugon na natanggap namin sa kaganapang iyon.

Isinulat ni Lisa na taga-Grande Prairie, Alberta, Canada: "Napakaganda ng Face to Face event na ito. Napalakas nito ang aking patotoo at paniniwala sa ebanghelyo. Napakapalad nating magkaroon ng mga inspiradong pinuno na tinawag na maglingkod sa napakaraming iba't ibang kapasidad."[6]

Isinulat ni Liz, na taga-Pleasant Grove, Utah, sa isang naunang post: "Nagpapasalamat ako sa aking sariling pananampalataya at pagkakataong sang-ayunan ang isang propeta ng Diyos at ang kalalakihan at kababaihan na kasama niyang naglilingkod."[7]

Sinang-ayunan natin ang mga pinunong tinawag ngayon, sa pamamagitan ng inspirasyon ng langit, na turuan at gabayan tayo at binabalaan tayo sa mga panganib na kinakaharap natin sa bawat araw—mula sa pagbabalewala sa paggalang sa araw ng Sabbath, hanggang sa mga pagbabanta sa pamilya, sa mga pagkalaban sa kalayaang pangrelihiyon, at sa pakikipagtalo tungkol sa paghahayag sa mga huling araw. Mga kapatid, nakikinig ba tayo sa kanilang payo?

Maraming beses na nating kinanta sa mga kumperensya, sacrament meeting, at Primary ang magigiliw na salitang, "Akayin at patnubayan."[8] Ano ang kahulugan ng mga salitang iyon sa inyo? Sino ang naiisip ninyo kapag iniisip ninyo ang mga ito? Nadama na ba ninyo ang impluwensya ng mabubuting pinuno, ang mga disipulong iyon ni Jesucristo na dati at hanggang ngayon ay inaantig ang inyong buhay, at inaakay kayo sa landas ng Panginoon? Marahil ay malapit ang kanilang tirahan sa inyo. Maaaring sila ay nasa inyong mga kongregasyon, o nagsasalita sa pulpito sa pangkalahatang kumperensya. Ibinabahagi sa atin ng mga disipulong ito ang pagpapalang magkaroon ng patotoo sa Panginoong Jesucristo, ang pinuno ng Simbahang ito, ang pinuno ng ating kaluluwa mismo, na nangakong "Magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo."[9]

Naaalala ko na ikinuwento ni Pangulong Thomas S. Monson na inanyayahan siya sa bahay ng kanyang stake president para maghanda sa advancement sa Melchizedek Priesthood. Napakaespesyal na pagpapala para kay President Child, na hindi alam noon na tinuturuan niya ang isang binatilyo sa Aaronic Priesthood na balang-araw ay magiging propeta ng Diyos.[10]

Naturuan din ako ng ating mahal na propetang si Pangulong Monson. Walang pagdududa sa aking isipan o sa aking puso na siya ang propeta ng Panginoon sa lupa; ako ay abang tagatanggap habang tumatanggap siya ng paghahayag at kumikilos ayon dito.

Noon pa niya kami tinuruang tumulong, protektahan ang isa't isa, sagipin ang isa't isa. Gayon ang itinuro sa mga Tubig ng Mormon. Kayo na "nagnanais . . . na matawag na kanyang mga tao" ay handang "magpasan ng pasanin ng isa't isa," "makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati," at "tumayo bilang mga saksi ng Diyos."[11]

Nakatayo ako ngayon bilang saksi ng Diyos Amang Walang Hanggan at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Alam kong ang ating Tagapagligtas ay buhay at mahal Niya tayo at inuutusan ang Kanyang mga tagapaglingkod, ikaw at ako, upang maisakatuparan ang Kanyang makapangyarihang mga layunin sa mundong ito.[12]

Habang patuloy tayo sa paglakad, na pinipiling sundin ang mga tagubilin at babala ng ating mga pinuno, pinipili nating sundan ang Panginoon samantalang pasalungat ang takbo ng mundo. Pinipili nating humawak nang mahigpit sa gabay na bakal, maging mga Banal sa mga Huling Araw, maglingkod sa Panginoon, at mapuspos ng "labis na kagalakan."[13]

Ang malaking tanong sa ngayon ay malinaw: kasama ba kayo ng mga pinuno ng Simbahan sa isang mundong nag-iibayo ang kasamaan upang maipalaganap ninyo ang Liwanag ni Cristo?

Napakahalaga ng mga pakikipagugnayan sa mga pinuno. Anuman ang edad ng mga pinuno, gaano man kalapit o kalayo, o kapag naantig nila ang ating buhay, nababanaag sa kanilang impluwensya ang mga salita ng makatang Amerikanong si Edwin Markham, na nagsabing:

Magkakapatid tayo na may iisang tadhana:
Sa pagtahak sa landas tayong lahat may kasama:
Lahat ng idinulot natin sa buhay ng iba
Sa atin ay siya ring ibabalik nila.[14]

Si Shakeel Arshad, na kaibigan ko sa Pakistan, ay nagpadala ng suporta sa akin, na kanyang kapatid at kaibigan. Gayundin ang marami sa inyo. Kapag tumulong tayong mapasigla ang isa't isa, pinatutunayan natin ang makapangyarihang mga salitang iyon: "Sa pagtahak sa landas tayong lahat ay may kasama."

Higit sa lahat, kailangan natin ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang isa sa mga salaysay sa banal na kasulatan na nakaaantig sa akin sa tuwina ay nang lumakad sa tubig si Jesucristo upang salubungin ang Kanyang mga disipulo na naglalayag sa Dagat ng Galilea. Mga pinuno sila na bagong tawag na katulad ng marami sa amin na nasa pulpito ngayon. Nakatala ang salaysay sa Mateo:

"Datapuwa't ang daong ay nasa gitna na ng dagat, na hinahampas ng mga alon; sapagka't pasalungat sa hangin.

"At sa ikaapat na pagpupuyat ng gabi ay naparoon siya sa kanila, na lumalakad sa ibabaw ng dagat.

"At nang makita siya ng mga alagad na lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay nangagulumihanan sila, . . . at sila'y nagsisigaw dahil sa takot.

"Datapuwa't pagdaka'y nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong loob; ako nga: huwag kayong mangatakot."[15]

Narinig ni Pedro ang napakagandang panghihikayat mula sa Panginoon.

"At sumagot sa kaniya si Pedro, at nagsabi, Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig.

"At sinabi [ni Jesus], Halika."[16]

Napakatapang. Si Pedro ay isang mangingisda, at alam niya ang mga panganib sa dagat. Gayunman, tapat siya sa pagsunod kay Jesus—sa gabi man o sa araw, sa bangka man o sa lupa.

Nawawari ko na tumalon si Pedro sa gilid ng bangka, at hindi na naghintay ng pangalawang paanyaya, at nagsimulang lumakad sa tubig. Tunay ngang sinabi sa banal na kasulatan."[17] Nang lumakas ang puwersa ng hangin at umalimpuyo ang mga alon sa kanyang mga paa, "natakot [si Pedro], at nang siya'y malulubog, ay sumigaw, na nagsasabi, Panginoon, iligtas mo ako

"At pagdaka'y iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya."[18]

Napakagandang aral. Naroon ang Panginoon para sa kanya, tulad ng nariyan Siya para sa inyo at sa akin. Iniunat Niya ang Kanyang kamay at iniligtas si Pedro.

Napakaraming beses ko nang kinailangan ang Tagapagligtas at ang Kanyang pagsagip. Mas kailangan ko Siya ngayon kaysa rati, katulad ninyo. Nakadama na ako ng tiwala tuwing tatalon ako sa gilid ng bangka, ika nga, patungo sa mga lugar na hindi pamilyar, para lamang matanto na hindi ko iyon kayang gawing mag-isa.

Gaya nang tinalakay namin sa Face to Face, madalas tayong tinutulungan ng Panginoon sa pamamagitan ng ating pamilya at mga pinuno, sa pag-anyaya

sa atin na lumapit sa Kanya—kagaya noong abutin Niya si Pedro para iligtas.

Kayo man ay magkakaroon ng maraming sandali para tumugon sa madalas na paanyayang "lumapit kay Cristo."[19] Hindi nga ba't iyan ang kahulugan ng buhay na ito sa mundo? Ang tawag ay maaaring para sagipin ang isang kapamilya; maglingkod sa misyon; magsimbang muli; magpunta sa banal na templo; at, tulad ng narinig natin kamakailan mula sa ating mga kabataan sa Face to Face event, halika-yo, tulungan ninyo akong sagutin ang tanong ko. Darating ang araw, bawat isa sa atin ay maririnig ang tawag na "Umuwi ka na."

Dalangin ko na iunat natin ang ating kamay—iunat at abutin ang kamay ng Tagapagligtas na iniaabot Niya sa atin, na kadalasa'y sa pamamagitan ng Kanyang mga pinuno na tinawag ng langit at ng ating mga kapamilya—at pakinggan ang tawag Niyang lumapit.

Alam ko na si Jesucristo ay buhay; mahal ko Siya, at alam ko nang buong puso na mahal Niya ang bawat isa sa atin. Siya ang ating dakilang Huwaran at ang banal na pinuno ng lahat ng anak ng ating Ama. Taimtim ko itong pinatototohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Facebook comment mula kay Shakeel Arshad para kay Ronald A. Rasband, Dis. 2, 2015.
2. 2 Nephi 31:20.
3. Mateo 16:15.
4. Mateo 16:16.
5. Ronald A. Rasband, sa Face to Face, Ene. 20, 2016, lds.org/media-library.
6. Tugon sa Face to Face mula kay Lisa Jarvis, na taga-Grande Prairie, Alberta, Canada.
7. Tweet mula kay Liz Darger, Pleasant Grove, Utah, Abr. 4, 2015.
8. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
9. Doktrina at mga Tipan 68:6.
10. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Ang Banal na Priesthood na Ipinagkatiwala sa Atin," *Liahona,* Mayo 2006, 55–56.
11. Mosias 18:8–9.
12. Tingnan sa Mosias 18:8–9.
13. 1 Nephi 8:12.
14. Edwin Markham, "A Creed," *Lincoln and Other Poems* (1901), 25.
15. Mateo 14:24–27.
16. Mateo 14:28–29.
17. Mateo 14:29.
18. Mateo 14:30–31.
19. Moroni 10:32.

Ni Elder Neil L. Andersen
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"Sinomang Tumanggap sa Kanila, ay Ako ang Tinanggap"

Natatagpuan ng mga bata ngayon ang kanilang mga sarili na nasa iba't iba at kumplikadong sitwasyon sa pamilya. Kailangan nating tulungan ang mga kabataan na nakadaramang sila ay nag-iisa, napag-iiwanan, o nasa labas ng bakod.

Mahal ng Diyos ang mga bata. Mahal Niya ang lahat ng bata. Sinabi ng Tagapagligtas, "Pabayaan ninyo ang maliliit na bata . . . [na] magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit."[1]

Natatagpuan ng mga bata ngayon ang kanilang mga sarili na nasa iba't iba at kumplikadong sitwasyon sa pamilya.

Halimbawa, ngayon, doble ang dami ng mga bata sa Estados Unidos na naninirahan na kasama lamang ang iisang magulang kumpara noong nakaraang 50 taon.[2] At maraming pamilya ang hindi gaanong nagkakaisa sa kanilang pagmamahal sa Diyos at kahandaang sumunod sa Kanyang mga utos.

Sa nag-iibayong espirituwal na kaguluhang ito, patuloy na itataguyod ng ipinanumbalik na ebanghelyo ang pamantayan, ang uliran, ang huwaran ng Panginoon.

"Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. . . .

"Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. . . . Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, [at] sundin ang mga kautusan ng Diyos."[3]

Kinikilala namin ang maraming mabubuting magulang sa buong mundo, sa lahat ng relihiyon, na mapagmahal na inaaruga ang kanilang mga anak. Nagpapasalamat kami sa mga pamilya sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inaaruga ng isang ama at ina na naniniwala sa Tagapagligtas, na nabuklod sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, at natututo sa kanilang pamilya

na magmahal at magtiwala sa kanilang Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Pakiusap para sa mga Kabataan

Ang pakiusap ko ngayon ay para sa daan-daang libong mga bata, kabataan, at young adult na hindi nagmula sa mga pamilya na tinaguriang "sakdal na huwaran." Nagsasalita ako hindi lamang tungkol sa mga kabataang namatayan na ng magulang, nagdiborsyo ang mga magulang, o naglalaho na ang pananampalataya ng kanilang mga magulang kundi tungkol din sa libu-libong kabataang lalaki at babae sa buong mundo na tumanggap sa ebanghelyo na walang ina o amang nakakasama sa Simbahan.[4]

Ang mga kabataang Banal sa mga Huling Araw na ito ay pumapasok sa Simbahan nang may malaking pananampalataya. Umaasa silang makalikha ng ulirang pamilya sa sarili nilang buhay sa hinaharap.[5] Balang-araw, magiging mahalagang bahagi sila ng puwersa ng ating mga missionary, mabubuting young adult, at mga nagpapakasal sa templo upang magsimula ng sarili nilang pamilya.

Pagiging Sensitibo

Patuloy nating ituturo ang huwaran ng Panginoon para sa mga pamilya, ngunit ngayong milyun-milyon na ang mga miyembro, at iba-iba na ang mga bata sa Simbahan, kailangan nating maging mas maalalahanin at sensitibo. Ang kultura at pananalita ng ating Simbahan ay kakaiba kung minsan. Hindi titigil ang mga batang Primary sa pagkanta ng "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan,"[6] ngunit kapag kinanta nila ang, "Pag-uwi ng aking itay, kaysaya ko na"[7] o "ama at ina ang halimbawa,"[8] hindi lahat ng bata ay kakanta tungkol sa sarili nilang pamilya."

Ikinuwento ng kaibigan naming si Bette ang isang karanasan sa simbahan nang siya ay 10 taong gulang. Sabi niya: "Nagtuturo noon ng lesson ang titser namin tungkol sa kasal sa templo. Tinanong niya ako mismo, 'Bette, hindi kasal sa templo ang mga magulang mo, 'di ba?' Alam [ng titser at mga kaklase ko] ang sagot." Sumunod ang lesson ng titser, at nawalan ng pag-asa si Bette sa kanyang pamilya. Sabi ni Bette, "Maraming gabi po akong umiiyak. Nang magkasakit ako sa puso makaraan ang dalawang taon at naisip ko na mamamatay na ako, natakot po ako, na iniisip na mag-iisa ako magpakailanman."

Nagsisimbang mag-isa ang kaibigan kong si Leif. Minsan, habang nasa Primary, hinilingan siyang magbigay ng maikling mensahe. Wala siyang nanay o tatay sa simbahan na tatayo sa tabi niya at tutulong sa kanya kung malimutan niya ang sasabihin niya. Takot na takot si Leif. Sa halip na mapahiya, hindi na lang siya nagsimba nang ilang buwan.

"Pinalapit [ni Jesus] sa kanya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila . . .

"At [sinabing] sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap."[9]

Mga Pusong Madaling Maniwala at mga Espirituwal na Kaloob

Ang mga bata at kabataang ito ay biniyayaan ng pusong madaling maniwala at ng mga espirituwal na kaloob. Sinabi ni Leif sa akin, "Naunawaan ko na ang Diyos ang aking Ama at na kilala at mahal Niya ako."

Sabi ng kaibigan naming si Veronique, "Nang matutuhan ko ang mga alituntunin ng ebanghelyo at mapag-aralan ko ang Aklat ni Mormon, parang naalala ko ang mga bagay na matagal ko nang alam ngunit nalimutan ko."

Ang kaibigan naming si Zuleika ay taga-Alegrete, Brazil. Kahit hindi relihiyoso ang pamilya niya, sa edad na 12, sinimulang basahin ni Zuleika ang Biblia at bisitahin ang mga simbahan sa lugar, na nagsasaliksik upang matuto pa tungkol sa Diyos. Atubili mang pinayagan ng kanyang mga magulang, nagpaturo siya sa mga missionary, nagkaroon ng patotoo, at nabinyagan. Sabi sa akin ni Zuleika: "Sa mga talakayan, ipinakita sa akin ang larawan ng Salt Lake Temple at kinuwentuhan ako tungkol sa mga ordenansa ng pagbubuklod. Mula noon, naghangad na akong makapasok balang-araw sa bahay ng Panginoon at magkaroon ng walang-hanggang pamilya."

Kahit maaaring hindi uliran ang sitwasyon ng isang bata sa mundo, perpekto ang kanyang espirituwal na pinagmulan dahil ang tunay na pagkatao ng isang tao ay bilang isang anak ng Diyos.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na: "Tulungan ang mga anak ng Diyos na maunawaan kung ano ang tunay at mahalaga sa buhay na ito. Tulungan silang magkaroon ng lakas na piliin ang mga landas na magpapanatili sa kanilang ligtas tungo sa buhay na walang hanggan.[10] Maging mas mahabagin tayo at tumulong tayo sa ibang mga tao. Kailangan ng mga kabataang ito ang ating panahon at patotoo.

Si Brandon, na sumapi sa Simbahan sa Colorado noong high school, ay kinausap ako tungkol sa mga taong tumulong sa kanya bago at matapos ang kanyang binyag. Sabi Niya: "Nasa bahay ako ng mga pamilyang namuhay ayon sa ebanghelyo. Nagpakita ito sa akin ng isang pamantayan na nadama kong maaari kong gamitin sa sarili kong pamilya."

Si Veronique, na isinilang sa Netherlands, ay kaeskuwela ng anak naming si Kristen nang manirahan kami sa Germany. Napansin ni Veronique: "May ningning ang mukha ng mga estudyanteng miyembro ng Simbahan. Natanto ko na ang liwanag na iyon ay nagmula sa pananampalataya nila kay Jesucristo at sa pamumuhay ayon sa Kanyang mga turo."

Ang kaibigan kong si Max ay nabinyagan sa edad na walo. Ang kanyang ama ay hindi miyembro ng anumang simbahan, at si Max ang nagpapasiya kung magsisimba o hindi.

Noong tinedyer siya, matapos hindi magsimba nang ilang buwan, nadama ni Max na kailangan niyang magsimbang muli, at ipinasiya niya isang Linggo ng umaga na magsimbang muli. Ngunit naglaho ang determinasyon niya habang papalapit siya sa harapang pintuan ng simbahan; kinabahan siya.

Naroo't nakatayo sa pintuan ang bagong bishop. Hindi siya kilala ni Max, at natiyak niya na hindi siya kilala ng bishop. Nang lumapit si Max, sumaya ang mukha ng bishop, at iniabot ang kanyang kamay at sinabing, "Max, masaya akong makita ka!"

"Nang sabihin niya iyon," sabi ni Max, "sumigla ang pakiramdam ko at nabatid ko na tama ang ginawa ko."[11]

Ang malaman ang pangalan ng isang tao ay nakagagawa ng kaibhan.

"At iniutos [ni Jesus] na ang kanilang maliliit na anak ay ilapit [sa kanya]. . . .

"At . . . kinuha [niya sila], isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

"At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis."[12]

Mga Kabataang Hindi Pa Nabinyagan

Sa kahilingan ng mga magulang, maraming kabataang nagmamahal sa ebanghelyo ang naghihintay nang ilang taon para mabinyagan.

Ang mga magulang ni Emily ay nagdiborsyo noong bata pa siya, at wala siyang pahintulot na mabinyagan hanggang siya ay mag-15 anyos. Tuwang-tuwa ang kaibigan naming si Emily na ikuwento ang isang lider ng Young Women na "tumulong sa tuwina na mapalakas ang [kanyang] patotoo."[13]

Si Joseph Ssengooba noong binatilyo pa siya (itaas), kasama ang kanyang kaibigan at missionary trainer na si Elder Joshua Walusimbi (kanang itaas), at ang kanyang mission president na si Leif Erickson (kanang ibaba).

Sina Colten at Preston ay mga tinedyer na nakatira sa Utah. Nagdiborsyo ang kanilang mga magulang, at wala silang pahintulot na mabinyagan. Kahit hindi sila makapagpasa ng sakramento, sila ang nagdadala ng tinapay linggu-linggo. At kahit hindi sila makapasok sa templo para magsagawa ng mga pagbibinyag na kasama ng mga kabataan kapag nagpupunta sa templo ang kanilang ward, naghahanap ang magkapatid ng pangalan ng kanilang mga kapamilya sa kalapit na family history center. Ang pinakamalaking impluwensya sa pagtulong sa ating mga kabataan na madama na kabilang sila ay ang iba pang mabubuting kabataan.

Elder Joseph Ssengooba

Magtatapos ako sa halimbawa ng isang bagong kaibigan, na nakilala namin ilang linggo pa lang ang nakararaan nang bumisita kami sa Zambia Lusaka Mission.

Si Elder Joseph Ssengooba ay taga-Uganda. Pumanaw ang kanyang ama noong pitong taong gulang siya. Sa edad na siyam, dahil hindi siya maalagaan ng kanyang ina at mga kamag-anak, nagsarili siya. Sa edad na 12, nakilala niya ang mga missionary at nabinyagan siya.

Ikinuwento sa akin ni Joseph ang unang araw niya sa simbahan: "Pagkatapos ng sacrament meeting, akala ko ay uwian na, pero ipinakilala ako ng mga missionary kay Joshua Walusimbi. Sinabi sa akin ni Joshua na magkaibigan na kami, at inabutan niya ako ng *Aklat ng mga Awit Pambata* para hindi ako dumalo sa Primary nang walang dala. Sa Primary, naglagay ng ekstrang silya si Joshua sa tabi niya. Inanyayahan ako ng Primary president sa harapan, at pinakanta nito ang buong Primary para sa akin ng 'Ako ay anak ng Diyos.' Pakiramdam ko ay napakaespesyal ko."

Dinala ng branch president si Joseph sa pamilya Pierre Mungoza, at doon siya tumira nang sumunod na apat na taon.

Pagkaraan ng walong taon nang magsimula sa misyon si Elder Joseph Ssengooba, nagulat siya dahil ang trainer ay si Elder Joshua Walusimbi, ang batang nagpadama sa kanya na tanggap-na-tanggap siya noong unang araw niya sa Primary. At ang kanyang mission president? Si President Leif Erickson, ang batang hindi dumalo sa Primary dahil natakot siyang magbigay ng mensahe. Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak.

Nagtatatakbong Dumating ang mga Bata

Noong kami ni Kathy ay nasa Africa ilang linggo pa lang ang nakararaan, bumisita kami sa Mbuji-Mayi, Democratic Republic of the Congo. Dahil maliit ang chapel para sa 2,000 miyembro, nagpulong kami sa labas sa

Sa isang pulong kasama ang 2,000 mga Banal sa mga Huling Araw sa Democratic Republic of the Congo (itaas), nakatipon ang napakaraming mausisang mga bata sa labas ng bakod na nakapalibot sa lote kung saan idinaos ang pulong (itaas). Nang anyayahan sila, nagtakbuhan papasok ang mga bata.

ilalim ng malaking plastik na bubong na sinuportahan ng mga posteng kawayan. Nang magsimula ang miting, nakita namin na napakaraming batang nanonood sa amin, na nakakapit sa mga rehas sa labas ng bakod na bakal na nakapaligid sa lugar. Mahinang bumulong si Kathy, "Neil, palagay mo ba gugustuhin mong papasukin ang mga batang iyon?" Lumapit ako kay District President Kalonji sa entablado at itinanong ko kung gusto niyang pasamahin sa amin ang mga bata sa labas ng bakod.

Nagulat ako nang mag-anyaya si President Kalonji, hindi lamang pumasok ang mga bata kundi patakbo pang nagsipasok—mahigit 50, siguro'y 100—ang ilan ay gula-gulanit ang damit at walang sapin sa paa ngunit lahat ay nakangiti at tuwang-tuwa.

Labis akong naantig sa karanasang ito at itinuring ko itong simbolo ng ating pangangailangang tulungan ang mga kabataan na nakadarama na nag-iisa sila, napag-iwanan, o nasa labas ng bakod. Isipin natin sila, tanggapin natin sila, yakapin natin sila, at gawin natin ang lahat para mag-ibayo ang kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas. Sabi ni Jesus, "Sinomang tumanggap sa isa sa ganitong . . . bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap."[14] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 19:14.
2. Tingnan ang "Family Structure," Child Trends DataBank (Dis. 2015), appendix 1, pahina 9, childtrends.org/databank.
3. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129, mga talata 7 at 6.
4. Nais kong pasalamatan nang personal ang libu-libong mabubuting ina, marami sa kanila ay walang asawa, na buong tapang na tinanggap ang pangunahing responsibilidad na espirituwal na palakasin ang kanilang mga anak. Sinabi ng kaibigan naming si Shelly na taga-Canada tungkol sa kanyang ina:

   "Kumatok ang mga missionary sa pintuan ng mga magulang ko limang taon bago ako isinilang. Nakinig ang mga magulang ko sa ilang lesson, pagkatapos ay nawalan na ng interes ang tatay ko. Patuloy na nakinig sa mga lesson ang nanay ko at ginustong magpabinyag. Limang taong nagsimba ang nanay ko noong hindi pa siya miyembro, at, tatlong buwan matapos akong isilang, nabinyagan siya.

   "Tahimik lang ang nanay ko at hindi pa nakahawak ng mataas na katungkulan kahit kailan. Napakasimple, magiliw, at matibay ang kanyang patotoo, . . . at nabubuhay araw-araw nang tapat sa kanyang pinaniniwalaan. Dahil sa tahimik at simpleng halimbawa niyang iyon ay nanatili akong malapit sa Panginoon at sa Simbahan."
5. Sabi sa akin ng kaibigan naming si Randall: "Tinuruan ako at nalaman ko na ako ay anak ng mga magulang sa langit, at ang pagkabatid sa aking tunay at likas na pagkatao ay nagbigay sa akin ng pag-asa na hindi ko kailangang sundan ang mga yapak ng aking mga magulang, na labis kong minahal ngunit ayaw kong tularan. Nagtiwala ako sa itinuro sa akin ng Primary, Sunday School, at Young Men at ng iba pang mga guro. Nakita ko ang mga halimbawa sa ward at ng mga pamilyang tapat at masasaya, at nagtiwala ako sa Ama sa Langit, batid na kung mananatili akong tapat, tutulungan Niya akong magkaroon ng gayong pamilya."
6. "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 98.
7. "Pag-uwi ni Itay," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 110.
8. "Dito ay May Pag-ibig," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 102–3.
9. Mateo 18:2, 5.
10. Thomas S. Monson, "Mag-aral Kayo sa Akin," *Liahona,* Mar. 2016, 6.
11. Tingnan sa Max H. Molgard, *Inviting the Spirit into Our Lives* (1993), 99.
12. 3 Nephi 17:11, 21–22.
13. Si Emily, bagama't hindi aktibo ang mga magulang, ay buong giliw na nagkuwento tungkol sa kanyang mga lolo't lola, tiyo at tiya, at iba pang mga "kumatawan" sa kanyang mga magulang. Tungkol sa isang Young Women leader sa Michigan, sinabi niya: "Malalaki na ang mga anak niya, at siniguro niyang ipadama sa bawat kabataang babae na para silang sarili niyang mga anak. . . . Mapupuspos ng kanyang ngiti ang inyong puso sa pinakamahirap na araw. . . . Minithi kong sundan ang kanyang halimbawa at maging isang Sister Molnar sa mga batang iyon na maaaring nakadarama na sila ay 'naiiba,' 'napag-iiwanan,' o 'hindi kabilang.'"
14. Mateo 18:5.

Ni Elder Mervyn B. Arnold
Ng Pitumpu

Magligtas: Kaya Nating Gawin Ito

Naglaan ang Panginoon ng lahat ng kasangkapang kailangan para tayo humayo upang iligtas ang ating mga kaibigang di-gaanong aktibo at hindi miyembro.

Malinaw na naunawaan ng Tagapagligtas ang Kanyang misyong iligtas ang mga anak ng ating Ama sa Langit, sapagkat ipinahayag Niya:

"Ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas ang nawala. . . .

"*[Sapagkat] hindi nga kalooban ng inyong amang nasa langit,* na ang *isa* sa maliliit na ito ay mapahamak."[1]

Malinaw na naunawaan ng aking anghel na ina, si Jasmine Bennion Arnold, ang kanyang papel sa pagliligtas sa nasugatan o nawalang tupa ng ating Ama sa Langit, pati na sa sarili niyang mga anak at apo. Kamanghamangha ang papel na maaaring gampanan ng mga lolo't lola sa buhay ng kanilang mga apo.

Si Inay ay madalas maatasang bisitahin ang mga nahihirapang manampalataya, mga pamilya na di-gaanong aktibo at hindi lahat ay miyembro; gayunman, kabilang sa kanyang kawan ang ilang iba pa na hindi naman iniatas na bisitahin niya. Karaniwan ay hindi lang minsan sa isang buwan siya bumibisita, dahil tahimik siyang nakinig, naglingkod sa maysakit, at mapagmahal na nagpalakas ng loob. Sa huling ilang buwan ng kanyang buhay, nakaratay na siya, kaya ginugol niya ang oras sa pagliham sa kanila, pagpapahayag ng kanyang pagmamahal, pagpapatotoo, at pagpapalakas sa taong bumibisita sa kanya.

Kapag humayo tayo para magligtas, binibigyan tayo ng Diyos ng kapangyarihan, panghihikayat, at mga pagpapala. Nang utusan Niya si Moises na iligtas ang mga anak ni Israel, natakot si Moises, tulad ng pagkatakot ng marami sa atin. Nangatwiran si Moises, nagsasabing, "ako'y hindi marikit mangusap, . . . sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila."[2]

Tiniyak ng Panginoon kay Moises:

"Sinong gumawa ng bibig ng tao? . . . Hindi ba akong Panginoon?

"Ngayon nga'y yumaon ka, at ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain."[3]

Ibig sabihin, sinabi ng Panginoon kay Moises, "Kaya mong gawin ito!" *At alam ninyo, kaya rin natin iyon!*

Magbabahagi ako ng apat na alituntuning makatutulong sa ating pagliligtas.

Unang alituntunin: Huwag Nating Ipagpaliban ang Paghayo para Magligtas

Nagkuwento si Elder Alejandro Patania, dating Area Seventy, tungkol sa kanyang nakababatang kapatid na si Daniel na naglayag sa dagat kasama ang kanyang crew para mangisda. Pagkaraan ng ilang oras, nakatanggap si Daniel ng apurahang babala na may paparating na malakas na bagyo. Nagmadali si Daniel at ang kanyang crew na makabalik sa daungan.

Nang lumakas ang bagyo, tumigil ang makina ng kalapit na bangkang pangisda. Nagkabit ng kable ang crew ni Daniel sa tumigil na bangka at sinimulang hatakin ito papunta sa ligtas na lugar. Nagradyo sila para humingi ng tulong, batid na, sa lumalakas na bagyo, kailangan nila ng agarang tulong.

Habang balisang naghihintay ang mga mahal nila sa buhay, nagpulong ang mga kinatawan ng coast guard, samahan ng mga mangingisda, at navy upang desisyunan ang pinakamainam na estratehiya para mailigtas sila. Gusto ng ilan na lumisan kaagad ngunit sinabihan silang maghintay ng plano. Habang patuloy na humihingi ng tulong ang mga naipit ng bagyo, patuloy na nagpulong ang mga kinatawan, at pinipilit na magkasundo sa plano kung ano ang tamang gawin.

Nang mabuo na ang grupo ng magliligtas, dumating ang huling desperadong hiling. Napatid ng nagngangalit na unos ang mga kable sa pagitan ng dalawang bangka, at babalik ang crew ni Daniel para tingnan kung maililigtas nila ang mga kapwa nila mangingisda. Sa huli, lumubog ang dalawang bangka

Habang balisang naghihintay ang mga mahal sa buhay, ipinagpaliban ng mga tagaligtas ang pagsagip hanggang sa maging huli na ang lahat.

at ang mga crew nila, pati na ang kapatid ni Elder Patania na si Daniel, ay nalunod.

Inihambing ni Elder Patania ang trahedyang ito sa payo ng Panginoon nang sabihin Niyang, "Hindi ninyo pinalakas, . . . [o] ibinalik ang iniligaw, . . . [o] inyo mang hinanap ang nawala; . . . at aking aalisin ang aking mga tupa sa [inyong] kamay."[4]

Ipinaliwanag ni Elder Patania na, bagama't kailangang organisado tayo sa ating mga council, quorum, auxiliary, at maging sa ating sarili, huwag tayong magpaliban sa paghayo para magligtas. Kung minsan maraming linggo ang lumilipas sa pag-uusap natin kung paano tutulungan ang mga pamilya o indibiduwal na may espesyal na pangangailangan. Pinag-uusapan natin kung sino ang bibisita sa kanila at paano sila lalapitan. Samantala, patuloy na nangangailangan ng tulong ang ating nawawalang mga kapatid at kung minsa'y tumatawag at humihingi ng tulong. Huwag tayong magpaliban.

Pangalawang alituntunin: Huwag na Huwag Tayong Susuko

Si Pangulong Thomas S. Monson, na nagparating ng malinaw na panawagang humayo para magligtas, ay nagpahayag "Kailangang paalalahanan ang ating mga miyembro na hindi pa huli ang lahat pagdating sa ating . . . di-gaanong aktibong mga miyembro . . . na inaakalang wala nang pag-asang maibalik."[5]

Gaya ng marami sa inyo, ang ilang nabahaginan ko na ng ebanghelyo ay madaling nabinyagan o napaaktibo, at ang iba pa—tulad ng kaibigan kong hindi miyembro na si Tim at ang kanyang di-gaanong aktibong asawa na si Charlene—ay nangangailangan ng mas mahabang panahon.

Sa loob ng mahigit 25 taon nag-usap kami ni Tim tungkol sa ebanghelyo at isinama ko sila ni Charlene sa mga temple open house. Sumama ang iba sa pagliligtas; gayunman, tinanggihan ni Tim ang bawat paanyayang magpaturo sa mga missionary.

Isang katapusan ng linggo inatasan akong mangulo sa isang stake conference. Pinakiusapan ko ang stake president na ipagdasal at ipag-ayuno kung sino ang dapat naming bisitahin. Nagulat ako nang iabot niya sa akin ang pangalan ng kaibigan kong si Tim. Nang kumatok kami ng bishop ni Tim at ng stake president sa pintuan, binuksan ito ni Tim, tiningnan ako, tiningnan ang bishop, at sinabing, "Bishop, akala ko ba sabi mo espesyal na tao ang isasama mo!"

Pagkatapos ay tumawa si Tim at sinabing, "Pasok ka, Merv." Nagkaroon ng himala sa araw na iyon. Nabinyagan na ngayon si Tim, at nabuklod na sila ni Charlene sa templo. Huwag na huwag tayong susuko.

Pangatlong Alituntunin: Kaylaki ng Inyong Kagalakan Kung Kayo ay Makapagdala ng Kahit Isang Kaluluwa kay Cristo

Maraming taon na ang nakararaan ikinuwento ko kung paano naunawaan ni José de Souza Marques ang mga salita ng Tagapagligtas na "kung sinuman sa inyo ang malakas sa Espiritu, isama niya siya na mahina, upang siya ay . . . maging malakas din."[6]

Alam ni Brother Marques ang pangalan ng bawat tupa sa kanyang priest quorum at natanto niya na nawawala si Fernando. Hinanap niya si Fernando sa bahay nito, pagkatapos ay sa bahay ng isang kaibigan, at nagpunta pa sa dalampasigan.

Sa wakas ay nakita niya si Fernando na nagsu-surf sa karagatan. Hindi siya nag-atubili hanggang sa lumubog ang bangka, gaya ng kuwento tungkol kay Daniel. Agad siyang lumusong sa tubig upang iligtas ang kanyang nawawalang tupa, at iniuwi ito na nagsasaya.[7]

Pagkatapos ay tiniyak niya sa patuloy na paglilingkod na hinding-hindi na lilisanin ni Fernando ang kawan.[8]

Ikukuwento ko sa inyo ang nangyari simula nang mailigtas si Fernando at ibabahagi ko sa inyo ang kagalakang nagmula sa pagliligtas ng kahit

isang nawawalang tupa. Pinakasalan ni Fernando ang kasintahan niyang si Maria sa templo. Ngayo'y may 5 anak at 13 apo na sila, na pawang mga aktibo sa Simbahan. Marami silang iba pang kamag-anak at kapamilya na sumapi sa Simbahan. Magkakasama silang nagsumite ng libu-libong pangalan ng kanilang mga ninuno para matanggap ng mga ito ang mga ordenansa sa templo, at patuloy ang pagdating ng mga pagpapala.

Si Fernando ay naglilingkod ngayon bilang bishop sa ikatlong pagkakataon, at patuloy siyang nagliligtas, tulad din niya na naligtas. Ikinuwento niya kamakailan, "Sa ward namin, may 32 aktibong binatilyo kami sa Aaronic Priesthood, na ang 21 ay naibalik nitong huling 18 buwan." Bilang mga indibiduwal, pamilya, korum, auxiliary, klase, at home at visiting teacher, *kaya nating gawin iyan!*

Pang-apat na Alituntunin: Anuman ang Ating Edad, Lahat Tayo ay Tinawag na Humayo para Magligtas

Ipinahayag ni Pangulong Henry B. Eyring, "Anuman ang ating edad, kakayahan, tungkulin sa Simbahan, o kinaroroonan, tayong lahat ay tinawag sa gawain upang tulungan [ang Tagapagligtas] sa pag-aani ng mga kaluluwa hanggang sa muli Siyang pumarito."[9]

Bawat araw parami nang parami sa ating mga anak, kabataan, young single adult, at adult na miyembro na iba't iba ang edad ang nakikinig sa malinaw na panawagan ng Tagapagligtas na humayo para magligtas. Salamat sa inyong mga pagsisikap! Magbabahagi ako ng ilang halimbawa:

Inanyayahan ni Amy, edad 7, ang kaibigan niyang si Arianna at ang pamilya nito sa kanyang taunang Primary sacrament meeting program. Pagkaraan ng ilang buwan, nabinyagan si Arianna at ang kanyang pamilya.

Nakatanggap ng inspirasyon si Allan, isang young single adult, na ibahagi ang mga video ng Simbahan, *Mormon Messages,* at mga talata sa mga banal na kasulatan sa lahat ng kaibigan niya sa social media.

Sinimulan ni Sister Reeves na ibahagi ang ebanghelyo sa bawat telemarketer na tumawag.

Inanyayahan ni James ang kaibigan niyang si Shane na hindi miyembro sa binyag ng kanyang anak.

Ipinadala ni Spencer sa kanyang di-gaanong aktibong kapatid na babae ang link sa mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya

at ibinalita, "Binasa niya ang mensahe, at nagkaroon siya ng pag-asa."

Naglaan ang Panginoon ng lahat ng kasangkapang kailangan para tayo humayo upang iligtas ang ating mga kaibigang di-gaanong aktibo at hindi miyembro. *Kaya nating lahat na gawin ito!*

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa inyo na dinggin ang panawagan ng Tagapagligtas na humayo para magligtas. *Kaya nating gawin ito!*

Taimtim kong pinatototohanan na alam ko na si Jesus ang Mabuting Pastol, na mahal Niya tayo, at pagpapalain Niya tayo sa ating paghayo para magligtas. Alam ko na Siya ay buhay; alam ko ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Sinagip ng isang mapagmalasakit na lider noong binatilyo pa siya, sinasagip ni Fernando Araujo (gitna sa dalawang larawan) ang mga kabataang lalaki ngayon bilang bishop (itaas) at natutuwa siya na aktibo sa Simbahan ang kanyang mga inapo (itaas).

MGA TALA

1. Mateo 18:11, 14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Exodo 4:10.
3. Exodo 4:11–12.
4. Ezekiel 34:4, 10.
5. Thomas S. Monson, October 2015 General Authority Leadership Meeting, ginamit nang may pahintulot.
6. Doktrina at mga Tipan 84:106.
7. Tingnan sa Lucas 15:5.
8. Tingnan sa Mervyn B. Arnold, "Palakasin ang Inyong mga Kapatid," *Liahona,* Mayo 2004, 46–47.
9. Henry B. Eyring, "Tayo'y Nagkakaisa," *Liahona,* Mayo 2013, 62.

Ni Elder Jairo Mazzagardi
Ng Pitumpu

Ang Sagradong Lugar ng Panunumbalik

Sa Palmyra naganap ang Pagpapanumbalik, kung saan maririnig ang tinig ng Ama pagkaraan ng halos dalawang libong taon.

Isang mabuti kong kaibigan na miyembro ng Simbahan ang nagsikap, nang maraming taon, na ituro sa akin ang ebanghelyo tungkol sa mga walang-hanggang pamilya. Nang dumalo ako sa São Paulo Temple open house noong Oktubre 1978 at pumasok ako sa sealing room, saka lamang naantig ang aking puso't isipan sa doktrina ng mga walang-hanggang pamilya, at ilang araw kong ipinagdasal na malaman kung ito nga ang tunay na Simbahan.

Hindi ako relihiyoso, ngunit pinalaki ako ng mga magulang na relihiyoso, at nakita ko ang kabutihang nakapaloob sa ibang mga relihiyon. Sa puntong iyon ng buhay ko, inakala ko na lahat ng relihiyon ay katanggap-tanggap sa Diyos.

Matapos akong bumisita sa temple open house, naghangad ako ng sagot sa pamamagitan ng panalangin, na sumasampalataya at nagtitiwala na sasagutin ako ng Diyos, kung alin ang Kanyang Simbahan sa lupa.

Matapos ang matinding espirituwal na paghihirap, tumanggap na rin ako ng malinaw na sagot. Inanyayahan ako na mabinyagan. Nabinyagan ako noong Oktubre 31, 1978, nang gabi bago ang isang sesyon sa paglalaan ng São Paulo Temple.

Natanto ko na kilala at mahal ako ng Panginoon kaya Niya sinagot ang aking mga dalangin.

Kinaumagahan nagpunta kaming mag-asawa sa São Paulo upang dumalo sa sesyon sa paglalaan ng templo.

Naroon kami, ngunit hindi ko pa talaga alam kung paano pahahalagahan ang napakagandang pagkakataong iyon. Kinabukasan ay dumalo kami sa isang area conference.

Nagsimula na ang aming pagiging miyembro ng Simbahan, at nakatagpo ng mabubuting kaibigan na tumulong sa amin sa pagbabagumbuhay na ito.

Napakaganda ng mga klase para sa mga bagong miyembro sa aming mga miting tuwing Linggo. Marami kaming natutuhan at inasam naming lumipas kaagad ang buong linggo para maturuan pa kami tungkol sa ebanghelyo sa araw ng Linggo.

Inasam naming mag-asawa na makapasok sa templo upang mabuklod ang aming pamilya para sa kawalang-hanggan. Nangyari iyan isang taon at pitong araw matapos akong mabinyagan, na isang napakasayang sandali. Parang nakikita ko ang walang hanggan sa altar bago at matapos ang pagbubuklod.

Dahil ilang taon na kaming legal na naninirahan sa East Coast ng Estados Unidos, kabisado ko na ang mga lungsod, na karamiha'y maliliit.

Nang mabasa o marinig ko ang tungkol sa mga pangyayaring humantong sa Unang Pangitain, binanggit doon ang maraming tao, at walang katuturan iyon sa akin.

Nabuo ang mga tanong sa aking isipan. Bakit kinailangang ipanumbalik ang Simbahan sa Estados Unidos at

hindi sa Brazil o Italy, ang lupain ng aking mga ninuno?

Nasaan ang maraming taong binanggit na kasama sa pananariwa ng interes at pagkalito sa mga relihiyon —na nangyaring lahat sa isang napakapayapa at panatag na lugar?

Marami akong tinanong tungkol dito pero walang nakasagot. Binasa ko ang lahat sa Portuguese at pagkatapos ay sa Ingles ngunit wala akong natagpuang makapagbigay ng kapanatagan sa aking puso. Patuloy akong nagsaliksik.

Noong Oktubre 1984, dumalo ako sa isang pangkalahatang kumperensya bilang tagapayo sa isang stake presidency. Pagkatapos, nagpunta ako sa Palmyra, sabik na matagpuan ang sagot.

Pagdating doon, sinikap kong unawain: Bakit kailangang dito mangyari ang Panunumbalik, at bakit matindi ang kaguluhan sa relihiyon? Saan nanggaling ang lahat ng taong binanggit sa salaysay ni Joseph? Bakit doon?

Noon, ang pinakamakatwirang sagot sa akin ay dahil tiniyak sa U.S. Constitution ang kalayaan.

Noong umagang iyon binisita ko ang Grandin Building, kung saan inilimbag ang unang edisyon ng Aklat ni Mormon. Nagpunta ako sa Sagradong Kakayuhan, kung saan ako nanalangin nang husto.

Halos walang tao sa mga lansangan sa munting bayang iyon ng Palmyra. Nasaan ang maraming taong nabanggit ni Joseph?

Sa hapong iyon nagpasiya akong magpunta sa Peter Whitmer farm, at pagdating ko roon ay nakita ko ang isang lalaki sa bintana ng isang kubo. Nagniningning ang kanyang mga mata. Binati ko siya at saka ko sinimulang itanong ang mga bagay ring iyon.

Sa gayo'y tinanong niya ako, "May oras ka ba?" Sumagot ako ng oo.

Ipinaliwanag niya na ang Lake Erie at Lake Ontario at, sa banda pa roon, ang Hudson River ay nasa lugar na iyon.

Sa mga unang taon ng 1800s nagpasiya silang gumawa ng kanal para sa paglalayag na daraan sa lugar na iyon, na mahigit 300 milya (480 km) ang haba hanggang sa Hudson River. Malaking proyekto iyon noon, at umasa

lang sila sa sipag ng mga tao at lakas ng mga hayop.

Ang Palmyra ay sentro ng ilan sa konstruksyon. Kinailangan nila ng mga taong may kasanayan, technician, pamilya, at kanilang mga kaibigan. Nagsimulang dumagsa ang maraming tao mula sa mga kalapit-bayan, at sa mas malalayong lugar, para gawin ang kanal.

Napakasagrado at espirituwal ng sandaling iyon dahil natagpuan ko na rin ang maraming taong hinahanap ko. Dala nila ang kanilang mga kaugalian at paniniwala. Nang banggitin niya ang kanilang mga paniniwala, naliwanagan ang aking isipan at binuksan ng Diyos ang aking espirituwal na mga mata.

Sa sandaling iyon, naunawaan ko kung paano naghanda ng isang lugar sa Kanyang plano ang ating Diyos Ama, sa lawak ng Kanyang karunungan, na mapagdadalhan sa batang si Joseph Smith, sa gitna ng kalituhan tungkol sa relihiyon, dahil doon, sa Cumorah, nakatago ang mahahalagang lamina ng Aklat ni Mormon.

Dito gagawin ang Panunumbalik kung saan maririnig ang tinig ng Ama pagkaraan ng halos dalawang milenyo, sa isang napakagandang pangitain, na nangungusap sa batang si Joseph Smith, nang magpunta siya sa Sagradong Kakayuhan upang manalangin at narinig niya: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"[1]

Doo'y nakita niya ang dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang isalarawan. Oo, muling inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tao. Unti-unting naglaho ang kadilimang lumukob sa lupa.

Ang mga propesiya ng Panunumbalik ay nagsimulang matupad: "At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan."[2]

Ilang taon lang ang lumipas, inakay si Joseph sa mga talaan ng mga propesiya, tipan, at ordenansang iniwan ng mga sinaunang propeta, ang ating pinakamamahal na Aklat ni Mormon.

Ang Simbahan ni Jesucristo ay hindi maipanunumbalik kung wala ang walang-hanggang ebanghelyo, na inihayag sa Aklat ni Mormon bilang isa pang tipan ni Jesucristo, maging ang Anak ng Diyos, ang Kordero ng Diyos, na nagalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.

Sinabi ni Cristo sa Kanyang mga tao sa Jerusalem:

"At mayroon akong ibang mga tupa, na hindi [kasama sa kawan na] ito."[3]

"Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala ako."[4]

Nang lisanin ko ang Whitmer farm, hindi ko maalala na nagpaalam ako. Ang naaalala ko lang ay ang mga luha na malayang tumulo sa aking pisngi. Palubog na ang araw sa maaliwalas na kalangitan.

Nadama ng puso ko ang malaking kagalakan at kapayapaan na nagbigay ng kapanatagan sa aking kaluluwa. Napuspos ako ng pasasalamat.

Malinaw ko nang nauunawaan ngayon kung bakit. Muli akong nabigyan ng Panginoon ng kaalaman at liwanag.

Habang pauwi, patuloy na dumaloy sa aking isipan ang mga banal na kasulatan: ang mga pangako kay Amang Abraham na sa kanyang binhi pagpapalain ang lahat ng pamilya sa lupa.[5]

At para mangyari ito, magtatayo ng mga templo upang muling maipagkaloob ang kapangyarihan ng langit sa tao sa lupa upang ang mga pamilya ay magkaisa, hindi hanggang sa paghiwalayin tayo ng kamatayan kundi magkasama hanggang sa buong kawalang-hanggan.

"At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol; at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon."[6]

Kung kayo na nakikinig sa akin ay may mga tanong sa inyong puso, huwag sumuko!

Inaanyayahan ko kayong sundin ang halimbawa ni Propetang Joseph Smith nang mabasa niya sa Santiago 1:5, "Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat."

Ang nangyari sa Cumorah ay mahalagang bahagi ng Panunumbalik, nang tanggapin ni Joseph Smith ang mga laminang naglalaman ng Aklat ni Mormon. Tutulungan tayo ng aklat na ito na mas mapalapit kay Cristo nang higit kaysa anumang aklat sa mundo.[7]

Pinatototohanan ko na ang Panginoon ay nagbangon ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag upang gabayan ang Kanyang kaharian sa mga huling araw na ito at sa Kanyang walang-hanggang plano ay nakatadhanang magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman. Nagmamalasakit Siya sa Kanyang mga anak. Sinasagot Niya ang ating mga dalangin.

Dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig, nagbayad-sala si Jesucristo para sa ating mga kasalanan. Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
2. Apocalipsis 14:6.
3. Juan 10:16.
4. Juan 10:14.
5. Tingnan sa Genesis 12:3; 17:2–8; Mga Taga Galacia 3:29; 1 Nephi 15:14–18; Abraham 2:9–11.
6. Isaias 2:2.
7. Tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon.



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan

Sa palagiang patnubay ng nagpapabanal na kapangyarihan ng Espiritu Santo, mapapanatili natin sa tuwina ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Isang mahalagang pahayag na ginamit ni Haring Benjamin sa kanyang mga turo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala ang paulit-ulit kong pinag-aaralan at pinagninilayan sa loob ng maraming taon.

Sa kanyang espirituwal na nakaaantig na sermon ng pamamaalam sa mga tao na kanyang pinaglingkuran at minahal, inilarawan ni Haring Benjamin ang kahalagahan ng malaman ang kaluwalhatian ng Diyos at malasap ang Kanyang pagmamahal, tumanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, laging alalahanin ang kadakilaan ng Diyos, at manalangin araw-araw at matatag na manindigan sa pananampalataya.[1] Nangako rin siya na sa paggawa ng mga bagay na ito, "kayo ay laging magsasaya, at mapupuspos ng pag-ibig ng Diyos, at *laging mananatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan*."[2]

Ang mensahe ko ay nakatuon sa alituntunin na panatilihin sa tuwina ang kapatawaran ng ating mga kasalanan. Ang katotohanang ipinahahayag nito ay magpapalakas sa ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at gagawin tayong mas mabubuting disipulo. Dalangin ko na bigyang-inspirasyon at pasiglahin tayo ng Espiritu Santo habang pinag-uusapan natin ang mahahalagang espirituwal na katotohanan.

Espirituwal na Muling Pagsilang

Sa mortalidad dumaranas tayo ng pisikal na pagsilang at ng pagkakataon na espirituwal na muling isilang.[3] Pinagsabihan tayo ng mga propeta at apostol na [magising] sa Diyos,[4] na "isilang na muli,"[5] at maging mga bagong nilalang kay Cristo[6] sa pagtanggap sa ating buhay ng mga pagpapalang ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang "kabutihan, . . . awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas"[7] ay matutulungan tayong madaig ang pagiging makasarili at maramot ng likas na tao at mas maging hindi makasarili, mabait, at banal. Pinapayuhan tayo na mamuhay sa paraan na tayo ay "makatayong walang bahid-dungis sa harapan [ng Panginoon] sa huling araw."[8]

Ang Espiritu Santo at mga Ordenansa ng Priesthood

Ibinuod ni Propetang Joseph Smith ang mahalagang papel ng mga ordenansa ng priesthood sa ebanghelyo ni Jesucristo: "Ang [pagsilang] na muli ay ipinararating ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng mga ordenansa."[9] Binibigyang-diin ng tumatagos na pahayag na ito ang mga papel kapwa ng Espiritu Santo at ng mga sagradong ordenansa sa proseso ng espirituwal na pagsilang na muli.

Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay isang personaheng espiritu

at sumasaksi sa lahat ng katotohanan. Sa mga banal na kasulatan ang Espiritu Santo ay tinutukoy na Mang-aaliw,[10] isang Guro,[11] at isang Tagapaghayag.[12] Bukod pa riyan, ang Espiritu Santo ay isang Tagapagpabanal[13] na nililinis at sinisilaban ang dumi at kasamaan sa kaluluwa ng tao na tulad sa apoy.

Ang mga banal na ordenansa ay napakahalaga sa ebanghelyo ng Tagapagligtas at sa paglapit sa Kanya at paghahangad na isilang na muli. Ang mga ordenansa ay mga sagradong gawain na may espirituwal na layunin, walang-hanggang kahalagahan, at nauugnay sa mga batas at utos ng Diyos.[14] Ang lahat ng nakapagliligtas na mga ordenansa at ang ordenansa ng sakramento ay kailangang bigyang-pahintulot ng isang taong mayhawak ng kailangang mga susi ng priesthood.

Ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan na pinangangasiwaan sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon ay higit pa sa mga ritwal o simbolikong gawain. Binubuo ng mga ito ang mga awtorisadong pamamaraan para dumaloy ang mga pagpapala at kapangyarihan ng langit sa ating sariling buhay.

"At ang nakatataas na pagkasaserdoteng ito ang nangangasiwa ng ebanghelyo at humahawak ng susi ng mga hiwaga ng kaharian, maging ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos.

"Samakatwid, sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.

"At kung wala ang mga ordenansa nito, at ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay hindi makikita ng mga tao sa laman."[15]

Ang mga ordenansang tinanggap at iginalang nang may dangal ay mahalaga sa pagtatamo ng kapangyarihan ng kabanalan at lahat ng pagpapalang ibinibigay sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Pagtatamo at Pagpapanatili ng Kapatawaran ng mga Kasalanan sa Pamamagitan ng mga Ordenansa

Para mas lubos na maunawaan ang proseso para matamo at mapanatili natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, kailangan muna nating unawain ang di-mapaghihiwalay na kaugnayan sa isa't isa ng tatlong sagradong ordenansa na nagbibigay-daan para makamtan ang mga kapangyarihan ng langit: binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at ang sakramento.

Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan "ang panimulang ordenansa ng ebanghelyo"[16] ni Jesucristo at kailangang pangunahan ng pananampalataya sa Tagapagligtas at taospusong pagsisisi. Ang ordenansang ito "ay isang palatandaan at isang kautusan na itinatag ng Diyos para sa [Kanyang mga anak] para makapasok sa Kanyang kaharian."[17] Ang pagbibinyag ay pinangangasiwaan sa awtoridad ng Aaronic Priesthood. Sa proseso ng paglapit sa Tagapagligtas at espirituwal na pagsilang na muli, inilalaan ng binyag ang kailangang *paunang paglilinis* ng ating kaluluwa mula sa kasalanan.

Kabilang sa tipan sa binyag ang tatlong napakahahalagang pangako: (1) maging handang taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, (2) lagi siyang alalahanin, at (3) sundin ang Kanyang mga kautusan. Ang ipinangakong pagpapala para sa paggalang sa tipang ito ay "nang sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]."[18] Sa gayon, mahalaga ang binyag sa paghahandang tumanggap ng

awtorisadong pagkakataon na mapatnubayan palagi ng ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.

"Ang pagbibinyag [sa pamamagitan ng] tubig . . . ay kinakailangang masundan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo upang malubos."[19] Tulad ng itinuro ng Tagapagligtas kay Nicodemo, "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios."[20]

Binibigyang-diin ng tatlong pahayag ni Propetang Joseph Smith ang mahalagang kaugnayan ng mga ordenansa ng binyag sa paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.

Unang Pahayag: "Ang binyag ay banal na ordenansang naghahanda para matanggap ang Espiritu Santo; ito ang daluyan at susi sa pagkakaloob ng Espiritu Santo."[21]

Ikalawang Pahayag: "Para kayong nagbinyag ng isang sakong buhangin kapag bininyagan ninyo ang isang tao nang hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan at pagkakamit ng Espiritu Santo. Walang kabuluhan ang pagbibinyag sa tubig kung hindi pagtitibayang miyembro ng Simbahan ang isang tao—ibig sabihin ay pagtanggap ng Espiritu Santo."[22]

Ikatlong pahayag: "Ang binyag sa tubig, kung walang binyag ng apoy at pagdalo ng Espiritu Santo, ay walang kabuluhan. Kinakailangang ang mga ito ay magkasama at di-maaaring paghiwalayin."[23]

Ang di-nagbabagong kaugnayan sa isa't isa ng alituntunin ng pagsisisi, mga ordenansa ng binyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at ang maluwalhating pagpapala na mapatawad ang mga kasalanan ay paulit-ulit na binibigyang-diin sa mga banal na kasulatan.

Ipinahayag ni Nephi, "Sapagkat ang pasukang inyong dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; *at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo*."[24]



Ipinahayag ng Tagapagligtas mismo, "Ngayon, ito ang kautusan: Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, *upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo,* upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw."[25]

Ang pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo ay isang ordenansang pinangangasiwaan sa awtoridad ng Melchizedek Priesthood. Sa proseso ng paglapit sa Tagapagligtas at espirituwal na pagsilang na muli, ang pagtanggap ng nagpapabanal na kapangyarihan ng Espiritu Santo sa ating buhay ay ginawang posible ang *patuloy na paglilinis* ng ating kaluluwa mula sa kasalanan. Mahalaga ang masayang pagpapalang ito dahil "walang maruming bagay ang makapananahanang kasama ng Diyos."[26]

Dahil mga miyembro tayo ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon, pinagpala tayo kapwa sa ating *paunang paglilinis mula sa kasalanan* na nauugnay sa binyag at sa potensyal na *patuloy na paglilinis mula sa kasalanan* na naging posible sa pamamagitan ng patnubay at kapangyarihan ng Espiritu Santo—ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.

Isipin kung paano umaasa ang isang magsasaka sa di-nagbabagong huwaran ng pagtatanim at pag-aani. Ang pagunawa sa kaugnayan ng paghahasik ng punla sa pag-aani ay laging pinagmumulan ng layunin at iniimpluwensyahan ang lahat ng desisyon at pagkilos ng isang magsasaka sa lahat ng panahon ng taon. Sa gayon ding paraan, ang dimapaghihiwalay na kaugnayan ng mga ordenansa ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan sa pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo ay dapat makaapekto sa bawat aspeto ng ating pagkadisipulo sa lahat ng panahon ng ating buhay.

Ang sakramento ang ikatlong ordenansang kailangan para magtamo ng kapangyarihan ng kabanalan. Para mas lubos tayong manatiling walang bahid-dungis mula sa mundo, inutusan tayong magpunta sa panalanginan at ihandog ang ating sakramento sa banal na araw ng Panginoon.[27] Isipin lamang na ang mga sagisag ng katawan at dugo ng Panginoon, ang tinapay at tubig, ay kapwa binasbasan at pinabanal. "O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay [o ang tubig] na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain [o iinom] nito."[28] Ang ibig sabihin ng gawing banal ay gawing dalisay at sagrado. Ang mga sagisag ng sakramento ay pinababanal bilang pag-alaala sa kadalisayan ni Cristo, ng ating lubos na pag-asa sa Kanyang Pagbabayad-sala, at ng ating responsibilidad na igalang ang ating mga ordenansa at tipan sa paraan na tayo ay "makatayong walang bahid-dungis sa [Kanyang] harapan sa huling araw."[29]

Ang ordenansa ng sakramento ay isang banal at paulit-ulit na paanyayang magsisi nang taos at espirituwal na mapanibago. Ang pakikibahagi ng sakramento, kung tutuusin, ay hindi tumutubos ng mga kasalanan. Ngunit kapag naghanda tayo nang seryoso at nakibahagi sa banal na ordenansang ito nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, ang pangako ay mapapasaatin sa *tuwina* ang Espiritu ng Panginoon. At sa palagiang patnubay ng nagpapabanal na kapangyarihan ng Espiritu Santo, mapapanatili natin sa *tuwina* ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Talagang tayo ay pinagpapala linggu-linggo ng pagkakataong suriin ang ating buhay sa pamamagitan ng ordenansa ng sakramento, mapanibago ang ating mga tipan, at matanggap ang pangako sa tipang ito.[30]

Nabinyagang Muli

Kung minsan ay ipinahahayag ng mga Banal sa mga Huling Araw na sana'y mabinyagan silang muli—at nang sa gayo'y maging malinis at karapat-dapat sila na katulad noong natanggap nila ang kanilang unang nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo. Buong paggalang kong sinasabi na hindi nilalayon ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na makadama tayo ng espirituwal na pagpapanibago, pananariwa, at panunumbalik nang minsan lang sa ating buhay. Ang mga pagpapala ng pagtatamo at pagpapanatili ng kapatawaran ng ating mga kasalanan sa tuwina sa pamamagitan ng mga ordenansa ng ebanghelyo ay tinutulungan tayong maunawaan na ang binyag ay isang panahon ng pagsisimula sa pagtahak sa ating espirituwal na landas sa buhay na ito; hindi ito isang hantungan na dapat nating panabikang bisitahin nang paulit-ulit.

Ang mga ordenansa ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at sakramento ay mga kaganapang magkakaugnay at hindi magkakahiwalay; bagkus, mahalaga ang mga ito sa magkakaugnay at magkakasamang huwaran ng pagkatubos. Bawat

sumunod na ordenansa ay pinararangal at pinalalaki ang ating espirituwal na layunin, hangarin, at gawain. Ang plano ng Ama, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at ang mga ordenansa ng ebanghelyo ay inilalaan ang biyayang kailangan natin upang sumulong at umunlad nang taludtod sa taludtod at tuntuntin sa tuntunin tungo sa ating walang-hanggang tadhana.

Pangako at Patotoo

Tayo ay di-perpektong mga nilalang na nagpupunyaging mabuhay sa mundong ito ayon sa perpektong plano ng Ama sa Langit sa walang-hanggang pag-unlad. Ang mga pangangailangan ng Kanyang plano ay maluwalhati, maawain, at mahigpit. Kung minsa'y maaaring matibay ang ating pagpapasiya at kung minsa'y madarama natin na may pagkukulang tayo. Maaaring isipin natin kung espirituwal pa ba nating masusunod ang utos na tumayo nang walang bahid-dungis sa Kanyang harapan sa huling araw.

Sa tulong ng Panginoon at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu na "magtuturo sa [atin] ng lahat ng mga bagay,"[31] tunay ngang mapagpapala tayong matanto ang ating espirituwal na mga posibilidad. Ang mga ordenansa ay nag-aanyaya ng espirituwal na layunin at kapangyarihan sa ating buhay kapag nagpunyagi tayong maisilang na muli at maging kalalakihan at kababaihan ni Cristo.[32] Mapapalakas Niya tayo sa ating mga kahinaan, at madaraig natin ang ating mga limitasyon.

Bagaman walang sinuman sa atin ang maaaring maging perpekto sa buhay na ito, maaari tayong maging higit na karapat-dapat at walang bahid-dungis kapag tayo ay "nalinis sa pamamagitan ng dugo ng Kordero."[33] Nangangako ako at nagpapatotoo na pagpapalain tayo ng higit na pananampalataya sa Tagapagligtas at ng mas dakilang espirituwal na pagtiyak kapag hinangad natin na mapanatili sa tuwina ang kapatawaran ng ating mga kasalanan at, sa huli, tumayo nang walang bahid-dungis sa harapan ng Panginoon sa huling araw. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mosias 4:11.
2. Mosias 4:12; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Bakit Mahalaga ang Kasal at Pamilya," *Liahona,* Mayo 2015, 50–53.
4. Tingnan sa Alma 5:7.
5. Juan 3:3; Mosias 27:25.
6. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17.
7. 2 Nephi 2:8.
8. 3 Nephi 27:20.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 112.
10. Tingnan sa Juan 14:16–27; Moroni 8:26.
11. Tingnan sa Juan 14:26; Doktrina at mga Tipan 50:14.
12. Tingnan sa 2 Nephi 32:5.
13. Tingnan sa 3 Nephi 27:19–21.
14. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ordenansa, mga," scriptures.lds.org.
15. Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
16. Bible Dictionary, "Baptism."
17. *Mga Turo: Joseph Smith,* 106.
18. Doktrina at mga Tipan 20:77.
19. Bible Dictionary, "Baptism."
20. Juan 3:5.
21. *Mga Turo: Joseph Smith,* 112.
22. *Mga Turo: Joseph Smith,* 111.
23. *Mga Turo: Joseph Smith,* 106.
24. 2 Nephi 31:17; idinagdag ang pagbibigay-diin.
25. 3 Nephi 27:20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
26. 1 Nephi 10:21.
27. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:9–12.
28. Doktrina at mga Tipan 20:77; tingnan din sa mga talata 79.
29. 3 Nephi 27:20.
30. Tingnan sa *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 561; *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 220; N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1966, 98.
31. Juan 14:26.
32. Tingnan sa Helaman 3:28–30.
33. Mormon 9:6.

Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Family Council

Kapag handa ang mga magulang at nakikinig at nakikibahagi ang mga anak sa talakayan, talagang gumagana ang family council!

Mga kapatid, nakapagtataka ngunit totoo na nagiging mahusay tayo bilang mga magulang kapag malalaki na ang ating mga anak. Ikukuwento ko sa inyo ngayong hapon ang isang bagay na sana'y mas naunawaan ko noong simulan namin ni Barbara na palakihin ang mahal naming mga anak.

Nang maglingkod ako bilang Apostol, madalas kong bigyang-diin ang kapangyarihan at kahalagahan ng mga council sa Simbahan, pati ang mga mission, stake, ward, at auxiliary council.

Naniniwala ako na pagpupulong sa mga council ang pinakamabisang paraan para makakuha ng mga tunay na resulta. Bukod pa riyan, alam ko na mga council ang paraan ng Panginoon at na nilikha Niya ang lahat ng bagay sa sansinukob sa pamamagitan ng isang council sa langit, tulad ng binanggit sa banal na kasulatan.[1]

Gayunman, hanggang ngayo'y hindi pa ako nakapagsalita sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa pangunahin at napakahalaga—at marahil ay pinakamahalaga—sa lahat ng council: ang family council.

Noon pa man ay kailangan na ang mga family council. Katunayan, walang hanggang alituntunin ito. Kabilang tayo sa isang family council bago tayo isinilang, noong nabuhay tayo sa piling ng ating mga magulang sa langit bilang kanilang mga espiritung anak.

Ang family council, kapag idinaos nang may pagmamahal at mga pag-uugaling katulad ng kay Cristo, ay malalabanan ang epekto ng modernong teknolohiya na madalas gumambala sa atin mula sa makabuluhang paggugol ng oras sa isa't isa at nagpapasok din ng kasamaan sa mismong tahanan natin.

Tandaan lamang ninyo na ang mga family council ay iba kaysa family home evening na idinaraos tuwing Lunes. Ang mga home evening ay nakatuon sa pagtuturo ng ebanghelyo at mga aktibidad ng pamilya. Ang mga family council naman, sa kabilang dako, ay maaaring idaos anumang araw ng linggo, at ito una sa lahat ay isang pulong kung saan nakikinig ang mga magulang—sa isa't isa at sa kanilang mga anak.

Naniniwala ako na may di-kukulangin sa apat na uri ng family council:

Una, isang general family council na binubuo ng buong pamilya.

Ikalawa, isang executive family council na binubuo ng ina at ama.

Ikatlo, isang limited family council na binubuo ng mga magulang at isang anak.

Ikaapat, isang one-on-one family council na binubuo ng isang magulang at isang anak.

Sa lahat ng family council setting na ito, kailangang patayin ang mga electronic device para lahat ay makatingin at makinig sa isa't isa. Sa oras ng family council at sa iba pang angkop na oras, maaari kayong maglagay ng basket para sa mga electronic device para kapag nagtipon ang pamilya, maaaring ilagak ng lahat—pati na sina Inay at Itay—ang kanilang cellphone, tablet, at MP3 player sa basket. Pagkatapos niyon, maaari silang mag-usap-usap nang hindi natutuksong tumugon sa isang mensahe sa Facebook, text, Instagram, Snapchat, at mga email alert.

Ibabahagi ko sa inyo sandali kung paano gagana ang bawat isa sa mga uring ito ng family council.

Una, ang full family council ay kinabibilangan ng lahat ng miyembro ng pamilya.

Sinasabi sa polyeto ng Simbahan na pinamagatang *Ang Aming Pamilya* na, "Ang council na ito ay maaaring magpulong upang pag-usapan ang mga problema ng pamilya, ayusin ang pananalapi, magplano, suportahan at palakasin ang isa't isa, at ipagdasal ang isa't isa at ang buong pamilya."[2]

Ang council na ito ay dapat magpulong sa nakaplanong oras at karaniwan ay mas pormal kaysa sa iba pang uri ng family council.

Dapat itong magsimula sa panalangin, o maaari itong maging natural na karugtong ng mga pag-uusap na nagsimula na sa ibang setting. Tandaan lamang na ang family council ay

maaaring hindi laging simulan o wakasan nang pormal.

Kapag handa ang mga magulang at nakikinig at nakikibahagi ang mga anak sa talakayan, talagang gumagana ang family council!

Anuman ang sitwasyon ng ating pamilya, mahalagang maunawaan natin ang kakaibang kalagayan ng bawat miyembro ng pamilya. Kahit magkakadugo tayo, maaaring may mga sitwasyon at kalagayan sa atin na lubhang kakaiba sa isa't isa at kailangang pagtulungang lutasin nang may habag sa family council.

Halimbawa, maaaring hindi malutas ng lahat ng usapan at kuwentuhan at pagmamahalan sa mundo ang isang karamdaman o emosyonal na pagsubok na dinaranas ng isa o mas marami pang miyembro ng pamilya. Sa gayong mga pagkakataon, ang family council ay nagiging isang lugar ng pagkakaisa, katapatan, at pagmamahalan habang humihingi ng tulong sa iba ang pamilya.

Ang magkakapatid, lalo na ang mga nakatatanda, ay maaaring maging mabibisang tagapagturo sa maliliit na bata kung gagamitin ng mga magulang ang family council sa paghahanap ng tulong at suporta sa oras ng paghihirap at problema.

Sa ganitong paraan, ang pamilya ay parang isang ward. Kapag isinali ng bishop ang mga miyembro ng ward council, malulutas niya ang mga problema at malaking kabutihan ang magagawa niya sa mga paraan na hinding-hindi niya magagawa nang walang tulong nila. Sa gayon ding paraan, kailangang isali ng mga magulang ang lahat ng miyembro ng pamilya sa paglutas sa mga hamon at paghihirap. Sa gayong paraan, napapagana ang kapangyarihan ng family council. Kapag nadama ng mga miyembro ng council na kasama sila sa pagdedesisyon, nagiging mga tagasuporta sila at magkakaroon ng mga positibong resulta.

Hindi lahat ng family council ay binubuo ng dalawang magulang at mga anak. Ang inyong family council ay maaaring lubhang maiba kaysa aming family council noong pinalalaki namin ang aming pitong anak. Ngayon kami lang ni Barbara ang bumubuo ng aming family council, maliban kung magdaos kami ng extended family council na kasama ang aming mga anak na nasa hustong gulang, kanikanilang asawa, at kung minsa'y ang aming mga apo at apo-sa-tuhod.

Ang mga wala pang asawa at kahit ang mga estudyanteng malayo sa bahay ang tirahan ay magagawa pa rin ang council na ito na itinakda ng langit sa pakikipagtipon sa mga kaibigan at kasama sa tirahan upang magsanggunian.

Isipin kung paano magbabago ang kapaligiran sa isang apartment kung ang magkakasamang nakatira doon ay palaging magtitipon para sama-samang magdasal, makinig, mag-usap-usap, at magplano.

Maiaangkop ng lahat ang family council para mapakinabangan ang banal na huwarang ito na itinakda ng ating mapagmahal na Ama sa Langit.

Tulad ng sinabi ko, paminsan-minsan ay maaaring makatulong ang expanded family council. Ang expanded family council ay maaaring buuin ng mga lolo't lola at mga anak na nasa hustong gulang na hindi nakatira sa bahay ng mga magulang. Kahit nakatira sa malayo ang mga lolo't lola o mga anak na nasa hustong gulang, maaari silang makibahagi sa mga family council gamit ang telepono, Skype, o FaceTime.

Maaari kayong magdaos ng general family council sa araw ng Linggo, na siyang unang araw ng linggo; maaaring suriin ng mga pamilya ang nakaraang linggo at magplano para sa darating na linggo. Maaaring ito mismo ang kailangan ng inyong pamilya para maging masayang karanasan ang araw ng Sabbath.

Ang ikalawang uri ng family council ay ang executive family council na mga magulang lang ang kasali. Sa oras na ito na magkasama sila, maaaring suriin ng mga magulang ang pisikal, emosyonal, at espirituwal na mga pangangailangan at pag-unlad ng bawat anak nila.

Magandang oras din ang executive family council para pag-usapan ng mga mag-asawa ang kanilang personal na relasyon sa isa't isa. Nang ibuklod kami ni Elder Harold B. Lee, tinuruan niya kami ng isang alituntunin na palagay ko ay makakatulong sa lahat ng mag-asawa. Sinabi niya, "Huwag matulog nang hindi kayo magkasamang lumuluhod, na magkahawak-kamay, at nagdarasal. Ang gayong mga panalangin ay nag-aanyaya sa Ama sa Langit na payuhan tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu."

Ang ikatlong uri ng family council ay ang limited family council. Dito, kapwa gumugugol ng oras ang mag-asawa sa bawat anak sa pormal o di-pormal na paraan. Isang pagkakataon ito para matalakay ang *maagang pagdedesisyon* tungkol sa mga bagay

na kanilang gagawin o hindi gagawin sa hinaharap. Kapag ginawa ang mga desisyong iyon, maaari nilang isulat ang mga ito para maging reperensya sa hinaharap kung kailangan. Kung nakikita ng inyong anak na matibay ang suporta ninyo sa kanya, ang council meeting na ito ay maaaring magtakda ng mga mithiin at layunin para sa hinaharap. Oras din ito para pakinggang mabuti ang mabibigat na problema at hamon na maaaring nakaharap ng isang anak tulad ng kawalan ng tiwala sa sarili, pang-aabuso, pang-aapi, o takot.

Ang ikaapat na uri ng family council ay ang one-on-one family council ng isang magulang at isang anak. Ang uring ito ng family council ay karaniwang basta na lang nangyayari. Halimbawa, maaaring samantalahin ng magulang at anak ang di-pormal na mga pagkakataon habang nakasakay sila sa kotse o gumagawa sa bahay. Ang paglabas na kasama ng ama o ina ang isang anak ay maaaring maglaan ng espesyal na espirituwal at emosyonal na sandali para magkasama. Maaga itong markahan sa kalendaryo para maabangan at asamin ng mga anak ang espesyal na sandaling makakasama si Inay o Itay.

Ngayon, mga kapatid, noong araw nasa loob ng ating tahanan ang lahat ng depensang kailangan natin laban sa mga panghihimasok at impluwensya sa labas. Nagkandado tayo ng mga pintuan, nagsara ng mga bintana; nagpinid tayo ng mga tarangkahan; at nadama nating ligtas, may katiwasayan, at protektado na tayo sa sarili nating munting kanlungan mula sa mundo sa labas.

Lipas na ang panahong iyon. Ang pisikal na mga pader, pintuan, bakod, at tarangkahan ng ating tahanan ay hindi kayang pigilan ang di-nakikitang pagpasok ng Internet, Wi-Fi, mga mobile phone, at network. Mapapasok ng mga ito ang ating tahanan sa pagklik at pag-type lamang sa computer.

Mabuti na lang, naglaan ng paraan ang Panginoon para malabanan ang pagpasok ng negatibong teknolohiya na maaaring gumambala sa atin mula sa makabuluhang paggugol ng oras sa isa't isa. Nagawa Niya ito nang ilaan Niya ang sistema ng mga council para

palakasin, protektahan, iligtas, at pangalagaan ang ating pinakamahahalagang relasyon.

Kailangang-kailangan ng mga anak ang mga magulang na handang makinig sa kanila, at ang family council ang oras upang matuto ang mga miyembro ng pamilya na unawain at mahalin ang isa't isa.

Itinuro ni Alma, "Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan."[3] Ang pag-anyaya sa Panginoon sa panalangin na maging bahagi ng ating family council ay magpapaigi sa ating relasyon sa isa't isa. Kaya natin, sa tulong ng Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas, na maging mas mapagpasensya, maalalahanin, matulungin, mapagpatawad, at maunawain kapag humingi tayo ng tulong sa panalangin. Sa tulong Nila, magagawa nating munting langit sa lupa ang ating tahanan.

Ang family council na kahalintulad ng mga council sa langit, na puspos ng pagmamahal ni Cristo, at ginagabayan ng Espiritu ng Panginoon ay tutulungan tayong protektahan ang ating pamilya mula sa mga panggagambalang sasayang sa mahalagang oras na magkakasama tayo at poprotektahan tayo mula sa mga kasamaan ng mundo.

Kapag sinamahan ng panalangin, dadalo sa family council ang Tagapagligtas, tulad ng ipinangako Niya: "Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila."[4] Ang pag-anyaya sa Espiritu ng Panginoon na maging bahagi ng inyong mga family council ay nagdudulot ng mga pagpapalang hindi kayang ilarawan.

Sa huli, tandaan lamang na ang family council na palagiang idinaraos ay tutulungan tayong mapansin nang maaga ang mga problema ng pamilya at malutas ang mga ito bago pa ito lumala; madarama ng bawat miyembro ng pamilya na sila ay may kahalagahan at mahalaga; at higit sa lahat matutulungan tayo nito na maging mas matagumpay at masaya sa ating mahahalagang relasyon, sa loob ng ating tahanan. Nawa'y pagpalain ng Ama sa Langit ang ating pamilya kapag nagsanggunian tayo, ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Abraham 4:26; 5:2–3.
2. *Our Family: A Practical Guide for Building a Gospel-Centered Home* (polyeto, 1980), 6.
3. Alma 37:37.
4. Mateo 18:20.



Ni Pangulong Russell M. Nelson
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood

Handa ba tayong manalangin, mag-ayuno, mag-aral, maghangad, sumamba, at maglingkod bilang kalalakihan ng Diyos upang mapasaatin ang kapangyarihan ng priesthood?

Anim na buwan na ang nakararaan sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015, nagsalita ako sa kababaihan ng Simbahan tungkol sa kanilang banal na tungkulin bilang kababaihan ng Diyos. Ngayon ay nais kong magsalita sa inyong kalalakihan tungkol sa inyong banal na tungkulin bilang kalalakihan ng Diyos. Sa paglalakbay ko sa mundo, namamangha ako sa lakas at lubos na kabutihan ng mga lalaki ng Simbahang ito. Talagang walang tiyak na paraan para mabilang ang sugatang mga pusong napagaling ninyo at mga buhay na napasigla ninyo. Salamat!

Sa aking mensahe noong huling kumperensya, ikinuwento ko ang aking nakapanlulumong karanasan maraming taon na ang nakararaan na, bilang heart surgeon, hindi ko nagawang iligtas ang buhay ng dalawang batang babae. Sa pahintulot ng kanilang ama, gusto kong magsalita pa tungkol sa pamilyang iyon.

May congenital heart disease ang tatlong anak nina Ruth at Jimmy Hatfield. Ang una nilang anak na si Jimmy Jr. ay namatay nang walang tiyak na diagnosis. Pumasok ako sa buhay nila nang humingi ng tulong ang mga magulang para sa kanilang dalawang anak na babae, si Laural Ann at ang nakababata niyang kapatid na si Gay Lynn. Nasaktan ako nang mamatay pareho ang mga batang ito matapos silang maoperahan.[1] Maliwanag na espirituwal na nanghina sina Ruth at Jimmy.

Sa paglipas ng panahon, nalaman ko na nagkimkim sila ng hinanakit sa akin at sa Simbahan. Sa loob halos ng anim na dekada, pinahirapan ako ng sitwasyong ito at nagdalamhati ako para sa mga Hatfield. Ilang beses ko silang sinubukang kontakin, pero hindi ako nagtagumpay.

Pagkatapos isang gabi noong nakaraang Mayo, ginising ako ng dalawang batang iyon mula sa kabilang panig ng tabing. Bagama't hindi ko sila nakita o narinig, nadama ko ang kanilang presensya. Espirituwal kong narinig ang kanilang mga pagsamo. Ang mensahe nila ay maikli at malinaw: "Brother Nelson, hindi kami nakabuklod kaninuman! *Matutulungan ba ninyo kami?"* Hindi naglaon, nalaman ko na pumanaw na ang kanilang ina, ngunit buhay pa ang kanilang ama at nakababatang kapatid na lalaki.

Pinatapang ng mga pagsamo nina Laural Ann at Gay Lynn, muli kong sinubukang kontakin ang kanilang ama, na nalaman kong nakatira sa kanyang anak na si Shawn. Sa pagkakataong ito'y handa na silang makipagkita sa akin.

Sina Pangulong Russell M. Nelson at Sister Wendy Nelson sa Payson Utah Temple kasama ang mga miyembro ng pamilya ni Jimmy Hatfield.

Noong Hunyo, literal akong lumuhod sa harap ni Jimmy, na ngayo'y 88 taong gulang na, at masinsinan kaming nag-usap. Binanggit ko ang mga pagsamo ng kanyang mga anak at sinabi sa kanya na ikararangal kong isagawa ang ordenansa ng pagbubuklod para sa kanyang pamilya. Ipinaliwanag ko rin na kailangang pag-ukulan nila ni Shawn ng panahon at malaking pagsisikap na maging handa at marapat na makapasok sa templo, dahil hindi pa na-endow ang sinuman sa kanila.

Nadama ang Espiritu ng Panginoon sa buong pag-uusap na iyon. At nang tanggapin nina Jimmy at Shawn ang aking alok, tuwang-tuwa ako! Masigasig silang nakipagtulungan sa kanilang stake president, bishop, mga home teacher, at ward mission leader, gayundin sa mga binatang missionary at sa isang senior missionary couple. At pagkatapos, hindi pa natatagalan, sa Payson Utah Temple, nagkaroon ako ng malaking pribilehiyong ibuklod si Ruth kay Jimmy at ang apat nilang anak sa kanila. Napaiyak kami ni Wendy nang lumahok kami sa nakaaantig na karanasang iyon. Maraming sugatang puso ang napagaling sa araw na iyon!

Sa aking pagninilay, namangha ako kina Jimmy at Shawn at sa anuman na handa nilang gawin. Naging mga bayani sila sa akin. Kung makakamtan ko lang ang naisin ng puso ko, ito ay na maipamalas ng bawat binata at binatilyo sa Simbahang ito ang tapang, lakas, at kababaang-loob ng mag-amang ito. Handa silang magpatawad at kalimutan ang nagdaang mga pasakit at gawi. Handa silang sumunod sa patnubay ng kanilang mga priesthood leader upang mapadalisay at mapaibayo sila ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo . Bawat isa ay handang maging isang lalaking karapat-dapat na magtaglay ng priesthood "alinsunod sa pinakabanal na orden ng Diyos."[2]

Ang ibig sabihin ng *magtaglay o magpasan* ay suportahan ang bigat ng bagay na hawak-hawak. Sagrado ang mapagkatiwalaang magtaglay ng priesthood, ang malaking kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Isipin ito: ang priesthood na ipinagkaloob sa atin ay *mismong kapangyarihan at awtoridad* na ginamit ng Diyos sa paglikha sa mundong ito at sa di-mabilang na mga mundo, sa pamamahala sa langit at lupa, at sa pagpapadakila sa Kanyang masunuring mga anak.[3]

Kamakailan, nasa isang miting kami ni Wendy kung saan nakapuwesto at handa na ang organista na tugtugin ang pambungad na himno. Nakatutok ang kanyang mga mata sa piyesa, at ang kanyang mga daliri ay nasa mga tiklado. Sinimulan niyang tipahin ang mga tiklado, ngunit walang lumabas na tunog. Ibinulong ko kay Wendy, "Walang dumaloy na kuryente." Inisip ko na may pumigil sa pagdaloy ng kuryente sa organong iyon.

Mga kapatid, sa gayon ding paraan, nangangamba ako na napakaraming lalaking nabigyan ng *awtoridad* ng priesthood ngunit walang *kapangyarihan* ng priesthood dahil ang pagdaloy ng kapangyarihan ay nabarahan ng mga kasalanang tulad ng katamaran, pagsisinungaling, kapalaluan, imoralidad, o kaabalahan sa mga makamundong bagay.

Nangangamba ako na napakaraming maytaglay ng priesthood na kakaunti o walang nagawa para mapaunlad ang kanilang kakayahang magamit ang mga kapangyarihan ng langit. Nag-aalala ako sa lahat ng taong marumi ang isipan, damdamin, o gawain o minamaliit ang kanilang asawa o mga anak, kaya

nawawalan siya ng kapangyarihan ng priesthood.

Nangangamba ako na napakarami ang nakalulungkot na isinuko ang kanilang kalayaan sa kaaway at ipinapakita sa kanilang pagkilos na, "Mas mahalaga sa akin ang tugunan ang aking sariling mga hangarin kaysa magtaglay ng kapangyarihan ng Tagapagligtas upang basbasan ang iba."

Nangangamba ako, mga kapatid, na ang ilan sa atin ay maaaring magising isang araw at mapagtanto kung ano talaga ang kapangyarihan sa priesthood at labis na manghinayang na gumugol sila ng mas maraming panahon sa paghahangad na magkaroon ng kapangyarihan sa iba o sa trabaho kaysa matutong gamitin nang lubusan ang kapangyarihan ng Diyos.[4] Itinuro ni Pangulong George Albert Smith na "hindi tayo naparito para magpalipas ng oras sa buhay na ito at pagkatapos ay lumipat sa isang mundo ng kadakilaan; kundi naparito tayo para gawing marapat ang ating sarili araw-araw para sa mga katungkulang inaasahan ng ating Ama na gagampanan natin sa kabilang-buhay."[5]

Bakit sasayangin ng sinumang lalaki ang kanyang mga araw at tatanggapin ang mangkok ng lugaw ni Esau[6] samantalang ipinagkatiwala sa kanya ang posibilidad na matanggap ang lahat ng pagpapala kay Abraham?[7]

Pilit akong nagsusumamo sa bawat isa sa atin na maging karapat-dapat sa ating mga pribilehiyo bilang mga maytaglay ng priesthood. Darating ang araw, *tanging* ang mga lalaking seryoso sa kanilang priesthood, sa *masigasig* na paghahangad na maturuan ng Panginoon mismo, ang maaaring magbasbas, gumabay, magprotekta, magpalakas, at magpagaling sa iba. Tanging ang lalaking nagbayad ng halaga ng kapangyarihan ng priesthood ang makagagawa ng mga himala sa kanyang mga minamahal at makakaprotekta sa pagsasama nilang mag-asawa at sa kanyang pamilya, ngayon at magpasawalang-hanggan.

Ano ang halagang kailangan para magkaroon ng gayong kapangyarihan ng priesthood? Ang senior na Apostol ng Tagapagligtas na si Pedro—ang Pedro ding iyon na kasama nina Santiago at Juan na nagkaloob ng Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery[8]—ay nagpahayag ng mga katangiang dapat nating hangarin upang "makabahagi sa kabanalang mula sa Dios."[9]

Tinukoy niya ang pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid, pag-ibig sa kapwa, at kasipagan.[10] At huwag kalimutan ang kababaang-loob![11] Kaya't itinatanong ko, ano ang sasabihin ng ating mga kapamilya, kaibigan, at katrabaho tungkol sa inyo at sa akin sa pagpapaunlad nito at ng iba pang mga espirituwal na kaloob?[12] Kapag lalo tayong nagkaroon ng mga katangiang iyon, lalong mag-iibayo ang ating kapangyarihan ng priesthood.

Paano pa natin mapag-iibayo ang ating kapangyarihan sa priesthood? Kailangan nating manalangin nang taos-puso. Ang magalang na pagsalaysay ng nakaraan at paparating na mga aktibidad, na tinapos sa ilang hiling para sa mga pagpapala, ay hindi maaaring bumuo ng uri ng pakikipagugnayan sa Diyos na nagdudulot ng walang-maliw na kapangyarihan. Handa ba kayong manalangin *upang malaman kung paano manalangin* para sa karagdagang kapangyarihan? Tuturuan kayo ng Panginoon.

Handa ba kayong magsaliksik sa mga banal na kasulatan at magpakabusog sa mga salita ni Cristo[13]—na magaral nang *masigasig* upang magkaroon ng dagdag na kapangyarihan? Kung nais ninyong makitang maantig ang puso ng inyong asawa, hayaan ninyong makita niya na nag-aaral kayo ng doktrina ni Cristo sa Internet[14] o nagbabasa ng inyong mga banal na kasulatan!

Handa ba kayong sumamba sa templo nang regular? Gustung-gustong gawin ng Panginoon ang sarili Niyang

pagtuturo sa Kanyang banal na bahay. Isipin ninyo kung gaano Siya masisiyahan kung hilingin ninyo sa Kanya na turuan kayo tungkol sa mga susi, awtoridad, at kapangyarihan ng priesthood habang nararanasan ninyo ang mga ordenansa ng Melchizedek Priesthood sa banal na templo.[15] Isipin ninyo ang dagdag na kapangyarihan sa priesthood na mapapasainyo.

Handa ba kayong sundan ang halimbawa ni Pangulong Thomas S. Monson sa paglilingkod sa iba? Ilang dekada na niyang ginagawa ang mga bagay na hindi ipinlano, na sinusunod ang mga pahiwatig ng Espiritu na lumapit sa pintuan ng isang tao at marinig ang mga salitang tulad ng, "Paano mo nalaman na anibersaryo ngayon ng kamatayan ng aming anak?" o "Paano mo nalaman na kaarawan ko ngayon?" At kung nais ninyo talagang magkaroon ng dagdag na kapangyarihan sa priesthood, itatangi at mamahalin ninyo ang inyong asawa, at tatanggapin siya *at* ang kanyang payo.

Ngayon, kung sobra na ang lahat ng sinabi ko, isipin lamang kung gaano magiging kaiba ang relasyon natin sa ating asawa, mga anak, at mga kasamahan sa trabaho kung tayo ay mag-aalala tungkol sa pagtatamo ng kapangyarihan ng priesthood na *tulad* ng ating pag-aalala tungkol sa pag-asenso sa trabaho o pagdaragdag ng ipon sa ating bank account. Kung mapagpakumbaba tayong lalapit sa Panginoon at hihiling sa Kanya na turuan tayo, ipapakita Niya sa atin kung paano *natin* higit na matatamo ang *Kanyang* kapangyarihan.

Sa mga huling araw na ito, alam natin na magkakaroon ng mga lindol sa iba't ibang lugar.[16] Malamang ay isa sa iba't ibang lugar na iyon ang ating sariling tahanan, kung saan maaaring magkaroon ng emosyonal, pinansyal, o espirituwal na "mga lindol." Mapapanatag ng kapangyarihan ng priesthood ang mga karagatan at malulunasan ang mga bitak sa lupa. Mapapanatag din ng kapangyarihan ng priesthood ang mga isipan at malulunasan ang mga sugat sa puso ng mga minamahal natin.

Handa ba tayong manalangin, mag-ayuno, mag-aral, maghangad,

sumamba, at maglingkod bilang kalalakihan ng Diyos upang mapasaatin ang gayong uri ng kapangyarihan ng priesthood? Dahil sabik na mabuklod ang dalawang maliliit na batang babae sa kanilang pamilya, handang bayaran ng kanilang ama at kapatid na lalaki ang halaga upang mataglay ang banal na Melchizedek Priesthood.

Mahal kong mga kapatid, pinagkalooban tayo ng isang sagradong pagtitiwala—ang awtoridad ng Diyos na basbasan ang iba. Nawa'y manindigan ang bawat isa sa atin bilang lalaki na inorden ng Diyos noon pa man na maging—handang taglayin ang priesthood ng Diyos nang buong katapangan, sabik na bayaran ang anumang halagang kailangan upang mapag-ibayo ang kanyang kapangyarihan sa priesthood. Gamit ang kapangyarihang *iyon*, makakatulong tayong ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ito ang Kanyang Simbahan, na pinamumunuan ngayon ng Kanyang propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na lubos kong minamahal at sinusuportahan. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96.
2. Doktrina at mga Tipan 84:18.
3. Tingnan sa *Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote: Saligang Manwal para sa mga Maytaglay ng Priesthood, mga Bahagi A* at *B* (2000); tingnan din sa Alma 13:7–8; Doktrina at mga Tipan 84:17–20, 35–38; Moises 1:33, 35.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:36.
5. George Albert Smith, sa Conference Report, Abr. 1905, 62; tingnan din sa *The Teachings of George Albert Smith,* inedit nina Robert at Susan McIntosh (1996), 17.
6. Tingnan sa Genesis 25:29–34.
7. Tingnan sa Genesis 12:3; 17:2–8; Mga Taga Galacia 3:29; 1 Nephi 15:14–18; Abraham 2:9–11.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:20. Unang ibinigay ng Tagapagligtas, ni Moises, at ni Elijah (na kung minsa'y tinatawag na Elias) ang mga susi kina Pedro, Santiago, at Juan sa bundok nang magbagong-anyo si Jesus sa kanilang harapan (tingnan sa Mateo 17:1–4; Marcos 9:2–9; Lucas 9:28–30; Doktrina at mga Tipan 63:21).
9. II Ni Pedro 1:4.
10. Tingnan sa II Ni Pedro 1:5–10.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 4:6 (paunawa: dito, sa paghahayag kay Joseph Smith, idinagdag ng Panginoon ang *kababaang-loob* sa listahan ni Pedro).
12. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:4–11; Moroni 10:8–17; Doktrina at mga Tipan 46:11.
13. Tingnan sa 2 Nephi 32:3.
14. Tingnan sa 2 Nephi 31:2–21.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–20.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:33.

Ni Stephen W. Owen
Young Men General President

Ang Pinakadakilang mga Pinuno ay ang Pinakadakilang mga Alagad

Magkakaroon ng mga pagkakataon na ang daang tatahakin ay tila madilim, ngunit patuloy na sundan ang Tagapagligtas. Alam Niya ang daan; katunayan, Siya ang daan.

Noong 12 anyos ako, isinama ako ni Itay na mangaso sa kabundukan. Gumising kami nang alas-3:00 ng umaga, naglagay ng sintadera sa aming mga kabayo, at nagsimulang maglakbay sa mapunong gilid ng bundok sa dilim. Kahit mahilig akong mangaso na kasama si Itay, medyo kabado ako sa sandaling iyon. Hindi pa ako nakarating sa kabundukang ito kahit kailan, at hindi ko makita ang daan—o anupamang ibang bagay! Ang tanging nakikita ko ay ang maliit na flashlight na dala ni Itay na bahagyang iniilawan ang mga puno ng pino sa aming daanan. Paano kung madulas at mahulog ang kabayo ko—nakikita man lang kaya niya kung saan siya papunta? Pero napanatag ako sa ideyang ito: "Alam ni Itay kung saan siya papunta. Kung susundan ko siya, magiging maayos ang lahat."

At naging maayos nga ang lahat. Kalaunan ay umaraw na, at naging masaya ang pagsasama namin. Nang papauwi na kami, itinuro ni Itay ang isang maringal at nakakiling na ituktok na namumukod-tangi sa iba. "Iyan ang Windy Ridge," sabi niya. "Doon magandang mangaso." Agad kong nabatid na gusto kong bumalik at umakyat sa Windy Ridge balang araw.

Sa sumunod na mga taon, madalas kong marinig na magkuwento si Itay tungkol sa Windy Ridge, pero hindi na kami bumalik doon kahit kailan—hanggang isang araw, pagkaraan ng 20 taon, tinawagan ko si Itay at sinabi kong, "Pumunta tayo sa Windy." Muli kaming naglagay ng sintadera sa aming mga kabayo at nagsimulang umakyat sa gilid ng bundok. Ngayo'y bihasa na akong mangabayo sa edad na mahigit 30, subalit nagulat ako na kabado pa rin ako tulad noong 12 anyos ako. Pero alam ni Itay ang daan, at sinundan ko siya.

Sa wakas ay nakarating kami sa tuktok ng Windy. Nakasisigla ang tanawin, at labis kong nadama na gusto kong bumalik—hindi para sa akin sa pagkakataong ito kundi para sa asawa't mga anak ko. Gusto kong maranasan nila ang naranasan ko.

Sa paglipas ng mga taon, nagkaroon na ako ng maraming pagkakataon na pamunuan ang aking mga anak na lalaki at iba pang mga kabataang lalaki sa mga tuktok ng bundok, tulad ng pamumuno sa akin ni Itay. Nahikayat ako ng mga karanasang ito na pagnilayan ang ibig sabihin ng mamuno—at ang ibig sabihin ng sumunod.

Si Jesucristo, ang Pinakadakilang Pinuno at ang Pinakadakilang Alagad

Kung tatanungin ko kayo, "Sino ang pinakadakilang pinuno na nabuhay?"—ano ang isasagot ninyo? Ang sagot, siyempre, ay si Jesucristo. Nagpakita Siya ng perpektong halimbawa ng lahat ng maiisip na katangian ng isang pinuno.

Pero paano kung itanong ko sa inyo, "Sino ang pinakadakilang *alagad* na nabuhay?"—hindi ba ang sagot ulit ay si Jesucristo? Siya ang pinakadakilang pinuno *dahil* Siya ang pinakadakilang alagad—sinusunod Niya nang lubusan ang Kanyang Ama, sa lahat ng bagay.

Itinuturo ng mundo na kailangang maging makapangyarihan ang mga

Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

ANG UNANG PANGULUHAN

Henry B. Eyring
Unang Tagapayo

Thomas S. Monson
Pangulo

Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL


Russell M. Nelson

Dallin H. Oaks

M. Russell Ballard

Robert D. Hales

Jeffrey R. Holland

David A. Bednar

Quentin L. Cook

D. Todd Christofferson

Neil L. Andersen

Ronald A. Rasband

Gary E. Stevenson

Dale G. Renlund

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU

L. Whitney Clayton

Donald L. Hallstrom

Richard J. Maynes

Craig C. Christensen

Ulisses Soares

Lynn G. Robbins

Gerrit W. Gong

MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(ayon sa alpabeto)

Marcos A. Aidukaitis
Jose L. Alonso
Wilford W. Andersen
Ian S. Ardern
Mervyn B. Arnold
W. Mark Bassett
David S. Baxter
Randall K. Bennett
Shayne M. Bowen
Mark A. Bragg
Craig A. Cardon
Yoon Hwan Choi
Kim B. Clark
Weatherford T. Clayton
Carl B. Cook
Lawrence E. Corbridge
Valeri V. Cordón
J. Devn Cornish
Claudio R. M. Costa
Joaquin E. Costa
LeGrand R. Curtis Jr.
Massimo De Feo
Benjamín De Hoyos
Edward Dube
Kevin R. Duncan
Timothy J. Dyches
Larry J. Echo Hawk
Stanley G. Ellis
David F. Evans
Enrique R. Falabella
Bradley D. Foster
Randy D. Funk
Eduardo Gavarret
Robert C. Gay
Carlos A. Godoy
Christoffel Golden
Walter F. González
C. Scott Grow
O. Vincent Haleck
Kevin S. Hamilton
James J. Hamula
Allen D. Haynie
Daniel L. Johnson
Paul V. Johnson
Larry S. Kacher
Patrick Kearon
Von G. Keetch
Jörg Klebingat
Erich W. Kopischke
Larry R. Lawrence
Per G. Malm
Hugo E. Martinez
James B. Martino
Jairo Mazzagardi
Peter F. Meurs
Hugo Montoya
Marcus B. Nash
K. Brett Nattress
S. Gifford Nielsen
Brent H. Nielson
Adrián Ochoa
Allan F. Packer
S. Mark Palmer
Kevin W. Pearson
Anthony D. Perkins
Paul B. Pieper
Rafael E. Pino
Bruce D. Porter
Kent F. Richards
Michael T. Ringwood
Gary B. Sabin
Evan A. Schmutz
Gregory A. Schwitzer
Joseph W. Sitati
Steven E. Snow
Vern P. Stanfill
Michael John U. Teh
José A. Teixeira
Juan A. Uceda
Amulfo Valenzuela
Francisco J. Viñas
Terence M. Vinson
Scott D. Whiting
Larry Y. Wilson
Chi Hong (Sam) Wong
Kazuhiko Yamashita
Jorge F. Zeballos
Claudio D. Zivic
W. Craig Zwick

ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies
Unang Tagapayo

Gérald Caussé
Presiding Bishop

W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo

MGA PANGKALAHATANG OPISYAL

SUNDAY SCHOOL

Devin G. Durrant
Unang Tagapayo

Tad R. Callister
Pangulo

Brian K. Ashton
Pangalawang Tagapayo

YOUNG WOMEN

Carol F. McConkie
Unang Tagapayo

Bonnie L. Oscarson
Pangulo

Neill F. Marriott
Pangalawang Tagapayo

RELIEF SOCIETY

Carole M. Stephens
Unang Tagapayo

Linda K. Burton
Pangulo

Linda S. Reeves
Pangalawang Tagapayo

PRIMARY

Jean B. Bingham
Unang Tagapayo

Joy D. Jones
Pangulo

Bonnie H. Cordon
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN

Douglas D. Holmes
Unang Tagapayo

Stephen W. Owen
Pangulo

M. Joseph Brough
Pangalawang Tagapayo

pinuno; itinuturo ng Panginoon na kailangan ay mapagpakumbaba sila. Ang mga makamundong pinuno ay nagtatamo ng kapangyarihan at impluwensya sa pamamagitan ng kanilang talento, kasanayan, at yaman. Ang mga pinunong katulad ni Cristo ay nagtatamo ng kapangyarihan at impluwensya "sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig."[1]

Sa mga mata ng Diyos, ang pinakadakilang mga pinuno noon pa man ay ang pinakadakilang mga alagad.

Magbabahagi ako ng dalawang karanasan mula sa mga pakikisalamuha ko kailan lang sa mga kabataang lalaki ng Simbahan na nagturo sa akin tungkol sa pamumuno at pagsunod.

Tayong Lahat ay mga Pinuno

Kamakailan ay dumalo kaming mag-asawa sa isang sacrament meeting na malayo sa aming home ward. Bago nagsimula ang miting, lumapit sa akin ang isang kabataang lalaki at nagtanong kung gusto kong tumulong sa pagpasa ng sakramento. Sabi ko, "Matutuwa akong gawin iyan."

Umupo ako sa tabi ng iba pang mga deacon at tinanong ko ang katabi ko, "Ano ang assignment ko?" Sabi niya, magsisimula raw akong magpasa sa likuran ng chapel sa bandang gitna at tatapatan niya ako sa kabila, at unti-unti kaming uusad sa unahan.

Sabi ko, "Matagal ko nang hindi nagagawa ito."

Sagot niya, "OK lang iyan. Kaya mo iyan. Ganyan din ang pakiramdam ko nang magsimula ako."

Kalaunan ang pinakabatang deacon sa korum, na ilang linggo pa lang naorden, ay nagbigay ng mensahe sa sacrament meeting. Pagkatapos ng miting, pinalibutan siya ng ibang mga deacon at sinabi sa kanya kung gaano nila ipinagmamalaki ang kamiyembro nila sa korum.

Nang bisitahin ko sila noong araw na iyon, nalaman ko na binibisita ng mga miyembro ng mga Aaronic Priesthood quorum sa ward na iyon ang iba pang mga kabataang lalaki linggu-linggo at inaanyayahan silang makibahagi sa kanilang mga korum.

Lahat ng kabataang lalaking ito ay dakilang mga pinuno. At malinaw na may magagaling silang mayhawak ng Melchizedek Priesthood, magulang, at iba pa na nagturo sa kanila ng kanilang mga tungkulin. Nakikita ng mapagmahal na mga adult na ito ang mga kabataang lalaki hindi lamang kung sino sila kundi kung ano ang maaari nilang kahihinatnan. Kapag kinakausap o pinag-uusapan nila ang mga kabataang lalaki, hindi sila nagtutuon sa kanilang mga kakulangan. Sa halip, binibigyang-diin nila ang mga dakilang katangian ng pamumuno na ipinapakita nila.

Mga kabataang lalaki, ganyan ang tingin sa inyo ng Panginoon. Inaanyayahan ko kayo na tingnan ninyo ang inyong sarili sa ganitong paraan. Magkakaroon ng mga pagkakataon sa inyong buhay na tatawagin kayo para mamuno. Sa ibang mga pagkakataon, aasahan kayong sumunod. Ngunit ang mensahe ko sa inyo ngayon ay na anuman ang calling ninyo, lagi kayong isang pinuno, at lagi kayong isang alagad. Ang pamumuno ay isang pagpapahayag ng pagkadisipulo—pagtulong lamang ito sa iba na lumapit kay Cristo, na siyang ginagawa ng tunay na mga disipulo. Kung sisikapin ninyong maging alagad ni Cristo, matutulungan ninyo ang iba na sumunod sa Kanya at maaaring kayo ang maging pinuno.

Ang kakayahan ninyong mamuno ay hindi nagmumula sa hilig ninyong makipagkaibigan, kasanayan ninyong manghikayat, o kahit sa husay ninyong

magsalita sa publiko. Nagmumula ito sa pangako ninyong sumunod kay Jesucristo. Nagmumula ito sa hangarin ninyo, sabi nga ni Abraham, na maging "isang higit na dakilang [alagad] ng kabutihan."[2] Kung magagawa ninyo iyan—kahit hindi kayo perpekto rito, ngunit nagsisikap kayo—kayo *ay* isang pinuno.

Ang Paglilingkod sa Priesthood ay Pamumuno

Sa isa pang pagkakataon, nasa New Zealand ako at bumibisita sa tahanan ng isang ina na hiwalay sa asawa na may tatlong anak na tinedyer. Ang panganay na anak na lalaki ay 18 at tumanggap na ng Melchizedek Priesthood noon lang nakaraang Linggo. Itinanong ko kung nagamit na niya ang priesthood na ito. Sabi niya, "Hindi ko tiyak kung ano ang ibig sabihin niyan."

Sinabi ko sa kanya na may awtoridad na siya ngayong magbigay ng basbas ng priesthood para sa kapanatagan o paggaling. Tumingin ako sa kanyang ina, na maraming taon nang walang mayhawak ng Melchizedek Priesthood sa kanyang tabi. "Sa palagay ko masaya," sabi ko, "kung mabibigyan mo ng basbas ang nanay mo."

Sagot niya, "Hindi ko alam kung paano."

Ipinaliwanag ko na maaari niyang ipatong ang kanyang mga kamay sa ulo ng kanyang ina, sabihin ang pangalan nito, ipahayag na binabasbasan niya ito sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood, sabihin ang anumang ipasok ng Espiritu sa kanyang puso't isipan, at tapusin ito sa pangalan ni Jesucristo.

Kinabukasan, nakatanggap ako ng email mula sa kanya. Sabi roon: "Binasbasan ko ang nanay ko ngayong gabi. . . . Kabadong-kabado ako at nakaramdam ako ng kakulangan, kaya patuloy akong nanalangin upang matiyak na sumasaakin ang Espiritu, dahil hindi ako makakapagbasbas nang wala ito. Nang magsimula ako, lubos kong kinalimutan ang aking sarili at aking mga kahinaan. . . . [Hindi ko inasahan] ang matinding espirituwal at emosyonal na kapangyarihang nadama ko. . . . Pagkatapos ay nakadama ako ng napakatinding pagmahahal at hindi ko napigilan ang aking damdamin, kaya niyakap ko ang nanay ko at umiyak ako na parang bata. . . . Kahit ngayong isinusulat ko ito, [nadarama ko] ang Espiritu [nang napakatindi kaya] ayaw ko nang magkasalang muli. . . . Mahal ko ang ebanghelyong ito."[3]

Hindi ba nakakaantig na makita kung paano nakakayang gumawa ng mga dakilang bagay ang tila isang karaniwang binata sa pamamagitan ng paglilingkod sa priesthood, kahit nadarama niya na may kakulangan siya? Nalaman ko kamakailan lang na natanggap na ng binatang elder na ito ang kanyang mission call at papasok na sa missionary training center sa isang buwan. Naniniwala ako na aakayin niya ang maraming kaluluwa kay Cristo dahil natutuhan niya kung paano sumunod kay Cristo sa kanyang paglilingkod sa priesthood—simula sa kanyang sariling tahanan, kung saan malaki ang impluwensya ng kanyang halimbawa sa kanyang 14-anyos na kapatid na lalaki.

Mga kapatid, natatanto man natin o hindi, mataas ang tingin ng mga tao sa atin—mga kapamilya, kaibigan, kahit mga estranghero. Hindi sapat para sa atin bilang mga mayhawak ng priesthood na lumapit lang kay Cristo; ang tungkulin natin ngayon ay "mag-aanyaya sa *lahat* na lumapit kay Cristo."[4] Hindi tayo masisiyahang tumanggap ng mga espirituwal na pagpapala para sa ating sarili; kailangan nating akayin ang mga taong mahal natin na tanggapin din ang mga pagpapalang iyon—at bilang mga disipulo ni Jesucristo, kailangan nating mahalin ang lahat ng tao. Ang utos ng Tagapagligtas kay Pedro ay utos din sa atin: "Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid."[5]

Sundan ang Lalaki ng Galilea

Magkakaroon ng mga pagkakataon na ang daang tatahakin ay tila madilim, ngunit patuloy na sundan ang Tagapagligtas. Alam Niya ang daan; katunayan, Siya *ang* daan.[6] Habang mas masigasig kayong lumalapit kay Cristo, mas titindi ang paghahangad ninyong tulungan ang iba na maranasan ang naranasan ninyo. Ang isa pang tawag sa damdaming ito ay pag-ibig sa kapwa, "na ipinagkaloob [ng Ama] sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo"[7] Sa gayon ay malalaman ninyo na sa pagsunod mismo kay Cristo, inaakay rin ninyo ang iba patungo sa Kanya, sapagkat sabi nga ni Pangulong Thomas S. Monson, "Habang sinusunod natin ang Lalaking ito na taga Galilea—maging ang Panginoong Jesucristo—madarama ang ating personal na impluwensya sa kabutihan saanman tayo naroon, anuman ang ating katungkulan."[8]

Pinatototohanan ko na ito ang tunay na Simbahan ni Cristo. Pinamumunuan tayo ng isang propeta ng Diyos, si Pangulong Monson—isang dakilang pinuno na isa ring tunay na alagad ng Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:41.
2. Abraham 1:2.
3. Personal na pakikipagsulatan; pinagpare-pareho ang pagbabaybay at pagbabantas.
4. Doktrina at mga Tipan 20:59; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Lucas 22:32.
6. Tingnan sa Juan 14:6.
7. Moroni 7:48.
8. Thomas S. Monson, "Ang Iyong Personal na Impluwensya," *Liahona,* Mayo 2004, 20.

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Bilang Papuri sa mga Taong Nagliligtas

Kapag tinularan natin ang pagmamahal ng Tagapagligtas, tiyak na pagpapalain at pauunlarin Niya ang ating matwid na mga pagsisikap na iligtas ang relasyon natin sa ating asawa at patatatagin ang ating pamilya.

Maraming taon na ang nakaraan, nasa Frankfurt Germany Temple ako nang mapansin ko ang isang matandang mag-asawang magkahawak-kamay. Ang magiliw na pagsuyo at pagmamahal na ipinakita nila sa isa't isa ay nagpasaya sa puso ko.

Hindi ko lubos na natitiyak kung bakit labis akong naapektuhan ng tagpong ito. Siguro'y dahil sa tamis ng pagmamahalan ng dalawang taong ito—isang nakahihikayat na simbolo ng pagtitiyaga at katapatan. Malinaw na matagal nang nagsasama ang mag-asawang ito at mainit at matatag pa rin ang kanilang pagmamahalan.

Isang Lipunan ng mga Puwedeng Itapon

Palagay ko ang isa pang dahilan kaya nakintal nang napakatagal sa isip ko ang madamdaming tagpong ito ay ang kaibhan nito sa ilan sa mga pag-uugali ngayon. Sa napakaraming lipunan sa buong mundo, lahat ng bagay ay parang puwedeng itapon. Sa sandaling masira o maluma ang isang bagay—o kahit kapag pinagsawaan lang natin ito—itinatapon natin ito at pinapalitan ng mas moderno, mas bago o mas kaibig-ibig.

Ginagawa natin ito sa mga cell phone, damit, kotse—at, ang malungkot, maging sa mga relasyon.

Bagama't maaaring mahalaga na alisin na sa buhay natin ang materyal na mga bagay na hindi na natin kailangan, pagdating sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan—ang ating asawa, pamilya, at mga pinahahalagahan—ang desisyong palitan ng moderno ang orihinal ay maaaring labis nating pagsisihan.

Nagpapasalamat ako na kabilang ako sa isang simbahan na nagpapahalaga sa kasal at pamilya. Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay kilala sa buong mundo na may ilan sa pinakamatiwasay na mga pagsasama ng mag-asawa at pamilya na inyong makikita. Naniniwala ako na bahagi ng dahilan ang mahalagang katotohanang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith na ang pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya ay nilayong maging walang hanggan. Ang mga pamilya ay hindi lamang kailangang mabuhay nang mas maayos dito sa lupa at itapon pagdating natin sa langit. Bagkus, ito ang *patakaran* ng langit. Ito ay halimbawa ng isang selestiyal na huwaran at kahalintulad ng walang-hanggang pamilya ng Diyos.

Ngunit ang matibay na relasyon ng mag-asawa at pamilya ay hindi nangyayari nang dahil lang sa mga miyembro tayo ng Simbahan. Kailangan dito ang patuloy at sinadyang pagsisikap. Ang doktrina ng mga walang-hanggang pamilya ay kailangang bigyan tayo ng inspirasyon na ilaan ang pinakamatitindi

nating pagsisikap sa pagliligtas at pagpapayaman sa relasyon ng mag-asawa at pamilya. Hinahangaan at pinupuri ko ang mga taong napangalagaan at naaruga ang mahalaga at walang-hanggang mga relasyong ito.

Ngayo'y nais kong papurihan ang mga taong nagliligtas.

Pagliligtas sa Ating mga Pagsasama Bilang Mag-asawa

Sa paglipas ng mga taon, nakagawa na ako ng ordenansa sa pagbubuklod para sa maraming umaasa at nagiibigang mga mag-asawa. Wala pa akong nakilalang sinuman na nag-isip, habang nakatitig sa mga mata ng isa't isa sa altar, na magwawakas ang kanilang pagsasama sa diborsyo o kasawian.

Sa kasamaang-palad, nangyayari iyon sa ilan.

Kahit paano, sa pagdaan ng mga araw at nagbago ang kulay ng pagiibigan, may ilan na unti-unting tumitigil sa pag-iisip sa kaligayahan ng bawat isa at sinisimulang pansinin ang maliliit na pagkakamali. Sa gayong sitwasyon, ang ilan ay naaakit sa kalunus-lunos na pagpapasiya na hindi sapat ang talino, ganda, saya, o kabataan ng kanilang asawa. At kahit paano ay nagkakaroon sila ng ideya na may katwiran silang humanap ng iba.

Mga kapatid, kung tila kayo ang tinutukoy ko, binabalaan ko kayo na ang daang inyong tinatahak ay hahantong sa pagkasira ng relasyon ninyong mag-asawa, wasak na tahanan, at kasawian. Nakikiusap ako sa inyo na tumigil na kayo ngayon, pumihit, at bumalik sa ligtas na landas ng integridad at katapatan sa mga tipan. At, mangyari pa, angkop din ang mga alituntuning ito sa mahal nating kababaihan.

Ngayon, isang salita lang sa mga kapatid nating wala pang asawa na nalilinlang sa ideya na dapat muna silang maghanap ng "perpektong babae" bago sila maging seryoso sa panliligaw o pag-aasawa.

Mahal kong mga kapatid, paalala lang, kung may perpektong babae man, palagay ba ninyo magkakainteres siya sa inyo?

Sa plano ng kaligayahan ng Diyos, hindi tayo naghahanap ng isang taong perpekto kundi ng isang taong makakatuwang natin, habambuhay, sa mga pagsisikap na bumuo ng mapagmahal, tumatagal, at mas perpektong relasyon. Iyan ang mithiin.

Mga kapatid, nauunawaan ng mga taong inililigtas ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa na ang mithiing ito ay ginugugulan ng panahon, pagtitiis, at higit sa lahat, kailangan nito ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kailangan kayong maging mabait, huwag mainggit, huwag maghangad para sa sarili, huwag madaling magalit, huwag mag-isip ng masama, at magalak sa katotohanan. Sa madaling salita, kailangan dito ang pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.[1]

Hindi basta nangyayari ang lahat ng ito sa isang iglap. Ang matiwasay na relasyon ng mga mag-asawa ay nabubuo nang paunti-unti, bawat araw, habambuhay.

At magandang balita iyan.

Dahil gaano man nakakabagot ang inyong relasyon ngayon, kung palagi kayong magdaragdag ng kaunting kabutihan, habag, pakikinig, sakripisyo, pag-unawa, at pagiging di-makasarili, kalaunan ay mabubuo ang isang mataas na piramide.

Kung mukhang natatagalan ito, tandaan: ang maliligayang pagsasama ng mag-asawa ay nakatadhanang *tumagal* magpakailanman! Kaya "huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang [pagsasama ng mag-asawa]. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila."[2]

Maaaring mabagal ang progreso, ngunit hindi ito kailangang maging malungkot. Katunayan, mapanganib mang ilahad ang malinaw, bihirang mangyari ang diborsyo kapag maligaya ang mag-asawa.

Kaya maging maligaya!

At mga kapatid, gulatin ang inyong asawa sa paggawa ng mga bagay na magpapasaya sa kanya.

Ang mga taong inililigtas ang relasyon nilang mag-asawa ay pinipiling maging maligaya. Bagama't totoo na ang ilang uri ng malubhang depresyon ay nangangailangan ng espesyal na panggagamot, gusto ko ang munting karunungang ibinahagi ni Abraham Lincoln: "Halos lahat ng tao ay masaya kapag ipinasiya nilang maging masaya." Akmang-akma ito sa sinasabi sa banal na kasulatan: "Magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong."[3]

Kung hahanapan natin ng mali ang ating asawa o ng mga nakakainis

ang relasyon natin sa ating asawa, tiyak na makikita natin ito, dahil may kaunti nito ang lahat. Sa kabilang dako, kung hahanapin natin ang mabuti, tiyak na makikita natin ito, dahil marami ring magagandang katangian ang lahat.

Ang mga taong inililigtas ang relasyon nilang mag-asawa ay nagtitiis ng hirap at nagtutuon sa magagandang katangian ng kanilang asawa. Ipinagdiriwang nila ang mga munting biyayang naghihikayat ng magiliw na pag-ibig sa kapwa. Ang mga taong inililigtas ang relasyon nilang mag-asawa ay inililigtas ang darating na mga henerasyon.

Mga kapatid, alalahanin kung bakit kayo umibig.

Sikapin araw-araw na mas patibayin at pasayahin ang inyong relasyon.

Mahal kong mga kaibigan, gawin natin ang lahat para mapabilang sa banal at masasayang kaluluwa na inililigtas ang relasyon nilang mag-asawa.

Pagliligtas sa Ating Pamilya

Ngayo'y nais ko ring papurihan ang mga taong inililigtas ang relasyon nila sa kanilang pamilya. Bawat pamilya ay kailangang iligtas.

Nakakatuwa man na kilala ang Simbahang ito sa pagkakaroon ng matatatag na pamilya, maaaring madalas nating madama na angkop ito sa bawat pamilyang Banal sa mga Huling Araw maliban sa atin. Ngunit ang totoo ay wala namang perpektong pamilya.

Bawat pamilya ay may mga sandali ng pagkaasiwa.

Halimbawa, kapag hiniling ng mga magulang mo na kunan ninyo sila ng "selfie," o kapag iginiit ng inyong mapagmataas na kamaganak na wala pa kayong asawa dahil masyado kayong mapili, o kapag inisip ng mapunahin ninyong bayaw na ang pananaw niya sa pulitika ay tumpak na tumpak, o kapag isinaayos ng inyong ama na magkaroon kayo ng family portrait na ang bihis ng lahat ay parang mga tauhan sa paborito niyang pelikula.

At napapunta sa inyo ang Chewbacca costume.

Ganyan ang mga pamilya.

Maaaring iisa lang ang pinagmulan natin, ngunit hindi tayo magkakapareho. Iba-iba ang espiritu natin. Naaapektuhan tayo ng ating mga karanasan sa iba't ibang paraan. At bawat isa sa atin ay nagiging kaiba dahil dito.

Sa halip na tangkaing pilitin ang lahat na umakma sa gusto nating kahinatnan nila, mapipili nating ikagalak ang mga pagkakaibang ito at pahalagahan ang mga ito dahil sa dagdag nitong yaman at patuloy na sorpresa sa ating buhay.

Gayunman, kung minsan, ang mga miyembro ng ating pamilya ay gumagawa ng mga pagpapasiya o mga bagay na hindi pinag-isipan, masakit, o mahalay. Ano ang dapat nating gawin sa ganitong mga sitwasyon?

Walang isang solusyon na sumasaklaw sa lahat ng sitwasyon.

Nagtatagumpay ang mga taong inililigtas ang relasyon nila sa pamilya dahil humihingi sila ng payo sa kanilang asawa at pamilya, hinahangad nila ang kalooban ng Panginoon, at nakikinig sila sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Alam nila na ang tama para sa isang pamilya ay maaaring hindi tama para sa iba.

Gayunman, may isang bagay na tama sa lahat ng sitwasyon.

Sa Aklat ni Mormon nalaman natin ang tungkol sa mga taong nakatuklas sa sikreto ng kaligayahan. Sa maraming henerasyon, "hindi nagkaroon ng alitan. . . . At tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos." Paano nila ginawa iyon? "Dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao."[4]

Anumang mga problema ang kinakaharap ng inyong pamilya, anuman ang kailangan ninyong gawin para malutas ito, ang simula at wakas ng solusyon ay pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Kung wala ang pag-ibig na ito, kahit na ang tila mga perpektong pamilya ay mahihirapan. Kung mayroon nito, kahit ang mga pamilyang may malalaking hamon ay magtatagumpay.

"Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man."[5]

Totoo ito sa pagliliglas ng pagsasama ng mga mag-asawa! Totoo ito sa pagliliglas ng mga pamilya!

Huwag Magmalaki

Ang matinding kaaway ng pag-ibig sa kapwa ay pagmamalaki. Ang pagmamalaki ay isa sa pinakamalalaking dahilan kaya nagkakaproblema ang mga mag-asawa at pamilya. Ang pagmamalaki ay mayayamutin, malupit, at mainggitin. Ang pagmamalaki ay pinalalabis ang sarili nitong lakas at hindi pinapansin ang magagandang katangian ng iba. Ang pagmamalaki ay sakim at madaling magalit. Ang pagmamalaki ay ipinalalagay na may masamang layon ang iba kahit wala at nagkukunwari para itago ang sarili nitong mga tusong katwiran. Ang pagmamalaki ay mapangutya, negatibo, magagalitin, at walang pasensya. Tunay ngang kung ang pag-ibig

sa kapwa ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, ang pagmamalaki kung gayon ay pangunahing katangian ni Satanas.

Ang pagmamalaki ay maaaring isang karaniwang pagkukulang ng tao. Ngunit hindi ito bahagi ng ating espirituwal na pamana, at wala itong puwang sa mga mayhawak ng priesthood ng Diyos.

Maikli ang buhay, mga kapatid. Maaaring tumagal nang mahabang panahon ang mga panghihinayang—ang ilan ay may mga bungang aapekto sa atin sa kawalang-hanggan.

Ang pakikitungo ninyo sa inyong asawa o mga anak o mga magulang o mga kapatid ay maaaring makaapekto sa darating na mga henerasyon. Anong pamana ang nais ninyong iwan sa inyong mga inapo? Pamana ba ng kalupitan, paghihiganti, galit, takot, o paghiwalay? O pamana ng pagmamahal, kababaang-loob, pagpapatawad, habag, espirituwal na pag-unlad, at pagkakaisa?

Kailangan nating lahat na alalahanin na "Ang paghuhukom ay walang awa doon sa hindi nagpakita ng awa."[6]

Pakiusap, para sa kapakanan ng mga relasyon ninyo sa pamilya, para sa kapakanan ng inyong kaluluwa, maging maawain, dahil "ang awa ay lumuluwalhati laban sa paghuhukom."[7]

Huwag magmalaki.

Ang taos-pusong paghingi ng tawad sa inyong mga anak, asawa, pamilya, o kaibigan ay hindi tanda ng kahinaan kundi ng kalakasan. Mas mahalaga ba ang maging tama kaysa magkaroon ng kapaligiran ng pangangalaga, pagpapagaling, at pagmamahal?

Makipag-ugnayan sa mga pamilya; huwag itong sirain.

Kahit hindi kayo ang may kasalanan—marahil lalo na kapag hindi kayo ang may kasalanan—daigin ng pagmamahal ang pagmamalaki.

Kung gagawin ninyo ito, anumang paghihirap ang kinahaharap ninyo ay lilipas, at dahil sa pag-ibig ng Diyos na nasa inyong puso, maglalaho ang pagtatalo. Ang mga alituntuning ito sa pagliliglas sa mga relasyon ay angkop sa ating lahat, may asawa man tayo, diborsyado, biyudo, o binata. Lahat tayo ay maaaring maging tagapagligtas ng matatatag na pamilya.

Ang Pinakadakilang Pag-ibig

Mga kapatid, sa mga pagsisikap nating iligtas ang relasyon natin sa ating asawa at pamilya, tulad sa lahat ng bagay, sundan natin ang halimbawa ng ating Tagapagligtas. Ang Tagapagligtas ay nagbayad-sala upang "tayo'y matubos."[8] Si Jesucristo ang ating Panginoon. Ang Kanyang gawain ay ating gawain. Ito ay isang gawaing nagliliglas, at nagsisimula ito sa ating tahanan.

Ang pagmamahal sa plano ng kaligtasan ay di-makasarili at hinahangad ang kapakanan ng iba. Ganyan ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa atin.

Kapag tinularan natin ang pagmamahal ng Tagapagligtas, tiyak na pagpapalain at pauunlarin Niya ang ating matwid na mga pagsisikap na iligtas ang relasyon natin sa ating asawa at patatatagin ang ating pamilya.

Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon sa inyong walang-sawa at matwid na mga pagsisikap na makabilang sa mga nagliliglas. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:4–7; tingnan din sa Moroni 7:47.
2. Doktrina at mga Tipan 64:33.
3. Mateo 7:7; Lucas 11:9; 3 Nephi 14:7.
4. Tingnan sa 4 Nephi 1:15–16.
5. I Mga Taga Corinto 13:8; tingnan din sa Moroni 7:46.
6. James 2:13, English Standard Version.
7. James 2:13, English Standard Version.
8. "Amang Walang Hanggan," *Mga Himno,* blg. 104.

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Walang-Hanggang Pamilya

Ang ating obligasyon sa priesthood ay gawing sentro ng ating mga alalahanin ang ating pamilya at ang pamilya ng mga nakapaligid sa atin.

Nagpapasalamat akong makasama kayo ngayong gabi sa pangkalahatang sesyon ng priesthood ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ay isang dakilang sandali sa kasaysayan ng Simbahan. Isandaan at walumpu't dalawang taon na ang nakararaan, noong 1834, sa Kirtland, Ohio, lahat ng mayhawak ng priesthood ay tinawag na magtipuntipon sa isang 14-by-14-foot (4.2 by 4.2 m) na paaralang yari sa troso. Sa pulong na iyon sinabi ni Propetang Joseph Smith na: "Ang nalalaman ninyo hinggil sa tadhana ng Simbahang ito ay katulad lamang ng nalalaman ng isang sanggol na nasa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo ito nauunawaan. . . . Kakaunti lamang ang nakikita ninyo ritong mga Priesthood ngayong gabi, ngunit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang buong mundo."[1]

Milyun-milyong mayhawak ng priesthood, sa mahigit 110 bansa, ang nakatipon sa sesyong ito. Marahil ay nakinita ni Propetang Joseph ang panahong ito at ang maluwalhating hinaharap natin.

Ang mensahe ko ngayong gabi ay isang pagtatangkang ipaliwanag ang hinaharap na iyon at kung ano ang kailangan nating gawin upang maging bahagi ng plano ng kaligayahang inihanda ng ating Ama sa Langit para sa atin. Bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa isang pamilya sa piling ng ating dakila at walang-hanggang Ama sa Langit. Nag-orden Siya ng isang plano para sumulong at umunlad tayo upang maging katulad Niya. Ginawa Niya ito dahil mahal Niya tayo. Ang layunin ng plano ay bigyan tayo ng pribilehiyong mabuhay nang walang hanggan tulad ng ating Ama sa Langit. Ang planong ito ng ebanghelyo ay nag-alok ng isang buhay sa mortalidad kung saan tayo ay susubukan. Isang pangako ang ibinigay na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung susunod tayo sa mga batas at ordenansa ng priesthood ng ebanghelyo, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang kaloob.

Ang buhay na walang hanggan ay ang uri ng buhay ng ating Diyos Amang Walang Hanggan. Sinabi na ng Diyos na ang Kanyang layunin ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang dakilang layunin ng bawat mayhawak ng priesthood, kung gayon, ay tumulong sa gawain na tulungan ang mga tao na magtamo ng buhay na walang hanggan.

Bawat pagsisikap at bawat ordenansa ng priesthood ay nilayong tumulong sa mga anak ng Ama sa

Langit na magbago sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo upang maging mga miyembro ng mga perpektong pamilya. Kaya nga "ang dakilang gawain ng bawat tao ay ang maniwala sa ebanghelyo, sundin ang mga kautusan, at lumikha at bumuo ng isang walang-hanggang pamilya,"[2] at tulungan ang iba na gawin din ito.

Dahil totoo iyan, selestiyal na kasal dapat ang tuon at layunin ng lahat ng ginagawa natin. Ibig sabihin niyan, kailangan tayong magsumikap na mabuklod nang walang hanggan sa isang kabiyak sa templo ng Diyos. Kailangan din nating hikayatin ang iba na gumawa at tumupad ng mga tipan na nagbibigkis sa isang mag-asawa, sa kanilang pamilya, sa buhay na ito at sa kabilang-buhay.

Bakit napakahalaga ng bagay na ito sa bawat isa sa atin—bata o matanda, deacon o high priest, anak o ama? Dahil ang ating obligasyon sa priesthood ay gawing sentro ng ating mga alalahanin ang ating pamilya at ang pamilya ng mga nakapaligid sa atin. Bawat mahalagang desisyon ay dapat ibatay sa magiging epekto nito sa isang pamilya para maging marapat na mabuhay sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Wala nang mas mahalaga pa sa paglilingkod natin sa priesthood kaysa rito.

Sasabihin ko sa inyo kung ano ang ibig sabihin nito sa isang deacon na nakikinig ngayong gabi bilang miyembro ng isang pamilya at bilang miyembro ng isang korum.

Sa kanyang pamilya, maaaring mayroon o walang regular na panalangin ng pamilya o madalas na family home evening. Kung titipunin ng kanyang ama, na nakaunawa sa mga obligasyong ito, ang pamilya para manalangin o magbasa ng mga banal na kasulatan, maaaring magmadali ang deacon na makibahagi nang nakangiti. Maaari niyang hikayatin ang kanyang mga kapatid na makibahagi at purihin sila kapag ginawa nila ito. Maaari niyang hingan ng basbas ang kanyang ama kapag nagbukas na ang paaralan o sa isa pang sandali ng pangangailangan.

Maaaring hindi gayon katapat ang kanyang ama. Ngunit ang paghahangad mismo ng kanyang puso sa mga karanasang iyon ay maghahatid ng mga kapangyarihan ng langit sa mga tao sa paligid niya dahil sa kanyang pananampalataya. Hahangarin nila ang buhay-pamilya na gustung-gusto ng deacon.

Makikita ng teacher sa Aaronic Priesthood sa kanyang home teaching assignment ang pagkakataong tulungan ang Panginoon na baguhin ang buhay ng isang pamilya. Iminungkahi iyan ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan:

"Ang tungkulin ng mga guro ay pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila;

"At tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama" (D at T 20:53–54).

Gayundin, ibinigay sa priest sa Aaronic Priesthood ang tungkuling ito:

"Ang tungkulin ng saserdote ay mangaral, magturo, magpaliwanag, manghikayat, at magbinyag, at pangasiwaan ang sakramento,

"At dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, at hikayatin silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pang mag-anak" (D at T 20:46–47).

Maaari ninyong isipin, tulad ko noong isang bata pa akong teacher at priest, kung paano ko malalagpasan ang mga hamong ito. Hindi ko nasiguro kailanman kung paano ako maghihikayat sa isang paraan na isulong ang isang pamilya tungo sa buhay na walang hanggan nang walang sumasama ang loob o gustong mamintas. Nalaman ko na ang tanging paghihikayat na nagpapabago ng mga puso ay nagmumula sa Espiritu Santo. Madalas mangyari iyan kapag pinatotohanan natin ang Tagapagligtas, na perpektong miyembro ng pamilya noon at ngayon. Kapag nagtuon tayo sa ating pagmamahal sa Kanya, lalago ang pagkakasundo at kapayapaan sa mga tahanang binibisita natin. Tutulungan tayo ng Espiritu Santo sa paglilingkod natin sa mga pamilya.

Ang batang mayhawak ng priesthood, sa paraan ng kanyang pagdarasal, pagsasalita, at paghihikayat sa mga miyembro ng pamilya, ay maaaring maghatid ng impluwensya at halimbawa ng Tagapagligtas sa kanilang puso't isipan.

Ipinakita sa akin ng isang matalinong lider ng priesthood na naunawaan niya iyan. Pinamuno niya ang aking binatilyong anak sa isang home teaching visit. Maaari daw tutulan ng pamilya ang kanyang mga panghihikayat, ngunit naisip niya na ang simpleng pagtuturo at patotoo ng isang batang lalaki ay mas malamang na tumagos sa kanilang matitigas na puso.

Ano ang magagawa ng binatang elder upang tumulong sa paglikha ng mga walang-hanggang pamilya? Maaaring papunta na siya sa mission field. Maaari niyang ipagdasal nang buong puso na makakita, makapagturo, at makapagbinyag siya ng mga pamilya. Naaalala ko pa ang isang makisig na lalaki na kasama ang maganda niyang asawa at dalawang magaganda nilang anak na babae na nakaupo sa tabi namin ng missionary companion ko isang araw. Dumating ang Espiritu Santo at nagpatotoo sa kanila na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ipinanumbalik na. Naniwala sila nang sapat kaya itinanong pa nila kung puwede naming basbasan ang dalawang anak nila, tulad ng nakita nilang ginawa sa isa sa mga sacrament meeting namin. Ninais na nilang mabasbasan ang kanilang mga anak, ngunit hindi pa nila nauunawaan na ang mas matataas na pagpapala ay posible lamang sa mga templo ng Diyos matapos silang makipagtipan.

Nasasaktan pa rin akong isipin ang mag-asawa at mga batang iyon, na baka matatanda na ngayon, na walang pangakong magkaroon ng walang-hanggang pamilya. Ang kanilang mga magulang kahit paano ay may kaunting pag-unawa sa mga pagpapalang maaaring ibigay sa kanila. Ang pag-asa ko ay sila kahit paano, kahit saan ay magkaroon pa rin ng pagkakataong maging karapat-dapat na maging walang-hanggang pamilya.

Ang ibang mga elder na patungo sa mission field ay magkakaroon ng mas masayang karanasan na katulad ng sa anak kong si Matthew. Nakakita silang magkompanyon ng isang maralitang biyuda na may 11 anak. Gusto niya para sa kanila ang gusto ninyo—ang

magkaroon ng walang-hanggang pamilya. Para sa anak ko, mukhang imposible o malamang na hindi mangyari iyan sa sandaling iyon.

Binisita ko ang munting lungsod na iyon ilang taon matapos binyagan ng anak ko ang balo, at inanyayahan niya akong makilala ang kanyang pamilya sa simbahan. Kinailangan kong maghintay sandali dahil halos lahat ng kanyang mga anak, kasama ang marami niyang apo, ay nagmula pa sa iba't ibang chapel sa lugar. Ang isang anak niyang lalaki ay tapat na naglilingkod sa bishopric, at marami sa kanyang mga anak ay napagpala ng mga tipan sa templo at siya ay nabuklod sa isang walang-hanggang pamilya. Nang maghiwalay kami ng mabait na miyembrong ito, niyakap niya ako sa baywang (napakaliit niya, kaya halos hindi siya umabot sa baywang ko) at sinabing, "Pakisabi kay Matthew na bumalik sa Chile bago ako mamatay." Nabigyan siya, dahil sa tapat na mga elder na iyon, ng masayang pag-asam sa pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.

May mga bagay na kailangang gawin ang isang elder, pag-uwi niya mula sa misyon, upang maging tapat sa kanyang pangakong hangarin ang buhay na walang hanggan para sa kanyang sarili at sa mga mahal niya sa buhay. Wala nang mas mahalagang pangako sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan kaysa sa pag-aasawa. Narinig na ninyo ang matalinong payo na gawing prayoridad ang pag-aasawa pag-uwi ninyo mula sa misyon. Ang tapat na lingkod ng priesthood ay gagawin ito nang may katalinuhan.

Sa pag-iisip na mag-asawa, titiyakin niyang piliin ang magulang ng kanyang mga anak at ang pamanang mapapasakanila. Pipili siya nang may masusing paghahanap at mapanalanging pag-iisip. Titiyakin niya na ang taong pakakasalan niya ay kapareho niya ang mga pamantayan para sa pamilya at ang kanyang pananalig sa layunin ng Panginoon para sa pag-aasawa at na siya ay isang tao na handa siyang ipagkatiwala ang kaligayahan ng kanyang mga anak.

Nagbigay ng matalinong payo si Pangulong N. Eldon Tanner: "Ang mga magulang na dapat ninyong mas igalang kaysa iba ay ang mga magulang ng inyong magiging mga anak. Ang mga batang iyon ay may karapatan sa pinakamabubuting magulang na maaari ninyong ipagkaloob sa kanila—matwid na mga magulang."[3] Kadalisayan ang magiging proteksyon ninyo at ng inyong mga anak. Utang ninyo sa kanila ang pagpapalang iyon.

Ngayon, may ilang asawa at ama na nakikinig ngayong gabi. Ano ang magagawa ninyo? Ang pag-asa ko ay na nag-ibayo na ang inyong hangaring baguhin ang kailangang baguhin para mabuhay kayo at ang inyong pamilya sa kahariang selestiyal balang-araw. Bilang isang ama na may priesthood, na may asawa sa inyong tabi, maaantig ninyo ang puso ng bawat miyembro ng pamilya upang hikayatin silang asamin ang araw na iyon. Dadalo kayo sa inyong mga sacrament meeting kasama ang inyong pamilya, magdaraos kayo ng mga family meeting kung saan inaanyayahan ang Espiritu Santo, magdarasal kayo ng inyong asawa at pamilya, at ihahanda ninyo ang inyong sarili na dalhin ang inyong pamilya sa templo. Kasama ninyo silang tatahak sa landas patungo sa walang-hanggang tahanan ng pamilya.

Tatratuhin ninyo ang inyong asawa at mga anak tulad ng pagtrato sa inyo ng Ama sa Langit. Susundin ninyo ang halimbawa at utos ng Tagapagligtas na akayin ang inyong pamilya sa Kanyang landas.

"Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

"Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya—

"Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway" (D at T 121:41–43).

Sinabi na ng Panginoon sa mga amang may priesthood kung anong klaseng asawa sila dapat. Sabi Niya, "Inyong mahalin ang inyong asawa

nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22). Nang mangusap ang Panginoon sa lalaki at sa kanyang asawa, iniutos Niya, "Huwag kayong . . . makiapid, . . . ni gumawa ng anumang bagay tulad nito" (D at T 59:6).

Para sa mga kabataan, itinakda na ng Panginoon ang pamantayan. "Mga anak, magsitalima kayo sa inyong magulang sa lahat ng mga bagay, sapagka't ito'y totoong nakalulugod sa Panginoon" (Mga Taga Colosas 3:20) at "igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12).

Kapag nangusap ang Panginoon sa buong pamilya, ang payo Niya ay mahalin at suportahan ang isa't isa.

Inutusan Niya tayong "magsumikap na gawing perpekto ang buhay ng bawat miyembro ng pamilya, [na] palakasin ang mahihina; bawiin [ang] nawawalang mahal [sa buhay], at magalak sa nanumbalik nilang espirituwal na lakas."[4]

Iniutos din ng Panginoon na gawin natin ang lahat para matulungan ang pumanaw nating mga kamag-anak upang makapiling nila tayo sa ating walang-hanggang tahanan.

Ang high priests group leader na masigasig na nagsikap na tulungan ang mga tao na mahanap ang kanilang mga ninuno at magdala ng mga pangalan sa templo ay inililigtas ang mga pumanaw na. May mga magpapasalamat sa mundong darating sa mga high priest na iyon, at sa mga nagsasagawa ng mga ordenansa, dahil hindi nila kinalimutan ang pamilya nilang naghihintay sa daigdig ng mga espiritu.

Sinabi na ng mga propeta: "Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang ginagawa ninyo sa loob ng inyong sariling tahanan. Ang home teaching, gawain ng bishopric, at iba pang mga tungkulin sa Simbahan ay pawang mahalaga, ngunit ang pinakamahalagang gawain ay yaong nasa loob ng inyong tahanan."[5]

Sa ating tahanan at sa paglilingkod natin sa priesthood, ang pinakamahalaga ay ang mga munting gawaing tumutulong sa atin at sa mga minamahal natin na magtamo ng buhay na walang hanggan. Ang mga gawaing iyon ay tila maliliit sa buhay na ito, ngunit maghahatid ito ng mga walang-hanggang pagpapala sa kawalang-hanggan.

Kapag tapat tayo sa ating paglilingkod upang matulungan ang mga anak ng Ama sa Langit na makauwi sa Kanya, magiging karapat-dapat tayo sa pagbating gusto nating lahat na marinig pagkatapos ng paglilingkod natin sa lupa. Ganito ang sabi: "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon" (Mateo 25:21).

Kasama sa "maraming bagay" na iyon ang pangako ng walang-katapusang mga inapo. Dalangin ko na maging karapat-dapat tayong lahat at tulungan natin ang iba na maging karapat-dapat sa banal na pagpapala sa tahanan ng ating Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 160.
2. Bruce R. McConkie, sa Conference Report, Abr. 1970, 26.
3. N. Eldon Tanner, *Church News,* Abr. 19, 1969, 2.
4. Bruce R. McConkie, sa Conference Report, Abr. 1970, 27.
5. Harold B. Lee, *Decisions for Successful Living* (1973), 248–49.

Ni Pangulong Thomas S. Monson

Isang Sagradong Pagtitiwala

Ang mahalagang kaloob na ito na kapangyarihan ng priesthood ay hindi lang mga banal na responsibilidad ang hatid kundi natatanging mga pagpapala rin para sa ating sarili at sa iba.

Mahal kong mga kapatid, dalangin ko na patnubayan ako ng Espiritu sa aking mensahe ngayong gabi. May isang bagay na karaniwan sa ating lahat. Tayo ay pinagkatiwalaang taglayin ang priesthood ng Diyos at kumilos sa Kanyang pangalan. Tumanggap tayo ng isang sagradong pagtitiwala. Malaki ang inaasahan sa atin.

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 121, talata 36, "Ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit." Lubhang kahanga-hanga ang kaloob na naibigay sa atin. Responsibilidad nating bantayan at protektahan ang priesthood at maging karapat-dapat sa lahat ng maluwalhating pagpapalang laan sa atin ng ating Ama sa Langit—at sa iba sa pamamagitan natin.

Saanman kayo magpunta, taglay ninyo ang inyong priesthood. Nakatayo ba kayo sa mga banal na lugar? Bago ninyo ilagay sa peligro ang inyong sarili at inyong priesthood sa pagpunta sa mga lugar o paglahok sa mga gawaing hindi nararapat sa inyo o sa inyong priesthood, tumigil sandali at isipin ang ibubunga nito. Alalahanin kung sino kayo at kung ano ang inaasahan ng Diyos na kahinatnan ninyo. Kayo ay may kinabukasan. Kayo ay may kakayahan. Kayo ay anak ng Diyos.

Ang mahalagang kaloob na ito na kapangyarihan ng priesthood ay hindi lang mga banal na responsibilidad ang hatid kundi natatanging mga pagpapala rin para sa ating sarili at sa iba. Nawa, saan man tayo mapunta, ay lagi tayong maging karapat-dapat na gamitin ang kapangyarihan nito, dahil hindi natin alam kung kailan darating ang ating pangangailangan at oportunidad na gawin ito.

Noong World War II, naglilingkod ang isang kaibigan ko sa South Pacific nang pabagsakin ng kaaway ang kanyang eroplano sa karagatan. Siya at ang iba pang mga crew ay matagumpay na nagparachute mula sa nasusunog na eroplano, nilagyan ng hangin ang kanilang mga balsa, at kumapit nang mahigpit sa mga balsang iyon nang tatlong araw.

Sa ikatlong araw nakita nila ang alam nilang isang barkong sasagip. Nilagpasan sila nito. Kinaumagahan nilagpasan sila nitong muli. Nagsimula silang manlumo nang mapagtanto nila na iyon na ang huling araw na nasa lugar na iyon ang barkong sasagip.

Pagkatapos ay nangusap ang Banal na Espiritu sa kaibigan ko: "Taglay mo ang priesthood. Utusan mo ang mga sumasagip na sunduin kayo."

Sinunod niya ang pahiwatig: "Sa ngalan ni Jesucristo at sa kapangyarihan ng priesthood, bumalik kayo at sunduin ninyo kami."

Sa loob ng ilang minuto katabi na nila ang barko, at tinulungan silang sumakay rito. Ang isang matapat at marapat na maytaglay ng priesthood, sa oras ng kanyang pangangailangan, ay ginamit ang priesthood na iyon, at pinagpala ang buhay niya at ng iba.

Nawa'y magpasiya tayo, ngayon mismo, na laging maging handa para sa oras ng ating pangangailangan, paglilingkod, at pagpapala.

Sa pagtatapos ngayon ng ating pangkalahatang sesyon ng priesthood, sinasabi ko sa inyo na kayo ay "isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote" (I Ni Pedro 2:9). Nawa'y lagi tayong maging marapat sa mga banal na papuring ito, ang buong-puso kong dalangin sa ngalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■

Ni Pangulong Thomas S. Monson

Mga Pagpili

Nawa'y piliin natin palagi ang tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin.

Mga kapatid, bago ko simulan ang aking mensahe sa araw na ito, gusto kong ibalita ang apat na templong itatayo, sa darating na mga buwan at taon, sa mga sumusunod na lugar: Quito, Ecuador; Harare, Zimbabwe; Belém, Brazil; at ang ikalawang templo sa Lima, Peru.

Nang maging miyembro ako ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1963, may 12 templong ginagamit sa buong Simbahan. Sa paglalaan ng Provo City Center Temple dalawang linggo na ang nakalilipas, may 150 templo na ngayon na ginagamit sa buong mundo. Lubos nating pinasasalamatan ang mga pagpapalang natatanggap natin sa mga banal na bahay na ito.

Ngayon, mga kapatid, nais kong pasalamatan ang pagkakataong ibahagi sa inyo ang ilang ideya ngayong umaga.

Nitong huli, naiisip ko ang tungkol sa mga pagpili. Sabi nga, sa maliliit nagmumula ang malalaking kaganapan sa kasaysayan, at gayundin sa buhay ng tao. Mga pagpili natin ang huhubog sa ating tadhana.

Nang lisanin natin ang premortal na daigdig at naparito tayo sa mortalidad, taglay natin ang kaloob na kalayaan. Ang ating mithiin ay matamo ang kaluwalhatiang selestiyal, at ang mga pagpiling ginagawa natin, kadalasan, ang magpapasiya kung matatamo natin ang ating mithiin o hindi.

Karamihan sa inyo ay pamilyar na kay Alice sa klasikong nobela ni Lewis Carroll na *Alice's Adventures in Wonderland*. Maaalala ninyo na nakarating siya sa sangandaang may dalawang landas sa kanyang harapan, bawat isa ay tuluy-tuloy ngunit sa magkabilang direksyon. Habang nag-iisip siya kung aling landas ang tatahakin, nakaharap niya ang Cheshire Cat, na tinanong ni Alice ng, "Aling landas ang susundan ko?"

Sagot ng pusa, "Depende kung saan mo gustong pumunta. Kung hindi mo alam kung saan mo gustong pumunta, hindi na mahalaga kung aling landas ang tatahakin mo."[1]

Hindi tulad ni Alice, alam natin kung saan natin gustong pumunta, at *talagang* mahalaga kung saan tayo pupunta, dahil ang landas na sinusundan natin sa buhay na ito ay humahantong sa ating destinasyon sa kabilang buhay.

Nawa'y piliin nating taglayin ang matibay at matatag na pananampalataya na magiging pinakamabisang depensa natin laban sa masamang balak ng kaaway—isang tunay na pananampalataya, ang uri ng pananampalataya na tutulong sa atin at magpapatibay sa ating hangaring piliin ang tama. Kung wala tayong ganyang pananampalataya, wala tayong patutunguhan. Kung mayroon, makakamit natin ang ating mga mithiin.

Bagama't kailangan tayong pumili nang may katalinuhan, may mga pagkakataon na nagkakamali tayo sa pagpili. Ang kaloob na pagsisisi, na inilaan ng ating Tagapagligtas, ang nagtatama sa direksyon natin sa buhay, upang makabalik tayo sa landas patungo sa kaluwalhatiang selestiyal na hinahangad natin.

Nawa'y panatilihin natin ang tapang na salungatin ang gusto ng nakararami. Nawa'y piliin natin palagi ang tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin.

Sa pagninilay natin sa mga desisyong ginagawa natin sa buhay araw-araw—piliin man natin ito o kaya'y iyon—kung pipiliin natin si Cristo, tama ang gagawin nating desisyon.

Nawa'y mangyari iyon ang aking taos-puso at mapakumbabang dalangin sa pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas, amen. ■

TALA

1. Hango mula Lewis Carroll, *Alice's Adventures in Wonderland* (1898), 89.

Ni Bonnie L. Oscarson
Young Women General President

Naniniwala ba Ako?

Kung totoo ang mga bagay na ito, nasa atin nga ang pinakadakilang mensahe ng pag-asa at tulong na nabatid ng sanlibutan.

Noong Marso 30 nito lang nakaraang taon, ipinasok ng ospital ang dalawang-taong gulang na si Ethan Carnesecca, na taga-American Fork, Utah, dahil sa pulmonya at tubig sa baga. Pagkaraan ng dalawang araw, lumala ang kanyang kalagayan kaya kinailangan siyang isakay ng helicopter papuntang Primary Children's Hospital sa Salt Lake City. Ang kanyang nag-aalalang ina na si Michele ay pinayagang maupo sa harapan at samahan ang kanyang anak. Binigyan siya ng headset para makausap niya ang ibang sakay ng helicopter. Naririnig niya ang mga doktor na gumagamot sa kanyang anak na maysakit, at dahil pediatric nurse din siya, sapat ang alam ni Michele para maunawaan na malubha ang kalagayan ni Ethan.

Sa kritikal na sandaling ito, napansin ni Michele na lumilipad sila sa ibabaw mismo ng Draper Utah Temple. Mula sa himpapawid, tanaw niya ang buong lambak at nakita rin niya ang Jordan River Temple, ang Oquirrh Mountain Temple, at maging ang Salt Lake Temple sa di-kalayuan. May pumasok sa isip niya: "Naniniwala ka ba riyan o hindi?"

Sinabi niya tungkol sa karanasang ito:

"Natutuhan ko ang tungkol sa mga pagpapala ng templo at [na] ang 'mga pamilya ay walang hanggan' sa Primary at Young Women. Ibinahagi ko ang mensaheng ito tungkol sa mga pamilya sa mababait na tao sa Mexico noong nasa misyon ako. Nabuklod ako sa aking walang-hanggang kabiyak sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan sa templo. Nagturo ako tungkol sa pamilya bilang isang Young Women leader, at nagkuwento ako tungkol sa mga walang-hanggang pamilya sa aking mga anak sa family home evening. ALAM ko ito, pero NANIWALA ba ako rito? Dumating ang sagot na kasimbilis ng pagpasok ng tanong sa aking isipan: pinagtibay ng Espiritu sa aking puso't isipan ang sagot na noon ko pa alam—TALAGANG naniwala ako rito!

"Sa sandaling iyon ibinuhos ko ang nilalaman ng aking puso sa panalangin sa aking Ama sa Langit, pinasalamatan ko Siya sa kaalaman at paniniwala ko na ang mga pamilya ay tunay na walang hanggan. Pinasalamatan ko Siya para sa Kanyang Anak na si Jesucristo, na ginawang posible ang lahat ng ito. Pinasalamatan ko Siya para sa aking anak, at ipinaalam ko sa aking Ama sa Langit na kung kailangan na Niyang dalhin ang aking anak na si Ethan sa Kanyang tahanan sa langit, ayos lang. Lubos ang tiwala ko sa aking Ama sa Langit, at alam ko na makikita kong muli si Ethan. Lubos akong nagpapasalamat na sa isang kritikal na sandali, nagkaroon ako ng kaalaman AT paniniwala na ang ebanghelyo ay totoo. Napanatag ako."[1]

Maraming linggong nanatili sa ospital si Ethan, sa pangangalaga ng mga dalubhasang doktor. Dahil sa mga panalangin, pag-aayuno, at pananampalataya ng mga mahal sa buhay, at sa pangangalagang iyon, nakalabas siya ng ospital at nakauwi sa kanyang pamilya. Malusog at magaling na siya ngayon.

Ang pagsubok na ito kay Michele ay nagpatunay sa kanya na ang itinuro sa kanya nang buong buhay niya ay hindi lamang mga salita; ito ay totoo.

Masyado ba tayong nasanay kung minsan sa mga pagpapalang bigay sa atin bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal

sa mga Huling Araw kaya hindi natin lubos na maunawaan ang himala at karingalan ng pagiging disipulo sa totoong Simbahan ng Panginoon? Hindi ba natin pinahahalagahan ang pinakadakilang kaloob na maiaalay sa atin sa buhay na ito? Itinuro ng Tagapagligtas mismo, "Kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos."[2]

Naniniwala tayo na ang Simbahang ito ay hindi lamang isang magandang lugar na mapupuntahan tuwing Linggo para matuto kung paano maging mabuting tao. Hindi lamang ito isang kaayaayang samahan ng mga Kristiyano kung saan maaari tayong makisalamuha sa mabubuting tao. Hindi lamang ito isang grupo ng mga ideyang maituturo ng mga magulang sa kanilang mga anak sa bahay para sila maging responsable at mababait na tao. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay higit pa sa lahat ng ito.

Isipin sandali ang mga bagay na pinaniniwalaan natin sa relihiyong ito. Naniniwala tayo na ang Simbahang itinatag ni Jesucristo noong narito Siya sa lupa ay naipanumbalik na ng isang propetang tinawag ng Diyos sa ating panahon at na hawak din ng ating mga pinuno ang kapangyarihan at awtoridad na kumilos sa ngalan ng Diyos na hinawakan ng mga sinaunang Apostol. Ang tawag dito ay priesthood ng Diyos. Naniniwala tayo na sa pamamagitan ng ipinanumbalik na awtoridad na ito, maaari nating tanggapin ang nakapagliligtas na mga ordenansa, tulad ng binyag, at mapasaatin ang nagpapalinis at nagpapadalisay na kaloob na Espiritu Santo sa lahat ng oras. Mayroon tayong mga apostol at propeta na namumuno at namamahala sa Simbahang ito sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood, at naniniwala tayo na nangungusap ang Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng mga propetang ito.

Naniniwala rin tayo na ginagawang posible ng kapangyarihang ito ng priesthood na makipagtipan tayo at tumanggap ng mga ordenansa sa mga

banal na templo upang makabalik tayo balang-araw sa kinaroroonan ng Diyos at makapiling natin Siya magpakailanman. Naniniwala rin tayo na, sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, ang mga pamilya ay maaaring mabigkis nang walang hanggan kapag pumasok ang mga magkasintahan sa bago at walang-hanggang tipan ng kasal sa mga sagradong gusali na pinaniniwalaan nating literal na mga bahay ng Diyos. Naniniwala tayo na maaari nating tanggapin ang nakapagliligtas na mga ordenansang ito hindi lamang para sa ating sarili kundi para din sa ating mga ninuno na nabuhay sa lupa ngunit hindi nagkaroon ng pagkakataong makilahok sa mahalaga at nakapagliligtas na mga ordenansang ito. Naniniwala tayo na maaari tayong magsagawa ng mga ordenansa para sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng proxy sa mga banal na templo ring ito.

Naniniwala tayo na, sa pamamagitan ng isang propeta at ng kapangyarihan ng Diyos, natanggap natin ang karagdagang mga banal na kasulatan, na nakaragdag sa patotoo sa Biblia tungkol doon na nagpapahayag na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

Naniniwala tayo na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Diyos at ang tanging totoong Simbahan sa lupa. Simbahan ni Jesucristo ang tawag dito dahil Siya ang namumuno rito; ito ang Kanyang Simbahan, at lahat ng bagay na ito ay posible dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Naniniwala tayo na ang mga natatanging katangiang ito ay hindi matatagpuan sa iba pang lugar o organisasyon dito sa lupa. Mabuti man at tapat ang iba pang mga relihiyon at simbahan, wala sa mga ito ang may awtoridad na magbigay ng mga ordenansa ng kaligtasan na nasa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Alam natin ang mga bagay na ito, ngunit *naniniwala ba tayo rito?* Kung totoo ang mga bagay na ito, nasa atin nga ang pinakadakilang mensahe ng pag-asa at tulong na nabatid ng sanlibutan. Ang maniwala sa mga ito ay isang bagay na walang hanggan ang kahalagahan sa atin at sa mga mahal natin sa buhay.

Para maniwala tayo, kailangan nating isapuso ang ebanghelyong nasa ating isipan! Posibleng basta ipamuhay lang natin ang ebanghelyo dahil inaasahan ito sa atin o dahil ito na ang kulturang kinalakhan natin o dahil nakagawian na natin ito. Marahil ay hindi pa naranasan ng ilan ang nadama ng mga tao ni Haring Benjamin matapos marinig ang kanyang nakaaantig na sermon: "At silang lahat ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing: Oo, pinaniniwalaan namin ang lahat ng salitang iyong sinabi sa amin; at gayundin, alam namin ang katiyakan at katotohanan ng mga yaon, dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti."[3]

Kailangan nating hangaring lahat na baguhin ang ating puso at likas na pagkatao upang hindi na natin hangaring tularan ang mga gawi ng sanlibutan kundi sa halip ay bigyang-kasiyahan ang Diyos. Ang tunay na pagbabalik-loob ay isang prosesong nagaganap sa paglipas ng panahon at kinapapalooban ng kahandaang manampalataya. Dumarating ito kapag sinasaliksik natin ang mga banal na kasulatan sa halip na ang Internet. Dumarating ito kapag sinusunod natin ang mga utos

ng Diyos. Dumarating ang pagbabalikloob kapag pinaglingkuran natin ang mga nasa paligid natin. Dumarating ito mula sa taimtim na panalangin, regular na pagdalo sa templo, at matapat na pagsasakatuparan ng mga responsibilidad natin sa Diyos. Kailangan dito ang patuloy na pagsisikap araw-araw.

Madalas itanong sa akin, "Ano ang pinakamabigat na hamong kinakaharap ng ating mga kabataan ngayon?" Isinasagot ko na naniniwala ako na iyon ay ang laging-nariyang impluwensya ng "malaki at maluwang na gusali" sa kanilang buhay.[4] Kung ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon, tiyak na makikita nga natin ang kabuluhan sa ating lahat ng mga mensahe sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay at ang epekto ng mga taong nakaturo ang mga daliri at nangungutya mula sa malaki at maluwang na gusali.

Ang pinakamalungkot para sa akin ay ang paglalarawan sa mga taong nagpakahirap nang lumakad sa abu-abo ng kadiliman sa makipot at makitid na landas, kumapit na sa gabay na bakal, narating na ang kanilang minimithi, at sinimulan nang tikman ang dalisay at masarap na bunga ng punungkahoy ng buhay. Pagkatapos ay sinabi pa sa banal na kasulatan na ang mga taong maiinam ang kasuotan na nasa malaki at maluwang na gusali "ay nasa ayos ng panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri roon sa mga yaong nagsitungo at kumakain ng bunga.

"At *matapos na matikman nila ang bunga* sila ay nahiya, dahil sa mga yaong humahamak sa kanila; at nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala."[5]

Ang mga talatang ito ay inilalarawan tayo na mayroon nang ebanghelyo ni Jesucristo sa ating buhay. Ipinanganak man tayo na mayroon na nito o kinailangan nating makibaka sa ating landas sa gitna ng abu-abo ng kadiliman para matagpuan ito, natikman na natin ang bungang ito, na "pinakamahalaga at pinakakanais-nais"[6] at may potensyal na dalhin tayo sa buhay na walang hanggan, "ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos." Kailangan lamang na patuloy tayong magpakabusog at huwag makinig sa mga tao na pinagtatawanan ang ating mga paniniwala o natutuwang pagdudahin tayo o hanapan ng mali ang mga pinuno at doktrina ng Simbahan. Ito ay isang pagpiling ginagawa natin araw-araw—na piliing manampalataya kaysa magduda. Pinayuhan tayo ni Elder M. Russell Ballard na "manatili sa bangka, gamitin ang inyong life jacket, ikapit nang mahigpit ang inyong dalawang kamay."[7]

Bilang mga miyembro ng totoong Simbahan ng Panginoon, nakasakay na tayo sa bangka. Hindi natin kailangang hanapin sa mga pilosopiya ng mundo ang katotohanang magbibigay sa atin ng kapanatagan, tulong, at patnubay para ligtas nating malampasan ang mga pagsubok sa buhay—nasa atin na ito! Tulad ng ina ni Ethan na nagawang suriin ang matagal na niyang mga paniniwala at sa sandali ng krisis ay buong tiwalang ipinahayag na, "Naniniwala ako rito," magagawa rin natin ito!

Pinatototohanan ko na ang pagiging miyembro natin sa kaharian ng Panginoon ay isang kaloob na di-masukat ang kahalagahan. Pinatototohanan ko na ang mga pagpapala at kapayapaan ng Panginoon na nakalaan para sa mga masunurin at matapat ay higit pa sa kayang unawain ng isipan ng tao. Iniiwan ko sa inyo ang patotoong ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Personal journal entry na ibinahagi kay Bonnie L. Oscarson.
2. Doktrina at mga Tipan 14:7.
3. Mosias 5:2.
4. 1 Nephi 8:26.
5. 1 Nephi 8:27–28; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. 1 Nephi 15:36.
7. M. Russell Ballard, "Manatili sa Bangka at Kumapit nang Mahigpit!" *Liahona,* Nob. 2014, 92.

Ni Bishop W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Isang Huwaran para sa Kapayapaan

Upang matamo ang kapayapaang hangad nating lahat, kailangan nating kumilos—sa pamamagitan ng pagkatuto tungkol kay Jesucristo, pakikinig sa Kanyang mga salita, at paglakad na kasama Niya.

Ilang taon na ang nakararaan, nahilingan ang anak naming babae at manugang na magkasamang magturo sa klase ng limang aktibong apat-na-taong-gulang na batang lalaki sa Primary. Ang anak namin ang natokang magturo at ang manugang namin ang natokang sumaway, at sinikap nilang mapanatiling tahimik ang klase sa gitna ng paminsan-minsang kaguluhan para maituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga bata.

Noong minsan na talagang napakagulo ng klase, matapos sawayin ang isang magulong bata, inilabas ng silid ng manugang ko ang apat-na-taong gulang na batang ito. Nang nasa labas na sila ng silid, at kakausapin na niya ang bata tungkol sa inaasal nito at hahanapin ang mga magulang nito, pinigilan ng bata ang manugang ko bago pa siya nakapagsalita, habang nakataas ang kamay, at madamdaming ibinulalas, "Kung minsan—kung minsan po kasi—nahihirapan akong isipin si Jesus!"

Sa ating buhay sa mundo, gaaano man kaganda ang gusto nating patunguhan at gaano man kasaya ang ating maging paglalakbay, daranas tayong lahat ng mga pagsubok at lungkot habang daan. Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin: "Talagang darating ang kalungkutan sa bawat isa sa atin. Ngayon o sa ibang pagkakataon, lahat ay daranas ng kalungkutan. Walang [ligtas] dito."[1] "Ang Panginoon sa Kanyang karunungan ay hindi pinoprotektahan ang sinuman mula sa pighati o kalungkutan."[2] Gayunman, ang mamuhay nang payapa sa mundong ito ay halos depende pa rin sa kung nahihirapan tayong isipin si Jesus o hindi.

Ang kapanatagan ng isipan, katahimikan ng budhi at kapayapaan ng puso ay hindi nakasalalay sa kakayahan nating iwasan ang mga pagsubok, kalungkutan, o pighati. Sa kabila ng ating taos-pusong mga pagsamo, hindi lahat ng unos ay maiiwasan, hindi lahat ng karamdaman ay gagaling, at maaaring hindi lahat ng doktrina, alituntunin, o gawaing itinuro ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay lubos nating mauunawaan. Gayon pa man, pinangakuan tayo ng kapayapaan—na may kaakibat na kundisyon.

Sa Ebanghelyo ayon kay Juan, itinuro ng Tagapagligtas na sa kabila ng mga paghihirap sa buhay, maaari tayong magalak, maaari tayong umasa, at hindi tayo kailangang matakot, sapagkat sinabi Niya, "Kayo'y mag[ka]karoon *sa akin* ng kapayapaan."[3] Ang pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ngayon, at magpakailanman, ang unang alituntunin ng ebanghelyo at ang pundasyong kinasasaligan ng ating pag-asa sa "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[4]

Sa paghahanap natin ng kapayapaan sa gitna ng mga hamon sa buhay araw-araw, binigyan tayo ng simpleng huwaran upang maituon natin ang

ating isipan sa Tagapagligtas, na nagsabing: "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin. Ako si Jesucristo."[5]

Matuto, makinig, at lumakad—tatlong hakbang na may pangako.

Unang Hakbang: "Matuto sa Akin"

Sa Isaias mababasa natin, "At maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi, Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan."[6]

Sa patuloy na pagdami ng mga templong itinatayo sa iba't ibang panig ng mundo, natututo tayo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang papel sa plano ng Ama bilang Lumikha ng mundong ito, at ating Tagapagligtas at Manunubos, at ang pinagmumulan ng ating kapayapaan.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang mundo ay puno ng hamon at lugar na mahirap tirhan. . . . Sa pagpasok natin sa mga banal na bahay ng Diyos, sa pag-alala natin sa mga tipang ginawa natin doon, mas makakaya nating tiisin ang bawat pagsubok at daigin ang bawat tukso. Sa sagradong santuwaryong ito magkakaroon tayo ng kapayapaan."[7]

Sa isang stake conference assignment ilang taon na ang nakararaan habang naglilingkod ako sa South America, may nakilala akong mag-asawa na nagdadalamhati sa pagkamatay kamakailan ng kanilang sanggol na lalaki.

Sa isang interbyu ko unang nakausap si Brother Tumiri habang idinaraos ang kumperensya at nalaman ko ang pagpanaw ng kanyang anak. Habang nag-uusap kami, sinabi niya na hindi lamang siya labis na nalungkot sa pagkamatay ng kanyang anak, kundi natatakot din siya na baka hindi na niya ito makitang muli. Ipinaliwanag niya na bilang mga bagong miyembro ng Simbahan, nag-ipon sila ng pera para makapunta sa templo kahit minsan, bago ipinanganak ang kanilang bunso, kung saan sila nabuklod ng kanyang asawa at nabuklod sa kanila

ang dalawang anak nilang babae. Ikinuwento niya na nag-iipon silang muli para makabalik sa templo ngunit hindi pa nila nadadala ang kanilang bunsong anak para mabuklod din sa kanila.

Nang makita ko na posibleng mali ang pagkaunawa niya, ipinaliwanag ko na makikita niyang muli ang kanyang anak, kung mananatili siyang tapat, dahil ang ordenansa ng pagbubuklod na nagbigkis sa kanila ng kanyang asawa at mga anak ay sapat na rin para mabigkis siya sa kanyang bunsong anak, na isinilang sa tipan.

Namamanghang itinanong niya kung totoo ba talaga iyon, at nang tiyakin kong totoo iyon, hiniling niya na kausapin ko ang kanyang asawa, na nagdadalamhati pa rin sa pagkamatay ng anak dalawang linggo na ang nakalilipas.

Linggo ng hapon, pagkatapos ng kumperensya, kinausap ko si Sister Tumiri at ipinaliwanag din sa kanya ang napakagandang doktrinang ito. Dama pa ang lungkot sa pagpanaw ng anak, ngunit may pag-asa nang nababanaag, lumuluhang itinanong nito, "Talaga bang mayayakap kong muli ang aking anak? Talaga bang akin siya magpakailanman?" Tiniyak ko sa kanya na kapag tinupad niya ang kanyang mga tipan, talagang tutulutan siya ng kapangyarihang magbuklod na matatagpuan sa templo, na may bisa dahil sa kapangyarihan ni Jesucristo, na makapiling at mayakap na muli ang kanyang anak.

Si Sister Tumiri, bagama't malungkot pa rin sa pagkamatay ng anak pagkatapos naming mag-usap, ay umalis na may luha ng pasasalamat at payapang kalooban dahil sa mga sagradong ordenansa sa templo, na ginawang posible ng ating Tagapagligtas at Manunubos.

Tuwing pumupunta tayo sa templo—sa lahat ng ating naririnig, ginagawa, at sinasabi; sa bawat ordenansang nilalahukan natin; at sa bawat tipan na ginagawa natin—inaakay tayo kay Jesucristo. Napapayapa tayo kapag naririnig natin ang Kanyang mga salita at natututo sa Kanyang halimbawa. Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Magpunta sa bahay ng Panginoon at doon ay damhin ang Kanyang Espiritu at maging malapit sa Kanya at malalaman ninyo ang kapayapaang hindi ninyo makikita saanman."[8]

Ikalawang Hakbang: "Makinig sa Aking mga Salita"

Sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa."[9] Mula pa noong panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyan nating propeta na si Thomas Spencer Monson, nangungusap ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong kinatawan. Yaong mga nagpapasiyang makinig at tumalima sa mga salita ng Panginoon, na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, ay makasusumpong ng kaligtasan at kapayapaan.

Sa Aklat ni Mormon marami tayong makikitang halimbawa ng kahalagahan ng pagsunod sa payo ng propeta at pagtalima sa propeta, kabilang na ang isang aral na natutuhan mula sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay, na matatagpuan sa 1 Nephi kabanata 8. Ang malaki at maluwang na gusali noon kung ihahambing

ngayon ay mas puno ng tao o ang ingay na nagmumula sa mga bukas na bintana nito ay mas mapanghusga, mapanlait, at mapanlinlang. Sa talatang ito mababasa natin ang dalawang grupo ng mga tao at ang tugon nila sa isinisigaw ng mga nasa gusali.

Simula sa talata 26, mababasa natin:

"At nagpalingun-lingon din ako, at nakamalas, sa kabila ng ilog ng tubig, ng isang malaki at maluwang na gusali. . . .

"At puno ito ng tao, . . . at sila ay nasa ayos ng panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri roon sa mga yaong nagsitungo at kumakain ng bunga.

"At matapos na *matikman* nila ang bunga sila ay nahiya, dahil sa mga yaong humahamak sa kanila; at nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala."[10]

Sa talata 33 mababasa natin ang iba pa na iba ang tugon sa mga panlalait at pangungutya ng mga nasa gusali. Ipinaliwanag ng propetang si Lehi na ang mga nasa gusali "ay itinuro . . . ang mapanlibak nilang daliri sa akin at sa mga yaong *kumakain* din ng bunga; subalit hindi namin sila pinansin."[11]

Ang malaking kaibhan sa pagitan ng mga napahiya, nagsilayo, at nawala at ng mga taong hindi pinansin ang pangungutya mula sa gusali at tumalima sa propeta ay matatagpuan sa dalawang parirala: una, "matapos [nilang] *matikman,*" at ikalawa, "yaong mga *kumakain*."

Ang unang grupo ay nakarating sa puno, tumalima sandali sa propeta, ngunit *tinikman* lamang ang bunga. Sa pagtigil sa pagkain, hinayaan nilang maimpluwensyahan sila ng panunukso ng mga nasa gusali, na inilalayo sila sa propeta patungo sa mga bawal na landas, kung saan sila nangawala.

Kabaligtaran naman ng mga tumikim at nagpagala-gala ang mga patuloy na *kumakain* ng bunga. Hindi pinansin ng mga taong ito ang kaguluhan sa gusali, tumalima sila sa propeta, at nagtamasa ng kaligtasan at kapayapaang kaakibat nito. Ang ating katapatan sa Panginoon at sa Kanyang mga lingkod ay hindi maaaring paminsan-minsan lang. Kung magkagayon, ipinapakita natin na madali tayong matukso ng

mga taong hangad na wasakin ang ating kapayapaan. Kapag nakikinig tayo sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod, tumatayo tayo sa mga banal na lugar at hindi matitinag.

Ang kaaway ay nag-aalok ng mga huwad na solusyong tila nagbibigay ng mga kasagutan ngunit lalo tayong inilalayo sa kapayapaang hangad natin. Nagpapakita siya ng ilusyong parang tama at ligtas ngunit sa huli, tulad ng malaki at maluwang na gusali, ay guguho, at malilipol ang lahat ng nagghahanap ng kapayapaan sa loob nito.

Ang katotohanan ay natatagpuan sa kasimplihan ng isang awitin sa Primary: "Anang propeta: Sundin ang utos. Dito'y *ligtas* at *payapa*."[12]

Ikatlong Hakbang: "Lumakad sa Kaamuan ng Aking Espiritu"

Gaano man tayo napalayo sa tamang landas, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na bumalik at lumakad na kasama Niya. Ang paanyayang ito na lumakad na kasama ni Jesucristo ay isang paanyayang samahan Siya sa Getsemani at mula Getsemani hanggang Kalbaryo at mula Kalbaryo hanggang Libingan sa Halamanan. Ito ay isang paanyayang pahalagahan at gamitin ang Kanyang dakila at nagbabayad-salang sakripisyo, na ang saklaw ay hindi lang pangkalahatan kundi personal. Ito ay isang paanyayang magsisi, umasa sa Kanyang nakalilinis na kapangyarihan, at abutin ang Kanyang mapagmahal at nakaunat na mga bisig. Ito ay isang paanyayang pumayapa.

Nadama na nating lahat, sa isang pagkakataon sa ating buhay, ang sakit at lungkot na dulot ng kasalanan at paglabag, sapagkat "kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin."[13] Gayunman, "bagaman ang [ating] mga kasalanan ay maging tila mapula," kapag ginamit natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at lumakad tayo na kasama Niya sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi, "ay magiging mapuputi na parang niebe."[14] Kahit nabigatan tayo dahil sa kasalanan, magtatamo tayo ng kapayapaan.

Napilitang harapin ni Nakababatang Alma ang kanyang mga kasalanan nang dalawin siya ng isang anghel ng Panginoon. Inilarawan niya ang kanyang karanasan sa mga salitang ito:

"Ang kaluluwa ko'y sinaktan sa pinakamasidhing sakit at giniyagis ng lahat ng aking kasalanan.

". . . Oo, nakita ko na ako'y naghimagsik laban sa aking Diyos, at na hindi ko sinunod ang kanyang mga banal na kautusan."[15]

Sa bigat ng kanyang mga kasalanan, at sa gitna ng pagdurusang ito, nagpatuloy siya:

"Naalaala ko ring narinig ang aking ama na nagpropesiya sa mga tao hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

". . . Nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako."[16]

"At hindi kailanman, hanggang sa humingi ako ng awa sa Panginoong

Jesucristo, na nakatanggap ako ng kapatawaran sa aking mga kasalanan. Subalit masdan, ako ay nagsumamo sa kanya at *natagpuan ko ang kapayapaan sa aking kaluluwa*."[17]

Tulad ni Alma, mapapayapa rin ang ating kaluluwa kapag lumakad tayo na kasama ni Jesucristo, nagsisi tayo sa ating mga kasalanan, at ginamit natin ang Kanyang nagpapagaling na kapangyarihan sa ating buhay.

Ang kapayapaang hangad nating lahat ay hindi lamang ninanais. Kailangan tayong kumilos—sa pamamagitan ng pagkatuto tungkol kay Jesucristo, pakikinig sa Kanyang mga salita, at paglakad na kasama Niya. Maaaring wala tayong kakayahang kontrolin ang lahat ng nangyayari sa ating paligid, ngunit makokontrol natin kung paano gamitin ang huwaran para sa kapayapaan na inilaan ng Panginoon—isang huwaran na tutulong sa atin na laging isipin si Jesus.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo "ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay"[18] at na sa pamamagitan lamang Niya tayo maaaring magtamo ng tunay na kapayapaan sa buhay na ito at ng buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph B. Wirthlin, "Anuman ang Mangyari, Gustuhin Ito," *Liahona,* Nob. 2008, 27.
2. Joseph B. Wirthlin, "Anuman ang Mangyari, Gustuhin Ito," 26.
3. Juan 16:33; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Doktrina at mga Tipan 59:23.
5. Doktrina at mga Tipan 19:23–24.
6. Isaias 2:3.
7. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
8. Gordon B. Hinckley, sa "Magalak sa mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Dis. 2002, 33.
9. Doktrina at mga Tipan 1:38.
10. 1 Nephi 8:26–28; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. 1 Nephi 8:33; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. "Mga Kautusan sa Tuwina'y Sundin" *Aklat ng mga Awiting Pambata,* 68; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. I Ni Juan 1:8.
14. Isaias 1:18.
15. Alma 36:12–13.
16. Alma 36:17–18.
17. Alma 38:8; idinagdag ang pagbibigay-diin.
18. Juan 14:6.

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Ama

Pagtutuunan ko ngayon ang kabutihang magagawa ng kalalakihan sa pinakamataas na tungkulin ng lalaki—ang pagiging asawa at ama.

Magsasalita ako ngayon tungkol sa mga ama. Ang mga ama ay mahalaga sa banal na plano ng kaligayahan, at nais kong hikayatin yaong mga nagsisikap na gampanang mabuti ang tungkuling iyan. Ang purihin at hikayatin ang pagiging ama at ang mga ama ay hindi pagpapahiya o pagbabalewala sa sinuman. Pagtutuunan ko lang ngayon ang kabutihang magagawa ng kalalakihan sa pinakamataas na tungkulin ng lalaki—ang pagiging asawa at ama.

Naobserbahan ni David Blankenhorn, awtor ng *Fatherless America*: "Ngayon, ang lipunan ng Amerika ay nahahati at magkaiba ang pananaw tungkol sa pagiging ama. Ni hindi ito natatandaan ng ilang tao. Ang ilan ay nayayamot dito. Ang iba naman, pati na ang ilang nagsusulat tungkol sa pamilya, ay binabalewala o binabatikos pa ito. Ang maraming iba pa ay hindi gaanong kontra dito, ni hindi rin gaanong seryoso tungkol dito. Nais ng maraming tao na solusyunan natin ito, ngunit naniniwala sila na hindi na talaga magagawa o ayaw nang gawin ito ng ating lipunan.[1]

Bilang Simbahan, naniniwala tayo sa mga ama. Naniniwala tayo sa "ulirang ama na inuuna ang kanyang pamilya."[2] Naniniwala tayo na "sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak."[3] Naniniwala tayo na sa

magkatugmang mga tungkulin nila sa pamilya, "ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."[4] Naniniwala tayo na bukod sa mahalaga, ang mga ama ay kakaiba at walang makakapalit.

Tinitingnan ng ilan ang buti ng pagiging ama ayon sa konsepto ng lipunan, bilang isang obligasyon ng mga lalaki sa kanilang supling, kaya napipilitan silang maging mabubuting mamamayan at isipin ang mga pangangailangan ng iba, na nagpapaigting sa ideya na "hindi lamang responsibilidad ng ina ang pangangalaga sa mga anak. . . . Sa madaling salita, mahalaga sa kalalakihan ang maging ama. Mahalaga sa mga anak ang magkaroon ng ama. Mahalaga sa lipunan ang lumikha ng mga ama."[5] Bagama't walang alinlangan na totoo at mahalaga ang mga bagay na ito, alam natin na ang pagiging ama ay hindi lang isang konsepto ng lipunan o resulta ng ebolusyon. Ang papel ng ama ay may banal na pinagmulan, simula sa isang Ama sa Langit at, sa mundong ito, kay Amang Adan.

Nagpapakita ng pagmamahal ang mga ama sa paglilingkod at pagsuporta sa kanilang pamilya.

Ang pagiging ama ay nangangailangan ng sakripisyo, ngunit ito ay pinagmumulan ng walang kapantay na kasiyahan.

Ang nagpakita ng sakdal at banal na pagkaama ay ang ating Ama sa Langit. Kasama sa Kanyang pag-uugali at mga katangian ang saganang kabutihan at sakdal na pagmamahal. Ang kanyang gawain at kaluwalhatian ay ang pag-unlad, kaligayahan, at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak.[6] Ang mga ama sa makasalanang mundong ito ay hindi maikukumpara sa Kamahalang nasa Kalangitan, ngunit sa abot ng kanilang makakaya, pinagsisikapan nilang tularan Siya, at tunay ngang masigasig sila sa Kanyang gawain. Sila ay pinagkalooban ng pambihira at mahinahong pagtitiwala.

Para sa kalalakihan, ang pagiging ama ay inilalantad tayo sa sarili nating mga kahinaan at sa pangangailangan nating magpakabuti. Ang pagiging ama ay nangangailangan ng sakripisyo, ngunit pinagmumulan ito ng walang-kapantay na kasiyahan, maging ng kagalakan. Muli, ang pinakadakilang huwaran ay ang ating Ama sa Langit, na lubos tayong minahal, na Kanyang mga espiritung anak, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang Bugtong na Anak para sa ating kaligtasan at kadakilaan.[7] Sinabi ni Jesus, "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan."[8] Ipinapakita ng mga ama ang pagmamahal na iyon kapag iniukol nila ang kanilang buhay araw-araw, sa paglilingkod at pagsuporta sa kanilang pamilya.

Marahil ang pinakamahalaga sa gawain ng isang ama ay ang ibaling ang puso ng kanyang mga anak sa kanilang Ama sa Langit. Kung sa pamamagitan ng kanyang halimbawa at maging sa kanyang mga salita ay maipamalas ng isang ama ang kanyang katapatan sa Diyos sa araw-araw na pamumuhay, naibigay na ng amang iyon ang susi ng kapayapaan sa buhay na ito at ng buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.[9] Ang isang ama na binabasahan at sinasamahan sa pagbasa ng banal na kasulatan ang kanyang mga anak ay ipinababatid sa kanila ang tinig ng Panginoon.[10]

Matatagpuan natin sa mga banal na kasulatan ang paulit-ulit na pagbibigay-diin sa obligasyon ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak:

"At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag, na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang. . . .

"At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon."[11]

Noong 1833, pinagsabihan ng Panginoon ang mga miyembro ng Unang Panguluhan sa di-sapat na pag-uukol ng pansin sa tungkuling turuan ang kanilang mga anak. Sa isa ay tuwiran Niyang sinabi, "Hindi mo tinuruan ang iyong mga anak ng liwanag at katotohanan, alinsunod sa mga kautusan; at yaong masama ay may kapangyarihan, sa ngayon, sa iyo, at ito ang dahilan ng iyong pagdurusa."[12]

Dapat iturong muli ng mga ama ang batas at mga gawa ng Diyos sa bawat henerasyon. Tulad ng ipinahayag ng Mang-aawit:

"Sapagka't siya'y nagtatag ng patotoo sa Jacob, at nagtakda ng kautusan sa Israel, na kaniyang iniutos sa aming mga magulang, na kanilang ipabatid sa kanilang mga anak:

"Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga'y ng mga anak na ipanganganak; na siyang magsisibangon, at mangagsasaysay sa kanilang mga anak:

"Upang kanilang mailagak ang kanilang pagasa sa Dios, at huwag kalimutan ang mga gawa ng Dios."[13]

Tiyak na ang pagtuturo ng ebanghelyo ay kapwa tungkulin ng mga ama at ina, ngunit nilinaw ng Panginoon na inaasahan Niya na ang mga ama ang manguna sa pagbibigay rito ng mataas na prayoridad. (At tandaan natin na ang di-pormal na mga pag-uusap, samasamang pagtatrabaho at paglalaro, at

pakikinig ay mahahalagang elemento ng pagtuturo.) Inaasahan ng Panginoon na ang mga ama ang huhubog sa kanilang mga anak, at gusto at kailangan ng mga anak ng isang huwaran.

Ako mismo ay nabiyayaan ng isang ulirang ama. Naaalala ko na noong mga 12 anyos ako, kumandidato ang aking ama sa city council sa aming maliit na komunidad. Hindi siya gaanong nangampanya—ang natatandaan ko lang ay na inutusan kaming magkakapatid ni Itay na mamahagi ng mga flyer sa bahay-bahay, at himukin ang mga tao na iboto si Paul Christofferson. May ilang nakatatanda akong inabutan ng flyer na nagsabing si Paul ay isang mabuti at tapat na tao kaya siguradong iboboto nila siya. Tumaba ang batang puso ko sa pagmamalaki para sa aking ama. Binigyan ako nito ng tiwala at hangaring sundan ang kanyang mga yapak. Hindi siya perpekto—wala namang perpekto—ngunit siya ay matwid at mabuti at isang halimbawang nais tularan ng isang anak.

Ang disiplina at pagwawasto ay bahagi ng pagtuturo. Tulad ng sabi ni Pablo, "Sapagka't pinaparusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig."[14] Ngunit sa pagdidisiplina dapat magingat nang husto ang isang ama, upang hindi siya umabuso, isang bagay na hindi kailanman mapangangatwiranan. Kapag nagdidisiplina ang isang ama, kailangan niyang gawin iyon nang may pagmamahal at patnubay ng Espiritu Santo:

"Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway;

"Upang kanyang malaman na ang iyong katapatan ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan."[15]

Ang makadiyos na pagdidisiplina ay hindi pagpaparusa kundi pagtulong sa isang mahal sa buhay na magkaroon ng pagpipigil sa sarili.

Sinabi ng Panginoon na "lahat ng anak ay may karapatan sa kanilang mga magulang para sa kanilang ikabubuhay hanggang sa sila ay sumapit sa hustong gulang."[16] Ang pagtatatrabaho para sa pamilya ay isang sagradong gawain. Ang pagtataguyod sa pamilya, bagama't karaniwa'y nangangailangan ng oras na malayo sa pamilya, ay hindi kontra sa pagiging ama—ito ang kahulugan ng pagiging isang mabuting ama. "Ang trabaho at pamilya ay magkaugnay na mga responsibilidad."[17] Ito, mangyari pa, ay hindi mapangangatwiranan ang pagpapabaya ng isang lalaki sa kanyang pamilya dahil sa trabaho, o kaya naman, ang kawalan ng sikap at pagpasa ng kanyang responsibilidad sa iba. Sa mga salita ni Haring Benjamin:

"Hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga anak na sila ay magutom, o maging hubad; ni hindi ninyo ipahihintulot na sila ay lumabag sa mga batas ng Diyos, at makipaglaban at makipag-away sa isa't isa. . . .

"Kundi tuturuan ninyo silang lumakad sa mga daan ng katotohanan at kahinahunan; tuturuan ninyo silang mahalin ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa."[18]

Batid natin ang pagdurusa ng kalalakihang hindi makakita ng mga paraan para sapat na maitaguyod ang kanilang pamilya. Walang dapat ikahiya ang mga yaon na, sa anumang sandali, sa kabila ng lahat ng kanilang pagsisikap, ay hindi magampanan ang lahat ng tungkulin at gawain ng mga ama. "Ang pagkakaroon ng kapansanan, ang kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan."[19]

Ang mahalin ang ina ng kanyang mga anak—at ipakita ang pagmamahal na iyon—ay dalawa sa pinakamabubuting bagay na magagawa ng isang ama para sa kanyang mga anak. Pinagtitibay at pinatatatag nito ang pagsasama ng mag-asawa na siyang pundasyon ng kanilang buhay-pamilya at seguridad.

Ang ilang lalaki ay mga amang walang asawa, ama-amahan, o amain. Marami sa kanila ang nagsisikap nang husto at ginagawa ang lahat sa isang kadalasa'y mahirap na tungkulin. Iginagalang natin ang mga taong ginagawa ang lahat nang may pagmamahal, tiyaga, at sakripisyo para matugunan ang mga pangangailangan nila at ng kanilang pamilya. Dapat alalahanin na ipinagkatiwala ng Diyos mismo ang Kanyang Bugtong na Anak sa isang ama-amahan. Tiyak na dapat ding papurihan si Jose dahil nang lumaki si Jesus, Siya ay "lumaki sa karunungan at pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Diyos at tao."[20]

Ang malungkot, dahil sa kamatayan, pag-abandona, o diborsyo, hindi kapiling ng ilang anak ang kanilang ama. Ang ilan ay maaaring may ama na pisikal na nariyan ngunit malayo ang loob sa mga anak at sa iba pang mga paraan ay hindi sila pinag-uukulan ng pansin o sinusuportahan. Nananawagan kami sa lahat ng ama na magpakabuti at maging mas mabuti. Nananawagan kami sa media at mga entertainment outlet na magpakita ng mga ama na tapat at may kakayahang tunay na mahalin ang kanilang asawa at ginagabayan nang may katalinuhan ang kanilang mga anak, sa halip na mga lalaking walang masabing

Ang isang ama na binabasahan at nagbabasa ng banal na kasulatan kasama ang kanyang mga anak ay ipinakikilala sa mga bata ang tinig ng Panginoon.

Umaasa ang Panginoon na huhubugin ng mga ama ang kanilang mga anak, at gusto at kailangan ng mga anak ng isang huwaran.

matino o "pinagmumulan ng problema," na siyang napakadalas na paglalarawan sa mga ama.

Sa mga anak na may problema sa pamilya, sinasabi namin, hindi nababawasan ang inyong pagkatao dahil dito. Ang mga hamon kung minsan ay pahiwatig ng pagtitiwala ng Panginoon sa inyo. Matutulungan Niya kayo, nang tuwiran at sa pamamagitan ng iba, na harapin ang mga dinaranas ninyo. Maaaring kayo ang maging henerasyon, marahil ang una sa inyong pamilya, kung saan tunay na nahuhubog ang mga banal na huwarang inorden ng Diyos para sa pamilya at pinagpapala ang lahat ng henerasyong susunod sa inyo.

Sa mga kabataang lalaki, batid ang magiging tungkulin ninyo bilang tagapagtaguyod at tagapagprotekta, sinasabi namin, maghanda na kayo ngayon sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral at pagpaplano para sa kolehiyo. Ang pag-aaral, sa unibersidad man, sa technical school, sa apprenticeship, o sa kahalintulad na programa, ay mahalaga upang magtamo kayo ng mga kasanayan at kakayahang kakailanganin ninyo. Samantalahin ang mga pagkakataong makisalamuha sa mga taong iba't iba ang edad, pati na sa mga bata, at matutong makisama at makipagkaibigan sa kanila. Ibig sabihin ay makipag-usap nang harap-harapan sa mga tao at samahan sila sa paggawa ng mga bagay-bagay kung minsan, huwag lang basta magpakahusay sa pagtetext. Mamuhay sa paraan na bilang isang lalaki ay makapaghatid kayo ng kadalisayan sa pagsasama ninyong magasawa at sa inyong mga anak.

Sa lahat ng bagong henerasyon, sinasabi namin, sabihin man ninyo na ang inyong ama ay mabuti, mas mabuti, o pinakamabuti (at palagay ko tataas pa ang antas na iyan habang nagkakaedad at mas tumatalino kayo), magpasiyang bigyang-dangal siya at ang inyong ina sa sarili ninyong buhay. Alalahanin ang pag-asam ng isang ama ayon sa pahayag ni Juan: "Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan."[21] Ang inyong kabutihan ang pinakamalaking karangalang matatanggap ng sinumang ama.

Sa aking mga kapatid, ang mga ama sa Simbahang ito, sinasabi ko, alam ko na nais ninyong maging mas perpektong ama. Iyan din ang nais ko. Magkagayunman, sa kabila ng ating mga limitasyon, magpatuloy tayo. Huwag tayong maging makasarili at mapagpalayaw sa sarili na talamak sa ating kultura at isipin muna natin ang kaligayahan at kapakanan ng iba. Alam ko, na sa kabila ng ating mga kakulangan, pararangalan tayo ng Ama sa Langit at pagbubungahin ang mga pagsisikap natin. Lumakas ang loob ko sa isang kuwentong inilathala sa *New Era* ilang taon na ang nakakaraan. Isinalaysay ng awtor ang sumusunod:

"Noong bata pa ako, nakatira ang maliit na pamilya namin sa isang apartment na may isang kuwarto sa ikalawang palapag. Sa sopa sa salas ako natutulog. . . .

"Ang tatay ko, na isang steelworker, ay umaalis ng bahay nang napakaaga araw-araw para magtrabaho. Tuwing umaga . . . kinukumutan niya ako at tumitigil siya sandali. Naaalimpungatan ako kapag nararamdaman kong nakatayo sa tabi ko ang tatay ko, at nakatingin sa akin. Nang gumising ako nang dahandahan, nahiya akong makita siya roon. Sinubukan kong magkunwari na tulog pa ako. . . . Naramdaman ko na habang nakatayo siya sa tabi ng higaan ko ay nagdarasal siya nang buong taimtim at sigasig at pagtutuon—para sa akin.

"Tuwing umaga'y ipinagdasal ako ng tatay ko. Ipinagdasal niya na maging maganda ang araw ko, na maging ligtas ako, na matuto ako at maghanda para sa hinaharap. At dahil hindi ko siya makakasama hanggang gabi, ipinagdasal niya ang mga guro at kaibigang makakasama ko sa araw na iyon. . . .

"Noong una, hindi ko talaga naunawaan ang ginagawa ng tatay ko sa mga umagang iyon na ipinagdasal niya ako. Ngunit nang magkaedad na ako, mas nadama ko ang kanyang pagmamahal

at pagmamalasakit sa akin at sa lahat ng ginagawa ko. Isa iyon sa mga paborito kong alaala. Ilang taon kalaunan, nang mag-asawa na ako, at magkaroon ng sarili kong mga anak, at pumupunta ako sa kanilang mga silid habang tulog sila at ipinagdarasal ko sila, noon ko lang lubos na naunawaan ang nadama ng aking ama noon para sa akin."[22]

Nagpatotoo si Alma sa kanyang anak:

"Masdan, sinasabi ko sa iyo, na [si Cristo] ang yaong tiyak na paparito . . . ; oo, siya ay paparito upang ipahayag ang masayang balita ng kaligtasan sa kanyang mga tao.

"At ngayon, anak ko, ito ang ministeryo kung saan ka tinawag, ang ipahayag ang masasayang balitang ito sa mga taong ito, upang ihanda ang kanilang mga isipan; o sa lalong maliwanag . . . upang kanilang maihanda ang mga isipan ng kanilang mga anak na pakinggan ang salita sa panahon ng kanyang pagparito."[23]

Iyan ang ministeryo ng mga ama ngayon. Pagpalain nawa sila ng Diyos at bigyan sila ng kakayahang gawin iyon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. David Blankenhorn, *Fatherless America: Confronting Our Most Urgent Social Problem* (1995), 62.
2. Blankenhorn, *Fatherless America,* 5.
3. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
4. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.
5. Blankenhorn, *Fatherless America,* 25, 26.
6. Tingnan sa Moises 1:39.
7. Tingnan sa Juan 3:16.
8. Juan 15:13.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23; Moises 6:59.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:34–36.
11. Doktrina at mga Tipan 68:25, 28.
12. Doktrina at mga Tipan 93:42.
13. Awit 78:5–7.
14. Sa Mga Hebreo 12:6.
15. Doktrina at mga Tipan 121:43–44.
16. Doktrina at mga Tipan 83:4.
17. Blankenhorn, *Fatherless America,* 113.
18. Mosias 4:14–15.
19. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.
20. Lucas 2:52.
21. 3 Ni Juan 1:4.
22. Julian Dyke, "Thanks, Dad," *Tambuli,* Okt. 1994, 45.
23. Alma 39:15–16.

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Tingnan ang Inyong Sarili sa Templo

Dalangin ko na parangalan natin ang Tagapagligtas at baguhin natin ang kinakailangang baguhin upang makita ang ating sarili sa loob ng Kanyang mga sagradong templo.

Ang paglaganap ng plano ng kaligtasan ng Panginoon sa dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon ay halos hindi kayang maunawaan.[1] Napatunayan ito sa ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson na 4 na bagong templo sa sesyong ito ng kumperensya. Nang tawagin si Pangulong Monson bilang Apostol noong 1963, may 12 templong ginagamit sa mundo.[2] Sa paglalaan ng Provo City Center Temple, ngayon ay may 150 na, at magkakaroon ng 177 kapag nailaan na ang lahat ng ibinalitang templo. Isang dahilan ito para magalak tayo nang may pagpapakumbaba.

Isang daan at walumpung taon na ang nakararaan, sa mismong araw na ito, Abril 3, 1836, isang kagila-gilalas na pangitain ang ipinakita kina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple. Nangyari ito isang linggo lang matapos ang paglalaan sa templong iyon. Sa pangitaing ito ay nakita nila ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito sa templo. Bukod sa iba pa, ipinahayag ng Tagapagligtas:

"Magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan.

"Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito."[3]

Sa sagradong okasyong iyon, nagpakita ang mga sinaunang propeta, kabilang na si Elijah, na nagkaloob

ng mga susi na mahalaga para sa mga ordenansa sa templo.

Naramdaman namin ang kasayahang nangyayari sa Quito, Ecuador; Harare, Zimbabwe; Belém, Brazil; at Lima, Peru, kapwa sa mga miyembro at sa mga missionary, batay sa nangyari sa Bangkok, Thailand, isang taon na ang nakararaan nang ibalita ang templong iyon. Si Sister Shelly Senior, asawa ng noon ay mission president ng Thailand Bangkok Mission na si David Senior, ay nag-email sa kanyang pamilya at mga kaibigan para sabihin na matapos nilang marinig ng kanyang asawa na ibalita ni Pangulong Monson ang templong iyon, ay "hindi sila nakatulog nang 12 oras at iyak sila nang iyak dahil sa kaligayahan." Tinawagan nila ang kanilang mga mission assistant nang alas-11:30 n.g. at ipinaalam ito sa kanila. Tinawagan ng mga assistant ang lahat ng missionary. Inireport kalaunan na "nagising ang buong mission sa hatinggabi at nagtatalon sa kanilang mga kama sa tuwa." Pabirong sinabihan ni Sister Senior ang pamilya at mga kaibigan na, "Huwag ninyong sabihin sa Missionary Department!"[4]

Ang espirituwal na pagtugon ng mga miyembro sa Thailand ay matindi rin. Tiwala ako na nagkaroon ng mga espirituwal na paghahanda sa mga puso at tahanan at mga pagpapamalas mula sa langit na naghanda sa mga Banal kung saan itatayo ang ibinalitang mga templo.

Nagpagawa si Sister Senior, sa Thailand, ng ilang espesyal na salamin para sa kanyang personal na pagtuturo, lalo na sa kababaihan. May nakaukit na templo sa salamin na may mga salitang, "Tingnan ang Inyong Sarili sa Templo." Nang tumingin ang mga tao sa salamin, nakita nila ang kanilang sarili sa templo. Itinuro ng mga Senior sa mga investigator at miyembro na ilarawan ang kanilang sarili sa templo at baguhin ang mga nararapat baguhin sa kanilang pamumuhay at espirituwal na maghanda para makamit ang mithiing ito.

Ang hamon ko ngayong umaga ay na makita ng bawat isa sa atin ang ating sarili sa templo, saanman tayo nakatira. Ipinahayag ni Pangulong Monson: "Hangga't hindi kayo nakakapasok sa bahay ng Panginoon upang matanggap ninyo ang lahat ng pagpapalang naghihintay sa inyo roon, hindi pa rin ninyo natatamo ang lahat ng inihahandog ng Simbahan. Ang pinakamahalaga at pinakamataas na pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ay ang mga pagpapalang natatanggap natin sa mga templo ng Diyos."[5]

Sa kabila ng kawalan ng kabutihan sa mundo ngayon, nabubuhay tayo sa isang sagrado at banal na panahon. Maraming siglo nang nailarawan ng mga propeta ang ating panahon, nang may pagmamahal at pananabik sa puso.[6]

Pinasalamatan ni Propetang Joseph Smith, sa pagbanggit kapwa sa Obadias[7] sa Lumang Tipan at ang I Ni Pedro[8] sa Bagong Tipan, ang dakilang layunin ng Diyos sa paglalaan ng pagbibinyag para sa mga patay at pagtutulot sa atin na maging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.[9]

Pinaunlad ng Panginoon ang ating mga tao at binigyan sila ng makakatulong na materyal at ng patnubay ng propeta upang maging masigasig tayo sa pagganap sa ating mga responsibilidad sa templo para sa kapwa mga buhay at mga patay.

Dahil sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, nauunawaan natin ang layunin ng buhay, ang plano ng kaligtasan ng Ama para sa Kanyang mga anak, ang nakatutubos na sakripisyo ng Tagapagligtas, at ang mahalagang papel ng mga pamilya sa organisasyon ng langit.[10]

Ang magkahalong pagdami ng mga templo at makabagong teknolohiya upang magampanan ang mga sagradong responsibilidad natin sa family history para sa ating mga ninuno ang dahilan kaya lubos na pinagpala ang panahong ito sa buong kasaysayan. Nagagalak ako sa kakaibang katapatan ng ating mga kabataan sa indexing at paghahanap sa kanilang mga ninuno at pagkatapos ay pagsasagawa ng binyag at kumpirmasyon sa templo. Kayo ay literal na kabilang sa ipinopresiyang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.

Nakatulong sa mga tao sa Thailand ang ipinasadyang mga salamin para makita ang kanilang sarili sa templo.

Paano Tayo Naghahanda para sa Templo?

Alam natin na ang kabutihan at kabanalan ay mahahalagang bahagi ng paghahanda para sa templo.

Sa Doktrina at mga Tipan bahagi 97, mababasa, "At yayamang ang aking mga tao ay magtatayo ng isang bahay sa akin sa pangalan ng Panginoon, at hindi pahihintulutan ang anumang maruming bagay na pumasok dito, upang ito ay hindi madungisan, ang aking kaluwalhatian ay mananatili rito."[11]

Hanggang noong 1891 ang Pangulo ng Simbahan ang lumalagda sa bawat temple recommend upang protektahan ang kasagraduhan ng templo. Ang responsibilidad na iyan ay itinalaga kalaunan sa mga bishop at stake president.

Lubos naming hinahangad na mamuhay ang mga miyembro ng Simbahan sa paraan na sila ay magiging marapat na magkaroon ng temple recommend. Huwag nating isipin na napakahirap o imposibleng makapasok sa templo. Katulong ang kanilang bishop, magagawa ng karamihan sa mga miyembro ang lahat ng kabutihang kailangang gawin sa loob ng maikling panahon kung determinado silang maging karapat-dapat at lubos silang magsisisi sa kanilang mga kasalanan. Kabilang dito ang kahandaang patawarin ang ating sarili at huwag ituring na mga hadlang ang ating mga kakulangan o kasalanan sa pagkamarapat nating makapasok sa isang sagradong templo.

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay isinakatuparan para sa lahat ng anak ng Diyos. Ang Kanyang nakatutubos na sakripisyo ay tumutugon sa hinihingi ng katarungan para sa lahat ng tunay na nagsisisi. Inilarawan ito ng

mga banal na kasulatan sa isang napakagandang paraan:

"Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe."[12]

"At . . . hindi ko na aalalahanin [ang mga ito]."[13]

Tinitiyak namin sa inyo na ang pamumuhay ayon sa mabubuting alituntunin ay magdudulot ng kaligayahan, kapanatagan, at kapayapaan sa inyo at sa inyong pamilya.[14] Ang mga miyembro, kapwa matatanda at mga kabataan,[15] ay pinatutunayan ang sarili nilang pagkamarapat kapag sinasagot nila ang mga tanong sa temple recommend. Ang lubos na kailangan ay palakasin ang ating patotoo sa Diyos Ama, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo at maranasan ang patnubay ng Espiritu Santo.

Ang mga Pagpapala ng Templo ay Napakarami

Ang mga pangunahing pagpapala ng templo ay ang mga ordenansa ng kadakilaan. Ang plano ng ebanghelyo ay tungkol sa kadakilaan at nakapaloob dito ang paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa Diyos. Maliban sa binyag at kumpirmasyon, ang mga ordenansa at tipan ay isinasagawa at natatanggap sa templo para sa mga buhay. Para sa mga patay, lahat ng nakapagliligtas na ordenansa at tipan ay natatanggap sa templo.

Itinuro ni Brigham Young, "Wala ni isang bagay na nakalimutang gawin ang Panginoon para sa kaligtasan ng sangkatauhan; . . . lahat ng magagawa para sa kanilang kaligtasan, hindi kabilang ang kanilang sarili, ay ginawa na at sa pamamagitan ng Tagapagligtas."[16]

Ang mga lider ng Simbahan ay bumubuo ng mga stake, ward, auxillary, korum, mission, at iba pa sa ating mga chapel at iba pang mga gusali. Ang Panginoon ay sa mga templo lamang bumubuo ng mga walang-hanggang pamilya.

Malinaw na yaong mga may bagbag na puso at nagsisising espiritu na tunay na nagsisi sa kanilang mga kasalanan ay lubos na katanggap-tanggap sa Panginoon sa Kanyang banal na bahay.[17] Alam natin na "hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao."[18] Isa sa mahahalagang bagay na gustung-gusto ko tungkol sa templo ay na sa lahat ng dumadalo, walang pagkakaiba sa yaman, ranggo, o anumang katungkulan. Tayong lahat ay pantay-pantay sa harapan ng Diyos. Lahat ay nakasuot ng puting damit para ipakita na tayo ay dalisay at mabubuting tao.[19] Lahat ay magkakatabi ng upuan na may hangarin sa kanilang puso na maging karapat-dapat na mga anak na lalaki at babae ng isang mapagmahal na Ama sa Langit.

Isipin lang ninyo, magagawa ng kababaihan at kalalakihan sa buong mundo sa pamamagitan ng "mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo . . . [na] makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at . . . magkasama-sama sa walang hanggan."[20] Ginagawa nila ito sa maganda at sagradong sealing room na ginawa para sa lahat ng karapat-dapat na miyembro. Matapos nilang pumasok sa mga tipang ito, "makikita nila ang kanilang sarili" sa dalawang magkaharap na salamin sa templo. "Mababanaag sa dalawang magkaharap na salaming ito ng templo ang mga larawang tila umaabot sa kawalang-hanggan."[21] Ang nabanaag na mga larawang ito ay tinutulungan tayong pagmuni-munihin ang ating mga magulang, lolo't lola, at lahat ng naunang henerasyon. Tinutulungan tayo nitong pahalagahan ang mga sagradong tipan na nag-uugnay sa atin sa lahat ng susunod na henerasyon. Napakahalaga nito, at nagsisimula ito kapag nakita ninyo ang inyong sarili sa templo.

Pinayuhan tayo ni Pangulong Howard W. Hunter na "isipin ang mararangal na turo sa dakilang panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple, isang panalangin na ayon kay Propetang Joseph Smith ay inihayag sa kanya. Isang panalangin iyon na patuloy na sinasagot sa bawat isa sa atin, sa atin bilang pamilya, at sa atin bilang isang lahi dahil sa kapangyarihan ng priesthood na ibinigay ng Panginoon sa atin para gamitin sa Kanyang mga banal na templo."[22] Makabubuting pag-aralan natin ang ika-109 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan at sundin ang payo ni Pangulong Hunter na "itatag ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng [ating] pagiging miyembro."[23]

Ang templo ay isa ring lugar ng kanlungan, pasasalamat, tagubilin, at pag-unawa, at "upang [tayo] ay maging ganap . . . sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos sa mundo."[24] Sa buong buhay ko naging isang lugar ito ng katiwasayan at kapayapaan sa isang magulong mundo.[25] Napakasayang iwan ang mga alalahanin ng sanlibutan pagpasok sa sagradong lugar na iyon.

Kadalasan kapag nasa templo, at habang nagsasaliksik tayo ng family history, nadarama natin ang mga pahiwatig at paramdam ng Espiritu Santo.[26] Nadarama natin sa templo paminsan-minsan na lubhang numinipis ang tabing sa pagitan natin at ng mga nasa kabilang-buhay. Nabibigyan tayo ng

dagdag na tulong sa ating mga pagsisikap na maging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.

Ilang taon na ang nakararaan sa isang templo sa Central America, tinulungan ng asawa ng isa sa ating emeritus General Authority ngayon ang isang ama, isang ina, at kanilang mga anak na tumanggap ng mga walang-hanggang tipan sa sealing room, kung saan naroon ang mga salamin ng templo. Nang matapos na sila at humarap sa mga salaming iyon, napansin niya na may mukha sa salamin na wala sa silid. Tinanong niya ang ina ng pamilya at nalaman na isang anak nilang babae ang pumanaw kaya hindi nila kasama roon. Sa gayon ay ibinuklod din ang pumanaw na anak nilang babae sa pamamagitan ng proxy sa sagradong ordenansa.[27] Huwag maliitin ang tulong na inilalaan sa mga templo na nagmumula sa kabilang panig ng tabing.

Dapat ninyong malaman kung gaano namin ninanais na gawin ng lahat ang mga pagbabagong kinakailangan upang maging marapat sa templo. Mapanalanging pagnilayan ang espirituwal na sitwasyon ninyo sa buhay, hingin ang patnubay ng Espiritu, at kausapin ang inyong bishop tungkol sa paghahanda ninyo para sa templo. Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Wala nang ibang mas mahalagang mithiing dapat ninyong pagsikapan kundi maging karapat-dapat na makapunta sa templo."[28]

Ang Tagapagligtas "Ang Di-Natitinag na Pangulong Bato sa Panulok ng Ating Pananampalataya at ng Kanyang Simbahan"

Nagkaroon ako ng pribilehiyong makibahagi na kasama si Pangulong Henry B. Eyring sa muling paglalaan ng Suva Fiji Temple dalawang buwan na ang nakararaan. Iyon ay isang espesyal at sagradong kaganapan. Matatag at matindi ang inspirasyong natanggap ni Pangulong Eyring kaya natuloy ang muling paglalaan sa kabila ng pinakamalakas na bagyo sa lahat ng naitala sa Southern Hemisphere. Nabigyan ng pisikal at espirituwal na proteksyon ang mga kabataan, missionary, at miyembro.[29] Lubos na nadama ang kamay ng Panginoon. Ang muling paglalaan ng Suva Fiji Temple ay isang kanlungan mula sa unos. Madalas kapag dumaranas tayo ng mga unos ng buhay, nasasaksihan natin ang kamay ng Panginoon sa pagbibigay ng walang-hanggang proteksyon.

Ang orihinal na paglalaan ng Suva Fiji Temple noong Hunyo 18, 2000, ay pambihira din. Noong malapit nang matapos ang templo, binihag ng isang grupo ng mga rebelde ang mga miyembro ng parliyamento. Ninakawan at sinunog ang kabayanan ng Suva, Fiji. Nagdeklara ng martial law ang militar.

Bilang Area President, pumunta ako kasama ang apat na stake president sa Fiji at nakipag-usap sa mga pinuno ng militar sa Queen Elizabeth barracks. Matapos naming ipaliwanag ang gagawing paglalaan, sumuporta naman sila ngunit nag-alala para sa kaligtasan ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Inimungkahi nilang simplihan na lang ang paglalalaan at huwag nang magdaos ng anumang kaganapan sa labas ng templo, gaya ng cornerstone ceremony. Binigyang-diin nila na sinumang nasa labas ng templo ay maaaring mapahamak.

Inaprubahan ni Pangulong Hinckley ang isang maliit na sesyon sa paglalaan na dadaluhan lamang ng bagong temple presidency at ng ilang lokal na lider; wala nang ibang inanyayahan dahil sa panganib. Gayunman, mariin niyang ipinahayag na, "Kung talagang maglalaan tayo ng templo, idaraos natin ang cornerstone ceremony dahil si Jesucristo ang pangulong bato sa panulok, at ito ay Kanyang Simbahan."

Nang lumabas nga kami para sa cornerstone ceremony, walang mga di-miyembro, bata, media, o iba pa na naroon. Subalit ipinakita ng matapat na propeta ang kanyang matapang at di-natitinag na katapatan sa Tagapagligtas.

Kalaunan ay sinabi ni Pangulong Hinckley tungkol sa Tagapagligtas: "Wala Siyang kapantay. Kailanma'y walang nakapantay. Kailanma'y walang makakapantay. Salamat sa Diyos sa kaloob ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na nagbuwis ng Kanyang buhay upang tayo ay mabuhay at ang di-natitinag na pangulong bato sa panulok ng ating pananampalataya at ng kanyang Simbahan."[30]

Mga kapatid, dalangin ko na parangalan natin ang Tagapagligtas at baguhin natin ang kinakailangang baguhin upang makita ang ating sarili sa loob ng Kanyang mga sagradong templo. Sa paggawa nito, maisasakatuparan natin ang Kanyang mga banal na layunin at maihahanda ang ating sarili at ating pamilya sa lahat ng pagpapalang maipagkakaloob ng Panginoon at ng Kanyang Simbahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ibinabahagi ko ang aking tiyak na patotoo na ang Tagapagligtas ay buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 112:30–32.
2. Ang ika-12 templo, ang London England Temple, ay inilaan noong Setyembre 7, 1958.
3. Doktrina at mga Tipan 110:6–7.
4. Shelly Senior, email, Abr. 6, 2015.
5. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo —Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
6. Tingnan sa Isaias 2:2.
7. Tingnan sa Obadias 1:21.
8. Tingnan sa I Ni Pedro 4:6.
9. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 480.
10. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 194, 210–11.
11. Doktrina at mga Tipan 97:15; tingnan din sa talata 17.
12. Isaias 1:18.
13. Jeremias 31:34.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23.
15. Bukod pa sa recommend na taglay ng mga adult na na-endow, isang limited-use recommend para sa pagbibinyag sa patay ang maaaring matanggap ng karapat-dapat na mga kabataan at mga adult na hindi pa na-endow. Ang dalawang recommend na ito ay kailangang lagdaan ng tumanggap na nagpapatunay ng personal na pagkamarapat. Ang limited-use recommend ay may bisa sa loob ng isang taon at nagbibigay ng pagkakataon sa bishopric na kausapin ang bawat tao hinggil sa kanyang pagkamarapat taun-taon.
16. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 39.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:42.
18. Mga Gawa 10:34; tingnan din sa Moroni 8:12; Doktrina at mga Tipan 1:35; 38:16.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 100:16.
20. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
21. Gerrit W. Gong, "Mga Salamin ng Kawalang-Hanggan ng Templo: Isang Patotoo ng Pamilya," *Liahona,* Nob. 2010, 37.
22. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (2015), 200.
23. *Mga Turo: Howard W. Hunter,* 195.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:13–14.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26–27.
26. Karaniwan ay tinutukoy natin itong diwa ni Elias. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na ang diwa ni Elias ay "isang pagpapamalas ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa banal na katangian ng pamilya" ("A New Harvest Time," *Ensign,* Mayo 1998, 34).
27. Ibinahagi nang may pahintulot.
28. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo —isang Tanglaw sa Mundo," 93.
29. Ang mga missionary at kabataan mula sa mga karatig na pulo ay nasa ligtas na mga paaralan at gusali ng Simbahan at ligtas mula sa napakatinding pagsalanta ng Bagyong Winston.
30. Gordon B. Hinckley, "Four Cornerstones of Faith," *Liahona,* Peb. 2004, 4–5.

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Papasanin Ka Niya sa Kanyang Balikat at Iuuwi

Tulad ng paghahanap ng Mabuting Pastol sa Kanyang nawawalang tupa, kung ibabaling lamang ninyo ang inyong puso sa Tagapagligtas ng sanlibutan, hahanapin Niya kayo.

Isa sa malalagim na alaala ko noong bata pa ako ang magising sa ugong ng sirena sa di-kalayuan na hudyat ng pag-atake ng militar. Maya-maya pa, unti-unting lumakas ang isa pang ugong, ang mahinang kalampag ng pag-ikot ng mga elise, hanggang sa mayanig nito ang himpapawid mismo. Dahil sinanay kaming mabuti ng aming ina, hinablot naming magkakapatid ang kani-kanyang bag namin at tumakbo kami sa itaas ng burol papunta sa taguang lungga. Habang sinasagasa namin ang dilim ng gabi, nagbagsakan ang mga berde at puting ningas na sumisiklab mula sa langit para makita ng mga nagbobomba ang mga target nila. Ang nakakagulat, mga Christmas tree ang tawag ng lahat sa mga sumisiklab na ito.

Apat na taong gulang ako noon, at saksi ako sa digmaang nagaganap.

Dresden

Di-kalayuan mula sa tirahan ng pamilya ko ang lungsod ng Dresden. Marahil ay libong beses nang nasaksihan ng mga nanirahan doon ang nasaksihan ko. Mga mapaminsalang sunog, na dulot ng tone-toneladang pampasabog, ang mabilis na nanalasa sa Dresden, at winasak ang mahigit 90 porsiyento ng lungsod at walang iniwan kundi mga durog na bato at abo lamang.

Sa ilang saglit lang, wasak na ang lungsod na dating tinaguriang "Jewel Box." Isinulat ni Erich Kästner, isang awtor na Aleman, tungkol sa pagkawasak na, "Isang libong taon nilang itinayo ang kanyang kariktan, isang gabi lang ay nawasak na ito nang lubusan."[1] Noong bata pa ako hindi ko mawari kung paano malalabanan ang pangwawasak ng isang digmaang sinimulan ng sarili naming mga tao. Mukhang wala nang pag-asa at kinabukasan ang mundo sa aming paligid noon.

Noong isang taon nagkaroon ako ng pagkakataong bumalik sa Dresden. Pitumpung taon pagkaraan ng digmaan, muli itong naging isang lungsod na matatawag na "Jewel Box." Nawala na ang mga guho, at naipanumbalik na at napaganda pa ang lungsod.

Nang bumisita ako nakita ko ang magandang simbahang Lutheran na Frauenkirche, ang Church of Our Lady. Orihinal na itinayo noong 1700s,

Kung nabuong muli ang isang wasak na lungsod na kagaya ng Dresden, Germany, gaano pa kaya ang kahigitan ng kakayahan ng ating Makapangyarihang Ama na buuing muli ang pagkatao ng Kanyang mga anak na nagkasala, nahirapan, o naligaw ng landas?

UNIVERSALIMAGESGROUP/UNIVERSAL IMAGES GROUP/GETTY IMAGES

naging isa ito sa mga tampok na lugar sa Dresden, ngunit naging bunton na lang ng mga durog na bato dahil sa digmaan. Maraming taon itong nanatiling gayon hanggang sa pagpasiyahan na muling itayo ang Frauenkirche.

Ang mga batong nagmula sa gumuhong simbahan na maaari pang pakinabangan ay inimbak at inorganisa, at ginamit sa muling pagtatayo. Ngayo'y makikita ninyo ang mga batong ito na umitim sa sunog na nagmistulang mga pilat sa mga dingding sa labas. Ang "mga pilat" na ito ay hindi lamang nagsisilbing alaala ng digmaan sa kasaysayan ng gusaling ito kundi isang bantayog ng pag-asa—isang maringal na simbolo ng kakayahan ng tao na bumuo ng isang bagay mula sa abo.

Nang pagnilayan ko ang kasaysayan ng Dresden at mamangha ako sa kahusayan at determinasyon ng mga tao na buuing muli ang isang bagay na wasak na wasak na, nadama ko ang magiliw na presensya ng Banal na Espiritu. Naisip ko, siguradong kung kaya ng tao na bumuong muli ng isang napakaganda at napakatayog na gusali mula sa mga guho, durog na bato, at labi, gaano pa kaya ang kahigitan ng kakayahan ng ating Makapangyarihang Ama na buuing muli ang pagkatao ng Kanyang mga anak na nagkasala, nahirapan, o naligaw ng landas?

Hindi mahalaga kung tila sirang-sira na ang buhay natin. Hindi mahalaga kung gaano man kabigat ang ating mga kasalanan, gaano kapait ang ating nadarama, gaano tayo kalungkot, o gaano kasawi ang ating puso. Maging yaong mga nawalan ng pag-asa, malungkot ang buhay, nagtaksil, isinuko ang kanilang integridad, o tumalikod sa Diyos ay muling mabubuo. Maliban sa mga anak ng kapahamakan, walang buhay na lubhang nawasak na hindi mabubuong muli.

Ang masayang balita ng ebanghelyo ay ito: dahil sa walang-hanggang plano ng kaligayahang laan ng ating mapagmahal na Ama sa Langit at sa pamamagitan ng sukdulang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, hindi lamang tayo maliligtas mula sa ating nahulog na kalagayan at ipanunumbalik sa kadalisayan, kundi uunlad din tayo nang higit pa sa kayang wariin ng tao at magiging mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan at tatanggap ng di-mailarawang kaluwalhatian ng Diyos.

Ang Talinghaga tungkol sa Nawawalang Tupa

Noong panahon ng ministeryo ng Tagapagligtas, tutol ang mga pinuno ng relihiyon sa Kanyang panahon sa pag-uukol ni Jesus ng panahon sa mga taong binansagan nilang "makasalanan."

Marahil ang tingin nila ay kinukunsinti o hinahayaan Niya ang kanilang masamang pag-uugali. Marahil ay naniwala sila na ang pinakamainam na paraan para matulungang magsisi ang mga makasalanan ay ang isumpa, kutyain, at ipahiya sila.

Nang mahiwatigan ng Tagapagligtas ang iniisip ng mga Fariseo at eskriba, nagkuwento Siya:

"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?

"At pagka nasumpungan niya, ay pinapasan niya sa kaniyang balikat, na natutuwa."[2]

Sa paglipas ng mga siglo, ang pagkaunawa sa talinghagang ito ay isa itong utos sa atin na ibalik ang nawawalang tupa at tulungan ang mga naliligaw ng landas. Bagama't angkop at mabuti naman ito, iniisip ko na baka higit pa ito rito.

Posible kaya na ang layunin ni Jesus, una sa lahat, ay ituro ang gawain ng Mabuting Pastol?

Posible kaya na pinatototohanan Niya na mahal ng Diyos ang mga anak Niyang suwail?

Posible kaya na ang mensahe ng Tagapagligtas ay na alam na alam ng Diyos kung sino ang mga nawawala—at na hahanapin Niya sila, tutulungan Niya sila, at sasagipin Niya sila?

Kung magkagayon, ano ang kailangang gawin ng tupa upang maging marapat sa tulong na ito ng langit?

Kailangan bang matutong gumamit ng kumplikadong sextant ang tupa para makalkula ang coordinates nito? Kailangan bang gumamit pa ito ng GPS para malaman kung nasaan na siya? Kailangan ba siyang maging eksperto sa paggawa ng app para makahingi ng saklolo? Kailangan ba ng tupa na iendorso siya ng isang kilalang tao bago siya sagipin ng Mabuting Pastol?

Hindi. Siyempre hindi! Ang tupa ay karapat-dapat na sagipin dahil lang sa mahal siya ng Mabuting Pastol.

Para sa akin, ang talinghaga tungkol sa nawawalang tupa ay isa sa mga

BETTMANN/BETTMANN/GETTY IMAGES

ISTOCK.COM/JOHANNES86

Ang mga batong umitim sa sunog na ginamit sa pagbuong muli ng simbahang Lutheran na Frauenkirche ay nagsisilbing maringal na simbolo ng kakayahan ng tao na bumuo ng isang bagay mula sa abo.

mensahe ng pag-asa sa buong banal na kasulatan.

Kilala at mahal tayo ng ating Tagapagligtas, ang Mabuting Pastol. Kilala at mahal Niya kayo.

Alam Niya kapag nawawala kayo, at alam Niya kung nasaan kayo. Alam Niya ang inyong dalamhati. Ang tahimik ninyong mga pagsamo. Ang inyong mga pangamba. Ang inyong mga pagtangis.

Hindi mahalaga kung paano kayo nawala—ito man ay dahil mali ang inyong mga pagpili o dahil sa mga sitwasyong hindi ninyo mapipigilan.

Ang tanging mahalaga ay anak Niya kayo. At mahal Niya kayo. Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak.

Dahil mahal Niya kayo, hahanapin Niya kayo. Papasanin Niya kayo sa Kanyang balikat, na natutuwa. At kapag kayo ay Kanyang iniuwi, sasabihin Niya sa lahat, "Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala."[3]

Ano ang Kailangan Nating Gawin?

Ngunit, maaaring iniisip ninyo, ano naman ang kailangan kong gawin? Tiyak na may gagawin pa ako kaysa maghintay lang na masagip.

Bagama't hangad ng ating mapagmahal na Ama na lahat ng anak Niya ay makabalik sa Kanya, hindi Niya pipilitin ang sinuman na bumalik sa langit.[4] Hindi tayo sasagipin ng Diyos kung ayaw natin.

Kaya ano ang kailangan nating gawin?

Simple lang ang Kanyang paanyaya:

"Magsipanumbalik . . . sa akin"[5]

"Magsiparito sa akin."[6]

"Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo."[7]

Sa ganitong paraan natin ipinapakita sa Kanya na gusto nating masagip.

Kailangan dito ang kaunting pananampalataya. Ngunit huwag mawalan ng pag-asa. Kung wala pa kayong pananampalataya ngayon, umasa na kayo'y magkakaroon.

Kung hindi ninyo masabi na alam ninyong nariyan ang Diyos, umasa na nariyan Siya. Maaari ninyong hangaring maniwala.[8] Sapat nang simula iyan.

Pagkatapos, taglay ang pag-asang iyan, magsumamo sa Ama sa Langit. Ipadarama ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa inyo, at sisimulan Niya kayong sagipin at baguhin.

Sa paglipas ng panahon, mapapansin ninyo ang impluwensya Niya sa inyong buhay. Madarama ninyo ang Kanyang pagmamahal. At ang hangaring lumakad sa Kanyang liwanag at sundan ang Kanyang mga yapak ay mag-iibayo sa bawat paghakbang ninyo nang may pananampalataya.

Tinatawag natin ang mga hakbang na ito ng pananampalataya na "pagsunod."

Hindi bantog ang salitang iyan sa mga panahong ito. Ngunit ang pagsunod ay isang natatanging konsepto sa ebanghelyo ni Jesucristo dahil alam natin na "sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."[9]

Kapag nag-ibayo ang ating pananampalataya, kailangan din nating pagibayuhin ang ating katapatan. Binanggit ko kanina ang lungkot na nadama ng isang awtor na Aleman sa pagkawasak ng Dresden. Isinulat din niya ang mga katagang "Es gibt nichts Gutes, ausser: Man tut es." Sa mga hindi marunong magsalita ng selestiyal na wika, ang salin nito ay "Walang anumang mabuti kung hindi mo ito gagawin."[10]

Maaaring mahusay tayong magsalita tungkol sa mga espirituwal na bagay. Maaaring mapahanga natin ang mga tao sa ating matalinong interpretasyon sa mga paksa ng relihiyon. Maaari tayong magsalita nang buong sigla tungkol sa relihiyon at "mangarap ng biyayang naghihintay."[11] Ngunit kung hindi binabago ng ating pananampalataya ang paraan ng ating pamumuhay—kung ang ating mga paniniwala ay hindi nakakaimpluwensya sa mga desisyon natin sa araw-araw—walang silbi ang ating relihiyon, at ang ating pananampalataya, kung hindi man patay, ay tiyak na mahina at nanganganib na mawala kalaunan.[12]

Pagsunod ang nagpapalakas sa pananampalataya. Sa pagsunod tayo nagtatamo ng liwanag sa ating kaluluwa.

Ngunit kung minsan palagay ko ay mali ang pagkaunawa natin sa pagsunod. Maaaring isipin natin na ang pagsunod ang siyang layunin mismo, sa halip na isang paraan para maisakatuparan ang layunin. O maaari nating isipin na tulad sa isang bakal na paulit-ulit na isinasalang sa init at pinupukpok hanggang sa mahubog ito ay pipilitin natin ang isa nating mahal sa buhay na sundin ang mga kautusan para siya maging banal.

Walang alinlangang may mga pagkakataon na kailangan nating mahigpit na ipangaral ang pagsisisi. Tiyak na may ilang tao na sa ganitong paraan lamang matutulungan.

Ngunit marahil ay may iba pang metaporang makapagpapaliwanag kung bakit natin sinusunod ang mga utos ng Diyos. Marahil ang pagsunod ay hindi proseso ng pagbaluktot, pagpilipit, at pagpukpok hanggang sa mahubog ang ating pagkatao. Sa halip, proseso ito ng pagtuklas sa tunay nating pagkatao.

Tayo ay nilikha ng Makapangyarihang Diyos. Siya ang ating Ama sa Langit. Tayo ay Kanyang literal na mga espiritung anak. Nilikha tayo mula sa sagradong materyal na napakabanal at dalisay, kung kaya't likas sa pagkatao natin ang kabanalan.

Gayunman, dito sa lupa, napupuno ng kasamaan, kasalanan, at karumihan ang ating mga iniisip at ikinikilos. Ang

karumihan at kasamaan ng makamundong daigdig ay dinurungisan ang ating kaluluwa, kaya nahihirapan tayong makilala at maalala ang ating tunay na pinagmulan at layunin.

Ngunit hindi mababago ng lahat ng ito ang ating tunay na pagkatao. Ang kabanalan ng ating likas na pagkatao ay nananatili. At sa sandaling piliin nating ibaling ang ating puso sa ating pinakamamahal na Tagapagligtas at tumahak tayo sa landas ng pagkadisipulo, may himalang nangyayari. Napupuspos ng pag-ibig ng Diyos ang ating puso, napupuspos ng liwanag ng katotohanan ang ating isipan, nagsisimula tayong mawalan ng hangaring magkasala, at ayaw na nating lumakad sa kadiliman.[13]

Natatanto natin na ang pagsunod ay hindi isang parusa kundi isang paraan para malaya tayong makatahak sa landas patungo sa ating banal na tadhana. At unti-unti, ang kasamaan, karumihan, at mga limitasyon ng mundong ito ay nagsisimulang maglaho. Kalaunan, ang napakahalaga at walang-hanggang espiritu ng banal na pagkataong likas sa atin ay nahahayag, at likas tayong pinagmumulan ng kabutihan.

Kayo ay Karapat-dapat na Sagipin

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, pinatototohanan ko na nakikita ng Diyos kung sino tayo talaga—at nakikita Niya na tayo ay karapat-dapat na sagipin.

Maaaring pakiramdam ninyo ay gumuho na ang inyong buhay. Maaaring nagkasala kayo. Maaaring kayo ay natatakot, nagagalit, nagdadalamhati, o nililigalig ng pag-aalinlangan. Ngunit tulad ng paghahanap ng Mabuting Pastol sa Kanyang nawawalang tupa, kung ibabaling lamang ninyo ang inyong puso sa Tagapagligtas ng sanlibutan, hahanapin Niya kayo.

Sasagipin niya kayo.

Bubuhatin at papasanin Niya kayo sa Kanyang balikat.

Iuuwi Niya kayo.

Kung kaya ng mga kamay ng tao na magtayo ng magandang bahay-sambahan mula sa mga durog na bato at guho, makatitiyak at makapagtitiwala tayo na kaya tayong buuing muli at bubuuin tayong muli ng ating mapagmahal na Ama sa Langit. Ang Kanyang plano ay gawin tayong higit na dakila kaysa rati—higit pa sa kayang ilarawan ng ating isipan. Sa bawat hakbang ng pananampalataya sa landas ng pagkadisipulo, nagiging mga nilalang tayo na may walang-hanggang kaluwalhatian at galak na siyang nilayong kahinatnan natin.

Ito ang aking patotoo, basbas, at mapakumbabang dalangin sa sagradong pangalan ng ating Panginoon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Erich Kästner, *Als ich ein kleiner Junge war* (1996), 51–52.
2. Lucas 15:4–5.
3. Lucas 15:6.
4. Tingnan sa "Know This, That Every Soul Is Free," *Hymns,* blg. 240.
5. Joel 2:12.
6. Mateo 11:28.
7. Doktrina at mga Tipan 88:63.
8. Tingnan sa Alma 32:27.
9. Ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
10. Erich Kästner, *Es gibt nichts Gutes, ausser: Man tut es* (1950).
11. "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.
12. Tingnan sa Santiago 2:26.
13. Tingnan sa Juan 8:12.

Sesyon sa Linggo ng Hapon | Abril 3, 2016

Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Espiritu Santo

Ipinahahayag ko ang aking pagmamahal at pasasalamat sa Ama sa Langit para sa kaloob na Espiritu Santo, at sa pamamagitan nito ay inihahayag Niya ang Kanyang kalooban at tinutulungan tayo.

Mahal kong mga kapatid, magsasalita ako ngayon bilang isang lingkod ng Panginoon at gayundin bilang isang lolo-sa-tuhod. Sa inyo at sa aking pinakamamahal na mga inapo, magtuturo at magpapatotoo ako tungkol sa kahanga-hangang kaloob na Espiritu Santo.

Magsisimula ako sa pagkilala sa Liwanag ni Cristo, na ibinibigay sa "bawat [lalaki at babae] na dumarating sa daigdig."[1] Lahat tayo ay nakikinabang sa banal na liwanag na ito. Ito ay "[napapasalahat] at sumasalahat ng bagay,"[2] at tinutulutan tayong matukoy ang tama at mali.[3]

Ngunit ang Espiritu Santo ay naiiba sa Liwanag ni Cristo. Siya ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, isang personaheng espiritu na may mga sagradong responsibilidad, at kaisa sa layunin ng Ama at ng Anak.[4]

Bilang mga miyembro ng Simbahan, maaari nating patuloy na maranasan ang patnubay ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng ipinanumbalik na priesthood ng Diyos, tayo ay nabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at pagkatapos ay nakumpirmang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa ordenansang ito, ibinigay sa atin ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.[5] Pagkatapos niyon, matatanggap at mapapanatili natin ang patnubay ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng patuloy na pag-alaala sa Tagapagligtas, pagsunod sa Kanyang mga kautusan, pagsisisi sa ating mga kasalanan, at marapat na pakikibahagi ng sakramento sa araw ng Sabbath.

Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng personal na paghahayag na tutulong sa atin sa paggawa ng malalaking desisyon tungkol sa mga bagay na tulad ng pag-aaral, misyon, propesyon, pag-aasawa, mga anak, kung saan tayo titira ng ating pamilya, at iba pa. Sa mga bagay na ito, inaasahan ng Ama sa Langit na gagamitin natin ang ating kalayaan, pag-aaralan ang sitwasyon sa ating isipan ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at ipagdarasal ang desisyong iyan sa Kanya.

Mahalaga ang personal na paghahayag, ngunit isang bahagi lamang ito ng gawain ng Espiritu Santo. Tulad ng pinatotohanan sa mga banal na kasulatan, ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo rin tungkol sa Tagapagligtas at sa Diyos Ama.[6] Itinuturo Niya sa atin ang "mga mapayapang bagay ng kaharian"[7] at "[pinupuspos tayo] ng pagasa."[8] "[Inaakay Niya tayo] sa paggawa ng mabuti . . . [at paghatol] nang matwid."[9] Siya ay nagbibigay "sa bawat [lalaki at babae] . . . [ng espirituwal na] kaloob . . . upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan."[10] Siya ay "nagbibigay ng kaalaman [sa atin]"[11] at "magpapaalaala [sa atin] ng lahat."[12] Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tayo "ay pa[ba] banalin"[13] at tatanggap ng "kapatawaran ng [ating] mga kasalanan."[14] Siya ang "Mang-aaliw," na siya ring "ipinangako sa mga disipulo [ng Tagapagligtas]."[15]

Ipinapaalala ko sa ating lahat na hindi ibinigay ang Espiritu Santo upang pigilin tayo. Ang ilan sa atin ay naghahangad ng patnubay ng Espiritu Santo nang hindi tama sa bawat maliit na desisyon sa ating buhay. Nawawalan tuloy ng halaga ang Kanyang sagradong tungkulin. Iginagalang ng Espiritu Santo ang alituntunin ng kalayaan.

Nangungusap Siya nang marahan sa ating puso't isipan tungkol sa maraming mahahalagang bagay.[16]

Bawat isa sa atin ay maaaring iba ang pagdama sa impluwensya ng Espiritu Santo. Ang Kanyang mga pahiwatig ay madarama sa iba't ibang antas ng katindihan ayon sa ating mga personal na pangangailangan at sitwasyon.

Sa mga huling araw na ito, pinagtitibay namin na tanging ang propeta ang maaaring tumanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo para sa buong Simbahan. Nalilimutan ito ng ilan, tulad nina Aaron at Miriam nang pilitin nila si Moises na sumang-ayon sa kanila. Ngunit nagturo ang Panginoon sa kanila at sa atin. Sabi Niya:

"Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong Panginoon ay pakikilala sa kaniya. . . .

"Sa kaniya'y makikipagusap ako ng bibig, sa bibig."[17]

Kung minsan tinutukso tayo ng kaaway sa mga maling ideya na maaari nating mapagkamalang nagmumula sa Espiritu Santo. Pinatototohanan ko na ang katapatan sa pagsunod sa mga kautusan at pagtupad ng ating mga tipan ay poprotekta sa atin mula sa panlilinlang. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, mahihiwatigan natin ang mga bulaang propetang iyon na itinuturo bilang doktrina ang mga utos ng tao.[18]

Kapag tumanggap tayo ng inspirasyon ng Espiritu Santo para sa ating sarili, makabubuting tandaan na hindi tayo maaaring tumanggap ng paghahayag para sa iba. May kilala akong binata na nagsabi sa isang dalaga, "napanaginipan ko na ikaw ang mapapangasawa ko." Pinag-isipan ng dalaga ang pahayag na iyon at saka isinagot na, "Kapag napanaginipan ko rin iyon, pupuntahan kita at kakausapin."



Lahat tayo ay maaaring matuksong panaigin ang ating sariling mga kagustuhan kaysa patnubay ng Espiritu Santo. Nagsumamo si Propetang Joseph Smith sa Ama sa Langit na payagan siyang ipahiram ang unang 116 na pahina ng Aklat ni Mormon kay Martin Harris. Akala ni Joseph ay mabuting ideya iyon. Noong una hindi iyon pinagtibay sa kanya ng Espiritu Santo. Kalaunan, pinayagan din ng Panginoon si Joseph na ipahiram ang mga pahina. Naiwala ni Martin Harris ang mga ito. May isang panahon na binawi ng Panginoon sa Propeta ang kaloob na magsalin, at natuto ng masakit ngunit mahalagang aral si Joseph na nakaimpluwensya sa nalalabi niyang paglilingkod.

Ang Espiritu Santo ay mahalaga sa Panunumbalik. Tungkol sa pagbabasa niya ng Santiago 1:5 noong bata pa siya, ikinuwento ni Propetang Joseph, "Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito."[19] Ang kapangyarihang inilarawan ni Joseph Smith ay ang impluwensya ng Espiritu Santo. Dahil dito, nagtungo si Joseph sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan at lumuhod upang humiling sa Diyos. Ang Unang Pangitaing sumunod ay tunay na napakadakila at kahanga-hanga. Ngunit ang pagpapakitang iyon ng Ama at ng Anak ay nagsimula sa panghihikayat ng Espiritu Santo na manalangin.

Dumating ang inihayag na mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng huwaran ng pagtatanong sa panalangin at pagtanggap at pagsunod pagkatapos sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Pag-isipan ang mga halimbawang ito: ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, ang panunumbalik ng priesthood at mga ordenansa nito, simula sa binyag; at ang pag-organisa ng Simbahan—at marami pang iba. Pinatototohanan ko na sa panahong ito, ang paghahayag ng Panginoon sa Unang Panguluhan at Labindalawa ay dumarating ayon sa sagradong pamamaraang ito. Ito rin ang sagradong huwarang nagtutulot sa personal na paghahayag.

Pinupuri namin ang lahat ng sumunod sa Espiritu Santo na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo, simula sa sariling mga kapamilya ni Joseph Smith. Nang ikuwento ng batang si Joseph sa kanyang ama ang pagbisita ni Moroni, nakatanggap ng patotoo ang kanyang ama para sa kanyang sarili. Hindi na pinagawa si Joseph sa kanyang mga responsibilidad sa bukid at hinikayat siyang sundin ang tagubilin ng anghel.

Bilang mga magulang at lider, gayahin natin ito. Hikayatin natin ang ating mga anak at ang iba na sundin ang patnubay ng Espiritu Santo. Sa paggawa nito, sundin natin ang halimbawa ng Espiritu Santo, mamuno tayo nang may kahinahunan, kaamuan, kabaitan, mahabang pagtitiis, at hindi pakunwaring pag-ibig.[20]

Ang Espiritu Santo ay isang daluyan ng komunikasyon para sa gawain ng Diyos sa mga pamilya at sa buong Simbahan. Sa pagkaunawang iyon, maaari ko bang ibahagi ang ilang personal kong halimbawa tungkol sa Espiritu Santo sa sarili kong buhay at paglilingkod sa Simbahan? Iniaalay ko ang mga ito bilang personal na patotoo na pinagpapala tayong lahat ng Espiritu Santo.

Maraming taon na ang nakalilipas, nagplano kami ni Sister Hales na anyayahan sa isang espesyal na hapunan ang ilan sa mga kasamahan ko sa trabaho sa aming tahanan. Paguwi ko mula sa opisina, nakadama ako ng impresyon na dumaan sa bahay ng isang balo na hino-home teach ko. Nang kumatok ako sa pintuan ng sister na iyon, sabi niya, "Matagal ko nang ipinagdarasal na dumating ka." Saan nanggaling ang impresyong iyon? Sa Espiritu Santo.

Minsan, matapos magkasakit nang malubha, nangulo ako sa isang stake conference. Para hindi ako gaanong mapagod, ipinlano kong umalis kaagad sa chapel pagkatapos ng priesthood leadership session. Gayunman, pagkatapos ng pangwakas na panalangin, sinabi sa akin ng Espiritu Santo, "Saan ka pupunta?" Nagkainspirasyon akong kamayan ang lahat habang palabas sila ng silid. Nang lumapit ang isang binatang elder, nahikayat akong bigyan siya



ng isang espesyal na mensahe. Nakatungo siya, at hinintay kong tumingin siya sa mga mata ko, at nasabi ko, "Magdasal ka sa Ama sa Langit, makinig ka sa Espiritu Santo, sundin mo ang mga pahiwatig sa iyo, at magiging maayos ang lahat sa buhay mo." Kalaunan sinabi sa akin ng stake president na kapapauwi lang nang mas maaga sa binata mula sa kanyang misyon. Nangako ang stake president sa ama ng binata, na sumusunod sa malinaw na impresyon, na kung isasama niya ang kanyang anak sa priesthood meeting, kakausapin siya ni Elder Hales. Bakit ako huminto para kamayan silang lahat? Bakit ako huminto para kamayan ang espesyal na binatang ito? Ano ang pinagmulan ng payo ko? Simple lang: ang Espiritu Santo.

Sa mga unang araw ng 2005, ginabayan akong maghanda ng isang mensahe sa pangkalahatang kumperansya tungkol sa mga senior missionary couple. Kasunod ng kumperensya, ikinuwento ng isang miyembrong lalaki: "Habang nakikinig kami sa kumperensya, . . . agad inantig ng Espiritu ng Panginoon ang aking kaluluwa. . . . Walang duda na ang mensahe ay para sa amin ng aking asawa. Magmimisyon kami, at ngayon na. Nang . . . tumingin ako sa asawa ko, natanto ko na natanggap din niya ang mga pahiwatig na iyon mula sa Espiritu."[21] Ano ang naghatid ng matindi at sabay na pagtugong ito? Ang Espiritu Santo.

Sa sarili kong mga inapo at sa lahat ng nakakarinig sa akin, ibinibigay ko ang aking patotoo tungkol sa personal na paghahayag at patuloy na pagdaloy ng araw-araw na patnubay, babala, panghihikayat, lakas, espirituwal na paglilinis, kapanatagan, at kapayapaan na dumating sa aming pamilya sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, nararanasan namin ang "nag-uumapaw niyang magiliw na awa"[22] at mga himalang hindi tumitigil.[23]

Ibinabahagi ko ang aking natatanging patotoo na ang Tagapagligtas ay buhay. Ipinapahayag ko ang aking pagmamahal at pasasalamat sa Ama sa Langit para sa kaloob na Espiritu Santo, at sa pamamagitan nito ay inihahayag Niya ang Kanyang kalooban at tinutulungan tayo sa ating buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 93:2; tingnan din sa Juan 1:9.
2. Doktrina at mga Tipan 88:6.
3. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilaw, Liwanag ni Cristo"; tingnan din sa Moroni 7:12–19.
4. Tingnan sa Juan 17.
5. Tingnan sa aralin 5, "Pagsasagawa ng mga Ordenansa ng Pagkasaserdote," sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote: Saligang Manwal para sa mga Maytaglay ng Pagkasaserdote, Bahagi B* (2001), 44–53.
6. Tingnan sa Juan 15:26; Mga Taga Roma 8:16.
7. Doktrina at mga Tipan 39:6.
8. Mga Taga Roma 15:13.
9. Doktrina at mga Tipan 11:12.
10. Doktrina at mga Tipan 46:11–12; tingnan din sa Moroni 10:8–17; Doktrina at mga Tipan 13–16.
11. Alma 18:35.
12. Juan 14:26.
13. 3 Nephi 27:20.
14. 2 Nephi 31:17.
15. Doktrina at mga Tipan 88:3.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
17. Mga Bilang 12:6, 8.
18. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:19.
19. Joseph Smith—Kasaysayan 1:12.
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–42.
21. Liham mula kay Frederick E. Hibben.
22. 1 Nephi 8:8.
23. Tingnan sa Moroni 7:29.

Ni Elder Gerrit W. Gong
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Lagi Siyang Aalalahanin

Mapagkumbaba kong pinatototohanan at idinadalangin na lagi natin Siyang aalalahanin—sa lahat ng oras, sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan man tayo naroroon.

Mahal kong mga kapatid, nang maglingkod ako sa Asia, itinanong paminsan-minsan ng mga tao, "Elder Gong, ilan ang naninirahan sa Asia Area ng Simbahan?"

Sabi ko, "Kalahati ng populasyon ng mundo—3.6 na bilyong tao."

May nagtanong, "Mahirap bang maalala ang lahat ng pangalan nila?"

Ang pag-alaala—at paglimot—ay bahagi ng araw-araw na buhay. Halimbawa, minsan, matapos hanapin ang kanyang bagong mobile phone sa lahat ng lugar, ipinasiya ng asawa ko na tawagan ito mula sa ibang phone. Nang marinig niyang tumunog ang kanyang phone, inisip ng asawa ko, "Sino kaya ang tumatawag sa akin? Hindi ko naman ibinigay kahit kanino ang numerong iyon!"

Ang pag-alaala—at paglimot—ay bahagi rin ng ating walang-hanggang paglalakbay. Ang panahon, kalayaan, at alaala ay tinutulungan tayong matuto, umunlad, at tumibay sa pananampalataya.

Sa mga titik ng isang paborito kong himno:

Tayo'y magpuri kay Jesus,
At S'ya'y parangalan. . . .
Mga banal sa pagtanggap,
Isipin S'yang tunay.[1]

Bawat linggo, sa pakikibahagi ng sakramento, nakikipagtipan tayo na lagi Siyang aalalahanin. Mula sa halos 400 talata sa banal na kasulatan na may salitang *alalahanin,* narito ang anim na paraan na lagi natin Siyang maaalala.

Una, lagi natin Siyang maaalala kapag nagtiwala tayo sa Kanyang mga tipan, pangako, at pagtiyak.

Naaalala ng Panginoon ang Kanyang mga walang-hanggang tipan—mula sa panahon ni Adan hanggang sa panahon na "niyakap ng [mga inapo ni Adan] ang katotohanan, at tumanaw sa kaitaasan, doon durungaw ang Sion, at ang buong kalangitan ay mayayanig sa tuwa, at ang lupa ay manginginig sa galak."[2]

Naaalala ng Panginoon ang Kanyang mga pangako, kabilang na ang mga pangako na titipunin ang ikinalat na Israel sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon: Isa pang Tipan ni Jesucristo at ang mga pangakong ibinigay sa bawat miyembro at missionary na naaalala ang kahalagahan ng mga kaluluwa.[3]

Nakakaalala ang Panginoon at nagbibigay ng katiyakan sa mga bansa at mga tao. Sa mga panahong ito ng kaligaligan at kaguluhan,[4] "ang iba ay tumitiwala sa mga karo, at ang iba ay sa mga kabayo: ngunit babanggitin namin ang pangalan ng Panginoon naming Dios,"[5] na "Diyos ang patnubay . . . at kalinga [sa hinaharap tulad noon]."[6] Sa "mga panahong mapanganib,"[7] ating "tandaan na hindi ang gawain ng Diyos ang nabibigo, kundi ang gawain ng mga tao."[8]

Pangalawa, lagi natin Siyang maaalala kapag pinasasalamatan at kinikilala natin ang Kanyang impluwensya sa ating buhay.

Ang impluwensya ng Panginoon sa ating buhay ay pinakamadaling makita kapag tapos na ang mga pangyayari. Tulad ng sabi ng pilosopong Kristiyano na si Søren Kierkegaard: "Kailangang matutuhan ang kahapon. Ngunit . . . kailangan tayong *mamuhay ngayon para sa hinaharap*."[9]

Ipinagdiwang ng mahal kong ina ang kanyang ika-90 kaarawan kamakailan. Nagpatotoo siya nang may pasasalamat sa pagpapala ng Diyos sa bawat mahalagang pangyayari sa kanyang buhay. Ang mga kasaysayan, tradisyon, at ugnayan ng pamilya ay tumutulong sa atin na alalahanin ang nakaraan, habang naglalaan ng mga huwaran at pag-asa para sa hinaharap. Ang mga priesthood line of authority at patriarchal blessing ay saksi sa impluwensya ng Diyos sa maraming henerasyon.

Naisip na ba ninyo na kayo mismo ang inyong buhay na aklat ng alaala—na nagpapakita kung ano ang pinipili ninyong maalala at paano ninyo pinipiling makaalala?

Halimbawa, noong bata pa ako, gusto ko talagang maglaro ng basketball

sa paaralan. Praktis ako nang praktis. Isang araw itinuro ng coach ang aming ka-team na 6-foot-4-inch (1.93 m) all-state center at ang aming 6-foot-2-inch (1.88 m) all-star forward at sinabi sa akin, "Ilalagay kita sa team, pero baka hindi ka makapaglaro kahit kailan." Naaalala ko kung paano niya ako magiliw na hinikayat, "Bakit hindi mo subukang sumali sa soccer? Magiging mahusay ka roon." Naghiyawan sa tuwa ang pamilya ko nang makapuntos ako sa unang pagkakataon.

Maaalala natin ang mga taong nagbigay sa atin ng pagkakataon, at ng pangalawang pagkakataon, nang may katapatan, kabaitan, tiyaga, at pang-hihikayat. At maaari tayong maging isang tao na maaalala ng iba kapag kailangang-kailangan nila ng tulong. Ang mapagpasalamat na pag-alaala sa tulong ng iba at sa gumagabay na impluwensya ng Espiritu ay isang para-an na naaalala natin Siya. Isang paraan ito na nabibilang natin ang maraming pagpapala sa atin at nakikita natin ang nagawa ng Diyos.[10]

Pangatlo, lagi natin Siyang maaala-la kapag nagtiwala tayo sa pagtiyak ng Panginoon na "siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito."[11]

Kapag lubos tayong nagsisi, kabi-lang na ang pagtatapat at pagtalikod sa ating mga kasalanan, maitatanong natin tulad ni Enos, kapag nalinis na tayo sa ating kasalanan, "Panginoon, paano ito nangyari?" at maririnig natin ang sagot na "Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo"[12] at ang Kanyang paanyaya na "[alalahanin] mo ako."[13]

Kapag nagsisi tayo at ipinahayag ng mga priesthood leader na karapat-dapat na tayo, hindi na natin kaila-ngan pang paulit-ulit na ipagtapat ang nakaraang mga kasalanang ito. Ang maging karapat-dapat ay hindi nanga-ngahulugang maging perpekto. Ang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ay inaanyayahan tayo na mapagkum-babang pumayapa sa paglalakbay natin sa buhay upang balang-araw ay maging ganap tayo kay Cristo,[14] na hindi pala-ging balisa, matamlay, o malungkot sa

ating mga kahinaan ngayon. Tandaan, alam Niya ang lahat ng bagay na ayaw nating malaman ng iba tungkol sa atin —at mahal pa rin Niya tayo.

Kung minsan ay sinusubok ng buhay ang tiwala natin sa awa, katarungan, at paghatol ni Cristo, at sa Kanyang nagpapalayang paanyaya na tulutan nating pagalingin tayo ng Kanyang Pagbabayad-sala kapag pinatawad natin ang iba at ang ating sarili.

Isang dalaga mula sa ibang bansa ang nag-apply ng trabaho bilang journalist, ngunit walang habag ang opisyal na nag-bibigay ng trabaho. Sinabi nito sa kanya, "Sa paglagda ko rito, ginagarantiyahan kong hindi ka magiging isang journalist kundi isang tagahukay ng mga kanal." Siya lamang ang babaeng naghuhukay ng mga kanal sa grupo ng kalalakihan.

Pagkalipas ng ilang taon naging opisyal ang babaeng ito. Isang araw lumapit sa kanya ang isang lalaking nangangailangan ng kanyang lagda para sa isang trabaho.

Tanong niya, "Naaalala mo ba ako?" Hindi siya maalala nito.

Sabi niya, "Hindi mo ako maalala, pero naaalala kita. Sa paglagda mo, ginarantiyahan mong hindi ako magi-ging journalist kailanman. Sa paglag-da mo, ginawa mo akong tagahukay ng mga kanal, ang tanging babae sa grupo ng kalalakihan."

Sabi niya sa akin, "Nadama ko na dapat kong gandahan ang pagtrato sa lalaking iyon kaysa pagtrato niya sa akin noon—pero wala akong lakas na gawin iyon." Kung minsan ang lakas na iyon ay hindi natin taglay, ngunit matatagpuan iyan sa pag-alaala sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Kapag nasira ang tiwala, nawasak ang mga pangarap, paulit-ulit na nadu-rog ang mga puso, kapag nais natin ng katarungan at kailangan ng awa, kapag nakakuyom ang ating mga kamao at dumadaloy ang ating mga luha, kapag kailangan nating malaman kung ano ang kakapitan at ano ang pawawalan, maaari natin Siyang alalahanin sa tuwi-na. Ang buhay ay hindi naman palaging malupit na tulad ng inaakala natin. Ang Kanyang walang-katapusang habag ay makakatulong sa atin na mahanap ang ating daan, katotohanan, at buhay.[15]

Kapag inalala natin ang Kanyang mga salita at halimbawa, hindi tayo mananakit ng damdamin o magdaramdam.

Mekaniko ang tatay ng kaibigan ko. Nakita ang tapat niyang pagtatra-baho maging sa kanyang mga kamay na hinugasang mabuti. Isang araw ay may isang tao sa templo na nagsabi sa tatay ng kaibigan ko na dapat siyang maghugas ng kamay bago maglingkod

doon. Sa halip na magdamdam, sinimulang hugasan ng mabait na taong ito ng tubig na may sabon ang mga pinagkainan ng pamilya bago pumunta sa templo. Naging halimbawa siya ng mga yaong "aahon sa bundok ng Panginoon" at "tatayo sa kaniyang dakong banal" na may pinakamalinis na mga kamay at pinakadalisay na puso.[16]

Kung tayo ay may mga kinaiinisan, sama ng loob, o hinanakit, o kung may dapat tayong ihingi ng tawad sa iba, ngayon na ang panahon para gawin ito.

Pang-apat, inaanyayahan Niya tayong alalahanin na lagi Niya tayong malugod na tatanggapin.

Natututo tayo sa pagtatanong at paghahanap. At sana'y huwag kayong tumigil sa paggalugad hanggang sa makarating kayo—sabi nga ni T. S. Eliot—"kung saan kayo nagsimula at nalaman ninyo ang lugar sa unang pagkakataon."[17] Kapag handa na kayo, buksang muli ang inyong puso sa Aklat ni Mormon, sa unang pagkakataon. Manalanging muli nang may tunay na layunin, sa unang pagkakataon.

Magtiwala sa naglalahong alaalang iyon. Hayaang palakasin nito ang inyong pananampalataya. Sa Diyos, hindi imposibleng bumalik.

Ang mga propeta noon at ngayon ay nagsusumamo na huwag hayaan ang mga kahangalan, kamalian, o kahinaan ng tao—ng iba o ng ating sarili—na maging dahilan upang hindi natin makita ang mga katotohanan, tipan, at nakatutubos na kapangyarihan sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo.[18] Mahalaga ito lalo na sa simbahan kung saan bawat isa sa atin ay lumalago sa pamamagitan ng ating di-perpektong pakikibahagi. Sabi ni Propetang Joseph, "Kahit kailan hindi ko sinabi sa inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa paghahayag na itinuturo ko."[19]

Panglima, lagi natin Siyang maaalala sa araw ng Sabbath sa pamamagitan ng sakramento. Sa pagtatapos ng Kanyang ministeryo sa lupa at pagsisimula ng Kanyang ministeryo nang Siya ay mabuhay na mag-uli—sa dalawang pagkakataong ito—ang ating Tagapagligtas ay kumuha ng tinapay at alak at hiniling na alalahanin natin ang Kanyang katawan at dugo,[20] "sapagkat kasindalas na gagawin ninyo ito, maaalaala ninyo ang oras na ito na ako ay nasa piling ninyo."[21]

Sa ordenansa ng sakramento, pinatototohanan natin sa Diyos Ama na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Kanyang Anak at lagi Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga kautusan, na ibinigay Niya sa atin, nang sa tuwina ay mapasaatin ang Kanyang Espiritu upang makasama natin.[22]

Tulad ng itinuro ni Amulek, naaalala natin Siya kapag ipinagdarasal natin ang ating bukid, mga kawan, at sambahayan at kapag naaalala natin ang mga nangangailangan, hubad, maysakit at naghihirap.[23]

Ang huli at pang-anim, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na lagi Siyang alalahanin tulad ng pag-alaala Niya sa atin.

Sa Amerika, inanyayahan ng ating nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga naroon na lumapit, nang isa-isa, at ihipo ang kanilang mga kamay sa Kanyang tagiliran at salatin ang bakas ng mga pako sa Kanyang mga kamay at paa.[24]

Inilarawan sa mga banal na kasulatan ang pagkabuhay na mag-uli na "bawat biyas at kasu-kasuan ay magbabalik sa . . . kanilang wasto at ganap na anyo," at "maging isang buhok sa ulo ay hindi mawawala."[25] Dahil diyan, pag-isipan kung bakit naroon pa rin sa perpekto at nabuhay na mag-uling katawan ng ating Tagapagligtas ang mga sugat sa Kanyang tagiliran at ang bakas ng mga pako sa Kanyang mga kamay at paa.[26]

Kung minsan sa kasaysayan, ang mga mortal na tao ay pinarusahan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpapako sa krus. Ngunit ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo lamang ang yumayakap sa atin na kakikitaan ng mga marka ng Kanyang dalisay na pagmamahal. Siya lamang ang nagsasakatuparan ng propesiya na maipako sa krus upang mailapit Niya ang bawat isa sa atin sa Kanya, na tinatawag tayo sa pangalan.[27]

Ipinahayag ng ating Tagapagligtas:

"Oo, maaaring makalimot [sila], gayon pa man hindi kita malilimutan.

"Narito, aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay."[28]

Pinatotohanan Niya: "Ako ang siyang itinaas. Ako si Jesus na ipinako sa krus. Ako ang Anak ng Diyos."[29]

Mapagkumbaba kong pinatototohanan at idinadalangin, na lagi natin

Siyang aalalahanin—sa lahat ng oras, sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan man tayo naroroon.[30] Sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. "Tayo'y Magpuri kay Jesus," *Mga Himno,* blg. 108.
2. Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 9:22 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10–16.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26; 88:91.
5. Mga Awit 20:7.
6. "Pumayapa, Aking Kaluluwa," *Mga Himno,* blg. 71.
7. II Kay Timoteo 3:1; tingnan din sa mga talata 2–7.
8. Doktrina at mga Tipan 3:3.
9. *Kierkegaard's Journals and Notebooks: Volume 2, Journals EE–KK* Bruce H. Kirmmse at iba pa, ed. (2008), 2:179; binigyang-diin sa orihinal.
10. Tingnan sa "Mga Pagpapala ay Bilangin," *Mga Himno,* blg. 147.
11. Doktrina at mga Tipan 58:42; tingnan din sa Isaias 43:25.
12. Enos 1:7, 8.
13. Isaias 43:26.
14. Tingnan sa Moroni 10:32.
15. Tingnan sa Juan 14:6.
16. Awit 24:3; tingnan din sa talata 4; ang karanasan ay ginamit nang may pahintulot.
17. T. S. Eliot, "Little Gidding," sa *Four Quartets* (1943), section 5, lines 241–42.
18. Tingnan, halimbawa, sa Eter 12:23–28; Dieter F. Uchtdorf, "Halina at Sumama sa Amin," *Liahona,* Nob. 2013, 21–24.
19. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 609–10. Ipinagpatuloy niya rito, "Dahil dito ako ba'y ituturing na lang na walang kabuluhan?"
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:2–4 para sa makabagong paghahayag tungkol sa paggamit ng tubig sa halip na alak.
21. Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 14:21 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).
22. Tingnan sa Moroni 4:3; 5:2; Doktrina at mga Tipan 20:77, 79.
23. Tingnan sa Alma 34:20–21, 28–29. Sa makabagong paghahayag, inutusan din tayo ng Panginoon na, "Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap" (Doktrina at mga Tipan 52:40).
24. Tingnan sa 3 Nephi 11:14–15.
25. Alma 40:23.
26. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:37.
27. Tingnan sa 3 Nephi 27:14; halimbawa, tingnan din, halimbawa, sa Juan 12:32–33; 1 Nephi 11:33; Mosias 23:22; Alma 13:29; 33:19; Helaman 8:14–15.
28. Isaias 49:15–16; tingnan din sa 1 Nephi 21:15–16.
29. Doktrina at mga Tipan 45:52.
30. Tingnan sa Mosias 18:9.

Ni Elder Patrick Kearon
Ng Pitumpu

Kanlungan Mula sa Bagyo

Ang sandaling ito ay hindi naglalarawan sa buong pagkatao ng mga refugee, ngunit ang pagtugon natin ay maglalarawan sa ating buong pagkatao.

"Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain: "Ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom: Ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

"Naging hubad, at inyo akong pinaramtan. . . .

". . . Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."[1]

May tinatayang 60 milyong refugee sa buong mundo ngayon, na ibig sabihin ay "1 sa bawat 122 tao . . . ang sapilitang pinaalis sa kanilang mga tahanan,"[2] at kalahati nito ay mga bata.[3] Nakabibiglang isipin ang laki ng bilang at ang kahulugan nito sa buhay ng bawat tao. Ang kasalukuyan kong tungkulin ay sa Europe, kung saan 1,250,000 ng mga refugee na ito ang nagdatingan noong isang taon mula sa mga lugar na winasak ng digmaan sa Middle East at Africa.[4] Nakikita namin ang marami sa kanila na ang tanging dala ay ang suot nilang damit at ang anumang mailalagay nila sa isang maliit na bag. Marami sa kanila ang edukado, at lahat ay napilitang iwanan ang kanilang tahanan, paaralan, at trabaho.

Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, nakipagtulungan ang Simbahan sa 75 organisasyon sa 17 bansa sa Europe. Kabilang sa mga organisasyong ito ang malalaking institusyon sa iba't ibang bansa, maliliit na komunidad, mga ahensya ng gobyerno, at mga kawanggawa ng ibang simbahan at samahan. Mapalad tayo na katuwang natin ang iba na maraming taon nang tumutulong sa mga refugee sa buong mundo at natututo tayo mula sa kanila.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, bilang mga tao, hindi na natin kailangan pang gunitain ang ating kasaysayan upang mapagmuni-muni ang mga panahon na tayo ay mga refugee, na marahas na pinalayas sa ating tahanan at bukid nang paulit-ulit. Nitong nakaraang Sabado sa pagsasalita tungkol sa mga refugee, hiniling ni Sister Linda Burton sa kababaihan ng Simbahan na isiping, "Paano kung katulad ng kuwento *nila* ang kuwento ng buhay *ko*?"[5] Ang kuwento ng buhay nila *ay* kuwento natin, ilang taon pa lang ang nakararaan.

May matitinding pagtatalo sa mga gobyerno at sa iba't ibang lipunan tungkol sa kahulugan ng refugee at kung ano ang dapat gawin upang matulungan sila. Ang mensahe ko ay hindi nilayon sa anumang paraan na makibahagi sa mainitang talakayang iyon, ni magkomento tungkol sa immigration policy, kundi magtuon sa *mga tao* na pinalayas sa kanilang tahanan at bansa dahil sa mga digmaang hindi sila ang nagpasimula.

Batid ng Tagapagligtas kung ano ang pakiramdam ng maging isang refugee—naging refugee Siya noon. Noong bata pa Siya, nagtungo si Jesus at ang Kanyang pamilya sa Egipto upang takasan ang mga espada ng kamatayan ni Herodes. At sa maraming pagkakataon sa Kanyang ministeryo, pinagbantaan at nanganib ang buhay ni Jesus, at sa huli ay sumuko na sa masasamang taong nagbalak na patayin Siya. Marahil, noon, mas kamanghamangha sa atin na paulit-ulit Niyang itinuro sa atin na magmahalan, magmahal na tulad ng Kanyang pagmamahal, na mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili. Tunay ngang ang "dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian"[6] at "titingin sa mga maralita at sa nangangailangan, at magbibigay ng tulong sa kanila upang hindi sila maghirap."[7]

Nakasisiglang masaksihan ang napakaraming iniambag ng mga miyembro ng Simbahan mula sa iba't ibang panig ng mundo upang tulungan ang mga tao at pamilyang ito na nawalan ng halos lahat. Lalo na sa iba't ibang dako ng Europe, nakita ko na ang maraming miyembro ng Simbahan na nagalak at sumigla ang kaluluwa nang tumugon sila sa malalim at likas na hangaring iyon na tumulong at maglingkod sa mga taong may matinding pangangailangan na nasa paligid nila. Ang Simbahan ay naglaan ng tirahan at pangangalagang medikal. Ang mga stake at mga mission ay bumuo ng libu-libong hygiene kit. Ang iba pang mga stake ay nagbigay ng pagkain at tubig, mga damit, waterproof coat, bisikleta, aklat, backpack, salamin sa mata, at marami pang iba.

Ang mga tao mula Scotland hanggang Sicily ay tumulong sa lahat ng gawain. Ang mga doktor at nars ay nagboluntaryong tumulong nang dumaong ang mga refugee na basang-basa, ginaw na ginaw, at kadalasa'y may trauma sa pagtawid sa karagatan. Nang patirahin na ang mga refugee sa lugar, tinulungan sila ng mga miyembro doon na matutuhan ang wika ng bansang kumupkop sa kanila, samantalang ang iba naman ay pinasigla kapwa ang mga bata at mga magulang sa pagbibigay ng mga laruan, art supplies, musika, at paglalaro. Nagdala ang ilan ng mga donasyong yarn, knitting needle, at crochet hook at itinuro ang mga kasanayang ito sa matatanda at mga batang refugee.

Pinatunayan ng matatagal nang miyembro ng Simbahan na maraming taon nang nakapaglingkod at namuno na ang agarang pagtulong sa mga taong ito na nangangailangan ang pinakamasaya at pinaka-nakalulugod na karanasan sa lahat ng paglilingkod nila.

Ang katunayan ng mga sitwasyong ito ay kailangang makita upang mapaniwalaan. Noong taglamig nakilala ko, bukod sa marami pang iba, ang isang buntis na babae mula sa Syria sa isang refugee transit camp na gustong makatiyak na hindi niya isisilang ang kanyang anak sa malamig na sahig ng malaking bulwagang pansamantala niyang tinitirhan. Doon sa Syria ay propesor siya sa isang unibersidad. At sa Greece nakausap ko ang isang pamilyang basang-basa pa, ginaw na ginaw, at takot na takot sa pagtawid nila sa karagatan sakay ng maliit na rubber boat mula sa Turkey. Nang titigan ko ang kanilang mga mata at marinig ang mga kuwento nila, tungkol sa takot sa pagtakas nila at sa mapanganib na paglalakbay sa paghahanap ng makakanlungan, hindi na ako magiging katulad ng dati.

Maraming masigasig na relief worker ang nagmalasakit at tumulong, at marami sa kanila ay boluntaryo. Nakita ko ang ginawa ng isang miyembro ng Simbahan na nagtrabaho, sa loob ng maraming buwan, hanggang gabi, sa paglalaan ng pinakaagarang mga pangangailangan ng mga taong

dumating sa Greece mula sa Turkey. Kabilang sa maraming iba pa niyang ginawa, nagbigay siya ng first aid sa mga taong lubhang nangailangan ng panggagamot; tiniyak niya na naaasikaso ang kababaihan at mga batang naglakbay na mag-isa; niyakap niya ang mga namatayan ng mahal sa buhay habang naglalakbay at ginawa niya ang lahat para mapagkasya ang limitadong resources sa napakaraming nangangailangan. Siya, gaya ng napakaraming katulad niya, ay literal na isang naglilingkod na anghel, na ang mga ginawa ay hindi malilimutan ng mga taong kanyang inalagaan, ni ng Panginoon, na kanyang pinaglingkuran.

Lahat ng nagbigay ng kanilang sarili upang maibsan ang pagdurusa ng mga nakapaligid sa kanila ay tulad ng mga tao ni Alma: "At sa gayon, sa kanilang maunlad na kalagayan, hindi nila itinaboy ang sino mang mga hubad, o mga gutom, o mga uhaw, o mga may karamdaman, o mga hindi nakandili; . . . sila ay naging mapagbigay sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, maging sa labas ng simbahan o sa loob ng simbahan, walang itinatangi sa mga tao hinggil sa mga yaong nangangailangan."[8]

Pakaingatan natin na hindi maging pangkaraniwan lamang ang balita tungkol sa sitwasyon ng mga refugee kapag napawi na ang naunang pagkabigla gayong patuloy pa rin ang mga digmaan at patuloy na dumarating ang mga pamilya. Milyun-milyong refugee na laganap sa buong mundo, na ang mga kuwento ay hindi na naibabalita, ang nangangailangan pa rin ng tulong.

Kung itatanong ninyo, "Ano ang magagawa ko?" alalahanin muna natin na hindi tayo dapat maglingkod na kinalilimutan ang ating pamilya at iba pang mga responsibilidad,[9] ni hindi natin dapat asahan ang ating mga lider na mag-organisa ng mga proyekto para sa atin. Ngunit bilang mga kabataan, kalalakihan, kababaihan, at mga pamilya, maaari tayong makibahagi sa dakilang pagkakawanggawang ito.

Bilang tugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan na makibahagi sa paglilingkod na tulad ng kay Cristo sa mga refugee sa buong mundo,[10] ang mga general presidency ng Relief Society, Young Women, at Primary ay nag-organisa ng isang relief effort na tinaguriang "I Was a Stranger." Ipinaalam ito ni Sister Burton sa kababaihan ng Simbahan nitong nakaraang linggo sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan. Maraming makakatulong na ideya, resources, at mungkahi para sa paglilingkod sa IWasAStranger.lds.org.

Magsimulang lumuhod sa panalangin. Pagkatapos ay mag-isip ng mga bagay na gagawin na malapit sa bahay ninyo, sa sarili ninyong komunidad, kung saan kayo makakakita ng mga taong nangangailangan ng tulong na makagamay sa bago nilang sitwasyon. Ang pangunahing layunin ay matulungan silang maging masipag at makaasa sa kanilang sarili.

Ang mga posibilidad na makatulong tayo at maging kaibigan ay walang katapusan. Maaari ninyong tulungan ang mga refugee na matutuhan ang wika ng bansang kumupkop sa kanila, mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa trabaho, o magpraktis sa job interview. Maaari kayong mag-alok na turuan ang isang pamilya o single mother na makagamay sa bagong kultura, kahit sa simpleng pagsama lang sa kanila sa grocery o sa eskuwela. Ang ilang ward at stake ay mayroon nang mapagkakatiwalaang mga organisasyon na makakatuwang. At, depende sa inyong kalagayan, maaari kayong magbigay ng donasyon sa pambihirang pangkakawanggawa ng Simbahan.

Bukod pa rito, mapag-iibayo ng bawat isa sa atin ang ating kamalayan sa mga kaganapan sa mundo na nagtutulak sa mga pamilyang ito na lisanin ang kanilang tahanan. Kailangan tayong manindigan laban sa paghihigpit at itaguyod natin ang paggalang at pag-uunawaan sa magkakaibang kultura at tradisyon. Kapag nakausap ninyo ang mga pamilyang ito at narinig mismo ang mga kuwento ng buhay nila, at hindi mula sa telebisyon o pahayagan, babaguhin kayo nito. Ang mga tunay na pagkakaibigan ay mabubuo at magpapadama ng pagkahabag at tagumpay na pagsasama.

Iniutos sa atin ng Panginoon na ang mga stake ng Sion ay magiging "isang tanggulan" at "isang kanlungan mula sa bagyo"[11] Nakahanap na tayo ng kanlungan. Lumabas tayo mula sa ating ligtas na lugar at bahaginan natin sila, mula sa ating kasaganaan, *pag-asa* sa mas magandang kinabukasan, *pananampalataya* sa Diyos at sa ating kapwa-tao, at

pagmamahal sa kabila ng pagkakaiba sa kultura at ideolohiya sa maluwalhating katotohanan na lahat tayo ay anak ng ating Ama sa Langit.

"Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig."[12]

Ang pagiging refugee ay maaaring magpabago sa buhay ng mga refugee, ngunit ang pagiging refugee ay hindi naglalarawan sa buong pagkatao *nila*. Tulad ng napakaraming nauna sa kanila, ito ay isang panahon—sana'y isang maikling panahon lamang—sa kanilang buhay. Ang ilan sa kanila ay magpapatuloy sa buhay at magiging mga Nobel Prize laureate, kawani ng gobyerno, doktor, siyentipiko, musikero, artist, pinuno ng relihiyon, at tagapag-ambag sa iba pang mga larangan. Tunay ngang marami sa kanila *ang* ganito na bago nawala ang lahat sa kanila. Ang sandaling ito ay hindi naglalarawan sa buong pagkatao nila, ngunit ang pagtugon natin ay maglalarawan sa ating buong pagkatao.

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."[13] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Para sa iba pang reperensya, tingnan sa IWasAStranger.lds.org at mormonchannel.org/blog/post/40-ways-to-help-refugees-in-your-community.

MGA TALA

1. Mateo 25:35–36, 40.
2. Tingnan sa Stephanie Nebehay, "World's Refugees and Displaced Exceed Record 60 Million," Dis. 18, 2015, reuters.com.
3. Tingnan sa "Facts and Figures about Refugees," unhcr.org.uk/about-us/key-facts-and-figures.html.
4. Tingnan sa "A Record 1.25 Million Asylum Seekers Arrived in the EU Last Year," Mar. 4, 2016, businessinsider.com.
5. Linda K. Burton, "Ako'y Taga Ibang Bayan," *Liahona,* Mayo 2016.
6. Santiago 1:27.
7. Doktrina at mga Tipan 38:35; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 81:5.
8. Alma 1:30.
9. Tingnan sa Liham ng Unang Panguluhan, Mar. 26, 2016; tingnan din sa Mosias 4:27.
10. Tingnan sa Liham ng Unang Panguluhan, Okt. 27, 2015.
11. Doktrina at mga Tipan 115:6; tingnan din sa Isaias 4:5–6.
12. II Kay Timoteo 1:7.
13. Mateo 25:40.



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagsalungat sa Lahat ng Bagay

Ang pagsalungat ay nagtutulot sa atin na umunlad tungo sa nais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin.

Ang pinakamahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang plano ng kaligtasan ng Ama para sa walang-hanggang pag-unlad ng Kanyang mga anak. Ang planong iyan, na ipinaliwanag sa paghahayag sa panahong ito, ay tumutulong sa atin na maunawaan ang maraming bagay na nararanasan natin sa mortalidad. Ang mensahe ko ay nakatuon sa mahalagang papel na ginagampanan ng pagsalungat o oposisyon sa planong iyan.

I.

Ang layunin ng mortal na buhay na ito para sa mga anak ng Diyos ay maglaan ng mga karanasang kailangan "upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan."[1] Tulad ng napakagandang turo sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson kaninang umaga, umuunlad tayo sa ginagawang mga pagpili, na siyang sumusubok sa atin upang ipakita na susundin natin ang mga utos ng Diyos (tingnan sa Abraham 3:25). Upang masubukan, kailangang magkaroon tayo ng kalayaang pumili sa mga mapagpipilian. Upang maglaan ng mga alternatibong magagamitan ng ating kalayaan, kailangan natin ang pagsalungat.

Ang iba pang bahagi ng plano ay mahalaga rin. Kapag mali ang pinipili natin—na talagang nagagawa natin—tayo ay mababahiran ng kasalanan at kailangang maging malinis upang makasulong sa ating walang hanggang tadhana. Ang plano ng Ama ay naglaan ng paraan para magawa ito, ang paraan na matugunan ang mga walang-hanggang hinihingi ng katarungan: binayaran ng Tagapagligtas ang halaga para tubusin tayo mula sa ating mga kasalanan. Ang Tagapagligtas na iyan ay ang Panginoong Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Diyos Amang Walang Hanggan, na ang nagbabayad-salang sakripisyo—ang Kanyang pagdurusa—ang nagbayad para sa ating mga kasalanan kung pagsisisihan natin ang mga ito.

Ang isa sa pinakamagandang paliwanag tungkol sa bahagi ng pagsalungat sa plano ay nasa Aklat ni Mormon, sa mga turo ni Lehi sa kanyang anak na si Jacob.

"Talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay. Kung hindi, . . . ang kabutihan ay hindi

mangyayari, ni ang kasamaan, ni ang kabanalan o kalungkutan, ni mabuti o masama" (2 Nephi 2:11; tingnan din sa talata 15).

Dahil dito, sinabi pa ni Lehi, "ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa tao na siya ay kumilos para sa kanyang sarili. Samakatwid, ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban kung siya ay nahikayat ng isa o ng iba" (talata 16). Gayon din, sa makabagong paghahayag sinabi ng Panginoon, "Talagang kinakailangan na ang diyablo ay tuksuhin ang mga anak ng tao, o hindi sila magiging kinatawan sa kanilang sarili" (D at T 29:39).

Kinailangan ang pagsalungat sa Halamanan ng Eden. Kung sina Eva at Adan ay hindi gumawa ng pagpili na nagpasimula ng mortalidad, itinuro ni Lehi, "sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, . . . hindi gagawa ng mabuti, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kasalanan" (2 Nephi 2:23).

Mula pa sa simula, ang kalayaan at pagsalungat ay napakahalaga sa plano ng Ama at sa paghihimagsik ni Satanas laban dito. Tulad ng inihayag ng Panginoon kay Moises, sa kapulungan sa langit si Satanas ay "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Ang pagwasak na iyan ay makikita sa mga kundisyong iminungkahi ni Satanas. Lumapit siya sa Ama at sinabi, "Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan." (Moises 4:1).

Sa gayon, ang paraang iminungkahi ni Satanas para gawin ang plano ng Ama ay hahadlang sa pagsasakatuparan ng layunin ng Ama at magbibigay kay Satanas ng Kanyang kaluwalhatian.

Ang plano ni Satanas ay titiyak sana sa perpektong pagkakapantay-pantay: ito ay "[makatutubos sana sa] buong sangkatauhan," na wala ni isa mang kaluluwa ang mawawala. Hindi magkakaroon ng kalayaan o pagpili ang sinuman, at, samakatwid, hindi kinakailangan ang pagsalungat. Hindi magkakaroon ng pagsubok, kabiguan, at tagumpay. Hindi magkakaroon ng pag-unlad upang makamtan ang layunin na hangad ng Ama para sa Kanyang mga anak. Nakatala sa mga banal na kasulatan na ang pagsalungat ni Satanas ay humantong sa "[digmaan] sa langit" (Apocalipsis 12:7), kung saan ang lahat maliban sa ikatlong bahagi ng mga anak ng Diyos ang nagkaroon ng karapatang maranasan ang mortal na buhay sa pagpili sa plano ng Ama at hindi pagsang-ayon sa paghihimagsik ni Satanas.

Layunin ni Satanas na bigyan ang kanyang sarili ng karangalan at kapangyarihan ng Ama (tingnan sa Isaias 14:12–15; Moises 4:1, 3). "Dahil dito," sabi ng Ama, "sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, . . . aking pinapangyaring siya ay mapalayas" (Moises 4:3) kasama ang lahat ng espiritu na gumamit ng kanilang kalayaan na sundin siya (tingnan sa Judas 1:6; Apocalipsis 12:8–9; D at T 29:36–37). Dahil pinalayas na mga espiritung walang katawan at narito sa mundo, hinangad ni Satanas at ng kanyang mga alagad na tuksuhin at linlangin at bihagin ang mga anak ng Diyos (tingnan sa Moises 4:4). Kaya ang masamang iyon, na sumalungat at naghangad na *wasakin* ang plano ng Ama, ay *nagpadali* pa nito, dahil sa pagsalungat nagkaroon ng pagpili at ang pagkakataong pumili ng tama ay humahantong sa pag-unlad na siyang layunin ng plano ng Ama.

II.

Mapapansin na ang tukso na magkasala ay hindi nag-iisang uri ng pagsalungat sa buhay na ito. Itinuro ni Amang Lehi na kung hindi nangyari ang Pagkahulog, sina Adan at Eva "sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan" (2 Nephi 2:23). Kung walang mararanasang pagsalungat sa buhay na ito, "lahat ng bagay ay talagang kailangang magkasama sa isa" kung saan walang kaligayahan o kalungkutan (talata 11). Kaya nga, sinabi pa ni Amang Lehi, matapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay "upang maisagawa ang kanyang mga walang hanggang



layunin sa kahihinatnan ng tao, . . . ay talagang kinakailangan na may isang pagsalungat; maging ang ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay; ang isa ay matamis at ang isa ay mapait" (talata 15).[2] Ang pagtuturo niya sa bahaging ito ng plano ng kaligtasan ay nagtapos sa mga salitang ito:

"Masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.

"Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (mga talata 24–25).

Ang pagsalungat sa mahihirap na kalagayan na nararanasan natin sa mortalidad ay bahagi rin ng plano na nagpapaunlad sa atin sa buhay na ito.

III.

Lahat tayo ay dumaranas ng iba't ibang uri ng pagsalungat o oposisyon na susubok sa atin. Ilan sa mga pagsubok na ito ay ang mga tuksong magkasala. Ang ilan ay mga hamon sa buhay na walang kinalaman ang

sariling kasalanan. May napakalalaki. May maliliit. Ang ilan ay tuluy-tuloy, at may ilang pansamantala lamang. Lahat tayo ay dumaranas nito. Ang pagsalungat ay nagtutulot sa atin na umunlad tungo sa nais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin.

Matapos makumpleto ni Joseph Smith ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, kinailangan pa rin niyang maghanap ng maglilimbag nito. Hindi ito madali. Nakapanghihina ng loob ang pagkakumplikado ng napakahabang manuskritong ito at ang halaga ng paglilimbag at paggawa ng libulibong kopya nito. Unang nilapitan ni Joseph si E. B. Grandin, isang manlilimbag sa Palmyra, at tumanggi ito. Pagkatapos ay naghanap siya ng isa pang manlilimbag sa Palmyra, na tumanggi rin sa kanya. Naglakbay siya patungong Rochester, 25 milya (40 km) ang layo, at nilapitan ang pinakakilalang tagapaglathala sa kanlurang New York, na tumanggi rin. Gusto namang gawin ito ng isang tagapaglathala sa Rochester, ngunit dahil sa mga pangyayari hindi naging katanggap-tanggap ang alternatibong ito.

Lumipas na ang mga linggo, at marahil nagugulumihanan na si Joseph sa mga humahadlang sa paggawa ng tungkuling iniatas sa kanya ng Diyos. Hindi ito ginawang madali ng Panginoon, ngunit ginawa niya itong posible. Ang ikalimang pagtatangka ni Joseph, ang muling paglapit sa tagapaglathalang si Grandin sa Palmyra, ay naging matagumpay.[3]

Pagkalipas ng ilang taon, si Joseph ay ibinilanggo sa Liberty Jail nang maraming buwan. Nang manalangin siya para humingi ng kaginhawahan, sinabi sa kanya ng Panginoon na "lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti" (D at T 122:7).

Tayong lahat ay pamilyar sa iba pang uri ng mga pagsalungat o oposisyon sa buhay na ito na hindi dahil sa ating mga kasalanan, kabilang na ang mga karamdaman, kapansanan, at kamatayan. Ipinaliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Marahil ang ilan sa inyo kung minsan ay sumasamo sa Diyos dahil sa inyong mga pagdurusa, nagtataka kung bakit tinulutan ng ating Ama sa Langit na danasin ninyo ang anumang pagsubok na kinakaharap ninyo ngayon. . . .

"Ang ating buhay, gayunman, ay hindi nilayong maging madali o palaging kalugud-lugod. Alam ng ating Ama sa Langit . . . na matututo at uunlad tayo at madadalisay sa pamamagitan ng mahihirap na hamon, nakapanlulumong kalungkutan, at mahihirap na desisyon. Bawat isa sa atin ay nakararanas ng mapanglaw na panahon kapag pumanaw ang mga mahal natin sa buhay, nalulungkot kapag humina ang ating kalusugan, nadarama nating nag-iisa tayo kapag tila pinabayaan tayo ng mga mahal natin sa buhay. Ang mga ito at iba pang mga pagsubok na dinaranas natin ang tunay na sumusubok sa kakayahan nating magtiis."[4]

Ang pagsisikap nating pagbutihin ang paggalang sa araw ng Sabbath ay halimbawa ng hindi gaanong mahirap na pagsalungat o oposisyon. Iniutos sa atin ng Panginoon na igalang ang araw ng Sabbath. Maaaring ang ilan sa pinipili natin ay labag sa kautusang iyan, ngunit ang iba pang pagpipilian kung paano natin gugugulin ang ating oras sa Sabbath ay isang katanungan lamang kung ang gagawin ba natin ay maganda lang o kung mas maganda o pinakamaganda.[5]

Upang maipaliwanag ang pagsalungat na nauugnay sa mga tukso, inilarawan sa Aklat ni Mormon ang tatlong paraang gagamitin ng diyablo sa mga huling araw. Una, "sasalantahin niya ang puso ng mga anak ng tao, at pupukawin sila na magalit laban sa yaong bagay na mabuti" (2 Nephi 28:20). Pangalawa, "gagawin niyang payapa ang iba, at dahan-dahan silang aakayin tungo sa mahalay na katiwasayan," sinasabing "umuunlad ang Sion, mainam ang lahat" (talata 21). Pangatlo, sasabihin niya sa atin na "walang impiyerno; at . . . hindi ako diyablo, sapagkat walang diyablo" (talata 22), at samakatwid walang tama at mali. Dahil sa oposisyong ito, binalaan tayo na huwag maging "pabaya sa Sion!" (talata 24).

Ang Simbahan sa banal na misyon nito at tayo sa ating sari-sariling buhay ay tila nahaharap sa tumitinding oposisyon sa panahong ito. Marahil habang lumalago ang Simbahan at tayong mga miyembro ay tumatatag sa pananampalataya at pagsunod, pinalalakas naman ni Satanas ang puwersa ng kanyang pagsalungat nang sa gayo'y patuloy tayong makaranas ng "pagsalungat sa lahat ng bagay."

Ilan sa mga pagsalungat na ito ay maaaring magmula sa mga miyembro ng Simbahan. Ang mga taong gumagamit ng personal na pangangatwiran o talino para salungatin ang tagubiling ibinigay ng propeta ay tinatawag ang kanilang sarili na "matatapat na sumasalungat" na taguring ginagamit sa pamahalaan. Bagama't maaaring angkop ito sa demokrasya, hindi ito bibigyang-katwiran sa pamahalaan ng kaharian ng Diyos, kung saan tinatanggap ang pagtatanong ngunit hindi ang pagsalungat (tingnan sa Mateo 26:24).

Ang isa pang halimbawa ay ang maraming bagay sa naunang kasaysayan ng ating Simbahan, tulad ng ginawa o hindi ginawa ni Joseph Smith sa bawat sitwasyon, na ginamit ng ilan bilang batayan ng kanilang pagsalungat. Sa lahat ay sinasabi ko, manampalataya at magtiwala sa mga turo ng Tagapagligtas na "sa kanilang mga bunga ay [ating] mangakikilala sila" (Mateo 7:16). Ang Simbahan ay lubos na nagsisikap na maipaalam sa inyo ang mga rekord na nasa atin, ngunit matapos ang lahat ng paglalathala, ang mga miyembro natin kung minsan ay naiiwang nagtatanong tungkol sa mga bagay na hindi malulutas sa pag-aaral. Iyan ang bersyon ng "pagsalungat sa lahat ng bagay" sa kasaysayan ng Simbahan. May mga bagay na matututuhan lamang sa pamamagitan ng pananampalataya (tingnan sa D at T 88:118). Dapat tayong lubos na magtiwala sa patotoong natanggap natin mula sa Espiritu Santo.

Bibihirang panghimasukan ng Diyos ang kalayaan ng sinuman sa Kanyang mga anak para sa kaginhawahan ng iba. Ngunit Kanyang pinagagaan ang ating mga paghihirap at pinalalakas tayo para makayanan ito, tulad ng ginawa Niya sa mga tao ni Alma sa lupain ng Helam (tingnan sa Mosias 24:13–15).

Hindi Niya hinahadlangan ang lahat ng kapinsalaan, ngunit sinasagot Niya ang ating mga dalangin, tulad ng ginawa Niya sa bagyo na kakaiba ang tindi na nagbantang hadlangan ang paglalaan ng templo sa Fiji,[6] o pinahihina Niya ang mga epekto nito tulad ng ginawa Niya sa pambobomba ng mga terorista na kumitil sa buhay ng napakarami sa Brussels airport, ngunit sinugatan lamang ang apat na missionary natin.

Sa lahat ng pagsalungat sa buhay na ito, tiniyak sa atin ng Diyos na Kanyang "ilalaan ang [ating] mga paghihirap para sa [ating] kapakinabangan" (2 Nephi 2:2). Tinuruan din tayo na maunawaan natin ang mga nararanasan natin sa buhay na ito at ang Kanyang mga kautusan sa konteksto ng Kanyang dakilang plano ng kaligtasan, na nagsasabi sa atin ng layunin ng buhay at nagbibigay sa atin ng katiyakan na may Tagapagligtas, na sa Kanyang pangalan ay pinatototohanan ko ang mga bagay na ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. Itinuro rin sa paghahayag sa panahong ito na kung hindi natin kailanman natikman ang mapait, hindi natin malalaman ang matamis (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:39).
3. Tingnan sa Michael Hubbard MacKay at Gerrit J. Dirkmaat, *From Darkness unto Light: Joseph Smith's Translation and Publication of the Book of Mormon* (2015), 163–79.
4. Thomas S. Monson, "Joy in the Journey" (mensaheng ibinigay sa BYU Women's Conference, Mayo 2, 2008), womensconference.ce.byu.edu. Nakapaloob sa maikling salaysay tungkol sa sportsmanship at demokrasya ni John S. Tanner, ngayon ay pangulo ng BYU–Hawaii, ang ideyang ito tungkol sa isang paksa na pamilyar tayong lahat: "Ang matutong tanggapin ang pagkatalo ay hindi lamang isang tungkuling sibil; ito ay kinakailangan din sa pananampalataya. Ipinlano ng Diyos ang buhay na ito upang tiyakin na may 'pagsalungat sa lahat ng bagay' (2 Nephi 2:11). Ang mga dagok at pagkatalo sa buhay ay bahagi ng Kanyang plano para tayo maging perpekto. . . . Ang pagkatalo ay kinakailangan sa ating 'pagsisikap na maging perpekto'" (*Notes from an Amateur: A Disciple's Life in the Academy* [2011], 57).
5. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona,* Nob. 2007, 104–8.
6. Tingnan sa Sarah Jane Weaver, "Rededication Goes Forward," *Church News,* Peb. 28, 2016, 3–4.

Ni Elder Kent F. Richards
Ng Pitumpu

Ang Kapangyarihan ng Kabanalan

Ang bawat templo ay banal at sagradong bahay ng Diyos, at doon ay matututuhan at malalaman ng bawat isa sa atin ang mga kapangyarihan ng kabanalan.

Ilang buwan bago ang kamatayan ni Propetang Joseph Smith, nakipagkita siya sa Labindalawa upang pag-usapan ang pinakamalalaking pangangailangang kinakaharap ng Simbahan sa napakahirap na panahong iyon. Sinabi niya sa kanila, *"Higit nating kailangan ang templo kaysa anupaman."*[1] Tiyak, ngayon sa mahirap na panahong ito, kinakailangan ng bawat isa sa atin at ng ating pamilya ang templo nang higit kaysa anupamang bagay.

Sa isang paglalaan ng templo kamakailan, natuwa ako sa naranasan ko. Gustung-gusto ko ang open house, at binati ko ang maraming bisita na pumaroon upang tingnan ang templo; gusto ko ang kultural na pagdiriwang na puno ng sigla at katuwaan ng mga kabataan; at ang napakagandang mga sesyon ng paglalaan. Kasiya-siya ang Espiritung nadama roon. Maraming tao ang pinagpala. At kinaumagahan, kaming magasawa ay pumasok sa bautismuhan para makibahagi sa pagbibinyag para sa ilan sa aming mga ninuno. Nang itaas ko ang aking bisig para simulan ang ordenansa, halos mapuspos ako ng kapangyarihan ng Espiritu. Muli kong natanto na ang tunay na kapangyarihan ng templo ay nasa mga ordenansa.

Tulad ng inihayag ng Panginoon, ang kabuuan ng Melchizedek Priesthood ay matatagpuan sa templo at mga ordenansa nito, "sapagkat naroroon ang mga susi ng banal na pagkasaserdote na inorden, upang kayo ay makatanggap ng karangalan at kaluwalhatian."[2] "Samakatwid, sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita."[3] Ang pangakong ito ay para sa inyo at sa inyong pamilya.

Ang ating responsibilidad ay "tanggapin" ang ipinagkakaloob ng ating Ama.[4] "Sapagkat sa kanya na tatanggap nito ay bibigyan ng higit pang kasaganahan, maging kapangyarihan":[5] kapangyarihang tanggapin ang *lahat* ng Kanyang maibibigay at ibibigay sa atin—ngayon at magpasawalang-hanggan;[6] kapangyarihang maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos,[7] upang malaman ang "mga kapangyarihan ng langit,"[8] kapangyarihang mangusap sa Kanyang pangalan,[9] at tumanggap ng "kapangyarihan ng [Kanyang] Espiritu."[10] Ang mga kapangyarihang ito ay makakamtan ng bawat isa sa atin sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan ng templo.

Nakita ni Nephi ang ating panahon sa kanyang dakilang pangitain: "Ako, si Nephi, ay namasdan ang *kapangyarihan* ng Kordero ng Diyos, na ito ay napasa mga banal ng simbahan ng Kordero, at sa mga *pinagtipanang tao* ng Panginoon, na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; at *nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian*."[11]

Kamakailan ay nagkaroon ako ng pribilehiyo na makasama sa isang temple open house si Pangulong Russell M. Nelson at ang kanyang pamilya habang tinitipon niya sila nang nakapalibot sa sealing altar at ipinaliwanag sa kanila na lahat ng ginagawa natin sa Simbahan—lahat ng miting, aktibidad, lesson, at paglilingkod—ay maghahanda sa bawat isa sa atin para makapasok sa templo at lumuhod sa altar para matanggap ang lahat ng mga ipinangakong pagpapala ng Ama para sa kawalang-hanggan.[12]

Kapag nadama natin ang mga pagpapala ng templo sa ating sariling buhay, ang ating puso ay bumabaling sa ating pamilya, kapwa sa mga nabubuhay at mga pumanaw na.

Kamakailan, nasaksihan ko ang isang pamilya na binubuo ng tatlong-henerasyon na magkakasamang nakibahagi sa pagbibinyag para sa kanilang mga ninuno. Nakibahagi rin pati ang lola—kahit medyo takot na siyang lumusong sa tubig at mailubog dito. Nang umahon siya mula sa tubig at niyakap ang kanyang asawa, umiiyak siya sa tuwa. Ang lolo at ama ay bininyagan ang isa't isa at ang marami sa mga apo. Ano pang mas malaking kagalakan ang maaaring maranasan ng pamilya nang magkakasama? Bawat templo ay may panahong nakalaan para tulutan kayo at ang inyong pamilya na mag-iskedyul ng binyag para sa inyong mga ninuno.

Bago siya namatay, natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith ang pangitain tungkol sa pagtubos sa mga patay. Itinuro niya na ang mga nasa daigdig ng mga espiritu ay lubos na umaasa sa mga ordenansang natatanggap natin para sa kanila. Mababasa sa mga banal na kasulatan, "Ang mga patay na magsisisi

ay matutubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos."[13] Natatanggap natin ang mga ordenansa para sa kapakanan nila, ngunit sila ang gumagawa at pananagutin sa bawat tipang kalakip ng bawat ordenansa. Tiyak na ang tabing ay manipis para sa atin at ang tabing ay lubos na nahahawi para sa kanila sa templo.

Kung gayon ano ang responsibilidad natin sa pakikibahagi sa gawaing ito, kapwa bilang mga patron at worker sa templo? Itinuro ni Propetang Joseph Smith sa mga Banal noong 1840 na "[isagawa] kung anuman ang kailangang pagsikapan, at kailangang paraan—at dahil kailangang madaliin ang gawain [sa pagtatayo ng templo] para sa kabutihan, minabuti ng mga Banal na timbangin ang kahalagahan ng mga bagay na ito, sa kanilang isipan, . . . at pagkatapos ay gawin ang kailangan para mapagana ito; at inihanda ang kanilang sarili nang buong tapang, determinadong gawin ang lahat ng makakaya nila, at nagsumigasig na para bang sa kanila lamang nakasalalay ang buong gawain."[14]

Sa aklat ng Apocalipsis mababasa natin:

"Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino at saan nagsipanggaling?

". . . Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.

"Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios, at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo."[15]

Nakikinita ba ninyo sa inyong isipan ang mga naglilingkod sa loob ng templo ngayon?

May mahigit 120,000 ordinance worker sa 150 templo na ginagamit sa iba't ibang dako ng mundo. At mas marami pang pagkakataon ang iba na madama ang masayang karanasang ito. Nang ibalita ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang ideya na magtayo ng mas maliliit na templo sa iba't ibang dako ng mundo, itinuro niya na "lahat ng ordinance worker ay dapat mga taong nagmula sa lugar na pagtatayuan nito

na naglilingkod sa iba pang tungkulin sa kanilang ward at stake."[16] Karaniwan, ang mga temple worker ay tinatawag na maglingkod nang dalawa o tatlong taon, at posibleng patagalin pa ito. Hindi sinasabing mananatili kayong temple worker hangga't kaya ninyo kapag natawag kayo. Maraming matatagal nang temple worker ang taglay sa kanilang puso ang pagmamahal para sa templo kapag sila ay na-release at hinahayaan ang iba, ang mga bagong worker, na maglingkod.

Halos 100 taon na ang nakalipas, itinuro ni Apostol John A. Widtsoe: "Kailangan natin ng mas maraming temple worker para magawa ang kamangha-manghang gawaing [ito]. . . . Kailangan natin ng mas maraming miyembro sa gawain sa templo, bata man o matanda. . . . Dumating na ang panahon, . . . sa panibagong pagsisikap na maisagawa ang gawain sa templo, na hikayating gumawa ang lahat ng tao, bata man o matanda. . . . Malaki ang kapakinabangan . . . ng gawain sa templo sa mga bata at mga aktibo, gayon din sa matatanda, na iniwan ang maraming alalahanin sa kanilang buhay. Kinakailangang mas madalas na nasa templo ang kabataang lalaki kaysa sa kanyang ama at lolo, na napatibay na

ng mga karanasan sa buhay; at ang batang babae na nagdadalaga na ay kailangan ang inspirasyon, impluwensya at patnubay na nagmumula sa pakikibahagi sa mga ordenansa sa templo."[17]

Sa maraming templo, malugod na tinatanggap ng mga temple president ang mga bagong tawag at endowed na mga missionary, mga binata at dalaga, para maglingkod nang maikling panahon lamang bilang mga ordinance worker bago pumasok sa MTC. Ang mga binata at dalagang ito ay hindi lamang pinagpalang maglingkod, kundi "pinag-ibayo rin nila ang kagandahan at espirituwal na kasiglahan para sa lahat ng naglilingkod sa templo."[18]

Hiniling ko sa mga binata at dalaga na naglingkod sa templo bago at pagkatapos ng kanilang misyon na ibahagi ang kanilang nadama. Ganito ang mga sinabi nila na naglarawan sa kanilang karanasan sa templo:

Nang maglingkod ako sa templo, . . .

- Pakiramdam ko ay "mas malapit ako sa aking Ama at sa Tagapagligtas";
- Nakadama ako ng "lubos na kapayapaan at kaligayahan";
- Pakiramdam ko'y "nakauwi na ako sa aking tahanan";
- Nakatanggap ako ng "kabanalan, kapangyarihan, at lakas";
- Nadama ko ang kahalagahan ng aking mga sagradong tipan";
- "Naging bahagi na ng buhay ko ang templo";
- "Dama kong malapit lang sa amin ang mga espiritu kapag isinasagawa namin ang mga ordenansa";
- "Binigyan ako nito ng lakas na mapaglabanan ang mga tukso"; at
- "Binago ng templo ang buhay ko magpakailanman."[19]

Ang paglilingkod sa templo ay napakahalaga at nakaaantig na karanasan para sa mga tao, bata man o matanda. May mga bagong kasal din na naglilingkod nang magkasama sa templo. Itinuro ni Pangulong Nelson, "Ang paglilingkod sa templo . . . ay isang sagradong gawain para sa pamilya."[20] Bilang mga ordinance worker, bukod pa sa pagtanggap ng mga ordenansa para sa inyong mga

ninuno, maaari ding kayong *mangasiwa* sa mga ordenansa para sa kanila.

Tulad ng sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff:

"Ano pang higit na dakilang tungkulin ang maibibigay sa sinumang lalaki [o babae] sa buong mundo kaysa sa mapasakanyang mga kamay ang kapangyarihan at awtoridad na humayo at mangasiwa sa mga ordenansa ng kaligtasan? . . .

". . . Naging kasangkapan kayo sa mga kamay ng Diyos sa kaligtasan ng kaluluwang iyon. Walang ibinigay sa mga anak ng tao na makapapantay dito."[21]

Sinabi rin niya:

"Ang matamis na bulong ng Banal na Espiritu ay ibibigay sa [iyo] at ang mga yaman ng Kalangitan, ang pakikipagugnayan ng mga anghel, ay idaragdag paminsan minsan."[22]

"Sinusulit nito ang lahat ng maisasakripisyo ko o ninyo sa iilang taon na ginugugol natin sa buhay na ito."[23]

Pinaalalahanan tayo kamakailan ni Pangulong Thomas S. Monson na "ang mga pagpapala ng templo ay walang katumbas."[24] "Walang sakripisyong napakalaki."[25]

Pumunta sa templo. Pumunta nang madalas. Pumunta kasama ang inyong pamilya at para sa inyong pamilya. Pumunta, at tulungan ang iba na makapunta rin dito.

"Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino?" Mga kapatid, *kayo* sila—kayo na nagsitanggap ng mga ordenansa ng templo, na tumupad sa inyong mga tipan kahit magsakripisyo; kayo na tumutulong sa inyong pamilya na makamtan ang mga pagpapala ng paglilingkod sa templo at tumulong sa iba sa paglalakbay sa buhay. Salamat sa inyong paglilingkod. Pinatototohanan ko na ang bawat templo ay banal at sagradong bahay ng Diyos at doon ay matututuhan at malalaman ng bawat isa sa atin ang mga kapangyarihan ng kabanalan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 488; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Doktrina at mga Tipan 124:34.
3. Doktrina at mga Tipan 84:20.
4. Tingnan sa Marcos 4:20, 24–25.
5. Doktrina at mga Tipan 71:6.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:38: "At siya na tumatanggap sa aking Ama ay tinatanggap ang kaharian ng aking Ama; kaya nga lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya." Ito ang mga pangakong nauugnay sa mga tipan sa mga ordenansa sa templo; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 132:20–24.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 39:4; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:8; Moises 6:65–68.
8. Doktrina at mga Tipan 121:36.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:20: "Bagkus ay makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan."
10. Doktrina at mga Tipan 29:30.
11. 1 Nephi 14:14 ; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paghahanda ng Sarili para sa mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Hulyo 2001, 37.
13. Doktrina at mga Tipan 138:58; tingnan din sa mga talata 53–54.
14. *Mga Turo: Joseph Smith,* 486–87.
15. Apocalipsis 7:13–15.
16. Gordon B. Hinckley, "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 49.
17. John A. Widtsoe, "Temple Worship," *Utah Genealogical and Historical Magazine,* Abr. 1921, 51–52.
18. Personal na liham mula kay Pangulong Brent Belliston, Boise Idaho Temple.
19. Personal na liham.
20. Russell M. Nelson, "The Spirit of Elijah," *Ensign,* Nob. 1994, 86.
21. "Discourse by President Wilford Woodruff," *Millennial Star,* Mayo 14, 1896, 307.
22. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), xxxiii.
23. *Mga Turo: Wilford Woodruff,* 194.
24. Thomas S. Monson, "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Mayo 2015, 93.
25. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo —Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 92.

Ni Elder Paul V. Johnson
Ng Pitumpu

At Hindi na Magkakaroon ng Kamatayan

Para sa lahat ng nagdalamhati sa pagkamatay ng mahal nila sa buhay, ang Pagkabuhay na Mag-uli ang pinagmumulan ng malaking pag-asa.

Noong isang Linggo ay Pasko ng Pagkabuhay, at ang ating isipan ay natuon muli sa nagbabayad-salang sakripisyo at Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo. Nitong nakaraang taon pinag-isipan at pinagnilayan ko ang tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli nang higit kaysa sa karaniwan.

Halos isang taon na ang nakalipas, pumanaw ang aming anak na si Alisa. Siya ay nakipaglaban sa kanser nang halos walong taon, at dumaan sa ilang operasyon, maraming iba't ibang panggagamot, kapana-panabik na mga himala, at matinding kabiguan. Nakita namin ang unti-unting paglubha ng kundisyon ng kanyang pisikal na katawan habang nalalapit ang pagwawakas ng kanyang buhay. Napakasakit na makita na nangyayari iyon sa iyong pinakamamahal na anak—ang munting anak namin na iyon na may maningning na mga mata na lumaking matalino, mabuting babae, asawa, at ina. Pakiramdam ko'y madudurog ang puso ko.

Noong nakaraang taon sa Pasko ng Pagkabuhay, mahigit isang buwan bago siya pumanaw, isinulat ni Alisa: "Ang Pasko ng Pagkabuhay ay isang paalaala ng lahat ng inaasam ko para sa aking sarili. Na balang-araw ako ay gagaling at magiging buo muli. Na balang-araw ay hindi na ako magkakaroon ng anumang metal o plastik sa loob ng aking katawan. At ang aking puso ay hindi na mangangamba at ang aking isipan ay hindi na mag-aalala. Hindi ko ipinagdarasal na mangyari ito agad, ngunit masaya ako na talagang naniniwala ako sa isang magandang kabilang-buhay."[1]

Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay tumitiyak sa mismong mga bagay na inaasam ni Alisa at itinitimo sa bawat isa sa atin ang "katuwiran [para] sa pagasang nasa [atin]."[2] Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang Pagkabuhay na Mag-uli ay "pinakadakila sa lahat ng pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan."[3]

Naisakatuparan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang Pagkabuhay na Mag-uli at ito ay napakahalagang bahagi ng dakilang plano ng kaligtasan.[4] Tayo ay mga espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit.[5] Nang tayo ay isinilang sa mundo, ang ating espiritu at katawan ay nagsama. Naranasan natin ang lahat ng kagalakan at hamon na kaakibat ng mortal na buhay. Kapag namatay ang isang tao, ang kanyang espiritu ay mahihiwalay sa kanyang katawan. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli, ang espiritu at katawan ng isang tao ay magsasamang muli, at sa pagkakataong ito ang katawang iyan ay magiging imortal at perpekto—hindi na daranas

ng sakit, karamdaman, o ng iba pang mga problema.[6]

Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, ang espiritu at katawan ay hindi na muling maghihiwalay dahil ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay lubos na nagtagumpay sa kamatayan. Upang makamtan ang ating walang hanggang tadhana, kailangan natin ang imortal na kaluluwang ito—ang espiritu at katawan—na magkasama magpakailanman. Dahil tayo ay may espiritu at imortal na katawang hindi na maghihiwalay, makatatanggap tayo ng ganap na kagalakan.[7] Sa katunayan, kung walang Pagkabuhay na Mag-uli hindi natin kailanman matatanggap ang ganap na kagalakan kundi magiging kaaba-aba magpakailanman.[8] Itinuturing din ng matatapat at matwid na tao na isang pagkabihag ang pagkahiwalay ng kanilang katawan at espiritu. Lumalaya tayo sa pagkabihag na ito sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli, na katubusan mula sa mga gapos o tanikala ng kamatayan.[9] Walang kaligtasan kung wala kapwa ang ating espiritu at ating katawan.

Bawat isa sa atin ay may mga pisikal, mental, at emosyonal na limitasyon at kahinaan. Ang mga problemang ito, na ang ilan ay tila imposibleng makayanan ngayon, ay malulutas kalaunan. Wala ni isa sa mga problemang ito ang makakaapekto sa atin pagkatapos nating mabuhay na mag-uli. Sinaliksik ni Alisa ang bilang ng mga taong nakaligtas sa uri ng kanser na nasuri sa kanya, at nakapanglulumo ang estatistika nito. Isinulat niya: "Ngunit may lunas, kaya hindi ako natatakot. Pinagaling na ni Jesus ang aking kanser, at ang sa inyo. . . . Ako ay *magiging* maayos. Masaya ako na alam ko ito."[10]

Mapapalitan natin ang salitang *kanser* ng alinman sa iba pang pisikal, mental o emosyonal na karamdaman na maaari nating maranasan. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli, ang mga ito ay pinagaling na. Ang himala ng pagkabuhay na mag-uli, ang pinakamahusay na lunas, ay hindi kaya ng makabagong medisina. Ngunit magagawa ito ng kapangyarihan ng Diyos. Alam natin na maisasagawa ito dahil ang Tagapagligtas ay nabuhay na mag-uli at isasakatuparan din nito ang Pagkabuhay na Mag-uli ng bawat isa sa atin.[11]

Pinatunayan ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas na Siya ang Anak ng Diyos at na ang itinuro Niya ay totoo. "Siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya."[12] Wala nang mas matibay na katunayan ng Kanyang pagiging Diyos kaysa sa paglabas Niya sa libingan na may imortal na katawan.

Kilala natin ang mga saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli sa panahon ng Bagong Tipan. Bukod pa sa kababaihan at kalalakihan na nabasa natin sa Mga Ebanghelyo, tinitiyak sa atin sa Bagong Tipan na napakaraming tao ang tunay na nakakita sa Nabuhay na Mag-uling Panginoon.[13] At nakasaad sa Aklat ni Mormon ang maraming iba pang nakasaksi: "Ang maraming tao ay lumapit, at inihipo ang kanilang mga kamay sa kanyang tagiliran, . . .

at nakita ng kanilang mga mata at nadama ng kanilang mga kamay, at nalaman nang may katiyakan at nagpatotoo, na ito ay siya nga, na siyang isinulat ng mga propeta, na paparito."[14]

Ang mga saksing iyon noon ay naragdagan ng mga saksi sa mga huling araw. Sa katunayan, sa umpisa ng dispensasyong ito, nakita ni Joseph Smith ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas kasama ang Ama.[15] Ang mga buhay na propeta at mga apostol ay nagpatotoo sa katotohanan ng nabuhay na mag-uli at buhay na Cristo.[16] Kaya masasabi nating, "Nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi."[17] At bawat isa sa atin ay maaaring mapabilang sa makapal na bilang ng mga saksi na nakaaalam, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ang ipinagdiriwang natin sa Pasko ng Pagkabuhay ay talagang nangyari—na ang Pagkabuhay na Mag-uli ay totoo.

Nadaig ng katunayan ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ang ating kalungkutan at napalitan ito ng pag-asa, dahil kalakip nito ang katiyakan na lahat ng iba pang mga pangako ng ebanghelyo ay totoo rin—mga pangakong mahimala rin tulad ng Pagkabuhay na Mag-uli. Alam natin na may kapangyarihan Siyang linisin tayo mula sa lahat ng ating mga kasalanan. Alam natin na inako Niya ang lahat ng ating mga kahinaan, pasakit, at mga kaapihang dinanas natin.[18] Alam natin na Siya ay "[bumangon] mula sa patay, na may pagpapagaling sa kanyang mga bagwis."[19] Alam natin na mapapagaling Niya tayo anuman ang nasira sa atin. Alam natin na "papahirin [Niya] ang bawa't luha sa [ating] mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man."[20] Alam natin na maaari tayong "maging ganap sa pamamagitan ni Jesus . . ., na nagsakatuparan ng ganap na pagbabayad-salang ito,"[21] kung mananampalataya tayo at susunod sa Kanya.

Sa pagtatapos ng nagbibigay-inspirasyong oratorio na *Messiah,* nilapatan ng musika ni Handel ang mga

salita ni Apostol Pablo na nagsasaya sa Pagkabuhay na Mag-uli.

"Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin,

"Sa isang sangdali, sa isang kisapmata, sa huling pagtunog ng pakakak: . . . tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.

"Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan.

". . . Kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan.

"Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? "Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? . . .

"Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo."[22]

Nagpapasalamat ako para sa mga pagpapalang napasaatin dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo. Para sa lahat ng naghimlay o naglagak ng anak sa libingan o tumangis sa tabi ng kabaong ng kanyang asawa o nagdalamhati sa pagkamatay ng magulang o ng mahal sa buhay, ang Pagkabuhay na Mag-uli ay pinagmumulan ng malaking pag-asa. Isang napakasayang karanasan ang muli silang makita—hindi lamang bilang mga espiritu kundi may mga katawang nabuhay na mag-uli.

Nasasabik akong makitang muli ang aking ina at madama ang kanyang magiliw na haplos at makita ang kanyang mga mata na puno ng pagmamahal. Gusto kong makita ang ngiti ng aking ama at marinig ang kanyang tawa at makita siyang nabuhay na mag-uli at perpektong nilalang. Nang may pananampalataya, nakikinita ko si Alisa na walang anumang alalahanin ng mundo o anumang tibo ng kamatayan—isang nabuhay na mag-uli at perpektong Alisa na matagumpay at puno ng kagalakan.

Ilang Pasko ng Pagkabuhay na ang lumipas, simpleng isinulat niya: "May buhay dahil sa Kanyang pangalan. Ako'y lubos na umaasam. Sa tuwina. Sa lahat ng bagay. Gustung-gusto ko ang Pasko ng Pagkabuhay na nagpapaalala sa akin."[23]

Pinatototohanan ko na tunay ang Pagkabuhay na Mag-uli. Si Jesucristo ay buhay, at dahil sa Kanya, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alisa Linton, "Easter," Abr. 14, 2015.
2. I Ni Pedro 3:15; tingnan din sa I Ni Pedro 1:3.
3. Gordon B. Hinckley, "The Empty Tomb Bore Testimony," *Ensign,* Mayo 1988, 65.
4. Tingnan sa Alma 42:23 .
5. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
6. Tingnan sa Alma 11:43.
7. Doktrina at mga Tipan 93:33; 138:17.
8. Tingnan sa 2 Nephi 9:8–9; Doktrina at mga Tipan 93:34.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:14–19.
10. Alisa Linton, "I Draw the Line at the Easter Bunny," Mar. 25, 2008.
11. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22; 2 Nephi 2:8; Helaman 14:17; Mormon 9:13.
12. Mateo 28:6.
13. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:6, 8.
14. 3 Nephi 11:15.
15. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17.
16. Tingnan sa "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2; "Special Witnesses of Christ," lds.org/prophets-and-apostles/what-are-prophets-testimonies.
17. Sa Mga Hebreo 12:1.
18. Tingnan sa Alma 7:11–12.
19. 2 Nephi 25:13.
20. Apocalipsis 21:4.
21. Doktrina at mga Tipan 76:69.
22. I Mga Taga Corinto 15:51–55, 57.
23. Alisa Linton, "Life through His Name," Abr. 8, 2012.

Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Panginoon sa Inyo

Patuloy na magmahal. Patuloy na magsikap. Patuloy na magtiwala. Patuloy na manalig. Patuloy na umunlad. Palalakasin ng langit ang inyong loob ngayon, bukas, at magpakailanman.

Mga kapatid, may ideya ba kayo—may pakiwari ba kayo kahit katiting man lang—kung gaano namin kayo kamahal? Sa loob ng 10 oras kayo ay nanood, na nakatutok ang mga mukha ninyo sa pulpito, ngunit sa parehong 10 oras na iyon, nakaupo kaming nakatutok din sa inyo. Pinasisigla ninyo ang kaibuturan ng aming mga puso, kayo man ay ang 21,000 na nasa Conferrence Center, o ang nasa mga meetinghouse at chapel, o sa huli ang milyun-milyong nasa tahanan sa buong mundo, na marahil ay sama-samang nakaupo sa harapan ng family computer screen. Heto kayo, nariyan kayo, bawat oras, suot ang Sunday best, at nagpapakabuti. Kayo ay umaawit at nagdarasal. Kayo ay nakikinig at naniniwala. Kayo ang himala ng Simbahang ito. At mahal namin kayo.

Napakaganda ng pangkalahatang kumperensya natin. Napagpala tayo ng presensya ni Pangulong Monson at ng kanyang mga mensahe. President, mahal namin kayo, ipinapanalangin namin kayo, nagpapasalamat kami sa inyo, at higit sa lahat, sinusuportahan namin kayo. Salamat at tinuruan ninyo kami, ng inyong mga tagapayo, at ng marami sa ating mahuhusay na kalalakihan at kababaihang lider. Napakagandang musika ang narinig natin. Tayo ay taimtim na ipinagdasal at pinakiusapan. Ang Espiritu ng Panginoon ay narito at lubos na nadarama. Puno ng inspirasyon ang Sabado at Linggong ito sa bawat aspeto.

Ngayon, dalawa ang nakikita kong problema. Ang isa ay ang katotohanang ako na lang ang pumipigil sa inyo na kainin ang ice cream na lagi ninyong inihahanda sa pagtatapos ng pangkalahatang kumperensya. Ang isa pang problema ay nasa larawang ito na nakita ko kamakailan sa Internet.

Paumanhin sa lahat ng batang nagtatago na ngayon sa ilalim ng sopa, ngunit ang sinasabi ko sa inyo ay walang sinuman sa atin ang gustong masira ang magandang nadama natin ngayong Sabado at Linggo. Gusto nating mapanatili ang espirituwal na impresyon na nasa atin at ang mga inspiradong turo na narinig natin. Ngunit di-maiiwasang matapos ang espirituwal na sandaling iyon sa ating buhay, kinakailangan nating bumalik sa mundo, kung saan muli nating makakaharap ang mga di-kasiya-siyang sitwasyon.

Binalaan tayo ng may-akda ng Sa Mga Hebreo tungkol dito nang isulat niya, "Alalahanin ang mga nakaraang araw, na sa mga yaon, pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nangagtiis kayo ng malaking pakikilaban ng mga pagbabata."[1] Ang pakikilaban na iyan sa paghihirap matapos maliwanagan ay dumarating sa maraming paraan, at dumarating sa ating lahat. Tiyak na natanto agad ng lahat ng missionary na ang buhay sa misyon ay hindi magiging tulad ng kaaya-ayang buhay sa missionary training center. Gayon din para sa ating lahat matapos ang isang kasiya-siyang session sa templo o matapos ang isang espirituwal na sacrament meeting.

Naaalala ninyo noong bumaba si Moises matapos ang kanyang natatanging karanasan sa Bundok ng Sinai, nakita niya na ang kanyang mga tao ay "nangagsisama" at "humiwalay na madali."[2] Doon sa paanan ng bundok, abala silang gumagawa ng ginintuang guya, sa }mismong oras na si Jehova, sa tuktok ng bundok, ay sinasabi kay Moises, "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko," at

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan."[3] *Hindi* masaya si Moises sa ginawa ng kanyang kawan ng mga nagpagala-galang Israelita noong araw na iyon!

Sa Kanyang ministeryo sa buhay na ito, isinama ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, kung saan, nakasaad sa mga banal na kasulatan na, "nagliwanag ang kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang kaniyang mga damit."[4] Ang kalangitan ay bumukas, dumating ang mga sinaunang propeta, at nangusap ang Diyos Ama.

Pagkatapos ng gayong selestiyal na karanasan, ano ang nakita ni Jesus pagbaba Niya sa bundok? Una niyang nakita na nagtatalo ang Kanyang mga disipulo at ang pagkakagulo nila ay ang kabiguang pagalingin ang isang batang lalaki. Pagkatapos ay sinikap Niyang sabihin sa Labindalawa—ngunit hindi sila gaanong nakaunawa—na Siya kalaunan ay dadalhin sa mga pinuno na papatay sa Kanya. At may isang nagsabing kailangan nang bayaran ang buwis, na binayaran na. At pinagsabihan Niya ang ilan sa mga disipulo dahil pinagtatalunan nila kung sino ang magiging pinakadakila sa Kanyang kaharian. Lahat ng ito ay humantong sa pagsasabi Niya ng, "Oh lahing walang pananampalataya, . . . hanggang kailan titiisin ko kayo?"[5] May pagkakataong madalas Niyang itanong iyan noong Kanyang ministeryo. Hindi katakatakang ninais Niyang umakyat sa tuktok ng bundok upang manalanging mag-isa!

Dahil alam kong *lahat* tayo ay babalik sa karaniwan nating buhay sa araw-araw matapos ang espirituwal na karanasang ito, nais kong bigyan kayo ng lakas ng loob at pag-asa sa pagtatapos ng pangkalahatang kumperensyang ito.

Una sa lahat, kung sa mga darating na araw ay hindi lamang kayo nakakita ng mga kahinaan sa mga nasa paligid ninyo kundi nakakita rin sa sarili ninyong buhay ng mga bagay na hindi lubos na nakaayon sa mga mensaheng narinig ninyo nitong Sabado't Linggo, huwag panghinaan ng loob at huwag sumuko. Ang ebanghelyo, ang Simbahan, at ang magagandang pangkalahatang kumperensya ay nilayong magbigay ng pag-asa at inspirasyon. Hindi nito layon na magpahina ng loob. Ang diyablo lamang, ang kaaway nating lahat, ang magtatangkang kumbinsihin tayo na ang mga pamantayang binanggit sa pangkalahatang kumperensya ay hindi makatotohanan, na ang mga tao ay talagang hindi na magbabago pa, na walang sinumang umuunlad. At bakit kukumbinsihin tayo ni Lucifer tungkol sa bagay na iyan? Dahil alam niya na *siya* ay hindi na uunlad, na *siya* ay hindi na susulong, at sa mga daigdig na iyon na walang katapusan *siya* ay hindi magkakaroon ng magandang bukas. Siya ay isang kaaba-abang nilalang na may walang-hanggang limitasyon, at nais niyang maging kaaba-aba rin tayo. Huwag magpatangay sa tuksong iyan. Dahil sa kaloob na Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa lakas ng langit na tutulong sa atin, tayo ay *maaaring* umunlad, at ang kahanga-hanga sa ebanghelyo ay napagpapala tayo sa ating mga *pagsisikap,* kahit hindi tayo laging nagtatagumpay.

Nang magkaroon ng pagtatalo sa Simbahan noong araw tungkol sa kung sino ang tatanggap o hindi tatanggap ng mga pagpapala ng langit, inihayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, [ang mga kaloob ng Diyos] ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at sumusunod . . . [sa] aking mga kautusan, at [para sa kanila] na *naghahangad* na gumawa nito."[6] Tiyak na nagpapasalamat tayong *lahat* na idinagdag Niya ang mga katagang "at . . . naghahangad na gumawa nito"! Isang pagpapala iyan dahil kung minsan iyan lamang ang maibibigay natin! Napanatag tayo dahil sa katotohanang kung gagantimpalaan lamang ng Diyos ang matatapat na perpekto, kakaunti ang nasa listahan Niya.

Kaya't alalahanin bukas, at sa lahat ng araw na darating, na pagpapalain ng Panginoon ang mga taong *nais* umunlad at magpakabuti, na tinatanggap na kailangan ang mga kautusan at *nagsisikap* na sundin ito, na pinahahalagahan ang mga katangiang tulad ng kay Cristo at *nagsisikap* nang buong puso na taglayin ang mga ito. Kung kayo ay nabibigo paminsan-minsan sa adhikaing iyan, gayon din naman ang ibang tao; nariyan ang Tagapagligtas upang tulungan kayong magpatuloy na umunlad at magpakabuti. Kung kayo ay madapa, hilingin ang Kanyang lakas. Magsumamo tulad ni Alma, "O Jesus, . . . kaawaan ako."[7] Tutulungan Niya kayong makabangon. Tutulungan Niya kayong magsisi, ayusin ang sarili, ayusin ang anumang kailangan ninyong ayusin, at magpatuloy. Kalaunan, mapapasainyo ang tagumpay na inyong hinahanap.

"Anuman ang naisin mo sa akin ito ay mapapasaiyo," ang sabi ng Panginoon.

". . . Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng mabuti—oo, ang gumawa ng makatarungan, lumakad nang may pagpapakumbaba, maghatol nang matwid. . . .

". . . [Pagkatapos] *anuman ang naisin mo sa akin, na nauukol sa mga bagay ng kabutihan, . . . ay [iyong] [ma] tatanggap*."[8]

Gustung-gusto ko ang doktrinang iyan! Muling binanggit dito na pagpapalain tayo sa *pagnanais* natin na gumawa ng mabuti, kahit habang nagsisikap pa lang tayong magpakabuti. At nagpapaalala ito sa atin na upang maging karapat-dapat sa mga pagpapalang iyon, dapat nating tiyakin na hindi natin ipagkakait ang mga ito sa iba: makitungo nang makatarungan, maging patas sa tuwina; maging mapagpakumbaba, huwag magyabang kailanman; humatol nang makatwiran, huwag magmalinis.

Mga kapatid, ang una at dakilang *utos* sa kawalang-hanggan ay ang mahalin ang Diyos nang buo *nating* puso, kakayahan, pag-iisip at lakas—iyan ang una at dakilang utos. Subalit ang una at dakilang *katotohanan* sa kawalang- hanggan ay mahal *tayo* ng Diyos nang buo *Niyang* puso, kakayahan, pag-iisip at lakas. Ang pagmamahal na iyon ay saligang bato ng kawalang-hanggan, at ito ay dapat na maging saligang bato ng ating buhay araw-araw. Katunayan sa katiyakan

lamang na iyon na nag-aalab sa ating kaluluwa tayo magkakaroon ng kumpiyansang patuloy na manalig, patuloy na magsikap na magpakabuti pa, patuloy na humingi ng kapatawaran ng ating mga kasalanan, at ipakita ang gayon ding kabutihan sa ating kapwa.

Itinuro minsan ni Pangulong George Q. Cannon: "Gaano man kabigat ang pagsubok, gaano man katindi ang lungkot, ang hirap, hindi tayo kailanman pababayaan ng [Diyos]. Hindi Niya ito ginagawa, at hindi Niya kailanman gagawin. Hindi Niya ito magagawa. Wala sa katangian Niya [na gawin] ito. . . . [Lagi] Siyang susuporta sa atin. Maaaring dumaan tayo sa nagniningas na hurno; lumusong sa malalalim na tubig; ngunit hindi tayo matutupok ni malulunod. Tayo ay lalabas mula sa mga pagsubok at paghihirap na ito nang mas mabuti at mas dalisay dahil sa mga ito."[9]

Kung ang dakilang pagmamahal na iyan mula sa Diyos ay nasa buhay natin tuwina, na ipinakita nang buong kadalisayan at kasakdalan sa buhay, kamatayan, at Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, matatakasan natin ang mga bunga ng kasalanan at kahangalan—ng ating sarili o ng iba—sa anumang anyo nito kapag dumating ang mga ito sa araw-araw na buhay natin. Kung ibibigay natin ang ating puso sa Diyos, mamahalin ang Panginoong Jesucristo, at gagawin ang lahat ng ating makakaya upang ipamuhay ang ebanghelyo, kung gayon ang bukas—at ang bawat araw—ay magiging napakaganda, hindi man natin ito napapansin sa tuwina. Bakit? Dahil iyon ang nais ng ating Ama sa Langit! Nais Niya tayong pagpalain. Ang maganda, masagana, at walang hanggang buhay ang pinakalayunin ng Kanyang maawaing plano para sa Kanyang mga anak! Ito ay isang plano na nakabatay sa katotohanan "na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios."[10] Kaya patuloy na magmahal. Patuloy na magsikap. Patuloy na magtiwala. Patuloy na manalig. Patuloy na umunlad. Palalakasin ng

langit ang inyong loob ngayon, bukas, at magpakailanman.

"Hindi mo baga naalaman? hindi mo baga narinig?" ang sabi ni Isaias.

"Ang [Diyos ay] nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan. . . .

". . . Silang nangaghihintay sa [Kanya] ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga aguila. . . .

"Sapagka't . . . [ang] Panginoon[g] . . . Dios, ay hahawak ng [kanilang] kanang kamay, na magsasabi sa [kanila], huwag [kayong] matakot; aking tutulungan [kayo]."[11]

Mga kapatid, nawa'y pagpalain tayo bukas ng mapagmahal na Ama sa Langit upang maalaala natin ang naramdaman natin sa araw na ito. Nawa'y pagpalain Niya tayo na naisin at sikapin natin nang may pagtitiis at sigasig na maisagawa ang mga pamantayan na narinig nating ipinahayag sa pangkalahatang kumperensyang ito, batid na ang Kanyang banal na pagmamahal at walang-maliw na tulong ay mapapasaatin kapag nahihirapan tayo—oo, mapapasaatin *lalo* na kapag nahihirapan tayo.

Kung tila napakataas ng pamantayan at ang pagpapaunlad na kinakailangan sa sarili sa mga darating na araw ay tila imposibleng makamtan, alalahanin ang panghihikayat ni Josue sa kanyang mga tao nang kakaharapin nila ang nakakatakot na bukas. "Magpakabanal kayo," sabi niya, "sapagkat bukas ay gagawa ng mga kababalaghan ang Panginoon sa inyo."[12] Ipinapahayag ko ang pangako ring iyon. Ito ang pangako ng kumperensyang ito. Ito ang pangako ng Simbahang ito. Ito ang pangako Niya na nagsasagawa ng mga kababalaghan, na Siya mismong "Kahanga-hanga, Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, . . . Ang Prinsipe ng Kapayapaan."[13] Pinatototohanan ko Siya. Saksi Niya ako. At sa Kanya ang kumperensyang ito ay sagisag ng Kanyang patuloy na gawain sa dakilang mga huling araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Sa Mga Hebreo 10:32.
2. Exodo 32:7, 8.
3. Exodo 20:3–4.
4. Mateo 17:2.
5. Marcos 9:19.
6. Doktrina at mga Tipan 46:9; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Alma 36:18.
8. Doktrina at mga Tipan 11:8, 12, 14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. George Q. Cannon, "Remarks," *Deseret Evening News,* Mar. 7, 1891, 4.
10. Mga Taga Roma 8:28.
11. Isaias 40:28, 29, 31; 41:13.
12. Josue 3:5.
13. Isaias 9:6.

Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

Maaari ninyong gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang panimula sa talakayan ng pamilya o personal na pagninilay.

Para sa mga Bata

- Pahina 86: Binanggit ni Pangulong Thomas S. Monson ang tungkol sa isang tagpo mula sa *Alice's Adventures in Wonderland* para ipakita na ang mga desisyon ay mahalaga. Hinikayat niya tayo na piliin ang tama, kahit ito ay mas mahirap na landas. Bilang pamilya, pag-usapan ang mahihirap na desisyon na kinakaharap ninyo. Ano ang magagawa ninyo para matulungan ang isa't isa na piliin ang tama? Para sa aktibidad, magdrowing ng kalasag na PAT sa poster at isulat ang inyong mga ideya tungkol dito. Pagkatapos ay isabit ito sa lugar kung saan madalas itong makikita ng inyong pamilya.
- Pahina 101: Inilarawan ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang isang lungsod sa Germany na winasak ng digmaan ngunit kalaunan ay naitayo at pinagandang muli. Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na kapag nadarama nating nawasak tayo, mabubuong muli ng Tagapagligtas at ng Ama sa Langit ang ating pagkatao. Anong mga halimbawa ng isang bagay na nawasak at naging maganda at malakas muli ang nasaksihan ng inyong pamilya? Maaari ninyong ibahagi sa inyong mga anak ang patotoo ninyo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
- Pahina 53: Hinikayat tayo ni Elder Mervyn B. Arnold ng Pitumpu na "magligtas" sa pamamagitan ng pagtulong sa ating mga kaibigang di-gaanong aktibo at hindi miyembro. Bilang pamilya, pag-isipan kung paano ninyo matutulungan ang mga taong matagal nang hindi nagsisimba o hindi mga miyembro. Ano ang magagawa ninyo para maibahagi ang ebanghelyo sa iba? Umisip ng nakatutuwang paraan ng pagbuo ng family missionary plan na may simple at makatotohanang mga mithiin.
- Pahina 13: Inanyayahan tayo ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, na mapanalanging pag-isipan kung paano natin matutulungan ang mga refugee sa ating komunidad. Bilang pamilya, bisitahin ang IWasAStranger.lds.org at panoorin ang video na may pamagat na "Ako'y Taga Ibang Bayan: Mahalin ang Isa't Isa." Ano ang ilang magagawa ng pamilya ninyo para mapaglingkuran ang mga nangangailangan sa inyong lugar?

Para sa mga Kabataan

- Pahina 86: Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Sa maliliit nagmumula ang malalaking kaganapan sa kasaysayan, at gayundin sa buhay ng tao." Sinabi rin niya, "Ang landas na sinusundan natin sa buhay na ito ay humahantong sa ating destinasyon sa kabilang buhay." Pag-isipan ang mahahalagang pagpili na darating sa inyong buhay. Isipin kung saan kayo aakayin ng mga pagpiling iyon, at isulat ang mga ideya at opinyon na maiisip ninyo.
- Pahina 46: Sinabi ni Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula sa pagtatanong ng binatilyong si Joseph Smith." Sinabi ni Elder Rasband na ang mga tanong ay naglalarawan ng hangaring matuto, magdagdag ng katotohanan sa ating mga patotoo, at "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo" (2 Nephi 31:20). Magtanong sa Diyos sa panalangin, saliksikin ang mga banal na kasulatan at ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at maghintay at pakinggang mabuti ang mga sagot.
- Pahina 10: Nakadama na ba kayo ng takot o lungkot? Ibinahagi ni Sister Neill F. Marriott, pangalawang tagapayo sa Young Women general

presidency ang nangyari bago ang araw ng kanyang kasal. Malayo siya sa kanyang tahanan at makikitira muna sa hindi pa niya nakikilalang kamag-anak ng kanyang magiging asawa. Nang dumating siya sa tahanan ng kamag-anak, sabi ni Sister Marriott, "Bumukas ang pinto . . . at walang imik na sinalubong ako at niyakap ni Aunt Carol." Nang sandaling iyon napawi ang kanyang mga pangamba. "Ang pag-ibig ay lumilikha ng puwang sa buhay ninyo para sa iba," sabi niya. Mayroon ba kayong tao na malugod na tatanggapin sa tahanan ninyo?

- Pahina 70: Itinuro ni Brother Stephen W. Owen, Young Men general president, na tayo ay kapwa mga lider at tagasunod. Ibinahagi niya na minsan ay nakasama niya sa miting ang grupo ng mga kabataang lalaki na sinusuportahan at hinihikayat ang bawat isa sa kanilang korum. Sabi niya, "Ang pamumuno ay isang pagpapahayag ng pagkadisipulo—pagtulong lang ito sa iba na lumapit kay Cristo." Pumili ng isang taong matutulungan ninyo na lumapit kay Cristo sa linggong ito.

Para sa mga Young Adult

- Pahina 101: Gusto ba ninyong mapigilan ang panghihina ng inyong pananampalataya? Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan na pagsunod ang sagot! "Pagsunod ang nagpapalakas sa pananampalataya," sabi niya. "Sa pagsunod tayo nagtatamo ng liwanag sa ating kaluluwa." Isipin ang isang pagkakataon na sinunod ninyo ang salita ng Panginoon kahit mahirap ito. Paano pinalakas ng pagsunod ang inyong pananampalataya at nakatulong na matuklasan ninyo kung ano ang inyong pagkatao?
- Pahina 23, 59, at 105: Ayon kay Sister Mary R. Durham, ang na-release kamakailan na pangalawang tagapayo sa Primary general presidency, ang Espiritu Santo ang "banal na pinagmumulan ng lakas." Basahin ang kanyang mensahe at ang mga mensahe nina Elder David A. Bednar at Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol. Pansinin ang maraming gawaing ginagampanan ng Espiritu Santo at ang mga paraan na mapagpapala Niya kayo. Mithiing makagawa ng pagbabago sa inyong buhay upang maging mas karapat-dapat sa Kanyang impluwensya.
- Pahina 26 at 124: Mag-ukol ng panahon na itanong sa sarili ang mga ibinigay na tanong ni Elder Donald L. Hallstrom ng Panguluhan ng Pitumpu: "Kapag dumaranas tayo ng hirap sa buhay, ano ang kaagad na tugon natin? Pagkalito ba o pagdududa o espirituwal na pagtalikod? Dagok ba ito sa ating pananampalataya? Sinisisi ba natin ang Diyos o ang ibang tao sa ating kalagayan? O ang unang tugon natin ay alalahanin . . . na tayo ay mga anak ng isang mapagmahal na Diyos?" Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang una at dakilang *katotohanan* sa kawalang-hanggan ay mahal *tayo* ng Diyos nang buo *Niyang* puso, kakayahan, pag-iisip at lakas." Paano makatutulong ang pagpapalakas ng inyong patotoo sa pagmamahal ng Diyos para matiis ang mga pagsubok?

Para sa Matatanda

- Pahina 86: Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na sa pagninilay natin sa mga desisyong ginagawa natin sa buhay araw-araw, "kung pipiliin natin si Cristo, tama ang gagawin nating desisyon." Anong araw-araw na espirituwal na gawain ang magagawa o mapag-iibayo ninyo sa inyong buhay at sa inyong pamilya upang manatiling nakasentro kay Cristo ang inyong mga desisyon?
- Pahina 81 at 93: Hinikayat ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, at ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga ama na baguhin ang mga kailangan upang akayin ang kanilang pamilya sa kahariang selestiyal. Bilang ama, ano ang magagawa ninyo, ayon sa mga salita ni Elder Christofferson, upang mas "[m]aipakita ang . . . katapatan sa Diyos sa araw-araw na pamumuhay"?
- Pahina 77: Sa pagtanggap sa pag-ibig, maging ang pamilya na may malaking hamon sa buhay ay magtatagumpay, sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Anumang mga problema ang kinakaharap ng inyong pamilya, anuman ang kailangan ninyong gawin para malutas ito," dagdag pa niya, "ang simula at wakas ng solusyon ay pag-ibig

sa kapwa-tao." Sa inyong pamilya, isipin ang payo ng banal na kasulatan na "manalangin sa Ama . . . nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig" (Moroni 7:48).
- Pahina 63: Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng mga Apostol na sa regular na pagdaraos ng family council "malalabanan ang epekto ng modernong teknolohiya na madalas gumambala sa atin mula sa makabuluhang paggugol ng oras sa isa't isa at nagpapasok din ng kasamaan sa mismong tahanan natin. Maaari ninyong gawin sa inyong pamilya ang apat na uri ng family council na ayon kay Elder Ballard ay "matutulungan tayo . . . na maging mas matagumpay at masaya sa ating mahahalagang relasyon." ■

Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

Tagapagsalita	Kuwento
Neil L. Andersen	(49) Ang mga bata at kabataan ay pinagpapala kapag ang mga nakatatanda ay tinutulungan sila nang may pagmamahal, tinuturuan ng ebanghelyo, at mainit na tinatanggap sa simbahan.
Mervyn B. Arnold	(53) Iniligtas ng ina ni Mervyn B. Arnold ang mga nawawala at sugatang tupa ng Ama sa Langit. Ang mangingisdang kapatid ni Elder Alejandro Patania ay namatay sa dagat habang naghihintay na masagip sa malakas na bagyo. Isang kaibigan ni Mervyn B. Arnold ang sumapi sa Simbahan matapos turuan at kaibiganin nang 25 taon. Isang bishop ang tumulong na masagip ang 21 kabataang lalaki.
Linda K. Burton	(13) Noong 1856 tumulong ang kababaihan ng Simbahan sa pagsagip sa mga Banal na nabalaho sa kapatagan. Kinalinga ng mapagmalasakit na mag-asawa ang isang pamilya na mga refugee. Sa kanyang libing, isang dating stake Relief Society president ang inalala sa kanyang paglilingkod at pagmamahal.
D. Todd Christofferson	(93) Noong bata pa si D. Todd Christofferson ninais niyang masundan ang mga yapak ng kanyang matapat na ama. Ipinagdarasal ng isang ama ang kanyang anak na lalaki tuwing umaga dahil sa pagmamahal niya rito.
Quentin L. Cook	(97) Nagalak ang mga miyembro ng Simbahan sa Thailand Bangkok Mission sa balitang magtatayo ng templo sa Thailand. Isang pumanaw na anak na babae ang ibinuklod sa kanyang pamilya matapos itong magpakita sa asawa ng General Authority habang nasa templo. Sa kabila ng kaguluhan sa pulitika, iginiit ni Pangulong Gordon B. Hinckley na idaos ang seremonya sa paglalaan ng Suva Fiji Temple.
Kevin R. Duncan	(33) Lumabas ang salubsob mula sa daliri ni Kevin R. Duncan matapos niyang paulit-ulit na pahiran ng ointment at lagyan ng benda ito.
Mary R. Durham	(23) Isang ama na pasan-pasan ang anak habang tumatawid ng lawa ang naghubad ng sapatos para hindi siya mahila nang pailalim ng tubig.
Cheryl A. Esplin	(6) Isang tagapagsalita sa debosyonal ang nagturo sa kahalagahan ng pagtutuon ng pansin at paglilingkod sa iba. Nalaman ng isang bata sa Primary na mahal siya ni Jesus.
Henry B. Eyring	(19) Dalawang miyembro ng Simbahan ang nangangamba na baka madaig ng mga pagsubok ang kanilang pananampalataya kapag hindi nila naibalik ang kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan. (81) Nalungkot si Henry B. Eyring dahil hindi nabuklod sa templo ang isang pamilya. Inaasam ng isang balo na sumapi sa Simbahan na makasama ang kanyang pamilya nang walang hanggan.
Gerrit W. Gong	(108) Hinikayat ng isang basketball coach ang batang si Gerrit W. Gong na subukang sumali sa soccer. Bago pumasok sa templo, nililinis ng isang mekaniko ang kanyang mga kamay sa pamamagitan ng paghuhugas ng pinggan.
Robert D. Hales	(105) Si Robert D. Hales ay tumanggap ng mga impresyon mula sa Espiritu Santo sa kanyang paglilingkod sa Simbahan at personal na buhay.
Donald L. Hallstrom	(26) Isinulat ng batang anak na babae ni Donald L. Hallstrom sa isang sulatin sa paaralan na makakasama niya ang Ama sa Langit kapag namatay na siya. Ang mga miyembro ng Simbahan sa Liberia ay bumigkas ng sipi mula sa mga banal na kasulatan at inawit ang "Saligang Kaytibay" nang may pambihirang katapatan.
Paul V. Johnson	(121) Namatay ang anak na babae ni Paul V. Johnson na may pag-asa sa kabilang-buhay at Pagkabuhay na Mag-uli.
Patrick Kearon	(111) Si Patrick Kearon ay hindi na katulad ng dati matapos marinig ang kuwento tungkol sa mga refugee at masaksihan ang pangangalaga sa kanila ng mga relief worker.
Neill F. Marriott	(10) Nadama ni Neill F. Marriott ang pangangalaga ng step-grandmother ng kanyang nobyo. Ipinagtanggol ni Neill F. Marriott ang pagiging ina sa taong tumawag sa kanya sa telepono na hindi nagpakilala.
Jairo Mazzagardi	(56) Bilang bagong binyag sa Simbahan, nagsaliksik si Jairo Mazzagardi at natanggap ang sagot sa kanyang mga tanong tungkol sa Panunumbalik.
Thomas S. Monson	(85) Inutusan ng isang marapat na maytaglay ng priesthood ang barkong sasagip na iligtas siya at ang kanyang mga tripulante na nakakapit sa mga balsa.
Russell M. Nelson	(66) Ibinuklod ni Russell M. Nelson ang isang pamilya sa templo matapos magsumamo sa kanya mula sa kabila ng tabing ang dalawang yumaong anak na babae ng pamilya at matapos maging karapat-dapat sa templo ang kanilang ama at kapatid na lalaki.
Dallin H. Oaks	(114) Dumanas ng pag-uusig si Joseph Smith habang naghahanap ng tagapaglathala para sa Aklat ni Mormon.
Bonnie L. Oscarson	(87) Pinagtibay ng Espiritu Santo ang katotohanan ng ebanghelyo sa isang ina na may anak na malubha ang karamdaman.
Stephen W. Owen	(70) Habang umaakyat ng bundok sakay ng kabayo, alam ni Stephen W. Owen na magiging ligtas siya kung susundan niya ang kanyang ama. Masaya si Stephen W. Owen na makapagpasa ng sakramento. Isang kabataang lalaki sa New Zealand ang nagbigay ng basbas ng priesthood sa kanyang ina.
Ronald A. Rasband	(46) Ang pagbisita ni Ronald A. Rasband sa Pakistan ay "isang di-malilimutang araw" para sa kanya at sa mga Banal doon. Si Ronald A. Rasband ay nakilahok sa Face to Face broadcast.
Dale G. Renlund	(39) Habang siya ay nakikibahagi sa sakramento, natanto ng isang sister sa South Africa ang personal na katangian ng sakripisyo ng Tagapagligtas.
Kent F. Richards	(118) Kasunod ng paglalaan ng templo, si Kent F. Richards at ang kanyang asawa ay nabinyagan para sa kanilang mga ninuno. Nasaksihan ni Kent F. Richards ang tatlong-henerasyon na pamilya na binibinyagan para sa kanilang mga ninuno.
Steven E. Snow	(36) Ang mga panalangin ni Steven E. Snow at ang kanyang pamilya ay naging mas mapagpakumbaba, taos-puso, at tapat habang nagpapagaling sa matinding pinsala sa ulo ang kanyang anak na lalaki.
Gary E. Stevenson	(29) Matapos mawalan ng susi ng kotse, ginawan ng analohiya ni Gary E. Stevenson ang mga susing kailangan para mapaandar ang kotse at ang mga susi ng priesthood na kailangan para pangasiwaan ang Simbahan. Habang binibinyagan ang kanyang mga anak para sa mga ninuno ng isa pang temple patron, nalaman ng ina na mga ninuno rin pala niya ang mga binibinyagan.
Dieter F. Uchtdorf	(101) Nadama ni Dieter F. Uchtdorf ang impluwensya ng Espiritu Santo habang pinagninilayan niya ang pagtatayong muli sa Dresden, Germany, pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
W. Christopher Waddell	(90) Isang bata sa Primary ang nahihirapang isipin si Jesus. Isang ama at ina ang napanatag nang malaman nila na sila ay naibuklod sa kanilang pumanaw na sanggol na lalaki.

Elder W. Mark Bassett

General Authority Seventy

Tuwing summer noong bata pa siya, mahilig maglakbay si W. Mark Bassett kasama ang pamilya niya mula sa bahay nila sa Sacramento, California, USA, para bisitahin ang kanyang lola sa ina na nasa Alabama, USA. Sa mga araw ng paglalakbay nila papunta roon, palaging tinitiyak ng pamilya na makabisita sa mga makasaysayang lugar ng Simbahan.

Pagbisita man ito sa mga makasaysayang paligid ng Nauvoo, Illinois, o paglilibot sa Sagradong Kakahuyan sa Palmyra, New York, naaalala ni Elder Bassett ang matinding damdamin niya—kahit bata pa siya—nang bisitahin niya ang mga sagradong lugar na iyon.

"May nadama kami roon," sabi niya. "Ganyan nahubog ang patotoo ko, sa mga munting karanasan."

Ang patotoong iyon na natamo noong bata pa siya ang pinagkunan ng lakas ni Elder Bassett sa buong buhay niya.

Isinilang noong Agosto 14, 1966, kina Edwina Acker at William Lynn Bassett, sa Carmichael, California, si Elder Bassett ang pangalawa sa limang anak. Ang paglilingkod sa Simbahan at pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay mahahalagang prayoridad sa kanyang pamilya.

Matapos maglingkod sa Guatemala Guatemala City Mission mula 1985 hanggang 1987, lumipat si Elder Bassett sa Provo, Utah, para mag-aral sa Brigham Young University. Pinakasalan niya si Barbara Bowen sa Salt Lake Temple noong Disyembre 20, 1989. Sila ay may limang anak at dalawang apo.

Noong 1991, nagtamo si Elder Bassett ng degree sa accounting mula sa BYU at kalaunan ay bumalik sila ng kanyang pamilya sa Sacramento area para magtrabaho sa industriya ng wholesale auto auction. Nagtrabaho siya bilang controller sa Brasher's Sacramento Auto Auction at bilang chief financial officer at co-owner ng West Coast Auto Auctions, Inc., kung saan siya nagpatakbo ng automobile auctions sa buong kanlurang Estados Unidos.

Nakapaglingkod si Elder Bassett sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan, kabilang na ang ward Young Men president, bishop, high councilor, stake president, president ng Arizona Mesa Mission mula 2007 hanggang 2010, at Area Seventy. ■

Elder Mark A. Bragg

General Authority Seventy

Noong 14 anyos si Mark Bragg, ipinakilala ng mga kaibigan niya sa baseball team sa kanyang pamilya ang Simbahan. Nabinyagan si Mark, at naging aktibo ang kanyang ina.

"Binago nito ang buhay namin," sabi ni Elder Bragg.

Si Mark Allyn Bragg ay isinilang noong Abril 16, 1962, sa Santa Monica, California, USA, kina Donald E. at Diane Bragg.

Habang nag-aaral sa University of Utah, tinawag si Elder Bragg na maglingkod sa Mexico Monterrey Mission, sa ilalim ng pamamahala ng mission president na si Roy H. King at ng asawa nitong si Darlene O. King.

Nang matapos ni Elder Bragg ang kanyang misyon, sinimulan niyang ideyt ang bunsong anak ng kanyang mission president na si Yvonne. Ikinasal sila sa Los Angeles California Temple noong Marso 17, 1984.

Nang mamatay nang hindi inaasahan ang ama ni Elder Bragg, nagbalik ang mag-asawa sa California para simulan ang kanyang propesyon sa industriya ng bangko (natapos niya ang kanyang trabaho bilang senior vice president ng Bank of America) at para mapalapit sa ina ni Elder Bragg.

Magpipitong taon bago nagkaanak ang mga Bragg. "Kung minsan pakiramdam namin ay hindi kami kabilang, kahit sa pamilya namin," paggunita ni Elder Bragg.

Pagkatapos—"sa pinakamagandang araw sa mundo"—isinilang ni Sister Bragg ang panganay sa apat na anak. "Naaalala ko na . . . inisip ko na wala nang mas masayang tao kaysa sa akin sa sandaling iyon," sabi ni Elder Bragg.

Gayunman, hindi palaging madali ang naging buhay ng pamilya. Kinabukasan matapos sang-ayunan si Elder Bragg bilang bishop sa ward na kinalakhan niya, nakapanlulumong namatay ang kanyang ina sa isang car hijacking. Ang kanyang libing ang unang pinamunuan niya bilang bishop. "Naroon ang Relief Society para sa pamilya namin araw-araw," paggunita niya.

Ang mga aral na iyon ng pagmamahal, paglilingkod, at pagdamay ang gagabay kay Elder Bragg sa kanyang paglilingkod sa Simbahan sa hinaharap—bilang stake president, Area Seventy, at temple ordinance worker. ■

Elder Weatherford T. Clayton

General Authority Seventy

Labis ang pasasalamat ni Elder Weatherford T. Clayton sa pagkakataong maglingkod. Ang gawain ng Panginoon ay isang prayoridad para sa kanya. Mahal na mahal niya ang mga tao at matibay ang relasyon niya sa kanyang pamilya.

"Sa ebanghelyo ni Jesucristo, lahat tayo ay maaaring magsama-sama," sabi ni Elder Clayton. "Nadama ng pamilya ko ang impluwensya ng mga sumakabilang-buhay na. Totoong nariyan sila na tulad ng mga taong narito."

Isinilang sa California, USA, noong Marso 1, 1952, kina Whitney Clayton Jr. at Elizabeth Touchstone Clayton, nagkaroon ng malakas na patotoo si Elder Clayton sa kanyang kabataan tungkol sa home teaching. Dahil sa mga pagsisikap ng isang home teacher, natanggap niya, sa edad na 12, at ng kanyang pamilya ang mga sagradong tipan ng ebanghelyo at ibinuklod sila sa Salt Lake Temple noong 1964 ni Harold B. Lee na isang Elder noon sa Korum ng Labindalawang Apostol.

Habang iniisip kung paano siya inihanda ng Panginoon para maglingkod, sinabi ni Elder Clayton na madalas siyang mabigyang-inspirasyon sa halimbawa ng iba: "Namasdan ko kung paano inilaan ng aking mga kaibigan at kapamilya ang kanilang buhay sa Panginoon at nagalak sila sa paglilingkod na inialay nila sa Diyos."

Matapos maglingkod sa French Canadian Mission, nagaral siya sa University of Utah, kung saan niya nakilala si Lisa Thomas. Ikinasal sila noong Marso 16, 1976, sa Salt Lake Temple. Sila ay may limang anak.

Nagtamo si Elder Clayton ng degree sa psychology at natapos sa medical school sa University of Utah. Nagtrabaho siya sa isang pribadong medical practice bilang obstetrician-gynecologist mula 1985 hanggang 2013, bago siya tinawag na maglingkod bilang president ng Canada Toronto Mission.

Naglingkod siya bilang ward mission leader, Gospel Doctrine teacher, Young Men president, family history consultant, youth Sunday School teacher, bishop, high councilor, counselor sa stake presidency, at stake president. ■

Elder Valeri V. Cordón

General Authority Seventy

Mula sa kanyang ina, na sumapi sa Simbahan sa edad na 16, nagkaroon si Elder Valeri Vladimir Cordón Orellana ng pundasyon sa ebanghelyo na nakatulong sa kanya nang lumipat siya 95 milya (150 km) ang layo mula sa kanyang bayang-sinilangang Zacapa, Guatemala, upang mag-aral sa high school sa Guatemala City at mag-aral ng computer science.

"Ang pinakamahalagang bagay na natanggap ko mula sa aking ina ay ang maging lubos na mapitagan tungkol sa lahat ng sagradong bagay ng Simbahan," paggunita ni Elder Cordón, na anak nina Ovidio at Ema Orellana Cordón.

Si Elder Cordón ay isinilang noong Pebrero 19, 1969, sa Guatemala City, at ginugol ang kanyang kabataan sa Zacapa. Nagpunta ang kanyang ama sa Chicago, Illinois, sa Estados Unidos para magtrabaho. Habang naroon, naimpluwensyahan siya ng mga miyembro ng Simbahan at natanggap niya ang mensahe ng ebanghelyo mula sa mga missionary. Ang pamilya ay ibinuklod sa Mesa Arizona Temple noong 1972, noong tatlong taong gulang si Valeri.

Sabi ni Elder Cordón napamahal sa kanya ang ebanghelyo nang marinig niya ang kanyang ina na madalas kantahin ang mga himno at awitin ng Simbahan tulad ng "Ako ay Anak ng Diyos" at "Sana Ako'y Makapagmisyon." Naglingkod si Elder Cordón sa El Salvador Mission mula 1987 hanggang 1989.

Pinakasalan niya si Glenda Zelmira Zea Diaz noong Marso 25, 1995, sa Guatemala City Guatemala Temple. Plano rin ni Sister Cordón na magmisyon, ngunit nagbago ang mga plano niya nang makilala niya si Valeri. Kalaunan nakilala niya na ito ang binatang nakaakit sa kanyang pansin nang makita niya ang larawan nito sa isang magasin ng Simbahan ilang taon na ang nakararaan. Sila ay may tatlong anak na babae.

Nagtamo si Elder Cordón ng bachelor's degree mula sa Mariano Galvez University sa Guatemala noong 2010 at ng master of business administration degree mula sa Massachusetts Institute of Technology noong 2012. Nagtrabaho siya bilang information systems director sa isang pharmaceutical company at simula noong 2012 sa Pepsico Foods Mexico, Central America at Caribbean.

Nang tawagin siyang maglingkod, naglilingkod si Elder Cordón sa Pang-apat na Korum ng Pitumpu sa Central America Area. Naglingkod siya sa panguluhan ng Costa Rica San José East Mission mula 1998 hanggang 2000. ■

Elder Joaquin E. Costa

General Authority Seventy

Isang kaibigang matchmaker ang naglagay kay Joaquin Esteban Costa sa landas na humantong sa pagtanggap niya sa ebanghelyo ni Jesucristo, sa kasal sa templo, at sa pamumuno sa Simbahan.

Si Joaquin Costa ay isinilang noong Marso 8, 1965, kina Eduardo J. Costa at Graciela M. Fassi. Noong nag-aaral siya sa unibersidad sa Buenos Aires, Argentina, ipinakilala siya ng isang kaibigan, si Alin Spannaus, na ngayo'y isa nang Area Seventy, kay Renee Varela. Nag-atubili si Renee, na pangalawang-henerasyong Banal sa mga Huling Araw, bago siya pumayag na makipagdeyt sa 21-taong-gulang na binata, na hindi miyembro ng Simbahan. Pagkaraan ng tatlong deyt nagpasiya siya na "gustung-gusto niya ito" at nadama niya na hindi na sila dapat magdeyt. Sa pagtatapos ng klase, nagbalik siya sa kanyang lupang tinubuan, sa Entre Rios, Argentina.

Tinanggap ni Renee ang tawag na maglingkod sa Chile Osorno Mission. Nang makauwi na siya, gumawa ng paraan si Brother Spannaus para makadalo siya at si Joaquin sa iisang party, kung saan hiniling ni Joaquin na magdeyt sila. "Nagdasal ako at nagpasiyang bigyan siya ng pagkakataon," sabi ni Sister Costa.

Hindi nagtagal, inaalam na ni Joaquin ang tungkol sa Simbahan. Habang nagpapaturo sa mga missionary, hiniling ni Renee na manalangin siya at basahin ang Aklat ni Mormon mula simula hanggang wakas.

"Tumanggap na siya ng malakas na patotoo bago pa niya natapos itong basahin," sabi ni Sister Costa. "Hindi siya nagpabinyag para lamang masiyahan ako. Isang taon pa kaming nagdeyt at saka kami nagpakasal sa Buenos Aires Argentina Temple noong 1989."

Nagtamo si Elder Costa ng bachelor's degree sa economics noong 1987 mula sa University of Buenos Aires. Pagkatapos ng kasal lumipat sila sa Provo, Utah, USA, kung saan tumanggap siya ng master of business administration degree noong 1994 mula sa Brigham Young University. Tumira sila at ang kanilang lumalaking pamilya, na kinabibilangan ng apat na anak, sa Chicago, Illinois, USA, nang magtrabaho siya sa isang multinational investment banking at financial services corporation. Dahil sa trabaho niya sa bangko nakabalik ang kanyang pamilya sa Argentina nang ilang taon at pagkatapos ay napunta sila sa Czech Republic at sa Sultanate of Oman. Sa nagdaang dalawang taon, nanirahan na sila ng kanyang pamilya sa Lima, Peru, kung saan siya nagtatrabaho sa isang Danish investment firm na nakatuon sa microfinance. ■

Elder Massimo De Feo

General Authority Seventy

Bago niya tinanggap ang kanyang full-time mission call, natuto si Elder Massimo De Feo ng mahahalagang aral sa pagsasakripisyo at pagmamahal mula sa kanyang amang si Vittorio De Feo.

Nagkaroon ng kaunting problema sa pera ang pamilya De Feo, at parehong hindi miyembro ng Simbahan si Vittorio at ang kanyang asawang si Velia. Ngunit iginalang ng nakatatandang De Feo ang pagnanais ng kanyang anak na ibahagi ang ebanghelyo.

"Tinanong ako ng tatay ko, 'Gusto mo ba talagang gawin ito?'" paggunita ni Elder De Feo. "Sinabi kong, 'Opo, buong puso kong nais maglingkod sa Panginoon.'"

Nangako si Vittorio na gagawin niya ang lahat para mabayaran ang dalawang taong paglilingkod ng kanyang anak sa Italy Rome Mission.

"Itinuring kong sagrado ang perang iyon—bunga iyon ng malaking sakripisyo ng isang taong hindi naniniwala sa Simbahan," sabi ni Elder De Feo. "Kaya nagmisyon ako nang buong puso, kakayahan, isipan, at lakas dahil minahal ko ang Panginoon at ang tatay ko."

Ang mga alituntunin ng ebanghelyo na tulad ng sakripisyo, kasipagan, pamilya, at paglilingkod ay nakatulong sa paghubog ng pagkatao ni Elder De Feo.

Isinilang sa Taranto, Italy, noong Disyembre 14, 1960, nalaman ni Massimo De Feo ang tungkol sa Simbahan sa edad na siyam na taong gulang nang kumatok ang dalawang missionary sa pintuan ng kanilang tahanan. Hindi nagtagal ay nabinyagan si Massimo at ang kuya niyang si Alberto.

Natamasa ng magkapatid na De Feo ang pagmamahal at suporta ng matatapat na branch leader nang dumalo sila sa Primary at, kalaunan, sa Mutual. Naging matagal na mga kaibigan din ni Massimo ang iba pang mga kabataan sa branch—pati na ang kapwa nila convert na si Loredana Galeandro, na pakakasalan niya pagkatapos ng kanyang misyon. Nabuklod sila noong Agosto 14, 1984, sa Bern Switzerland Temple. Ang mga De Feo ay may tatlong anak.

Bago naging General Authority Seventy, nakatira si Elder De Feo sa Rome at nagtrabaho nang mahigit 30 taon para sa US State Department. Naglingkod siya bilang branch president, district president, stake president, at Area Seventy. ■

Elder Peter F.Meurs

General Authority Seventy

Noong bata pa siya, nakatira si Peter Meurs at ang kanyang pamilya sa tabi ng isang kapitbahay na mayroong "fix anything" shop para sa mga gamit sa pagsasaka. Gumugol ng maraming panahon si Peter at ang kanyang matalik na kaibigan sa shop sa pagkutinting sa mga gamit sa pagsasaka at pagbuo ng mga minibike at go-kart. Kalaunan ay nag-aral si Peter ng mechanical engineering sa Monash University sa Melbourne, Australia.

Habang tinatapos ang kanyang pag-aaral sa edad na 18, ipinaalam niya sa unibersidad na kailangan niyang huminto nang dalawang taon upang magmisyon para sa Simbahan. Sinabihan siya na isang taon lang siya puwedeng lumiban; kapag huminto siya nang mas matagal, tatanggalin na siya sa programa. Nagpasiya siyang huwag maglingkod.

Hindi nagtagal pagkaraan niyon, gayunman, narinig niyang ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) sa pangkalahatang kumperensya na bawat karapat-dapat na binata ay dapat maglingkod sa misyon (tingnan sa "Planning for a Full and Abundant Life," *Ensign,* Mayo 1974, 87).

"Parang ako ang kausap niya. Tinablan ako noon," paggunita ni Elder Meurs. Nagpasiya na rin siyang maglingkod. Isang linggo bago siya umalis, tumanggap siya ng liham mula sa unibersidad na pinapayagan siyang huminto nang dalawang taon.

Nag-aral ulit si Peter pagkatapos ng kanyang misyon, ngunit ang kanyang paglilingkod bilang missionary, ayon sa kanya, "ang pinakamainam kong pag-aaral." Itinuro sa kanya ng ebanghelyo na ang "pagtulong sa mga tao na magtagumpay ang pinakamahalagang alituntunin sa pamumuno."

Nang makatapos sa kanyang bachelor's degree sa mechanical engineering, nagtrabaho si Elder Meurs bilang project engineer para sa Esso Australia at naging founding partner ng WorleyParsons Limited. Kamakailan ay naglingkod siya bilang director of development para sa Fortescue Metals Group.

Kasunod ng kanyang misyon, pinakasalan niya ang isang babae na tinatawag niyang matalik na kaibigan, si Maxine Evelyn Thatcher, noong Enero 2, 1979, sa Hamilton New Zealand Temple. Sila ay may apat na anak at siyam na apo.

Si Elder Meurs—na isinilang noong Disyembre 21, 1956, sa Warrnambool, Victoria, Australia, kina Frederik at Lois Jones Meurs—ay nakapaglingkod na sa maraming tungkulin, kabilang na ang elders quorum president, ward organist, ward at stake Young Men president, public affairs director, branch at district president, bishop, stake president, at Area Seventy. ■

Elder K. Brett Nattress

General Authority Seventy

Inilarawan ni Elder K. Brett Nattress at ng kanyang asawang si Shauna Lee Adamson Nattress ang kanilang sarili bilang "di-perpektong mga tao na naghahanap ng mga perpektong sandali."

Natagpuan nila ang gayong mga sandali ng buhay nila—lahat ay may kaugnayan sa Tagapagligtas at sa Pagbabayad-sala, sabi ni Elder Nattress.

Sinasabi ni Elder Nattress na isinilang siya sa butihing mga magulang, sina David at Judy Sorensen Nattress, at naaalala niya na binabasahan ng kanyang ina ng Aklat ni Mormon ang kanilang pamilya araw-araw.

Minsa'y nasa bahay siya noong bakasyon na sa kolehiyo. Nakatuon siya sa parating na finals at masama ang pakiramdam niya, bagama't walang masakit sa kanyang katawan.

"Kung wala kang sakit at masama ang pakiramdam mo," sabi sa kanya ng kanyang ina, "kailangan mong maglingkod sa isang tao."

Inilagay ni Brett ang pampala ng snow sa likod ng pickup ng pamilya at naglibot para palahin ang mga driveway ng mga balo sa ward. Bumuti ang pakiramdam niya.

"Masyado akong nakatuon sa sarili ko at sa finals, kaya nalimutan ko na ang tunay na layunin ng buhay ay maglingkod sa iba," sabi niya.

Si Elder Nattress ay isinilang noong Marso 4, 1965, sa Pocatello, Idaho, USA. Lumipat ang pamilya sa Lehi, Utah, USA, kung saan naranasan niya at ng kanyang limang kapatid ang buhay sa maliit na bukirin ng pamilya.

Nakilala niya ang kanyang mapapangasawa noong pareho silang nasa senior high school sa magkalapit na eskuwela. Nang makauwi na siya mula sa paglilingkod sa California Sacramento Mission mula 1984 hanggang 1986, ikinasal sila sa Salt Lake Temple noong Abril 24, 1987. Sila ay may pitong anak.

Nag-aral siya sa Brigham Young University sa Provo, Utah, at nagtapos sa University of Utah noong 1990 na may degree sa physical therapy. Kasama ang kapatid niyang si David, itinatag nila ang Advanced Health Care Corp. noong 2000.

Si Elder Nattress ay nakapaglingkod na sa maraming katungkulan sa Simbahan, pati na bilang ward Young Men president, bishop, stake Young Men president, stake president, at Area Seventy. Noong tawagin siya, siya ang namumuno sa kabubukas na Arizona Gilbert Mission. ■

Elder S. Mark Palmer

General Authority Seventy

Noong 1992, napakahalaga at limitado ang oras ni Elder S. Mark Palmer at ng asawa niyang si Jacqueline.

Si Elder Palmer ay naglilingkod noon sa stake high council. Nagtatrabaho rin siyang mabuti para umasenso sa kanyang propesyon. Gayon din kaabala si Sister Palmer. Ang mga Palmer ay may anim na anak noon sa bahay nila sa Austin, Texas, USA,—kabilang na ang isang sanggol na lalaki na anim na buwan ang edad.

Nang anyayahan sila ng stake president na maglingkod bilang mga temple worker sa Dallas Texas Temple, hindi nila alam kung paano nila makakayanan ang isa pang tungkulin. Ngunit tinanggap nila ang tungkulin—at saka sila humingi ng tulong ng Panginoon sa panalangin.

Para makabiyahe nang buwanan sakay ng bus upang maglingkod nang buong maghapon sa templo, kinailangan nilang magsakripisyo at magplanong mabuti. "Ngunit napakalaking pagpapala ito sa aming buhay," sabi ni Elder Palmer.

Ang paglilingkod sa templo, dagdag pa niya, ay naghanda sa kanya sa espirituwal para sa darating na mga tungkulin sa priesthood. Naging mas mabuting asawa at ama rin siya dahil dito—at nabalanse niya ang kanyang abalang buhay.

"Ang pagpunta sa templo ay madalas makatulong sa pagbabago ng inyong mga prayoridad at ipinaaalala sa inyo ang mga tipang ginawa ninyo," sabi niya.

Si Stanley Mark Palmer ay isinilang noong Pebrero 11, 1956, sa Te Puke, New Zealand, kina Kenneth at Jill Palmer. Sumapi ang kanyang pamilya sa Simbahan noong siya ay bata pa. Naglingkod siya sa full-time mission sa New Zealand Wellington Mission.

Matapos magtamo ng undergraduate degree sa University of Auckland, nag-enrol siya sa master of business administration program sa Brigham Young University. Habang nakatira sa Provo, Utah, USA, nakilala niya ang isang returned missionary na nagngangalang Jacqueline Wood sa isang blind date. Ikinasal sila noong Disyembre 18, 1981, sa Salt Lake Temple. Ang mga Palmer ay may anim na anak at siyam na apo.

Si Elder Palmer ang founder at president ng SMP Ventures, isang real estate development company. Nakapaglingkod na siya bilang bishop, stake president, president ng Washington Spokane Mission (2009–12), interim president ng Australia Sydney South Mission (2014), at Area Seventy. ■

Elder Gary B. Sabin

General Authority Seventy

Malinaw pa sa alaala ni Elder Gary B. Sabin ang tatlong Christmas tree.

Ang una ay isang magandang Christmas tree noong kanyang kabataan. Nang akyatin ni Gary ang puno para abutin ang isang candy cane, bumagsak ang buong puno sa lupa.

Ang pangalawa ay isang evergreen branch na natagpuan niya noong missionary siya sa Belgium at sa Netherlands mula 1973 hanggang 1975. Iniuwi ni Elder Sabin at ng kanyang kompanyon ang branch sa apartment nila at itinayo ito sa gitna ng mga Christmas card na natanggap nila mula sa kanilang pamilya.

Ang pangatlo ay isang puno na yari sa mga Christmas light na nakaikot sa isang IV stand sa tabi ng kama ng anak niyang babae sa ospital. Isa sa tatlong anak ng mga Sabin na may cystic fibrosis ang nabigyan ng double-lung transplant isang taon pagkamatay ng kapatid nito sa sakit ding iyon.

"Mas marami kaming natutuhan sa aming mga anak kaysa natutuhan nila mula sa amin," sabi ni Elder Sabin.

Bilang General Authority maaalala niya ang mga Christmas tree at ang mga aral na natutuhan niya mula rito. Bawat Christmas tree ay nagtatampok ng mga bahagi sa kanyang paglalakbay sa buhay—mula sa isang batang lalaki na gustong abutin ang candy cane hanggang sa isang missionary na nagtuturo ng plano ng kaligtasan sa isang ama na umasa sa plano at sa pagmamahal ng Tagapagligtas upang mapalakas ang kanyang pamilya sa mga pagsubok sa buhay.

Si Gary Byron Sabin ay isinilang sa Provo, Utah, USA, noong Abril 7, 1954, kina Marvin E. at Sylvia W. Sabin. Pinakasalan niya si Valerie Purdy noong Agosto 1976. Sila ay may limang anak; ang pang-anim nilang anak ay patay nang isilang.

Nang makatapos sa Brigham Young University sa Provo, nagtamo si Elder Sabin ng master's degree sa management mula sa Stanford University.

Si Elder Sabin ay naglingkod sa maraming tungkulin sa Simbahan, kabilang na ang pagiging bishop, stake president, at Area Seventy. Nakapagtrabaho na siya bilang founder, chairman, at CEO ng ilang kumpanya, kabilang na ang Excel Realty Trust, Price Legacy, Excel Realty Holdings, at Excel Trust.

Noong 1993, binuo nina Elder at Sister Sabin ang Sabin Children's Foundation, isang organisasyong nakatuon sa pagtugon sa mga pangangailangang medikal ng mga bata. ■

Elder Evan A. Schmutz

General Authority Seventy

Nagpapasalamat si Elder Evan Antone Schmutz para sa mga paghahayag na ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon. Ang kanyang pagbabalik-loob sa ebanghelyo ay lumalim sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa kaharian, at pagtupad sa mga pangako niya sa Diyos.

Isinilang noong Hunyo 6, 1954, sa St. George, Utah, USA, kina Richard at Miriam Schmutz, maagang natutuhan ni Elder Schmutz ang kapangyarihan ng panalangin. Noong Cub Scout siya nakapagbenta siya ng halagang US $17 na mga tiket sa isang jamboree ngunit hindi niya makita ang pera noong oras na para ibigay ito. Hinikayat siya ng kanyang ina na magdasal, at inihayag sa kanya ng Panginoon kung nasaan mismo ang pera. Matinding patunay iyon ng pagmamahal at kamalayan ng Diyos sa kanya.

Sa edad na 18, namatay ang ate ni Elder Schmutz sa isang aksidente sa kotse. Napakalaki ng naging epekto nito sa kanya, na naghatid ng mahahalagang espirituwal na karanasan.

Di-nagtagal tinawag siyang magmisyon at nagreport para sa training. Ipinagdasal niyang magkaroon ng personal na patotoo tungkol sa ebanghelyo. Habang pinanonood ang ilang gurong nagtuturo tungkol sa Unang Pangitain, sinabi niya, "Nakatanggap ako ng napakalakas na patotoo na halos ayaw kong manatili sa silid."

Matapos maglingkod sa North Carolina Greensboro Mission, tiniyak ni Elder Schmutz na patuloy na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw sa nalalabing panahon ng kanyang buhay. "Nakatagpo ako ng malaking kagalakan, personal na pagkatuto, at pang-unawa sa pag-aaral nang napakaaga sa napakatagal na panahon."

Pinakasalan ni Elder Schmutz si Cindy Lee Sims noong Pebrero 3, 1978, sa Provo Utah Temple. Si Elder Schmutz ay nagtamo ng degree sa English at ng juris doctorate mula sa Brigham Young University. Nagtrabaho siya sa ilang law firm mula 1984 hanggang 2016.

Habang inaasikaso ang mga pangangailangan ng limang anak, si Elder Schmutz ay naglingkod bilang high councilor, bishop, miyembro ng stake presidency, pangulo ng Philippines Cebu Mission (2011–14), missionary training center branch president, at miyembro ng Panlimang Korum ng Pitumpu. ■

Sister Joy D. Jones

Primary General President

Para kay Joy D. Jones, ang mapagmahal niyang mga magulang ang kanyang mga idolo.

"Nadama ko na parang kayang gawin ng tatay ko ang lahat," sabi ni Sister Jones tungkol sa kanyang ama, na isang electrician. Tungkol sa kanyang ina, sinabi niya, "Kahanga-hangang babae ang nanay ko" na ginawa ang lahat ng bagay simula sa pagkain ng pamilya hanggang sa damit na isinuot nila—simula sa umpisa. "Para sa akin, isa siyang banal, at nais kong maging katulad niya."

Bukod sa espesyal na mga alaala ng kanyang mga magulang na sina Aldo Harmon at Eleanor Ellsworth Harmon, espesyal din kay Sister Jones ang alaala ng kanyang kabataan nang makinig siya kay Elder Robert L. Backman nang magsalita ito sa isang district conference sa Oregon, USA. Si Elder Backman, na ngayo'y emeritus General Authority Seventy, ay isang mission president noon.

"May matindi akong nadama habang nagsasalita siya noon," sabi ni Sister Jones. "Talagang kakaiba ang nadama ko na hindi ko nadama noon. . . . Lubos akong nagpapasalamat doon dahil natanggap ko ang patibay ng Espiritu na ang mga sinabi niya ay totoo."

Si Joy Diane Harmon ay isinilang noong Hulyo 20, 1954, sa The Dalles, Oregon. Siya at mapapangasawa niyang si Robert Bruce Jones ay kapwa lumaki sa Oregon, ngunit nagkakilala sila sa Brigham Young University, sa Provo, Utah, USA. Ikinasal sila noong Agosto 14, 1974, sa Manti Utah Temple. Sila ay may limang anak at 17 apo.

Di-nagtagal matapos siyang magtamo ng associate of science degree sa family living, lumipat sila sa Portland, Oregon, at kalaunan ay sa Santa Rosa, California, USA, kung saan nagtrabaho si Brother Jones bilang chiropractic physician. Nahikayat sina Brother at Sister Jones na lumipat sa Draper, Utah, 22 taon na ang nakalipas. Natamasa ni Sister Jones ang pagpapalang manirahan malapit sa templo simula noon.

"Ang Jordan River Utah Temple ang naging sagradong lugar ko," sabi niya. "Mayroon akong patotoo tungkol sa kapangyarihan ng templo at sa kapayapaan at patnubay na hatid nito sa buhay ko."

Si Sister Jones ay naglingkod na bilang ward Relief Society president at Primary president at bilang tagapayo sa mga presidency ng ward at stake Relief Society, Young Women, at Primary. Nitong huli ay naglingkod siya sa Primary general board. ■

Sister Jean B. Bingham

Unang Tagapayo, Primary General Presidency

Sa loob halos ng anim na taon, nagustuhan ni Sister Jean Barrus Bingham ang paglilingkod sa kanyang tungkulin sa Primary general board. Nabisita niya ang mga tahanan ng mga miyembro at dumalo siya sa mga Primary, at nasaksihan ang malakas na pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw—lalo na ng mga batang Primary—sa buong mundo.

Si Sister Bingham, na kamakailan ay sinang-ayunan bilang unang tagapayo sa Primary general presidency, ay halos buong buhay ang ginugol sa pagtuturo, pangangalaga, at pagmamahal sa mga bata. Sa kanya mang nakababatang mga kapatid na lumalaki, sa dalawa niyang anak na babae, sa kanyang anak-anakang mga babae, sa mga apo, sa mga bisita niya sa bahay, o sa mga nakilala niya bilang miyembro ng Primary general board, siya ay naging tagatangkilik at pinagkukunan ng lakas ng marami.

"Bawat bata ay may kahanga-hangang potensyal, at kung titingnan natin sila ayon sa pagtingin ng Ama sa Langit, matutulungan natin silang maging katulad ng lahat ng ipinlano Niyang kahinatnan nila," sabi niya.

Isinilang noong Hunyo 10, 1952, sa Provo, Utah, USA, kina Edith Joy Clark at Robert Rowland Barrus, si Sister Bingham ang pangatlo sa siyam na anak. Noong tatlong buwan na siya, lumipat ang kanyang pamilya sa Indiana para makapagpatuloy sa pag-aaral ang kanyang ama. Sa unang anim na taon ng kanyang buhay, nanirahan si Sister Bingham at ang kanyang pamilya sa apat na estado.

Nang makatapos ng high school sa New Jersey, lumipat si Sister Bingham sa Provo, Utah, para mag-aral sa Brigham Young University. Sa ikalawang taon niya roon, nakilala niya ang mapapangasawa niyang si Bruce Bryan Bingham, isang binatang magsasaka mula sa Illinois na nabinyagan noong tinedyer pa kasabay ng kanyang mga magulang. Ikinasal sila noong Disyembre 22, 1972, sa Provo Utah Temple.

Kabilang sa kanyang habambuhay na paglilingkod sa Simbahan ang panahon na siya ay naging ward Primary president, Young Women president, counselor sa Relief Society presidency, stake Young Women president, temple worker, at guro sa early-morning seminary.

"Ang huwarang nakita ko sa kanyang buhay, sa loob ng 43 taong pagsasama naming mag-asawa, ay ang palagian niyang pagsunod sa mga paramdam ng Espiritu," sabi ni Brother Bingham tungkol sa kanyang asawa. "Paulit-ulit niyang nagawa ang nais ipagawa sa kanya ng Panginoon." ■

Sister Bonnie H. Cordon

Pangalawang Tagapayo, Primary General Presidency

Buong kabataan Niya sa timog-silangang Idaho, USA, maraming natutuhan si Bonnie Hillam Cordon na mahahalagang aral sa buhay. Ang pagtatrabaho, paglalaro, at pagtira sa isang sakahan ay nagturo sa kanya ng pag-asa sa sarili, kasipagan, at "na huwag matakot na subukan ang mga bagay-bagay," sabi ng bagong pangalawang tagapayo sa Primary general presidency.

Gayunman, ang pinakamahalagang aral ay mula sa kanyang mga magulang na sina Harold at Carol Rasmussen Hillam, na nagturo sa kanya na sa tulong ng Panginoon, makakaya niyang gawin ang lahat. "Walang limitasyon," sabi ng kanyang ama.

Umasa si Sister Cordon sa kaalamang iyan bilang bagong tawag na missionary sa Lisbon, Portugal, na nahihirapang matutuhan ang wikang Portuguese. Madalas akong lumuhod noon sa panalangin na humihiling ng isang himala. Ngunit dahil sa aking ama, natutuhan ko na kaya kong gawin ang mahihirap na bagay."

Matapos ang maraming panalangin, trabaho, at pagtitiis, unti-unti siyang humusay sa pagsasalita ng Portuguese, na nagpala sa kanya makalipas ang maraming taon nang tawagin silang mag-asawa na maglingkod sa Curitiba, Brazil.

"Nakakatuwa kung paano tayo inihahanda at pinatatatag ng Panginoon, nang paunti-unti," sabi niya. "Laging mas makatuturan kapag sinuri natin ito matapos itong mangyari. Kailangan lang nating manampalataya."

Si Bonnie Hillam ay isinilang noong Marso 11, 1964, sa Idaho Falls, Idaho. Pagkatapos ng kanyang misyon nag-aral siya ng education sa Brigham Young University, sa Provo, Utah, USA. Habang naroon naging mabuting magkaibigan sila ni Derek Lane Cordon. Nauwi sa pag-iibigan ang kanilang pagkakaibigan, at ikinasal ang dalawa noong Abril 25, 1986, sa Salt Lake Temple. Sila ay may apat na anak—tatlong lalaki at isang babae—at tatlong apo.

Sa nakalipas na mga taon nakapaglingkod sila sa maraming tungkulin sa Simbahan. Naglingkod sila ng kanyang asawa nang mangulo ito sa Brazil Curitiba Mission mula 2010 hanggang 2013, at nakapaglingkod na siya bilang stake Young Women president, nursery leader, at seminary teacher, at sa mga organisasyon ng ward Young Women, Relief Society, at Primary.

Sa kanyang bagong tungkulin, sinabi ni Sister Cordon na inaasam niyang ituro ang isang mahalagang katotohanan sa mga batang Primary ng Simbahan: "Mahal sila ng Ama sa Langit." ■





Sinang-ayunan ang mga Bagong Pitumpu at Primary Presidency

Labing-isang bagong General Authority Seventy, 62 Area Seventy, at isang bagong Primary general presidency ang sinang-ayunan sa sesyon sa Sabado ng hapon sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2016.

Tinawag bilang mga bagong General Authority Seventy sina Elder W. Mark Bassett, Elder Mark A. Bragg, Elder Weatherford T. Clayton, Elder Valeri V. Cordón, Elder Joaquin E. Costa, Elder Massimo De Feo, Elder Peter F. Meurs, Elder K. Brett Nattress, Elder S. Mark Palmer, Elder Gary B. Sabin, at Elder Evan A. Schmutz.

Si Joy D. Jones ay sinang-ayunan bilang Primary general president, kasama sina Jean B. Bingham bilang unang tagapayo at Bonnie H. Cordon bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga talambuhay ng mga pinunong ito ay matatagpuan simula sa pahina 131. ■

Binago ang Disenyo ng Bahaging Pangkumperensya ng LDS.org

Ang paghahanap at pag-aaral ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online ay magiging mas madali na ngayon kaysa rati, salamat sa bagong disenyo ng bahaging pangkalahatang kumperensya ng LDS.org. Kabilang sa mga tampok ang:

- Mabilis na pagtukoy sa hinahanap na mga mensahe, na may kasamang larawan ng bawat tagapagsalita sa tabi ng pamagat ng mensahe.
- Isang single navigation bar sa itaas ng lahat ng page, na nagbibigay ng (1) access sa lahat ng pangkalahatang kumperensya mula 1971 hanggang sa kasalukuyan, (2) kakayahang magsaliksik ayon sa pangalan ng tagapagsalita, at (3) kakayahang maghanap ng mga mensahe ayon sa paksa ng ebanghelyo.
- Pinasimpleng presentasyon ng bawat mensahe, na may kasamang mga icon sa itaas ng page para sa mga taong gustong maki-nig, mag-download, mag-print, o magbahagi.

Ang bagong disenyo ay angkop na angkop sa mga gumagamit ng desktop, laptop, at mobile device. Nakasama na ang mga pagbabago sa English, Spanish, at Portuguese, at available sa mahigit 80 wika sa darating na mga buwan. ■

Tingnan ang mga pagbabago sa **conference.lds.org.**

Ibinalita ang mga Bagong Mission

Tatlong bagong mission ang binuo, dalawa sa Africa at isa sa Asia. Ito ay ang Democratic Republic of the Congo Mbuji-Mayi Mission, Nigeria Owerri Mission, at Vietnam Hanoi Mission. Bawat isa sa mga bagong mission na ito ay malilikha sa pagbabago ng mga hangganan ng kasalukuyang mga misyon at magsisimula sa o bago sumapit ang Hulyo 1, 2016. ■

Mga Bagong Resources o Sanggunian sa Paglilingkod

Apat na bagong paksa ang nadagdag sa Ministering Resources (ministering.lds.org) para suportahan ang mga lider ng stake at ward sa paglilingkod nila sa sumusunod na mga grupo: mga caregiver, mga missionary na umuwi nang maaga, mga mag-asawang may problema sa kanilang pagsasama, at mga taong may sakit sa utak.

Ang mga miyembro ng ward council ay may access sa resources o mga sangguniang ito para malaman nila kung paano mas matutulungan ang mga miyembro. Ang resources o mga sanggunian ay available sa English at di-magtatagal ay isasalin sa siyam pang wika. ■

Pagbabago sa Pagkatuto at Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ang pag-aaral, pamumuhay, at pagtuturo ng ebanghelyo ay mahalaga sa ating personal na pag-unlad at mahahalagang bahagi ng ating pagsamba sa araw ng Sabbath. Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap na tulungan ang mga miyembro na lumakas ang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at paghusayin ang pagsamba sa Sabbath, pinasimulan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga pulong ng mga pinuno sa pangkalahatang kumperensya ang isang bagong pagsisikap na mapagbuti ang pagtuturo at pagkatuto ng ebanghelyo. Ang mga miyembro ay inaanyayahang:

1. Gamitin ang mga alituntunin sa Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas. Ang bagong manwal na ito ay nakatuon sa simple ngunit mabibisang alituntuning ginamit ng Dalubhasang Guro. Ang mithiin para sa lahat ng guro, ayon sa nakasaad sa manwal, ay "ituro ang dalisay na doktrina ng ebanghelyo, sa pamamagitan ng Espiritu, upang tulungan ang mga anak ng Diyos na mapalakas ang kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at maging higit na katulad Niya."

Bagama't ang manwal ay nilayon para sa mga may tungkuling magturo, makakatulong ito sa sinuman na matutong magturo sa paraan ng Tagapagligtas. Maaaring makinabang ang mga magulang sa paggamit ng mga alituntunin sa buklet sa pagtuturo nila sa tahanan.

2. Lumahok sa mga teacher council meeting. Ang mga teacher council meeting ay hindi kapareho ng dating mga teacher improvement course. Bilang mga council, ang mga miting na ito ay magbibigay ng pagkakataon sa mga guro na magtalakayan at matuto sa isa't isa tungkol sa mga alituntunin ng *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*. Ang mga miting na ito, na idaraos nang minsan sa isang buwan kasabay ng mga miting sa araw ng Linggo, ay pasisimulan sa buong mundo sa buong taon ng 2016.

3. Maging masigasig na mga mag-aaral ng ebanghelyo. Hinihikayat ang mga miyembro at guro na maging masigasig na mga mag-aaral ng ebanghelyo sa bahay. Inihahanda ng pagkatuto at pamumuhay ng ebanghelyo sa buong linggo ang mga miyembro na lumahok sa mga lesson sa araw ng Linggo, na makakalikha ng mas makabuluhang mga karanasan sa pagkatuto para sa lahat.

Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, lahat tayo ay may potensyal na maging katulad Niya. Lahat ng handang matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ay maaaring maging higit na katulad ng ating mga magulang sa langit at makabalik sa kanilang piling. Tinutulungan tayo ng pagsamba sa simbahan at sa tahanan na palakasin ang gayong uri ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. ■

Hanapin ang bagong manwal at alamin ang iba pa sa **teaching.lds.org.**

May Iba pang Makukuhang mga Edisyon ng Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay available na ngayon sa ilang wika.

Sa Portuguese, may isa nang nakalimbag na edisyon ng Biblia at mas bagong edisyon ng triple combination na makukuha ngayon. May digital edition na noon pang Setyembre 2015 sa **asescrituras.lds.org** at sa Gospel Library mobile app. Makukuha ang iba pang impormasyon sa Portuguese sa **bibliasagrada.lds.org.**

Sa Spanish, makukuha ang mga bagong edisyon ng mga pamantayang aklat online sa **escrituras.lds.org** at sa Gospel Library mobile app. Ang mga nakalimbag na kopya ay magiging available na sa katapusan ng Hunyo 2016.

Ang bagong triple combination sa Marshallese, Xhosa, at Zulu at ang Aklat ni Mormon sa Chuukese ay nakalimbag na ngayon at makukuha sa mga distribution center at sa store.lds.org. Makukuha rin ang mga ito online at sa Gospel Library mobile app.

Ang mga pagsasalin ng banal na kasulatan sa 16 na iba pang wika, na dati'y makukuha lamang na nakalimbag, ay nakalathala sa LDS.org at sa Gospel Library app: ang triple combination sa Afrikaans, Armenian, Bulgarian, Cambodian, Fante, Igbo, Latvian, Lithuanian, Shona, at Swahili; at ang Aklat ni Mormon sa Hindi, Hmong, Serbian, Tok Pisin, Twi, at Yapese. ■

Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Mayo 2016 hanggang Oktubre 2016, ang mga lesson sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay inihahanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2016. Sa Oktubre 2016, maaaring pumili ng mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril o kaya'y sa Oktubre. Ang mga stake at district president ang pipili ng mga mensaheng gagamitin sa kanilang lugar, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president. ■

Ang mga mensahe ay makukuha sa maraming wika sa **conference.lds.org.**

Mga Patriarchal Blessing Online

Ang bagong online tools ay magbibigay-kakayahan sa mga miyembro na mas madaling mag-access sa mga patriarchal blessing. Maaaring humiling ang mga miyembro ng kopya ng kanilang patriarchal blessing sa digital form at ng kopya ng mga blessing ng yumaong mga ninuno (matatanggap sa pamamagitan ng koreo o email). Ang mga lider ng priesthood ay maaaring magsumite online ng mga rekomendasyon para sa mga blessing, at makikita ito ng mga patriarch at maisusumite nila ang digital text ng mga blessing matapos ibigay ang mga ito.

Ang tools na ito ay makukuha na ngayon sa mahigit 50 porsiyento ng mga stake ng Simbahan, sa English, Spanish, at Portuguese. Sa susunod na taon dapat ay available na ang mga ito sa 14 na wika at sa lahat ng stake. ■

Para malaman ang iba pa o humingi ng kopya ng inyong patriarchal blessing, magpunta sa **apps.lds.org/pbrequest.**



Refugee Relief: "Ako'y Taga Ibang Bayan"

Sa pahintulot ng Unang Panguluhan, ang mga general presidency ng Relief Society, Young Women, at Primary ay inaanyayahan ang kababaihan sa lahat ng edad na maglingkod sa mga refugee sa kanilang sambayanan at lokal na komunidad sa pamamagitan ng relief effort na tinaguriang "Ako'y Taga Ibang Bayan" (tingnan sa Levitico 19:34; Mateo 25:35).

"Marami sa atin ang mapagpapala ng pagkakaibigan, pagtuturo, at iba pang pagpapakita ng pagmamahal at paglilingkod na katulad ni Cristo," sabi ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president. "Ang pagbibigay ng gayong paglilingkod ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo.

"Naalala ko ang talata sa banal na kasulatan na nagsasabing huwag nating 'limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel' [Sa mga Hebreo 13:2]," sabi ni Sister Burton. "Hinihikayat namin ang kababaihan na mapanalanging maghanap ng mga pagkakataong maglingkod at isiping maghanap ng mga paraan para masuportahan ang pinagkakatiwalaang lokal na komunidad at mga organisasyong sibiko. Maaari kayong makakita ng ilang makakatulong na idea sa IWasAStranger.lds.org, at makapagbabahagi kayo ng mga karanasan sa pagpapadala ng email sa IWasAStranger@ldschurch.org."

Nagpadala ng liham ang Unang Panguluhan tungkol sa "Ako'y Taga Ibang Bayan" sa mga stake, ward, at branch council sa pagtatapos ng Marso. May kasamang mga gabay para sa mga lider ang liham. "Ang kababaihan ay maaaring makibahagi sa pagsisikap na ito sa tamang panahon at sitwasyon," ang payo sa liham, "tiyakin na walang sinumang inaasahang 'tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas' at na 'lahat ng bagay ay magawa nang may karunungan at kaayusan' (Mosias 4:27)." Hinikayat din sa isang liham ng Unang Panguluhan noong Oktubre 27, 2015, ang lahat ng miyembro na maglingkod na katulad ni Cristo sa mga nangangailangan.

Isang liham mula sa mga general president ng Relief Society, Young Women, at Primary na nagbibigay ng iba pang impormasyon tungkol sa "Ako'y Taga Ibang Bayan" ang ipinamahagi rin kamakailan sa mga miting ng mga organisasyong iyon. ■

150 Templong Gumagana

Sa sesyon sa Linggo ng umaga ng kumperensya, ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga planong magtayo ng apat pang templo: sa Belém, Brazil; Quito, Ecuador; Lima, Peru; at Harare, Zimbabwe.

Mula noong huling pangkalahatang kumperensya, naganap na ang mga pangyayaring ito tungkol sa mga templo:

Mga Paglalaan at Muling Paglalaan

Sa paglalaan ng Provo City Center Temple sa Provo, Utah, USA, ang Simbahan ngayon ay may 150 templong gumagana sa buong mundo. Ang templo ay inilaan noong Marso 20, 2016, ilang araw bago sumapit ang ika-180 anibersaryo ng paglalaan ng Kirtland Temple, ang unang templo ng Panunumbalik, noong Marso 27, 1836.

Tatlong iba pang mga templo ang inilaan o muling inilaan: ang Montreal Quebec Temple noong Nobyembre 2015, ang Tijuana Mexico Temple noong Disyembre 2015, at ang Suva Fiji Temple noong Pebrero 2016.

Nakaiskedyul ding ilaan ang Sapporo Japan Temple, sa Agosto 21, 2016; ang Philadelphia Pennsylvania Temple, sa Setyembre 18, 2016; ang Fort Collins Colorado Temple, sa Oktubre 16, 2016; ang Star Valley Wyoming Temple, sa Oktubre 30, 2016; at ang Hartford Connecticut Templo, sa Nobyembre 20, 2016.

Ang katatapos na i-renovate na Freiberg Germany Temple ay muling ilalaan sa Setyembre 4, 2016.

Pagtatayo at mga Renovation

Patuloy ang pagtatayo sa Concepción Chile Temple, Paris France Temple, Rome Italy Temple, at ang sumusunod na mga templo sa Estados Unidos: Cedar City Utah, Meridian Idaho, at Tucson Arizona. Ang mga petsa ng pagkumpleto sa mga ito ay mula 2016 hanggang 2018. Nakapending pa ang lubusang pagtatayo sa Fortaleza Brazil temple. Tinatapos pa ang renobasyon ng mga templong Frankfurt Germany, Jordan River Utah, at Idaho Falls Idaho.

Mga Groundbreaking

Idinaos ang mga groundbreaking para sa Lisbon Portugal Temple noong Disyembre 2015 at sa Barranquilla Colombia Temple at Kinshasha Democratic Republic of the Congo Temple noong Pebrero 2016. Naganap ang groundbreaking para sa Durban South Africa Temple noong Abril 9, 2016.

Pagpaplano at Paghahanda

Ang mga templong ito ay naibalita ngunit pinaplano at inihahanda pa rin: Abidjan Ivory Coast (Côte d'Ivoire), Arequipa Peru, Bangkok Thailand, Port-au-Prince Haiti, Rio de Janeiro Brazil, Urdaneta Philippines, at Winnipeg Manitoba. ■

Para sa iba pa tungkol sa mga templo, bumisita sa **temples.lds.org.**

MULA ITAAS: MGA LARAWANG KUHA NG TIJUANA MEXICO TEMPLE; ROME ITALY TEMPLE (ITINATAYO PA); AT GROUNDBREAKING PARA SA KINSHASA DEMOCRATIC REPUBLIC OF THE CONGO TEMPLE





Naglilingkod ang mga Propeta at Apostol

Bilang mga "natatanging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa buong daigdig" (D at T 107: 23), patuloy na naglilingkod sa buong mundo ang mga propeta at apostol. Mula noong huling pangkalahatang kumperensya, ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, bukod pa sa iba pang mga tungkulin, ay:

- Ginamit ang social media at Face to Face events para tulungan ang mga kabataan at young adult (tingnan sa **lds.org/youth/activities**).
- Nagsalita sa mga kumperensya na laban sa pornograpiya at tungkol sa family history.
- Nagsalita sa mga unibersidad tungkol sa pagiging "tunay na mga isinilang sa milenyong ito" at sa pagtatanggol sa pananampalataya at pagpapahalaga sa moralidad.
- Nakipag-usap sa mga miyembro at lider ng Simbahan, mga opisyal ng pamahalaan, at mga pinuno ng relihiyon sa Argentina, Botswana, Chile, Democratic Republic of the Congo, Ecuador, Mozambique, Peru, sa Pilipinas, Uruguay, Zambia, at Zimbabwe. ■

Para malaman pa ang tungkol sa paglilingkod ng mga propeta at apostol, magpunta sa **prophets.lds.org.**

Lumalago ang Simbahan sa Africa

Patuloy ang napakabilis na pagunlad ng Simbahan sa Africa sa nakalipas na 30 taon. Sa simula ng 2016, may 1,600 kongregasyon ng mga LDS sa Africa, na mahigit kalahating milyon ay mga miyembro ng Simbahan—iyan ay 11 beses na mas maraming ward at branch at 20 beses na mas maraming miyembro doon kaysa noong 1985.

Noong 2015 lumikha ng 17 bagong stake ang Simbahan sa buong Africa.

Pinasalamatan ng mga lider ang paglagong ito, kahit bahagya, sa pagtutuon ng ebanghelyo sa pamilya. Sabi ni João Castenheira, stake president sa Maputo, Mozambique, "Hinahanap ng mga miyembro ang isang simbahan na magpapaligaya sa kanila, at ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nagpapaligaya sa mga pamilya."

"Pakiramdam ko talaga, ito ang panahon ng Africa," sabi ni Elder Edward Dube ng Pitumpu, na tubong Zimbabwe. "Ang kamay ng Panginoon ay nasa kontinente." ■

Paggawa ng Mabuti sa Buong Mundo

Patuloy na sinusunod ng mga Banal sa mga Huling Araw ang halimbawa ng Tagapagligtas na "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38). Narito ang ilang bagong halimbawa.

Sa Abu Dhabi, United Arab Emirates, nagtipon ang mga miyembro ng Simbahan at mga kaibigan mula sa siyam na bansa sa Middle East—na mga katutubo sa anim na kontinente—para sa isang kumperensya at interfaith humanitarian project. Nagtipon sila at namahagi ng 8,500 hygiene kit at mga pakete ng pagkain.

Sa Uganda, dalawang dentista at tatlong oral hygienist, na pawang mga Banal sa mga Huling Araw, ang gumugol ng isang linggo sa pagpapasta, pagbunot at paglilinis ng mga ngipin, pagtuturo ng good oral hygiene, at pagbibilin sa mga dentista at dental students sa lugar tungkol sa pinakamagagandang kaugalian sa propesyong ito.

Sa Malaysia, nagtuon ang mga miyembro ng Simbahan sa pamilya sa pagdiriwang ng Chinese New Year, isang kaganapan na kinaugaliang kabilangan ng pagbisita sa mga libingan bilang paggunita, paggalang, at pagpipitagan sa mga ninuno.

Sa Thailand, nagtipon ang mga miyembrong edad 18 hanggang 35 sa Bangkok para sa isang paligsahan sa pagluluto at isang proyektong paglilingkod.

Sa Fiji, tumulong ang mga miyembro at missionary sa mga biktima ng Bagyong Winston. Nakipagtulungan ang mga lider ng Simbahan sa mga organisasyon ng pamahalaan at iba pang mga non-government organization sa paglalaan ng pagkain, tubig, mga tolda, mga hygiene pack, at iba pang mga emergency supply. ■

Mga Pagbabago sa Family History at Paglilingkod sa Templo

Ang bagong tools at mga pataka-ran ay tutulong sa mga indibidu-wal at pamilya na gumawa ng family history at maglingkod sa templo:

- Maaari na ngayong i-print ng mga miyembro ang mga temple ordinance card sa bahay sa puting papel at dalhin ang mga ito sa templo.
- May oras na nakalaan lamang sa pamilya sa mga templo upang maiskedyul ng mga pamilya ang oras ng pagsasagawa nila ng mga ordenansa nang sama-sama nang hindi na naghihintay nang matagal.
- Ang mga bagong binyag na nagsasagawa ng mga proxy baptism sa unang pagkakataon ay maaaring magpaiskedyul ng appointment para makapaghanda ang mga templo na tanggapin at salubungin sila.
- Maaaring gumawa ng bagong limited-use recommend online at i-print ito ng mga lider ng priesthood. Ang recommend ay naactivate kapag nai-print at valid kapag nilagdaan ng miyembro at ng bishop. ■

Ang Presiding Bishopric

Dean M. Davies, Unang Tagapayo; Gérald Caussé, Presiding Bishop; W. Christopher Waddell, Pangalawang Tagapayo

"Nawa'y panatilihin natin ang tapang na salungatin ang gusto ng nakararami. Nawa'y piliin natin palagi ang tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa Ika-186 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. "Sa pagninilay natin sa mga desisyong ginagawa natin sa buhay araw-araw—piliin man natin ito o kaya'y iyon—kung pipiliin natin si Cristo, tama ang gagawin nating desisyon."

TAGALOG
4 021328 58893 9

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW